

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • MAYO 2013

Liahona

A man in a blue suit and red tie is speaking at a wooden podium. He is smiling and looking towards the right. The background is dark and out of focus, suggesting a large audience.

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Tinawag ang mga Bagong
Pitumpu at Young Women
General Presidency

Ibinalita ang Dalawang
Bagong Templo



© JOSEPH BRICKEY, HINDI MAARING KOPYAHIN

Paghahanap sa Siloe, ni Joseph Brickey

Ang Tangke ng Siloe (Siloam) sa Jerusalem ay dinadaluyan ng isang bukal na nasa labas ng mga pader ng lungsod. Bilang tanging pinagkukunan ng tubig-tabang sa lugar, ang mga tubig ng Siloe ay matagal nang simbolo ng pangangalaga at kapangyarihan ng Diyos. Gaya ng nakatala sa Isaias 8:6–8, nagpropesiya si Isaias na tatanggihan ng kaharian ng Israel ang Panginoon dahil sa dalawang hari. Nangyari nga ito. Gayunman, hindi tulad noong panahon ni Isaias, hinahanap ng babaing ito ang tubig-tabang ng Siloe—na simbolo ng paghahangad sa patuloy na pagmamahal at pangangalaga ng Diyos.

SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Pagbati sa Kumperensya
Pangulong Thomas S. Monson
- 6 Alam Ko ang mga Bagay na Ito
Pangulong Boyd K. Packer
- 9 Isang Tunay na Saligan
Bishop Dean M. Davies
- 12 Kami ay mga Anak na Babae ng Aming Ama sa Langit
Elaine S. Dalton
- 15 Nais ng Tagapagligtas na Magpatawad
Elder Craig A. Cardon
- 18 "Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian"
Elder M. Russell Ballard
- 22 "Magsiparito sa Akin"
Pangulong Henry B. Eyring

SESYON SA SABADO NG HAPON

- 26 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 28 Ulat ng Church Auditing Department, 2012
Robert W. Cantwell
- 28 Ulat sa Estadistika, 2012
Brook P. Hales
- 29 Para sa Kapayaan sa Tahanan
Elder Richard G. Scott
- 32 Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan
Elder Quentin L. Cook
- 36 Ang Pamamaraan ng Panginoon
Elder Stanley G. Ellis
- 39 Dalhin ang Ebanghelyo sa Buong Mundo
Elder John B. Dickson
- 41 Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis
Elder David A. Bednar
- 45 Makibahagi sa Kasiglahan ng Gawain
Elder Russell M. Nelson

SESYON SA PRIESTHOOD

- 48 Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar
Elder Robert D. Hales
- 52 Ang Kapangyarihan ng Priesthood na Taglay ng Binatilyo
Elder Tad R. Callister

- 55 Ang Inyong Sagradong Tungkuling Maglingkod
David L. Beck
- 58 Apat na Titulo
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 62 Tayo'y Nagkakaisa
Pangulong Henry B. Eyring
- 66 Halina, mga Anak ng Diyos
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 70 Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 77 Ito ay Isang Himala
Elder Neil L. Andersen
- 81 Ang mga Salitang Sinasambit Natin
Rosemary M. Wixom
- 83 Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto
Elder L. Whitney Clayton
- 86 Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan
Elder L. Tom Perry
- 89 Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 93 "Panginoon, Nananampalataya Ako"
Elder Jeffrey R. Holland
- 96 Mga Tagasunod ni Cristo
Elder Dallin H. Oaks
- 99 Ang Ama at ang Anak
Elder Christoffel Golden Jr.
- 102 Ang Tahanan: Ang Paaralan ng Buhay
Elder Enrique R. Falabella
- 104 Pagiging Katanggap-tanggap sa Panginoon
Elder Erich W. Kopschke
- 107 Magagandang Umaga
Elder Bruce D. Porter
- 109 Pagtubos
Elder D. Todd Christofferson
- 113 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita
Pangulong Thomas S. Monson

PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN

- 115 Ang Inyong mga Banal na Lugar
Ann M. Dibb
- 118 Sa Isang Batang Babaeng Mailigtas Mo, Maraming Henerasyon ang Mailigtas Mo
Mary N. Cook
- 121 Huwag Matinag!
Elaine S. Dalton
- 125 Ang Inyong Maligayang Paglalakbay Pauwi
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 72 Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 130 Nagsalita Sila sa Atin: Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya
- 132 Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya
- 133 Mga Turo para sa Ating Panahon
- 133 Mga General Auxiliary Presidency
- 134 Mga Balita sa Simbahan



Buod ng Ika-183 Taunang Pangkalahatang Kumperensya

SABADO NG UMAGA, ABRIL 6, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Randall K. Bennett. Pangwakas na Panalangin: Jean A. Stevens. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: “Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5; “Mga Himig ng Papuri,” *Mga Himno*, blg. 41; “O, Makinig Lahat ng Bansa!” *Mga Himno*, blg. 165, isinaayos ni Wilberg; “Magpatuloy Tayo,” *Mga Himno*, blg. 148; “Faith,” *Children’s Songbook*, 96, isinaayos ni Elliott, hindi inilathala; “Ang Manunubos Ko’y Buhay,” *Mga Himno*, blg. 77, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

SABADO NG HAPON, ABRIL 6, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Russell T. Osguthorpe. Pangwakas na Panalangin: Elder J. Devn Cornish. Musika ng combined choir mula sa Brigham Young University; Ronald Staheli at Rosalind Hall, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe, organista: “Jesus, ang Inyong Alaala,” *Mga Himno*, blg. 83, isinaayos ni Staheli, inilathala ng Jackman; “Naisip Bang Manalangin?” *Mga Himno*, blg. 82, isinaayos ni Johnson, inilathala Johnson; “Pangino’y Hari!” *Mga Himno*, blg. 33; “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80, isinaayos ni Staheli, inilathala ng Jackman.

SABADO NG GABI, ABRIL 6, 2013, SESYON SA PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Elder Ronald A. Rasband. Pangwakas na Panalangin: Larry M. Gibson. Musika ng isang priesthood choir mula sa mga young single adult stake sa Salt Lake City, Utah; Justin Bills, tagakumpas; Clay Christiansen, organista: “O Diyos, Magliwanag,” *Mga Himno*, blg. 166, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; “Sa Inyo, Aking Diyos, Lumalapit,” *Mga Himno*, blg. 55, isinaayos ni Bills, hindi inilathala; “Pag-asa ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 161; “Mga Elder ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 198, isinaayos ni Bills, hindi inilathala.

LINGGO NG UMAGA, ABRIL 7, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na Panalangin: Elder Steven E. Snow. Pangwakas na Panalangin: Elder O. Vincent Haleck. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: “May Pananampalatayang Sumulong,” *Mga Himno*, blg. 163; “Let Zion in Her Beauty Rise,” *Hymns*, blg. 41, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; “Magsisunod Kayo sa Akin,” *Mga Himno*, blg. 67, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala; “Gabayan Kami, O Jehova,” *Mga Himno*, blg. 45; “Kung Saan Naroon ang Pag-ibig,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 76, isinaayos ni Cardon, hindi inilathala; “Mga Banal, Halina,” *Mga Himno*, blg. 23, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

LINGGO NG HAPON, ABRIL 7, 2013, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na Panalangin: Carole M. Stephens. Pangwakas na Panalangin: Elder Larry Y. Wilson. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Linda Margetts at Bonnie Goodliffe, mga organista: “O mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 30, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Ang mga K’wento kay Jesus,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 36, isinaayos ni Murphy, hindi inilathala; “Tayo’y Magalak,” *Mga Himno*, blg. 3; “Biyaya Sana’y Igawad,” *Mga Himno*, blg. 95, isinaayos ni Wilberg, hindi inilathala.

SABADO NG GABI, MARSO 30, 2013, PANGKALAHATANG PULONG NG YOUNG WOMEN

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Elaine S. Dalton. Pambungad na Panalangin: Ella Edgley. Pangwakas na Panalangin: Emily Maxwell. Musika ng isang Young Women choir mula sa mga stake sa Highland, Utah; Merrilee Webb, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4, kasama ang “Arise” descant; “In That Holy Place,” DeFord, inilathala DeFord; “Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan,” *Mga Himno*, blg. 80, isinaayos ni Goates, hindi inilathala; “Saligan ng Kaligtasan,” *Mga Himno*, blg. 160, isinaayos ni Kasen, inilathala ng Jackman; “Let Zion in Her Beauty Rise,” *Hymns*, blg. 41, isinaayos ni Webb, hindi inilathala.

MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bisitahin ang conference.lds.org. Pagkatapos ay pumili ng wika. Karaniwan sa loob ng dalawang buwan pagkatapos ng kumperensya, mayroon nang mga audio recording sa mga distribution center.

MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING

Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, mangyaring pumili ng isang mensaheng lubos na tutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

SA PABALAT

Harap: Larawang kuha ni Leslie Nilsson
Likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson

MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Mga larawan ng pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City na kinunan nina Cody Bell, Randy Collier, Weston Colton, Scott Davis, Craig Dimond, Lloyd Eldredge, Sarah Jenson, Collin King, Ashlee Larsen, at Leslie Nilsson; sa Arizona, USA, na kinunan ni Mindy Sue Evans; sa Australia na kinunan ni Colin Ligertwood; sa Brasilia, Brazil na kinunan ni Tomé Siqueira; sa Sobral, Brazil, na kinunan ni Francisco Flávio Dias Carneiro; sa California, USA, na kinunan ni Rhonda Harris; sa Chile na kinunan ni Oscar Schmittner; sa Denmark na kinunan ni Ann-Mari Lindberg; sa Ecuador na kinunan ni Jimmy Padilla Pin; sa El Salvador na kinunan ni Josué Peña; sa New York, USA, na kinunan ni Mark Weinberg; sa Scotland na kinunan ni Sylvia Mary Brown; at sa South Africa na kinunan ni Jeremy Rakotomamonjy.



**MAYO 2013 TOMO 16 BLG. 5
LIAHONA 10785 893**

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo
ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson,
Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: Boyd K. Packer,
L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard,
Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland,
David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson,
Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Shayne M. Bowen, Bradley D. Foster,
Christoffel Golden Jr., Anthony D. Perkins

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Family and Member Support: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot:

Ryan Carr, LaRene Porter Gaunt

Assistant ng Publikasyon: Melissa Zenteno

Writing and Editing Team: David Dickson,
David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Mindy Raye
Friedman, Garrett H. Garff, Jennifer Grace Jones, Hikari Loftus,
Michael R. Morris, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe,
Julia Woodbury

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Design Team: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, C. Kimball Bott,
Thomas Child, Kerry Lynn C. Herrin, Colleen Hinkley, Eric P.
Johnsen, Scott M. Mooy, Brad Teare

Intellectual Property Coordinator:

Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Kevin C. Banks, Connie Bowthorpe Bridge,
Julie Burdett, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson,
Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalín: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila
Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline
Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee,
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling
Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon
City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas
Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas.
Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa
Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa
mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong

online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa
Liahona, Rm. 2420, 50 E. North Temple St.,
Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa:
liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin
ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa
wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian,
Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech,
Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German,
Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano,
Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese,
Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian,
Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian,
Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng
paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2013 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay
nakalalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para
sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan.
Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad
na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat
ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office,
50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA;
e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

May 2013 Vol. 16 No. 5. LIAHONA (USPS 311-480)
Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church
of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt
Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year;
Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid
at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of
address. Include address label from a recent issue; old and new
address must be included. Send USA and Canadian subscriptions
to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription
help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard,
American Express) may be taken by phone. (Canada Poste
Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).
NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to
Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368,
Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



**INDEX NG MGA
TAGAPAGSALITA**

Andersen, Neil L., 77
Ballard, M. Russell, 18
Beck, David L., 55
Bednar, David A., 41
Callister, Tad R., 52
Cardon, Craig A., 15
Christofferson, D. Todd, 109
Clayton, L. Whitney, 83
Cook, Mary N., 118
Cook, Quentin L., 32
Dalton, Elaine S., 12, 121
Davies, Dean M., 9
Dibb, Ann M., 115
Dickson, John B., 39
Ellis, Stanley G., 36
Eyring, Henry B., 22, 62
Falabella, Enrique R., 102
Golden, Christoffel, Jr., 99
Hales, Robert D., 48
Holland, Jeffrey R., 93
Kopischke, Erich W., 104
Monson, Thomas S., 4, 66,
89, 113
Nelson, Russell M., 45
Oaks, Dallin H., 96
Packer, Boyd K., 6
Perry, L. Tom, 86
Porter, Bruce D., 107
Scott, Richard G., 29
Uchtdorf, Dieter F., 26, 58,
70, 125
Wixom, Rosemary M., 81

INDEKS NG MGA PAKSA

Aklat ni Mormon, 45
Banal na Kasulatan, mga,
66, 102
Banal na katangian, 12,
18, 58
Bata, mga, 81, 102
Buhay bago tayo isinilang,
125
Diyos Ama, 36, 99
Espiritu Santo, 6, 115
Family history, 118
Gawaing misyonero, 4, 39,
45, 62, 66, 77
Jesucristo, 22, 29, 48, 70, 89,
96, 99, 107, 109
Kabataang babae, mga, 12
Kalayaan, 86
Kamatayan, 118
Kapayapaan, 29, 32
Kasagraduhan, 115
Kasal, pag-aasawa, 83, 102
Katapatan, 83
Katotohanan, 89
Kautusan, mga, 86, 89
Komunikasyon, 81
Moralidad, 6, 41, 121
Mortalidad, 125
Pag-aaral ng banal na kasu-
latan, 9
Pag-asa, 70, 107
Pagbabayad-sala, 12, 109,
121
Paggalang, 83
Paghahanda, 66
Paghahayag, 52
Paghihirap, 12, 70, 107, 118
Pag-ibig, Pagmamahal, 66,
83, 125
Pagkadisipulo, 58
Pagkakaisa, 62
Paglago ng Simbahan, 39
Paglilingkod, 22, 55, 58, 109
Pagpapaaktibo, 55
Pagpapagaling, 58, 70
Pagpapakumbaba, 83, 104
Pagpapatawad, 15
Pagsisisi, 15, 41, 83, 109
Pagsunod, 48, 86, 89
Pagtitiwala, 52
Pakikinig, 81
Pamantayan, mga, 48
Pamilya, 6, 18, 29, 55, 83,
102, 118
Pamumuno, 52
Panalangin, 9, 113
Pananampalataya, 83, 93
Panunumbalik, 45
Pasasalamat, 113
Patotoo, 18, 66, 93
Plano ng kaligtasan, 41, 125
Priesthood, 18, 52, 55, 62
Propeta, mga, 36
Sakramento, 9
Sakripisyo, 104
Tahanan, 29, 102
Templo, mga, 4, 32, 121
Tipan, mga, 104



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Pagbati sa Kumperensya

Hinihikayat ko kayo na makinig na mabuti at unawain ang mga mensahe na maririnig natin. Dalangin ko na magawa natin iyan.

Mahal kong mga kapatid, malugod ko kayong binabati sa ika-183 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan.

Sa loob ng anim na buwan mula noong huli tayong magkita, nakapagbiyahe ako at nakabisita at nakipagpulong sa ilan sa inyo sa inyong lugar. Pagkatapos ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre, pumunta ako sa Germany, at nakipagpulong ako sa ating mga miyembro sa ilang lugar sa bansang iyan at sa ilang bahagi ng Austria.

Noong katapusan ng Oktubre, inilaan ko ang Calgary Alberta Temple sa Canada, kasama sina Elder at Sister M. Russell Ballard, Elder at Sister Craig C. Christensen, at Elder at Sister William R. Walker. Noong Nobyembre, muli kong inilaan ang Boise Idaho Temple. Kasama ko rito at nakibahagi sa paglalaan sina Elder at Sister David A. Bednar, Elder at Sister Craig C. Christensen, at Elder at Sister William R. Walker.

Ang kultural na pagdiriwang na ginanap sa dalawang paglalaan na ito ay

napakaganda. Hindi ko personal na napuntahan ang kultural na pagdiriwang sa Calgary, dahil ito ay ika-85 kaarawan ni Sister Monson at nadama kong dapat kasama niya ako. Gayunpaman, nagkaroon kami ng pagkakataon na mapanood ang pagdiriwang sa telebisyon, at nag-eroplano ako papunta sa Calgary kinabukasan para sa paglalaan. Sa Boise mahigit 9,000 kabataan mula sa temple district ang nakibahagi sa kultural na pagdiriwang. Napakaraming kasaling kabataan kaya wala nang lugar para sa miyembro ng pamilya na dumalo sa lugar na pinagtanghalan nila.

Noong isang buwan si Pangulong Dieter F. Uchtdorf, kasama sina Sister Uchtdorf, Elder at Sister Jeffrey R. Holland, at Elder at Sister Gregory A. Schwitzer, ay nagpunta sa Tegucigalpa, Honduras para ilaan ang bagong tayong templo roon. Isang napakagandang pagtatanghal ng mga kabataan ang ginanap sa gabi bago ang paglalaan.

May iba pang mga templo na ibinalita na at inuumpisahan nang itayo o kasalukuyan nang itinatayo.



Pribilehiyo ko sa umagang ito na ibalita ang dalawa pang templo, na sa darating na mga buwan at taon ay itatayo sa mga lugar na ito: Cedar City, Utah, at Rio de Janeiro, Brazil. Mga kapatid, patuloy at mabilis ang pagtatayo ng mga templo.

Tulad ng alam ninyo, sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre ay ibinalita ko ang pagbabago sa edad ng pagpunta sa misyon ng mga kabataang lalaki at babae, ang mga lalaki



ay makapaglilingkod na sa edad na 18 at ang mga babae sa edad na 19.

Ang tugon ng ating mga kabataan ay kahanga-hanga at nagpapasigla. Ningtong Abril 4—dalawang araw na ang nakakalipas—tayo ay may 65,634 na mga full-time missionary na naglilingkod, mahigit 20,000 pa ang nakatanggap na ng kanilang mission call pero hindi pa pumapasok sa missionary training center at mahigit 6,000 pa ang kasalukuyang iniinterbyu ng kanilang

mga bishop at stake president. Kinakailangan nating magkaroon ng 58 bagong mission para sa tumataas na bilang ng mga missionary.

Upang mapanatili ang malaking puwersang ito ng missionary, at dahil karamihan sa ating mga missionary ay mula sa mga pamilyang katamtaman ang kinikita, inaanyayahan namin kayo, kung kaya ninyo, na buong pu-song magbigay sa General Missionary Fund ng Simbahan.

Ngayon, mga kapatid, maririnig natin ang inspiradong mga mensahe ngayon at bukas. Ang mga magsasalita sa atin ay taimtim na nanalangin upang malaman ang nais ng Panginoon na marinig natin sa pagkakataong ito.

Hinihikayat ko kayo na makinig na mabuti at unawain ang mga mensahe na maririnig natin. Dalangin ko na magawa natin iyan sa pangalan ni Jesucristo, ang Panginoon, amen. ■



Ni Pangulong Boyd K. Packer
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Alam Ko ang mga Bagay na Ito

Sa lahat ng nabasa at itinuro at natutuhan ko, ang pinakamahalaga at sagradong katotohanang maibibigay ko ay ang natatanging pagsaksi ko sa Tagapagligtas na si Jesucristo.

Noong 1992, matapos ang siyam na taong paglilingkod bilang Assistant sa Labindalawa at 22 taon bilang miyembro ng Labindalawa ay naabot ko ang edad na 68. Nadama kong dapat kong simulang isulat ang tinawag kong “Unfinished Composition.” Ganito ang nakasaad sa unang bahagi niyon:

*Isang gabi’y may naisip,
Ideyang kay-inam at kaylalim.
Ako’y labis nang pagod noon,
At hirap nang makatulog.*

*Maghapon ko ay abala
Iniisip ang tadhana.
Sa isip ko’y nagsasabi:
Noong bata ako, hindi ako 68!*

*Hindi ako umiika;
Balikat ko’y walang sakit.
Sa dalawang ulit na pagbasa
Maisasaulong walang mintis.*

*Matagalang paggawa noon ay
kaya ko
Walang pahinga at halos di humihinto.
Ang mga hindi ko na magawa ngayon
Ay maddali lang sa akin noon.*

*Kung maibabalik ko ang panahon,
Kung kaya kong gawin iyon,
Hindi ko ipagpapalit ang pagtanda
sa kabataan,
Dahil ako rin naman ang
mawawalan.*

*Kontento na akong sumulong at
tumanda,
Kahit gaano kasaya ang pagkabata.
Kung ako’y magbabalik sa akin ay
mawawala
Ang bagay na aking nauunawa.*

Makalipas ang sampung taon, nagpasiya akong dagdagan pa ang tula:

*Sampung taon pa ang mabilis lumipas
Dala ang mga pasakit at hirap.
Sa balakang na bakal nawala ang
pag-ika;
Paglakad ko’y tuwid at naitama.*

*Isa pang bakal ang nakasuporta
sa leeg—
Isang likhang tunay na kahanga-
hanga!
Ang polyo ko ay tuluyang nawala;
Sa henerasyon ng matitigas ang leeg,
ako’y napasama.*

*Mga palatandaan ng katandaan
ay nakikita.
Ang mga ito’y di na magbabago pa.
Ang tanging lalong lumalakas
Ay ang pagkalimot ko sa lahat.*

*Tanong mo, “Naaalala ko ba kung
sino ka?”
Siyempre, wala ka namang
ipinagkaiba.
Ngayon huwag ka namang magagalit
Kung pangalan mo’y di ko maisip.*

*Totoong may mga bagay akong
natutuhan
Na ayaw ko sanang malaman,
Ngunit sa pagtanda mahahalagang
katotohanan ay nalaman ko
Na nagpapaunlad sa Espiritu.*

*Sa lahat ng pagpapalang nakamtan,
Ang sukdulang pinakamainam
Ay ang kapanatagan at pagsasama
Namin ng mahal kong asawa.*

*Ikinasal na mabuti aming mga anak,
Sila’y may pamilya nang lahat,
May mga anak at apo na rin,
Paglaki nilang lahat ay kaytulin.*

*Ang isip ko’y di pa rin nagbabago
Tungkol sa pagbalik ng kabataan ko.
Nakatakda tayong tumanda,
dahil dito
Kaalaman ng katotohanan ay
makakamit mo.*

*Tanong mo, “Ano ang naghihintay
sa hinaharap?
Ano ba ang kinabukasan ko?”
Maghihintay na lang ako nang wa-
lang reklamo.
Itanong mo na lang kapag ako’y 88!*

At noong isang taon ay idinagdag ko ang mga linyang ito:

*At ngayon 88 na ako.
Kaybilis lumipas ng mga taon.
Naglakad, umika-ika, gumamit ng
tungkod,
At naka-wheelchair na ngayon.*

*Paulit-ulit akong umiidlip,
Ngunit kapangyarihan ng priesthood
ay nakakapit.*

*At sa kabila ng lahat ng pisikal na kakulangan
Espirituwal na pag-unlad ay kapaki-pakinabang.*

*Nalakbay ko na ang buong mundo
Milyong milya na ang tinahak ko.
At sa tulong ng mga satellite,
Paglalakbay ko'y 'di pa rin sapat.*

*Buong katiyakang masasabi ko ngayon
Na kilala at mahal ko ang Panginoon.
Nagpapatotoo akong gaya ng mga nauna
Sa pangangaral ko ng Kanyang banal na salita.*

*Alam ko ang dinanas Niya sa Getsemani
Ay di-maarok ni mawari.
Alam kong ginawa Niya iyon para sa ating lahat;
Nag-iisang Kaibigan na ubod nang tapat.*

*Muli Siyang darating, iyan ang aking alam
Taglay ang kapangyarihan at kaluwalhatian.
Alam kong muli ko Siyang makikita
Kapag buhay ko ay nagwakas na.*

*Luluhod ako sa Kanyang paang sugatan;
Sa piling Niya'y madarama ko ang kaluwalhatian.
Pabulong at nangangatal ang tinig kong sasabihin,
"Panginoon ko, Diyos ko, nalalaman ko."¹*

At ito'y talagang batid ko!

Sa mga bintang na sa likuran ng aming tahanan ay tanaw ang munting taniman ng bulaklak at ang kakahuyan sa gilid ng munting sapa. Ang isang dingding ng bahay ay malapit sa halamanan at ginagapangan ng English ivy. Kadalasan ang ivy na ito ang pugad ng maliliit na ibon. Ang mga pugad sa baging ng ivy ay ligtas sa mga sora (fox) at raccoon at pusa na gumagala sa gabi.

Isang araw ay may narinig na ingay sa ivy. Dahil sa desperadong paghuni ng mga ibon sa pugad na



ivy ay may dumating na 8 o 10 pang ibon mula sa kakahuyan na sumali na rin sa paghuni. Di nagtagal nakita ko ang pinagmulan ng ingay. May isang ahas na dumulas sa ivy at bahagi ng katawan nito ay nakabitin sa harap ng bintang na sapat para mahila ko. Ang bandang tiyan ng ahas ay may dalawang umbok—malinaw na ebidensya na kinain nito ang dalawang ibon mula sa pugad. Sa loob ng 50 taon ng pagtira sa aming tahanan ay noon lang kami nakakita ng ganon. Minsan lang nangyari ito sa buhay namin—o iyon ang akala namin.

Makalipas ang ilang araw may narinig na namang ingay, doon naman sa baging na tumabon sa bahay ng aso namin. Ganon pa rin ang huning narinig namin, nakita rin namin ang pagtitipong muli ng mga ibon sa paligid. Alam na namin kung ano ang maninila. Inakyat ng apo namin ang bubong ng bahay ng aso at hinatak ang isa pang ahas na nakapulupot pa sa inahing ibon na nahuli nito sa pugad at pinatay.

Nasabi ko sa sarili ko, "Ano'ng nangyayari? May gumagala na naman ba sa Halamanan ng Eden?"

Pumasok sa isip ko ang mga babala ng mga propeta. Hindi tayo palaging magiging ligtas sa impluwensya ng kaaway, maging sa loob ng ating sariling tahanan. Kailangan nating pangalagaan ang ating maliliit na anak.

Nabubuhay tayo sa lubhang mapanganib na mundo na nagbabanta sa mga bagay na espirituwal. Ang pamilya, ang pangunahing yunit sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan, ay sinasalakay ng mga puwersang nakikita at hindi nakikita. Kumikilos ang kaaway. Layunin niyang makapinsala. Kung mapahihina at masisira niya ang pamilya, magtatagumpay siya.

Kinikilala ng mga Banal sa mga Huling Araw ang malaking kahalagahan ng pamilya at sinisikap mamuhay sa paraan na hindi makapapasok ang kaaway sa ating mga tahanan. Magkakaroon tayo ng kaligtasan at seguridad pati ang ating mga anak sa paggalang sa mga tipan na ginawa natin at sa karaniwang pagsunod na hinihingi sa mga tagasunod ni Cristo.

Sinabi ni Isaias, "Ang gawain ng katuwiran ay magiging kapayapaan; at ang bunga ng katuwiran ay katahimikan at pagkakatiwala kailan man."²



Ang kapayapaang iyan ay ipinangako rin sa mga paghahayag kung saan sinabi ng Panginoon, “Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.”³

Ang sukdulang kapangyarihan ng priesthood ay ibinigay upang pangalagaan ang tahanan at mga naninirahan dito. Ang ama ay may awtoridad at responsibilidad na turuan ang kanyang mga anak at basbasan at isagawa sa kanila ang mga ordenansa ng ebanghelyo at iba pang proteksyong bigay ng priesthood kung kinakailangan. Dapat siyang magpakita ng pagmamahal at katapatan at paggalang sa ina upang makita iyon ng kanilang mga anak.

Nalaman ko na ang pananampalataya ay tunay na kapangyarihan, hindi lamang pagpapahayag ng paniniwala. Iilan lamang ang mga bagay na higit na mabisa kaysa matapat na panalangin ng isang mabuting ina.

Ituro sa inyong sarili at ituro sa inyong pamilya ang tungkol sa kaloob na Espiritu Santo at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Walang higit na dakilang gawain sa kawalang-hanggan maliban sa loob ng inyong sariling tahanan.

Alam nating tayo ay mga espiritung anak ng mga magulang sa langit, na narito sa lupa para matanggap ang ating katawang-lupa at subukin. Tayo na mayroong katawang-lupa ay higit ang lakas kaysa mga yaong wala nito.⁴ Malaya tayong piliin ang gusto natin at piliin ang ikikilos natin, ngunit hindi tayo malayang piliin ang

mga bunga nito. Talagang darating ang mga ito.

Ang kalayaan sa mga banal na kasulatan ay “moral na kalayaan,” ibig sabihin makakapili tayo sa pagitan ng mabuti at masama. Hangad ng kaaway na tuksuhin tayo na gamitin sa mali ang ating kalayaan.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan na “nang ang bawat tao ay makakilos sa doktrina at alituntunin na naukol sa hinaharap, alinsunod sa moral na kalayaan sa pagpili na aking ibinigay sa kanya, upang ang bawat tao ay managot sa kanyang sariling mga kasalanan sa araw ng paghuhukom.”⁵

Itinuro ni Alma na “ang Panginoon ay hindi makatitingin sa kasalanan nang may munti mang antas ng pagpapahintulot.”⁶ Upang maunawaan ito, kailangan nating ihiwalay ang kasalanan sa taong nagkasala.

Halimbawa, nang dalhin nila sa Tagapagligtas ang isang babaing nahuling nangangalunya, na talagang nagkasala, tinugunan Niya ang sitwasyon sa limang salita: “Humayo, . . . huwag ka nang magkasala.”⁷ Iyan ang diwa ng Kanyang ministeryo.

Ang pagpaparaya ay banal na katangian, ngunit gaya ng iba pang banal na katangian, kapag inabuso, ito ay nagiging masamang ugali. Kailangang mag-ingat tayo sa “bitag ng pagpaparaya” upang hindi tayo mabihag nito. Ang pagpaparaya ng publiko dahil sa paghina ng mga batas ng lupain

na gawing legal ang mga gawa ng kahalayan ay hindi nakakabawas sa tindi ng espirituwal na ibubunga ng paglabag sa batas ng Diyos ukol sa kalinisang-puri.

Lahat ay isinilang na taglay ang Liwanag ni Cristo, isang impluwensyang gumagabay para matukoy ng bawat tao ang tama at mali. Ang ginagawa natin sa liwanag na iyon at ang paraan ng pagtugon natin sa mga pahiwatig na mamuhay nang matwid ay bahagi ng pagsubok sa mortalidad.

“Sapagkat masdan, ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama; samakatwid, ipakikita ko sa inyo ang paraan sa paghatol; sapagkat ang bawat bagay na nag-aanyayang gumawa ng mabuti, at humihikayat na maniwala kay Cristo, ay isinugo sa pamamagitan ng kapangyarihan at kaloob ni Cristo; kaya nga, malalaman ninyo nang may ganap na kaalaman na iyon ay sa Diyos.”⁸

Bawat isa ay kailangang manatili sa katayuan na makatutugon tayo sa inspirasyon at mga pahiwatig ng Espiritu Santo. Ang Panginoon ay may paraan ng pagbubuhos ng dalisay na kaalaman sa ating isipan upang diktahan, gabayan, turuan, at balaan tayo. Malalaman ng bawat anak ng Diyos ang mga bagay na kailangan nilang malaman kaagad. Matutong tumanggap at kumilos ayon sa inspirasyon at paghahayag.

Sa lahat ng nabasa at itinuro at natutuhan ko, ang pinakamahalaga at sagradong katotohanang maibibigay ko ay ang natatanging pagsaksi ko sa Tagapagligtas na si Jesucristo. Siya ay buhay. Alam kong buhay Siya. Ako ay Kanyang saksi. At makapagpapatotoo ako tungkol sa Kanya. Siya ang ating Tagapagligtas, ating Manunubos. Natiyayak ko ito. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “Unfinished Composition,” 2012.
2. Isaias 32:17.
3. Doktrina at mga Tipan 38:30.
4. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 245.
5. Doktrina at mga Tipan 101:78.
6. Alma 45:16.
7. Juan 8:11.
8. Moroni 7:16.



Ni Bishop Dean M. Davies
Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Isang Tunay na Saligan

Tanggapin natin ang paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya. Itayo natin ang ating buhay sa ligtas at tunay na saligan.

Noong Oktubre 17, 1989, habang nagmamaneho ako pauwi mula sa trabaho, palapit na ako sa isang stoplight sa panulukan ng Market at Beale Street sa San Francisco, California. Nang sandaling iyon naramdaman kong umuga ang kotse at naisip kong, “Na-flat siguro ang gulong ko.” Habang patuloy na umuuga ang kotse, napansin ko ang isang bus na medyo malapit sa akin at naisip ko, “Nabunggo ako ng bus na iyon!” Pagkatapos ay lalo pang umuga ang kotse, at naisip kong, “Na-flat na siguro ang apat na gulong ko!” Ngunit hindi iyon dahil sa flat na gulong o bus—iyon ay isang malakas na lindol! Tumigil ako sa red light, umaalon ang sementadong daan na parang mga alon ng dagat sa kaha-baan ng Market Street. Sa harapan ko ay may isang mataas na gusali na gumigiwang-giwang, at nagsimulang magbagsakan ang mga bricks mula sa lumang gusali sa gawing kaliwa ko habang patuloy na niyayanig ang lupa.

Ang lindol na Loma Prieta ay tumama sa San Francisco Bay Area nang alas-5:04 n.h. nang araw na iyon at mga 12,000 katao ang nawalan ng tirahan.

Malaki ang pinsalang naidulot ng lindol sa San Francisco Bay Area, lalo

na sa malambot na lupa sa San Francisco at Oakland. Sa San Francisco, ang Marina District ay “itinayo sa lugar na tinambakan ng pinaghalong buhangin, lupa, mga durog na bato, . . . at iba pang mga materyal na sumisipsip ng tubig sa ilalim. Ang bahagi ng tambak ay mga durog na batong itinambak sa San Francisco Bay pagkaraan ng lindol sa San Francisco noong 1906.”¹

Noong mga 1915, itinayo ang mga gusali ng apartment sa landfill na ito.

Sa lindol noong 1989, ang matubig at mabuway na pundasyon ng pinaghalong putik, buhangin, at durog na bato ay lumambot at umumbok, na naging dahilan ng pagguho ng mga gusali. Ang mga gusali ay hindi itinayo sa matibay na pundasyon.

Ang lindol na Loma Prieta ay naka-apekto sa maraming buhay, pati na sa akin. Sa pagninilay sa mga nangyari noong araw na iyon ay napagtibay sa puso’t isipan ko na upang matagumpay na makayanan ang mga unos, lindol, at kalamidad ng buhay, kailangang nakatayo tayo sa isang tunay na saligan.

Napakalinaw na ipinaliwanag ng Nephitang propeta na si Helaman ang tungkol sa kahalagahan ng pagsasalig ng ating buhay sa tunay na saligan, ang saligan na si Jesucristo: “At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12).

Sa pagbuo ng mga makabagong templo, maingat na binibigyang-pansin ang disenyo, pagtatayo, at gagamiting mga materyal. Masusing pinag-aaralan ang uri ng lupa at mga sangkap na bumubuo sa lupang pagtatayuan ng templo. Ang pag-aaral tungkol sa hangin, ulan, at pagbabago ng klima sa lugar ay isinasaalang-alang upang makayanan ng templo hindi lamang ang mga bagyo at klimang karaniwan sa lugar na iyon, kundi ang templo ay idinisenyo at pinatibay upang makayanan ang di inaasahang mga paglindol, bagyo, baha, at iba pang mga kalamidad na maaaring maganap. Sa maraming templo, ang





haliging semento o bakal ay ibinabaon nang malalim sa lupa upang patatagin ang pundasyon ng templo.

Gaya ng mga tagadiseno at tagapagtayo sa ating panahon, ang ating mapagmahal at mabait na Ama sa Langit at ang Kanyang Anak ay naghanda ng mga plano, kagamitan, at iba pang bagay na magagamit natin upang maitayo at masuportahan ang ating buhay at maging matatag at di natitinag. Ang plano ay ang plano ng kaligtasan, ang dakilang plano ng kaligayahan. Nilinaw at ipinaunawa sa atin ng plano ang simula at ang kata-pusan, at ang mahahalagang hakbang, kabilang ang mga ordenansa, na kailangan ng bawat anak ng Ama upang makabalik sa Kanyang kinaroroonan at makapiling Niya magpakailanman.

Ang pananampalataya, pagsisisi, binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas ay bahagi ng “plano” ng buhay. Tumutulong ang mga ito upang mabuo ang angkop na mga alituntunin na magsasalig sa ating buhay sa Pagbabayad-sala ni Cristo. Ito ang humuhubog at bumubuo sa istrukturang susuporta sa buhay ng isang tao. At, gaya ng mga plano para sa templo na may mga espesipikasyon na nagbibigay ng detalyadong tagubilin tungkol sa kung paano bubuuin at isasama ang mahahalagang sangkap, ang panalangin, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pakikibahagi sa

sakramento, at pagtanggap ng mahahalagang ordenansa ng priesthood ang nagiging “mga espesipikasyon” na tumutulong sa pagbubuo at pagpapatatag sa istruktura ng buhay.

Ang balanseng pagsasagawa ng mga espesipikasyon na ito ay napakahalaga. Halimbawa, sa paggawa ng kongkreto, ang wastong dami ng buhangin, graba, semento, at tubig ang ginagamit upang maging napakatibay nito. Ang maling sukat o hindi paglalagay ng alinmang bahagi ng mga elemento o sangkap na ito ay magpapahina sa kongkreto at hindi nito magagampanang mabuti ang gamit nito.

Sa ganito ring paraan, kung hindi natin ibabalanse nang tama ang ating buhay sa araw-araw sa pamamagitan ng personal na panalangin at pagpapakabusog sa mga banal na kasulatan, lingguhang pagpapalakas sa pamamagitan ng pakikibahagi sa sakramento, at madalas na pakikilahok sa mga ordenansa ng priesthood gaya ng mga ordenansa sa templo, tayo rin ay nanganganib na manghina sa espirituwal.

Si Pablo, sa kanyang liham sa mga taga Efeso, ay ganito ang sinabi hinggil sa kahalagahan ng pagbalanse at pagpapaulad ng ating pagkatao at kaluluwa: “Na sa kaniya’y ang buong gusali, na nakalapat na mabuti, ay lumalago upang maging isang templong banal sa Panginoon” (Mga Taga Efeso 2:21).

Panalangin ang isa sa mga pangunahin at mahalagang bahagi ng ating pananampalataya at pagkatao. Sa pamamagitan ng panalangin naipapahayag natin ang ating pasasalamat, pagmamahal, at katapatan sa Diyos. Sa panalangin maipapailalim natin ang ating kagustuhan sa Kanyang kaloo-ban at kapalit nito ay nakatatanggap tayo ng lakas na iayon ang ating buhay sa Kanyang mga turo. Ang panalangin ang daan para matamo ang Kanyang impluwensya sa ating buhay, maging ang paghahayag.

Itinuro ni Alma, “Makipagsanggungan sa Panginoon sa lahat ng iyong mga gawain, at gagabayan ka niya sa kabutihan; oo, kapag ikaw ay nahiga sa gabi, mahiga sa Panginoon, upang mabantayan ka niya sa iyong pagtulog; at kapag ikaw ay bumangon sa umaga hayaang ang iyong puso ay mapuspos ng pasasalamat sa Diyos; at kung gagawin mo ang mga bagay na ito, ikaw ay dadakila sa huling araw” (Alma 37:37).

Ang pagsasabi ng naiisip, nadarama, at hangarin natin sa Diyos sa pamamagitan ng pagdarasal nang taimtim at taos-puso ay dapat maging mahalaga at bahagi na ng buhay natin na gaya ng paghinga at pagkain.

Ang pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan sa araw-araw ay magpapalakas din sa ating pananampalataya at pagkatao. Tulad ng kailangan natin ng pagkain para mapangalagaan ang ating pisikal na katawan, ang ating espiritu at kaluluwa ay muling sisigla at mapalalakas ng pagpapakabusog sa mga salita ni Cristo na nasa mga isinulat ng mga propeta. Itinuro ni Nephi na, “Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin” (2 Nephi 32:3).

Bagama’t mabuti ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan, ang pagbabasa lamang ay hindi sapat upang maunawaang lahat ang lalim at lawak ng mga turo ng Tagapagligtas. Ang pagsasaliksik, pagninilay, at pagsasabuhay ng mga salita ni Cristo gaya ng itinuro sa mga banal na kasulatan ay magdudulot ng karunungan at kaalaman na higit kaysa kaya nating maunawaan

bilang mortal. Ito ay magpapaibayo ng ating katapatan at magbibigay ng espirituwal na katatagan na gawin ang lahat ng ating makakaya sa lahat ng sitwasyon.

Ang isa sa mga pinakamahalagang hakbang na magagawa natin para mapatatag ang ating buhay at manatiling nakasalig sa saligan na ating Tagapagligtas ay ang pagiging karapat-dapat sa pagtanggap ng sakramento tuwing Linggo. Ang ordenansa ng sakramento ay nagbibigay sa bawat miyembro ng Simbahan ng pagkaka-taong pag-isipan ang kanyang buhay, mga ginawa o dapat sanang ginawa na kailangang pagsisihan, at pagkatapos ay makibahagi sa tinapay at tubig bilang sagradong sagisag sa pag-alaala sa katawan at dugo ni Jesucristo, isang patotoo sa Kanyang Pagbabayad-sala. Kung gagawin natin ito nang taos-puso at buong pagpapakumbaba, pinaninibago natin ang mga walang-hanggang tipan, nalilinis at dinadalisyay tayo, at natatanggap ang pangako na mapapasaatin ang Kanyang Espiritu sa tuwina. Ang Espiritu ay parang isang uri ng mortar, isang hugpungan na hindi lamang dumadalisyay kundi nagpapaalalarin sa atin sa lahat ng bagay at paulit-ulit na nagpapatotoo kay Jesucristo. Ang karapat-dapat na pakikibahagi ng sakramento ay nagpapatibay sa ating

personal na kaugnayan sa saligang bato, na si Jesucristo.

Noong Kanyang ministryo itinuro ng Tagapagligtas nang may pagmamahal at kalinawan ang mga doktrina, alituntunin, at hakbang na kailangan upang mapangalagaan ang ating buhay at mapatatag ang ating pagkatao. Sa pagtatapos ng Sermon sa Bundok, sinabi Niya:

“Kaya nga, ang sinumang nakikinig ng mga salitang ito at ginagawa ang mga yaon, itutulad ko siya sa isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng isang malaking bato—

“At bumuhos ang ulan, at dumating ang baha, at umihip ang hangin, at humampas sa bahay na yaon; at iyon ay hindi bumagsak, sapagkat ito ay nakatayo sa ibabaw ng isang bato.

“At ang bawat isa na nakaririnig ng mga salita kong ito at hindi ito ginagawa ay itutulad ko sa isang taong hangal, na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan—

“At bumuhos ang ulan, at dumating ang baha, at umihip ang hangin, at humampas sa bahay na yaon; at iyon ay bumagsak, at malakas ang pagbagsak niyon” (3 Nephi 14:24–27; tingnan din sa Mateo 7:24–27).

Mga kapatid, wala ni isa sa atin ang sasadyaing magtayo ng ating tahanan,

mga lugar na pagtatrabahuhan, o sagradong bahay-sambahan sa ibabaw ng buhangin, durog na bato, o nang walang angkop na mga plano at materyal. Tanggapin natin ang paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya. Itayo natin ang ating buhay sa ligtas at tunay na saligan.

Buong pagpapakumbaba kong pinatotohanan na sa pagsasalig ng ating buhay kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala at sa maingat na pagsunod sa Kanyang plano para sa ating kaligayahan, kabilang na ang panalangin sa araw-araw, pag-aaral ng banal na kasulatan sa araw-araw, at lingguhang pakikibahagi ng sakramento, tayo ay magiging matatag, mararanasan natin ang tunay na pag-unlad at walang hanggang pagbabalik-loob, magiging mas handa tayo na mapagtagumpayan ang mga bagyo at kalamidad ng buhay, mararanasan natin ang kagalakan at kaligayahang ipinangako at magkakaroon tayo ng kumpiyansa na ang ating buhay ay nakatayo sa ibabaw ng tunay na saligan—isang saligan na hindi guguhon kailanman. Sa sagradong pangalalan ni Jesucristo amen. ■

TALA

1. Tingnan sa “1989 Loma Prieta Earthquake,” wikipedia.org/wiki/1989_Loma_Prieta_earthquake.





Ni Elaine S. Dalton

Ni-Release Kamakailan na Young Women General President

Kami ay mga Anak na Babae ng Aming Ama sa Langit

Bilang mga anak na babae ng Diyos, bawat isa sa atin ay kakaiba sa ating mga kalagayan at karanasan. Gayunman mahalaga ang ating bahagi—dahil mahalaga tayo.

Bawat linggo inuulit ng mga kabataang babae sa buong mundo ang Young Women theme. Anumang wika ito, sa tuwing maririnig ko ang mga salitang, “Kami ay mga anak na babae ng aming Ama sa Langit, na nagmamahal sa amin, at mahal namin Siya,”¹ pinagtitibay ng Espiritu sa aking kaluluwa na totoo ito. Hindi lamang ito pagpapatibay ng ating identidad—kung sino tayo—kundi pagkilala rin kung kaniho tayo mga anak. Tayo ay mga anak na babae ng isang dakilang nilalang!

Sa bawat bansa at kontinente, may nakikilala akong mahuhusay na kabataang babae na puno ng liwanag, na dinalisay ng masipag na paggawa at pagsubok, nagtataglay ng dalisay at simpleng pananampalataya. Sila ay marangal. Sila ay tumutupad sa tipan na “tatayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.”² Alam nila kung sino sila at na mahalaga ang kanilang papel sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Noong nasa kolehiyo ako, miyembro ako ng BYU International Folk Dancers. Isang tag-init, nagkaroon ang grupo namin ng pambihirang pagkakataon na maglibot sa mga misyon sa Europe. Nahirapan ako nang tag-init

na iyon dahil ilang buwan pa lang ang nakalipas nang biglang pumanaw ang aking ama. Habang nasa Scotland kami, dama kong nag-iisa ako at pinanghinaan ako ng loob. Sumayaw kami nang gabing iyon sa isang chapel, at pagkatapos naming magtanghal nagpunta kami sa katabing mission home. Habang naglalakad ako, nakita ko ang isang bato na nasa magandang halamanan malapit sa pasukan. Nabasa ko roon ang mga salitang, “Anuman ang tungkulin mo, gampang mabuti ito.” Nang sandaling iyon tumimo ang mga salita sa puso ko, at nadama ko ang kapangyarihan ng langit na nagbigay sa akin ng mensahe. Alam kong kilala ako ng mapagmahal na Ama sa Langit. Dama kong hindi ako nag-iisa. Tumayo ako sa halamanan nang lumuluha. “Anuman ang tungkulin mo, gampanang mabuti ito.” Sa simpleng pangungusap na iyon ay natanto kong kilala ako ng Ama sa Langit at may plano siya sa buhay ko, at tinulungan ako ng diwang nadama ko na maunawaan na mahalagang bahagi ako.

Kalaunan nalaman ko na ang sawikaing ito ay nakahikayat sa propetang si David O. McKay noong bata pa siyang missionary sa Scotland. Nakita niya ito sa isang bato sa isang gusali noong pinanghinaan siya ng loob sa kanyang misyon, at nagbigay-sigla sa kanya ang mga salita. Makalipas



Sydney, Australia

ang ilang taon, nang ginigiba na ang gusali, may kinausap siya para makuha niya ang bato at inilagay ito sa halamanan sa mission.³

Bilang mga anak na babae ng Diyos, bawat isa sa atin ay kakaiba sa ating mga kalagayan at karanasan. Gayunman mahalaga ang ating bahagi—dahil mahalaga *tayo*. Ang kontribusyon natin sa araw-araw na pangangalaga, pagtuturo, at pag-aaruga sa iba ay maaaring tila pangkaraniwan, hindi pansin, mahirap, at nakakaaba kung minsan, gayunman kapag naalala natin ang unang linya sa Young Women theme—“Kami ay mga anak na babae ng aming Ama sa Langit, na nagmamahal sa amin”—mag-iiba ang ating pakikipag-ugnayan at pagtugon.

Ang kahanga-hanga kong ina na 92-taong gulang ay pumanaw na kamakailan. Nilisan niya ang buhay na ito sa mundo gaya ng pamumuhay niya rito—nang tahimik. Ang buhay niya ay hindi gaya ng naiplano niya. Ang asawa niya, na tatay ko, ay namatay noong 45 anyos ito, at naiwan kay Inay ang tatlong anak—ako at ang dalawang kapatid kong lalaki. Siya ay 47 taong namuhay bilang balo. Itinaguyod niya ang aming pamilya sa pagtuturo sa paaralan sa maghapon at pagtuturo ng piano lesson sa gabi. Inalagaan niya ang may-edad niyang ama, na lolo ko, na kapitbahay namin. Tininyak niya na bawat isa sa amin ay makakatapos ng kolehiyo. Katunayan, sinikap niya itong gawin para kami ay maging “mga tagaambag.” At hindi siya nagreklamo kahit kailan. Tinupad niya ang kanyang mga tipan, at dahil ginawa niya ito, nakasamo siya sa kapangyarihan ng langit na pagpalain ang aming tahanan at magpadala ng mga himala. Umasa siya sa bisa ng panalangin, priesthood, at mga pangako ng tipan. Matapat siyang naglingkod sa Panginoon. Ang kanyang katatagan ang nagpalakas sa amin, na kanyang mga anak. Madalas niyang banggitin ang banal na kasulatang: “Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako.”⁴ Iyan ang



kanyang motto, at alam niyang totoo ito. Naunawaan niya ang ibig sabihin ng pagtupad ng tipan. Hindi siya kailanman nakilala ng daigdig. Ayaw niya iyon. Naunawaan niya kung sino siya at kanino siya anak—siya ay anak ng Diyos. Tunay na masasabing ginampanang mabuti ng aming ina ang kanyang papel.

Tungkol sa kababaihan at mga ina, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

“Hindi natin dapat kalimutan ang lakas ng kababaihan. . . . Mga ina ang pinaka-direktang umiimpluwensya sa buhay ng kanilang mga anak. . . . Ang mga ina ang nag-aalaga at nagpapalaki sa kanila sa paraan ng Panginoon. Napakahalaga ng impluwensya nila. . . .

“ . . . Sila ang lumilikha ng buhay. Sila ang tagapag-alaga ng mga bata. Sila ang mga guro ng mga dalagita. Hindi tayo mabubuhay kung wala sila. Sila ang ating katuwang sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Napakadakila ng kanilang papel, napakalaki ng kanilang kontribusyon.”⁵

Paano maikikintal ng isang ina o ama sa kanilang anak na babae ang nagpapadakila at walang hanggang katotohanan na siya ay anak ng Diyos? Paano natin siya tutulongang iwan ang mundo at lumapit pa sa kaharian ng Diyos?

Sa mundong nawawalan na ng kagandahang-asal, kailangan ng mga dalagita ng kababaihan at kalalakihan na “[tatayong] mga saksi ng Diyos sa

lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.” Higit kailanman, ngayon ito mas mahalaga. Kailangan ng mga dalagita ng mga ina at tagapagturo na huwaran ng mabuting pagkababae. Mga ina, ang inyong kaugnayan sa inyong anak na babae ang pinakamahalaga, at gayundin ang inyong halimbawa. Ang paraan ng inyong pagmamahal at paggalang sa kanyang ama, sa kanyang priesthood, at sa kanyang banal na papel ay mababanaag at marahil makikitang mabuti sa saloobin at pag-uugali ng inyong anak na babae.

Ano ba ang bahaging iyon na dapat nating “gampanang mabuti”? Malinaw ang nakasaad sa pagpapahayag tungkol sa mag-anak:

“Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtutulongan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. . . .

“Kami ay nagbababala na ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos.”⁶



Sa imoral na lipunan noong panahon ni Mormon, nalungkot siya nang labis dahil ninakaw sa kababaihan ang pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat ng bagay—ang kanilang puri at karangalan.⁷

Muli, nananawagan ako na ibalik ang kabanalan. Ang kabanalan ay kalakasan at kapangyarihan ng mga anak na babae ng Diyos. Ano ang mangyayari sa mundo kung ang kabanalan—nakaugaliang kaisipan at pag-uugali na naaayon sa matataas na pamantayan ng moralidad, kabilang ang kalinisang-puri⁸—ay muling bibigyan ng napakalaking pagpapahalaga sa ating lipunan? Kung ang imoralidad, pornograpiya, at pang-aabuso ay mababawasan, magiging mas kaunti ba ang mga mag-asawang naghihiwalay, nasisirang buhay, at pusong nasa-saktan? Maipagkakapuri at maitataas ba ng media sa halip na pasamain at pababain ang pagkatao ng minamahal na mga anak na babae ng Diyos? Kung talagang nauunawaan ng sangkatauhan ang kahalagahan ng pahayag na “Kami ay mga anak na babae ng aming Ama sa Langit,” paano kaya ituturing at pakikitunguhan ang kababaihan?

Ilang taon na ang nakalipas, nang itinatayo at malapit nang matapos ang Conference Center na ito, pumasok ako sa sagradong gusaling ito sa balcony level na nakasumbbrero at salamin, handang i-vacuum ang karpit na pinagtulungan nilang ilatag katulong ang asawa ko. Dito sa kinalalagyan ngayon ng pulpito ay dating may loader o maliit na traktora na naghahakot ng kalat, at makapal noon ang punta ang alikabok sa bagong karpit. Ako ang taga-vacuum. Kaya’t patuloy akong nag-vacuum nang nag-vacuum. Pagkaraan ng tatlong araw ayaw nang gumana ng munting vacuum ko!

Nang hapong iyon bago ang unang pangkalahatang kumperensya sa maganda at bagong gusaling ito, tinawag ako ng aking asawa. Ilalagay na niya ang huling piraso ng karpit—sa ilalim nitong makasaysayang pulpito.

Tanong niya, “Ano kayang banal na kasulatan ang isusulat ko sa likod nitong karpit?”

At sinabi kong, “Mosias 18:9: ‘Tumayo bilang . . . saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay at sa lahat ng lugar.’”

Sa panahong ito na puno ng hamon, iyan ang ginagawa ng mga dalagita at ng lahat ng kababaihan ng Simbahang ito. Sila ay impluwensya sa kabutihan. Sila ay mabubuti at magandang huwaran, matatalino at masisipag. Gumagawa sila ng kaibhan dahil sila ay kakaiba. Ginagampanan nilang mabuti ang kanilang bahagi.

Maraming taon na ang lumipas, noong bina-vacuum ko ang karpit na ito—sinisikap na gawin ang munting bahagi ko—hindi ko alam na isang araw ay tutuntong ako sa karpit na nasa ilalim nitong pulpito.

Ngayon bilang anak ng Diyos, ako ay tumatayo bilang saksi na ang Diyos ay buhay. Si Jesus ang Cristo. Siya ang ating Manunubos. Sa pamamagitan ng Kanyang walang-hanggang pagbabayad-sala ay makababalik ako balang-araw sa Kanyang piling—napatunayang marapat, dalisay, at nabuklod sa isang walang-hanggang pamilya. Lagi ko Siyang pupurihin sa pribilehiyo ko na maging isang babae, asawa, at ina. Nagpapatotoo ako na pinamumunuan tayo ng isang propeta ng Diyos, si Pangulong Thomas S. Monson, at nagpapasalamat ako sa mabubuting kalalakhian, na ang taglay na kapangyarihan ng priesthood ay nagpapala sa aking buhay. At lagi akong magpapasalamat sa kalakasan na natatanggap ko sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas habang patuloy kong sinisikap na “gampanang mabuti ang [aking] bahagi.” Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 3.
2. Mosias 18:9.
3. Tingnan sa Matthew O. Richardson, “‘What E'er Thou Art, Act Well Thy Part’: John Allan’s Albany Crescent Stone,” *Journal of Mormon History*, tomo 33 (Fall 2007), 31–61; Francis M. Gibbons, *David O. McKay: Apostle to the World, Prophet of God* (1986), 45.
4. Doktrina at mga Tipan 82:10.
5. Gordon B. Hinckley, “Pagiging Matatag at Di Natitinag,” *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Ene. 10, 2004, 21.
6. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
7. Tingnan sa Moroni 9:9.
8. Tingnan sa *Pansariling Pag-unlad ng Young Women*, 70.



Ni Elder Craig A. Cardon
Ng Pitumpu

Nais ng Tagapagligtas na Magpatawad

Mahal tayo ng Panginoon at nais Niyang maunawaan natin ang kahandaan Niyang magpatawad.

Nang magministeryo ang Tagapagligtas sa mundo, sinundan Siya ng maraming tao, pati ng mga eskriba at Fariseo “sa bawat nayon ng Galilea, . . . Judea, at Jerusalem.”¹ Isang lalaking lumpo at nakaratay sa banig ng karamdaman na nais mapagaling ang dinala sa maraming tao na nakatipon, ngunit nang hindi makalapit sa Tagapagligtas, iniakyat siya ng kanyang mga kaibigan sa bubungan ng bahay kung saan naroon ang Tagapagligtas at ibinaba siya mula roon. Sa nakitang pananampalatayang ito, na may dakilang layuning hindi pa alam ng Kanyang mga tagapakinig, ipinahayag ng Tagapagligtas, “Lalake, ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan.”²

Maaaring ikinagulat ito ng lalaki, at bagama’t hindi binanggit sa banal na kasulatan ang kanyang reaksyon, marahil ay inisip niya kung talagang naunawaan ng Tagapagligtas ang kanyang pakay.

Alam ng Tagapagligtas na maraming taong sumusunod sa Kanya dahil sa kagila-gilalas Niyang mga himala. Nagawa na Niyang alak ang tubig,³ naitaboy ang karumal-dumal na mga espiritu,⁴ napagaling ang anak

ng mahal na tao,⁵ ang isang ketongin,⁶ ang biyenang babae ni Pedro⁷ at marami pang iba.⁸

Subalit sa lumpong lalaking ito, pinili ng Tagapagligtas na patunayan kapwa sa disipulo at sa naninira sa Kanya ang Kanyang natatanging papel bilang Tagapagligtas ng sanlibutan. Nang marinig ang sinabi ng Tagapagligtas, nagsimulang mangatwiran ang mga eskriba at Fariseo sa isa’t isa, na nagsasalita nang walang kaalam-alam tungkol sa paglapastangan sa Diyos habang ipinapalagay na tanging Diyos lamang ang makapagpatawad ng kasalanan. Nang matanto ang kanilang iniisip, tinanong sila ng Tagapagligtas:

“Bakit pinagbubulaybulay ninyo sa inyong mga puso?”

“Alin baga ang lalong magaan sabihin, Ipinatatawad sa iyo ang iyong mga kasalanan; o sabihin, magtindig ka at lumakad ka?”⁹


Hindi na hinintay ng Tagapagligtas ang kanilang sagot, sinabi pa Niya, “Datapuwa’t upang maalaman ninyo na ang Anak ng tao ay may kapamahalaan *sa lupa* na magpatawad ng mga kasalanan (sinabi Niya sa lumpo), Sa iyo ko sinasabi, Magtindig ka, at buhatin mo ang iyong higaan, at

umuwi ka sa bahay mo.”¹⁰ At ginawa nga niya iyon!

Sa mahimalang pisikal na pagpapagaling na ito, pinatunayan ng Tagapagligtas sa ating lahat ang mas makapangyarihang espirituwal na katotohanang ito: ang Anak ng Tao ay nagpapatawad ng mga kasalanan!

Bagama’t ang katotohanang ito ay madaling tanggapin ng lahat ng nani-niwala, hindi madaling tanggapin ang kaakibat na mahalagang katotohanang ito: ang Tagapagligtas ay nagpapatawad ng mga kasalanan “sa lupa” at hindi lamang sa Huling Paghuhukom. Pinananagot Niya tayo *sa* ating mga kasalanan.¹¹ Hindi Niya pinatatawad ang pagbalik natin sa dati nating mga kasalanan.¹² Ngunit kapag nagsisi tayo at sumunod sa Kanyang ebanghelyo, pinatatawad Niya tayo.¹³

Sa pagpapatawad na ito nakikita natin ang nagbibigay-kakayahan *at* nakatutubos na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala na angkop at saganang isinasagawa. Kung nananampalataya tayo sa Panginoong Jesucristo, ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala ay *nagpapalakas* sa atin sa sandali ng ating pangangailangan,¹⁴ at ang Kanyang





kapangyarihang tumubos ay *nagpababanal* sa atin kapag ating “[hinubad] ang likas na tao.”¹⁵ Nagbibigay ito ng pagasa sa lahat, lalo na sa mga nag-aakala na ang pabalik-balik na kahinaan ng tao ay lagpas na sa kahandaan ng Tagapagligtas na tumulong at magligtas.

Para malinaw na maipaunawa sa atin ng Tagapagligtas,¹⁶ minsa’y inusisa ni Pedro kung ilang beses niya dapat patawarin ang kanyang kapatid at pagkatapos ay itinanong, “Hanggang sa makapito?” Siguradong labis-labis na iyan. Ngunit ang tugon ng Tagapagligtas ay nagpaunawa sa atin sa *Kanyang* maawaing puso: “*Hindi* ko sinasabi sa iyo, Hanggang sa makapito: kundi, Hanggang sa makapitongpung pito.”¹⁷

Mahal tayo ng Panginoon at nais Niyang maunawaan natin ang kahandaan Niyang magpatawad. Sa mahigit 20 pagkakataon sa Doktrina at mga Tipan, sinabi ng Panginoon sa Kanyang mga kausap, “Ang inyong mga kasalanan ay pinatawad ko na,” o sa mga salitang kahalintulad nito.¹⁸ Sa halos kalahati ng mga pagkakataong iyon, ang mga salita ng Panginoon ay tuwirang sinasabi kay Propetang Joseph Smith, na kung minsan ay sa kanya lang mag-isa, kung minsan naman ay may kasama siyang iba.¹⁹ Ang una sa mga ito ay itinala noong 1830, ang huli’y noong 1843. Kaya, sa loob ng napakaraming taon, paulit-ulit na sinabi ng Panginoon kay Joseph, “Ang inyong mga kasalanan ay pinatawad ko na.”

Bagama’t si Joseph ay hindi “nagkasala ng anumang mabigat o lubhang mapaminsalang mga kasalanan,”²⁰ makabubuting alalahanin natin na maliban sa ilang eksepsyon, ang “makapitongpung pito” ng Panginoon ay hindi nililimitahan ang pagpapatawad ayon sa bigat ng kasalanan.

Habang nagsasalita sa mga elder na nakatipon sa Kirtland, sinabi ng Panginoon, “Aking kalooban na madaig ninyo ang sanlibutan; *dahil dito* ako ay mahahabag sa inyo.”²¹ Alam ng Panginoon ang ating kahinaan at ang walang-hanggang mga bunga ng “sanlibutan” sa mga hindi perpektong kalalakihan at kababaihan.²² Ang salitang *dahil dito* sa talatang ito ay ang Kanyang pagpapatunay na tanging sa pagkahabag lang Niya tuluyan nating “madaig ang sanlibutan.” Paano naipakita ang pagkahabag na iyon? Sa mga elder ding ito sa Kirtland, sinabi Niya, “Aking pinatawad kayo sa inyong mga kasalanan.”²³ *Nais ng Tagapagligtas na magpatawad.*

Hindi kailangang ipalagay ninuman na darating ang kapatawarang ito nang walang pagsisisi. Tunay ngang ipinahayag ng Panginoon, “Ako, ang Panginoon, ay nagpapatawad ng mga kasalanan sa mga yaong umaamin ng kanilang mga kasalanan sa aking harapan at humihingi ng kapatawaran,” at saka Niya idinagdag ang kundisyon “na hindi nagkasala tungo sa kamatayan.”²⁴ Bagama’t ang Panginoon ay “hindi

makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang,”²⁵ ipinakita Niya ang kaibhan ng bigat ng ilang kasalanan. Binigyang-diin Niya na walang kapatawaran ang “kalapastanganan laban sa Espiritu Santo.”²⁶ Ipinahayag Niya ang bigat ng kasalananang pagpatay²⁷ at binigyang-diin ang bigat ng kasalananang seksuwal na tulad ng pangangalunya.²⁸ Sa paulit-ulit na mabigat na pagkaka-salang seksuwal, ipinaalam Niya na napakahirap matanggap ang Kanyang kapatawaran.²⁹ At sinabi Niya na “siya na nagkasala laban sa mas dakilang liwanag ay tatanggap ng mas malaking kaparusahan.”³⁰ Subalit sa Kanyang awa, tinutulutan Niya ang unti-unting pagpapakabuti kaysa iutos na maging perpekto kaagad. Kahit napakaraming kasalanan na sanhi ng kahinaan ng tao, kasindalas ng ating pagsisisi at paghingi ng tawad sa Kanya, Siya ay nagpapatawad nang paulit-ulit.³¹

Dahil dito, lahat tayo, pati na yaong mga nahihirapang madaig ang pagkakilulong sa droga o pornograpiya at iba pang kaugnay nito, ay malalaman na kikilalanin ng Panginoon ang matwid nating mga pagsisikap at mapagmahal na magpapatawad kapag ganap ang pagsisisi, “hanggang sa makapitongpung pitong ulit.” Ngunit hindi ibig sabihin nito na maaari nang *sadyang* magkasalang muli ang isang tao nang hindi napaparusahan.³²

Laging nakatingin ang Panginoon sa ating puso,³³ at ang pagbibigay-katwiran sa maling paniniwala ay hindi nagbibigay-katarungan sa kasalanan.³⁴ Sa dispensasyong ito binalaan ng Panginoon ang isa sa Kanyang mga lingkod laban sa gayong pagbibigay-katwiran sa pagsasabing, “Ikahiya [niya] ang pangkat ng mga Nicolaitane at [ang] lahat ng kanilang lihim na karumal-dumal na gawain.”³⁵ Ang mga Nicolaitane ay isang sinaunang sekta ng relihiyon na nagsasabing may pahintulot silang gumawa ng kasalananang seksuwal dahil sa biyaya ng Panginoon.³⁶ Hindi ito nakalulugod sa Panginoon.³⁷ Ang Kanyang habag at biyaya ay hindi magbibigay-katwiran sa atin kapag “ang [ating] mga puso ay hindi nasisiyahan. At hindi [natin]

sinusunod ang katotohanan, subalit may galak sa kasamaan.”³⁸ Bagkus, matapos gawin ang lahat ng ating magagawa,³⁹ ang Kanyang habag at biyaya ang magiging daan upang “sa paglipas ng panahon”⁴⁰ ay madaig natin ang sanlibutan dahil sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala. Sa mapagkumbabang paghahangad sa natatanging kaloob na ito, “ang mahihinang bagay [ay nagiging] malalakas sa [atin],”⁴¹ at dahil sa *Kanyang* lakas, magagawa natin ang hindi natin magagawang mag-isa.

Ang Panginoon ay nakatingin sa liwanag na ating natanggap,⁴² sa pagnanais ng ating mga puso,⁴³ at sa ating mga kilos,⁴⁴ at kapag tayo ay nagsisisi at humihingi ng tawad sa Kanya, pinatawad Niya tayo. Kapag isinaalang-alang natin ang buhay natin at ng mga mahal natin sa buhay at mga kakilala, dapat ay handa rin tayong patawarin ang ating sarili at ang iba.⁴⁵

Binanggit sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* na mahirap paglabanan ang anumang pagkalulong at hinihikayat ang mga lider ng priesthood at miyembro na “[huwag] mabigla o panghinaan ng loob” kung patuloy na mahirapan ang mga investigator o bagong miyembro sa gayong mga problema. Bagkus, pinapayuhan tayong “magtiwala sa tao at huwag [siyang] husgahan . . . [itinuturing] na pansamantala lang ang hadlang na ito at kailangang unawain.”⁴⁶ Hindi ba natin ito gagawin sa sarili nating mga anak o kapamilya na nahihirapan sa ganitong mga problema, na pansamantalang nalihis mula sa landas ng kabutihan? Marapat lamang na madama nila ang ating katatagan, tiyaga, at pagmamahal—at oo, ang ating kapatawaran.

Sa pangkalahatang kumperensya noon lang Oktubre, ipinayo ni Panguulong Monson:

“Dapat nating isaisip na maaaring magbago ang mga tao. Maaari nilang talikuran ang kanilang masasamang bisyo. Maaari silang magsisi sa kanilang mga kasalanan. . . .

“ . . . Matutulungan natin sila na mapunan ang kanilang mga kakulangan. Kailangang magtamo tayo ng kaka-yahang makita ang tao *hindi* dahil sa

kung ano sila ngayon kundi kung ano ang maaari nilang kahinatnan.”⁴⁷

Sa kumperensya noon ng Simbahan, na katulad ng kumperensyang ito, sinabi ng Panginoon sa mga miyembro:

“Katotohanan sinasabi ko sa inyo, kayo ay malinis, subalit hindi lahat; . . .

“Sapagkat *lahat ng laman* ay makasalanan sa harapan ko. . . .

“ . . . Sapagkat sa katotohanan ang ilan sa inyo ay may kasalanan sa harapan ko, *subalit ako ay magiging maawain sa inyong mga kahinaan.*”⁴⁸

Iyon pa rin ang Kanyang mensahe ngayon.

Alam ng ating Ama sa Langit ang kinakaharap natin, na lahat tayo ay nagkakasala at paulit-ulit na “hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios”⁴⁹. Isinugo Niya ang Kanyang Anak, na “[nalalaman ang] kahinaan ng tao at kung paano masasaklolohan sila na natutukso.”⁵⁰ Itinuro sa atin ng Kanyang Anak na “magsipanalangin tuwina upang *hindi* [tayo] magsipasok sa tukso.”⁵¹ Sinabihan tayo na “magsumamo sa [Diyos] ng *awa*; sapagkat may kapangyarihan siya na makapagligtas.”⁵² Inutusan tayo ng Tagapagligtas na magsisi⁵³ at magpatawad.⁵⁴ At bagama’t hindi madaling magsisi, kung magsusumikap tayo nang buong puso na sundin ang Kanyang ebanghelyo, ipinangako Niya ito: “Katotohanang sinasabi ko sa [inyo], sa kabila



ng [inyong] mga kasalanan, *ang aking kalooban ay napupuspos ng pagkaha-bag sa [inyo]*. Hindi ko [kayo] ganap na itatakwil; *at sa araw ng pagkapoot aking maaalaala ang awa.*”⁵⁵ Nais ng Tagapagligtas na magpatawad.

Bawat linggo sinisimulan ng Mormon Tabernacle Choir ang nagbibigay-inspirasyong brodkast nito sa nakasisiglang mga titik ng pamilyar na himno ni William W. Phelps na “Sagradong Himig ay Awitin.” Ang hindi ganong pamilyar ay ang nakapapanatag na mga salita sa ikaapat na talata:

*O kay banal ng Panginoon,
Wika Niya’y nakalulugod: . . .
Ika’y magsisi upang mabuhay,
Ga’no mang lubha ng’yong
pagkakasala,
Magsisi’t magpatawad s’ya.*⁵⁶

Inaanyayahan ko kayong alalahanin ang mga salita ng Panginoon at manalig dito at manampalataya sa Kanya na magbubunga ng pagsisisi.⁵⁷ Mahal Niya kayo. Nais Niya kayong patawarin. Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 5:17; tingnan din sa Marcos 2:2.
2. Lucas 5:20; tingnan din sa Mateo 9:2; Marcos 2:5.
3. Tingnan sa Juan 2:1–11.
4. Tingnan sa Marcos 1:21–28; Lucas 4:33–37.
5. Tingnan sa Juan 4:46–54.
6. Tingnan sa Mateo 8:1–4; Marcos 1:40–45; Lucas 5:12–15.
7. Tingnan sa Mateo 8:14–15; Marcos 1:29–31; Lucas 4:38–39.
8. Tingnan sa Mateo 8:16–17; Marcos 1:32–34; Lucas 4:40–41.
9. Lucas 5:22–23; tingnan din sa Mateo 9:3–5; Marcos 2:6–9.
10. Lucas 5:24; idagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Mateo 9:6–7; Marcos 2:10–12.
11. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:9–10; Alma 11:34, 37; Helaman 5:10–11.
12. Tingnan sa II Ni Pedro 2:20; Santiago 2:10; Doktrina at mga Tipan 82:7.
13. Tingnan sa Isaias 1:18; Jeremias 31:34; Lucas 7:36–50; Enos 1:5; Alma 24:10; Moroni 6:8; Doktrina at mga Tipan 1:32; 58:42–43.
14. Tingnan sa Jacob 4:7; Alma 14:26; Moroni 10:7.
15. Mosias 3:19; tingnan din sa 2 Nephi 10:24–25.
16. Tingnan din sa Alma 32:28, 34.
17. Mateo 18:21–22; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Lucas 17:1–4.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:5–7; 25:3; 29:3; 31:5; 36:1; 50:36; 60:6–7; 61:2;

- 62:3; 64:1-4, 5-7, 15-17; 75:6-8; 82:1; 84:60-61; 90:1, 6; 108:1; 110:5; 112:3; 124:74-76, 78; 132:50.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:5-7; 29:3; 60:6-7; 61:2; 62:3; 64:5-7; 84:60-61; 90:1; 110:5; 132:50.
 20. Joseph Smith—Kasaysayan 1:28.
 21. Doktrina at mga Tipan 64:2; idinagdag ang pagbibigay-diin.
 22. Tingnan sa 1 Nephi 20:9-11; Doktrina at mga Tipan 24:2; 50:41; 63:47; 108:1-8.
 23. Doktrina at mga Tipan 64:3.
 24. Doktrina at mga Tipan 64:7.
 25. Doktrina at mga Tipan 1:31; tingnan din sa mga talata 32-33; Alma 45:16.
 26. Doktrina at mga Tipan 132:27; tingnan din sa Mateo 12:31; Lucas 12:10.
 27. Tingnan sa Exodo 20:13; Mosias 13:21; Doktrina at mga Tipan 132:19; Moises 5:31-36.
 28. Tingnan sa Alma 39:5; Doktrina at mga Tipan 42:24-26.
 29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:22-26, 75-78, 80-82; 63:13-17; 76:103.
 30. Doktrina at mga Tipan 82:3; tingnan din sa Juan 15:22.
 31. Tingnan sa Moroni 6:8.
 32. Tingnan sa Mosias 15:26.
 33. Tingnan sa I Samuel 16:7; Mga Awit 24:3-4; Mga Kawikaan 23:7; Mateo 15:18-20; Marcos 7:20-23; Sa Mga Hebreo 3:12; 3 Nephi 12:19; Doktrina at mga Tipan 59:8; 64:34.
 34. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:29-30; 121:37.
 35. Doktrina at mga Tipan 117:11.
 36. Tingnan sa Bible Dictionary, "Nicolaitans."
 37. Tingnan sa Apocalipsis 2:6, 15.
 38. Doktrina at mga Tipan 56:15.
 39. Tingnan sa 2 Nephi 25:23; Doktrina at mga Tipan 138:4.
 40. Moises 7:21.
 41. Eter 12:27.
 42. Tingnan sa Juan 15:22; Doktrina at mga Tipan 1:33; 82:3.
 43. Tingnan sa Alma 41:5-6; 3 Nephi 9:20; Doktrina at mga Tipan 137:9.
 44. Tingnan sa 1 Nephi 15:33; Alma 41:3-4; Doktrina at mga Tipan 137:9.
 45. Tingnan sa Mateo 6:14-15; Doktrina at mga Tipan 64:8-10; 98:39-48.
 46. *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* (2004), 214.
 47. Thomas S. Monson, "Tingnan ang Kapwa ayon sa Maaaring Kahinatnan Nila," *Liahona*, Nob. 2012, 68, 69; idinagdag ang pagbibigay-diin.
 48. Doktrina at mga Tipan 38:10-11, 14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
 49. Mga Taga Roma 3:23.
 50. Doktrina at mga Tipan 62:1; tingnan din sa Alma 7:12.
 51. Doktrina at mga Tipan 61:39; idinagdag ang pagbibigay-diin.
 52. Alma 34:18; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa 2 Nephi 31:19; Alma 7:14.
 53. Tingnan sa Helaman 13:11; Doktrina at mga Tipan 19:4, 13-21.
 54. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 64:8-10.
 55. Doktrina at mga Tipan 101:9; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 82:1-7.
 56. "Sagradong Himig ay Awitin," *Mga Himno*, no. 87.
 57. Tingnan sa Alma 34:15-17.



Ni Elder M. Russell Ballard

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

"Ito ang Aking Gawain at Aking Kaluwalhatian"

Saganang ibinigay ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa mga tumatangap at gumagalang sa Kanyang priesthood, na humahantong sa ipinangakong mga pagpapala ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.

Pangulong Packer, hihintayin namin ang pang-98 na bersyon ng napa-kagandang tulang iyan. Napakaganda ng tagubiling ibinigay niya sa atin ngayon.

Ilang linggo na ang nakararaan, isang malamig at madilim na gabi ng taglamig, namamanghang tumingala kami ng asawa kong si Barbara sa langit. Milyun-milyong bituin ang tila pambihira sa ningning at ganda. Pagkatapos ay bumaling ako sa Mahalagang Perlas at muli kong binasa nang may pagkamangha ang sinabi ng Panginoong Diyos kay Moises: "At mga daigdig na di mabilang ang aking nilalang; at akin ding nilalang ang mga ito para sa sarili kong layunin; at sa pamamagitan ng Anak aking nilalang ang mga ito, na siyang aking Bugtong na Anak" (Moises 1:33).

Sa ating panahon napagtibay ng Hubble deep-space telescope ang kalakhan at kahalagahan ng nakita ni Moises. Ayon sa mga siyentipiko ng

Hubble, ang Milky Way galaxy, kung saan maliit na bahagi lamang ang ating daigdig at araw, ay tinatayang isa lamang sa mahigit 200 bilyong galaxy na kahalintulad niyon. Para sa akin mahirap maunawaan, imposibleng maarok, lubhang malaki at malawak ang mga likha ng Diyos.

Mga kapatid, ang kapangyarihang lumikha at lumilikha sa mga langit at lupa ay ang priesthood. Alam nating mga miyembro ng Simbahan na ang pinagmumulan ng kapangyarihang ito ng priesthood ay ang Diyos na Maykapal at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang priesthood ay hindi lamang ang kapangyarihang lumikha sa mga langit at lupa, kundi ito rin ang kapangyarihang ginamit ng Taga-pagligtas sa Kanyang ministeryo sa lupa para isagawa ang mga himala, basbasan at pagalingin ang maysakit, buhayin ang patay, at, bilang Bugtong na Anak ng Ama, para tiisin ang napakatinding pasakit ng Getsemani



at Kalbaryo—sa gayon ay natupad ang mga batas ng katarungan nang may awa at inilaan ang walang-hanggang Pagbabayad-sala at nadaig ang pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli.

Ang mga susi ng awtoridad ng priesthood na ito at ang ibinungang kapangyarihan ang ibinigay Niya kina Pedro, Santiago, at Juan at sa iba pa Niyang mga Apostol upang basbasan ang iba at ibuklod sa langit ang ibi-nuklod sa lupa.

Ang kapangyarihan ng priesthood ay isang sagrado at mahalagang kaloob ng Diyos. Iba ito kaysa awtoridad ng priesthood, na siyang pahintulot na kumilos sa ngalan ng Diyos. Ang pahintulot o ordenasyong iyan ay ibinibigay sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Ang kapangyarihan ng priesthood ay dumarating lamang kapag ang mga gumagamit nito ay karapat-dapat at kumikilos alinsunod sa kalooban ng Diyos. Sabi nga ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Ang Panginoon ay binahaginan tayong lahat, bilang mga mayhawak ng priesthood, ng kanyang awtoridad,

ngunit magagamit lamang natin ang mga kapangyarihan ng langit batay sa ating personal na kabutihan” (“Boys Need Heroes Close By,” *Ensign*, Mayo 1976, 45).

Sa maluluwalhating araw ng Panunumbalik at muling pagtatatag ng Simbahan ni Jesucristo sa mundo ngayon, bumaba sa lupa sina Juan Bautista; Pedro, Santiago, at Juan; Moises; Elias; at Elijah at ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith ang lahat ng susi at awtoridad ng priesthood para sa gawain ng Diyos sa mga huling araw na ito.

Sa pamamagitan ng mga susi, awtoridad, at kapangyarihang ito itinatag ang Simbahan ni Jesucristo ngayon, na pinamumunuan ni Cristo na pina-patnubayan ang Kanyang buhay na propetang si Thomas S. Monson, at tinutulungan ng mga tinawag at inorden na mga Apostol.

Sa plano ng ating Ama sa Langit na nagkaloob ng priesthood sa kalalakihan, ang mga lalaki ay may kakaibang responsibilidad na pangasiwaan ang priesthood, ngunit hindi sila ang priesthood. Ang kalalakihan at

kababaihan ay may mga tungkulin na magkaiba ngunit parehong mahalaga. Hindi man kayang magdalantao ng babae kung walang lalaki, hindi naman lubos na magagamit ng lalaki ang kapangyarihan ng priesthood para magbuo ng walang-hanggang pamilya kung walang babae. Sa madaling salita, sa walang-hanggang pananaw, ang mag-asawa ay parehong may ginagampanan sa kapangyarihang lumikha ng buhay at sa kapangyarihan ng priesthood. At bilang mag-asawa, ang isang lalaki at isang babae ay dapat magsikap na sundin ang ating Ama sa Langit. Ang magagandang katangian ng pagmamahal, pagpapakumbaba, at pagpapasensya ang dapat nilang pagtuunan kapag naghangad sila ng mga pagpapala ng priesthood sa kanilang buhay at para sa kanilang pamilya.

Lubhang kailangan nating maunawaan na ang Ama sa Langit ay naglaan ng paraan sa lahat ng Kanyang anak na makatanggap ng mga pagpapala at mapalakas ng kapangyarihan ng priesthood. Sentro sa plano ng Diyos para sa Kanyang mga espirituang anak

ang Kanyang sariling pahayag: “Ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao” (Moises 1:39).

Sa isang paghahayag kay Propetang Joseph Smith sa bahagi 81 ng Doktrina at mga Tipan, ipinaliwanag ng Panginoon na ang kapangyarihan ng priesthood ay gagamitin upang “tulongan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina” (talata 5).

“At sa paggawa ng mga bagay na ito ginagawa mo ang higit na mabuti sa iyong kapwa tao, at itinataguyod ang kaluwalhatian niya na iyong Panginoon” (D at T 81:4).

Habang inilalarawan natin sa ating isipan ang pagtulong sa mahihina, pagtataas ng mga kamay na nakababa, at pagpapalakas ng tuhod na mahihina, naalala ko ang malambing na pitong-taong-gulang na batang babae na nagpakita sa lolo niya ng munting tanim na kamatis mula sa butong itinanim niya para sa school project sa ikalawang baitang.

Ipinaliwanag niya na mula sa maliit na buto ay susulpot ang isang halaman. At kung maalagaan ang halaman, magbubunga iyon ng maraming kamatis na maraming buto ang bawat isa.

Sabi niya, “At kung itinanim ang lahat ng butong iyon at nagbunga ng mas maraming kamatis, at itinanim po ninyo ang lahat ng butong iyon, sa kaunting panahon ay milyun-milyon ang kamatis ninyo.”

“*Lahat*,” sabi niya nang may pagkamangha, “ay mula sa isang maliit na buto.”

Ngunit pagkatapos ay sinabi niya, “Muntik ko na pong mapatay ang halaman ko. Iniwan ko ito sa madilim na kuwarto at nalimutan kong diligan. Nang maalala ko po ang halaman, lanta na iyon at mukhang patay na. Umiyak po ako kasi naisip ko ang milyun-milyong kamatis na iyon na hindi na lalago.”

Pagkatapos ay natuwa siyang ikuwento sa lolo niya ang “himala” na nangyari.

Ipinaliwanag niya, “Sabi po ni Inay, baka hindi pa patay ang halaman.

Siguro kailangan lang itong diligan at paarawan para muling sumigla.

“At tama po siya. Diniligan ko ang halaman at inilagay ko sa may bintana para maarawan. At alam ‘nyo po ba kung ano’ng nangyari?” tanong niya. “Sumigla po itong muli, at ngayo’y magbubunga ng milyun-milyong kamatis!”

Ang kanyang maliit na halamang kamatis, na lalago sana ngunit nanghina at nalanta dahil napabayaang hindi sadya, ay napalakas at napasigla sa pamamagitan ng simpleng pagdidilig at pinaarawan ng mapagmahal at mapag-arulang mga kamay ng isang munting bata.

Mga kapatid, bilang literal na mga espiritung anak ng mapagmahal nating Ama sa Langit, walang hanggan ang ating banal na potensyal. Ngunit kung hindi tayo maingat, matutulad tayo sa nalantang halamang kamatis. Maaari tayong malihis sa tunay na doktrina at ebanghelyo ni Jesucristo at hindi mapangalagaan ang ating espiritu at manghina tayo, dahil



napalayo tayo sa banal na liwanag at tubig na buhay ng walang-hanggan pag-ibig at kapangyarihan ng priesthood ng Tagapagligtas.

Yaong mga mayhawak ng priesthood at hindi nagpunyaging igalang ito sa pamamagitan ng paglilingkod sa ating pamilya at sa iba ay matutulad sa mga hindi *tumatanggap* ng mga pagpapala ng kapangyarihan ng priesthood at tiyak na espirituwal na malalanta, dahil pinagkaitan nila ang kanilang sarili ng mahahalagang espirituwal na sustansya, liwanag, at kapangyarihan ng Diyos sa kanilang buhay—tulad ng halamang kamatis na lalago sana ngunit napabayaang nalanta.

Ang kapangyarihan ding iyon ng priesthood na lumikha ng mga mundo, galaxy, at sansinukob ay maaari at dapat na maging bahagi ng ating buhay upang tulongan, palakasin, at basbasan ang ating pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay—sa madaling salita, gawin ang mga bagay na gagawin ng Tagapagligtas kung nagmiministryo Siya sa atin ngayon.

At ang pangunahing layunin ng kapangyarihang ito ng priesthood ay basbasan, pabanalin, at dalisayin tayo para makapiling natin ang ating pamilya sa kinaroroonan ng ating mga magulang sa langit, na ibinigkis ng mga pagbubuklod ng priesthood, nakikibahagi sa kagila-gilalas na gawain ng Diyos at ni Jesucristo sa pagpapalaganap ng *Kanilang* liwanag at kaluwalhatian magpakailanman.

Para maisagawa ito, ilang buwan pa lang ang nakararaan ay nagkaroon ako ng pagkakataong makibahagi sa video-based presentation ng pandaigdigang pagsasanay sa pamumuno na tinatawag na *Pagpapatatag ng Pamilya at ng Simbahan sa pamamagitan ng Priesthood*.

Ang makabago at kapaki-pakinabang na DVD na ito ay isinalin sa 66 na wika. Itinuturo nito kung paano mababasbasan, pasisiglahin at muling mapapasigla ng kapangyarihan ng priesthood ang buhay natin, ng ating pamilya, at ng lahat ng miyembro ng Simbahan.

Ipinapakita nito sa ating lahat—mga lalaki, babae, at bata; may-asawa,

balo, o walang asawa; anuman ang ating sitwasyon—kung paano tayo makakabahagi sa mga pagpapala ng priesthood. May ilang 8-hanggang-12-minutong mga segment na ipinaliwanag ang mga susi, awtoridad, at kapangyarihan ng priesthood at kung paano nito pinalalakas ang mga indibiduwal, pamilya, at Simbahan.

Isang espesyal na tagpo ang kinunan sa munting bahay mismo ng pioneer na si Mary Fielding Smith, na lola sa tuhod ng aking ina. Siya ang balo ni Hyrum, ang kuya ni Propetang Joseph. Bilang isang balo, dahil sa matatag niyang pananampalataya sa priesthood, nanawagan at umasa siya sa kapangyarihang iyon upang palakihin at basbasan ang kanyang mga anak sa pagmamahal at liwanag ng ebanghelyo. Ngayo'y pinasasalamatang ng libu-libo niyang mga inapo na matatapat na lider at miyembro ng Simbahan ang kanyang pananampalataya, tapang, at halimbawa.

Ang bagong pagsasanay na ito sa pamumuno ay makukuha na ngayon sa Internet sa LDS.org para mapanood at matutuhan ng lahat (www.lds.org). Maaari ninyo itong mapanood sa LDS.org, o maida-download ninyo ito sa inyong computer, smartphone, o tablet.

Pinakiusapan ng Unang Pangu-luhan ang “mga stake presidency at bishopric na ilaan ang isa o mahigit pang stake o ward council meeting sa panonood ng [buong] DVD. Dapat talakayin ng mga stake at ward council kung paano ipatutupad ang mga turong nakalahad doon” (Liham ng Unang Pangu-luhan, Peb. 1, 2013).

Ang nilalaman nito ay magbibigay-inspirasyon at maghihikayat sa mga miyembrong nasa priesthood quorum, Relief Society, Sunday School, Young Women, Young Men (lalo na sa mga naghahandang magmisyong), at sa mga Primary meeting o sa pinagsamang mga pulong sa ikalimang Linggo. Sa gayon ay mahihikayat ng mga miyembro ng council ang mga indibiduwal at magulang na panoorin ito sa kanilang pamilya. Mga kapatid, ang pagsasanay na ito sa pamumuno ay para sa bawat miyembro ng Simbahan. Mga magulang, rebyuhin, ibahagi, at talakayin



ang natutuhan at nadama ninyo sa inyong mga anak, at hayaan silang panoorin at gawin din iyon sa inyo, para mapatatag ang inyong pamilya sa pamamagitan ng priesthood.

Sinabi ni Jesus:

“Kung ang sinomang tao’y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom” (Juan 7:37).

“Sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya’y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni’t ang tubig na sa kaniya’y aking ibibigay ay magiging balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan” (Juan 4:14).

“Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay . . . magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan” (Juan 8:12).

Kung nadarama ng sinuman sa inyo na ang inyong pananampalataya o patotoo tungkol sa plano ng Ama sa Langit ay hindi singlakas ng alam ninyong nararapat, lubos pang bumaling sa Tagapagligtas. Hayaang gawin ng Kanyang liwanag at tubig na buhay sa inyo at sa inyong pamilya ang ginawa ng kaunting tubig at init ng araw para pasiglahing muli ang nanghinang halamang kamatis.

Ngayon, nagsimula ako sa pagkamangha at paghanga sa mga likha ng Diyos sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood. Iniisip ko, at palagay ko’y ng karamihan din sa inyo, kung lubos ngang mauunawaan

ang kapangyarihan ng Diyos na tu-ruan at pagpalain tayo. Napakadakila, napakaringal, at lubos na makapangyarihan ito.

Sabi ni Joseph Smith, “Ang priesthood ay walang hanggang alituntunin, at umiral kasabay ng Diyos mula sa kawalang-hanggan, at hanggang sa kawalang-hanggan, walang simula o katapusan ng mga panahon” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 121).

Saganang ibinigay ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa mga tumatanggap at gumagalang sa Kanyang priesthood, na humahantong sa ipinangakong mga pagpapala ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.

Pinatotohanan ko na ang gawain ni Jesucristo ay isinasakatuparan sa pamamagitan ng priesthood. Ang kapangyarihang ito ang ginamit nang likhain ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Pinakamamahal na Anak ang daigdig na ito at pasimulan ang dakilang plano ng kaligayahan para sa ating kapakanan. Nawa’y maging matalino tayo at hangarin nating patatagin ang buhay natin, ng ating pamilya, at Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood ng Diyos ang siyang mapagkumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

“Magsiparito sa Akin”

Sa Kanyang mga salita at Kanyang mga halimbawa, ipinakita sa atin ni Cristo kung paano tayo mas malalapit sa Kanya.

Nagpapasalamat ako na makasama kayo sa kumperensyang ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang Kanyang Simbahan. Taglay natin ang Kanyang pangalan sa pagpasok natin sa Kanyang kaharian. Siya ay Diyos, ang Tagapaglikha, at sakdal. Tayo ay mga mortal na may kamatayan at nagkakasala. Subalit dahil sa Kanyang pagmamahal sa atin at sa ating pamilya, inaanyayahan Niya tayong lumapit sa Kanya. Ito ang Kanyang sinabi: “Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo; masigasig akong hanapin at inyo akong matatagpuan; humingi, at kayo ay makatatanggap; kumatok, at kayo ay pagbubuksan.”¹

Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay ipinapaalala sa atin kung bakit mahal natin Siya at ang pangako Niya sa Kanyang matatapat na disipulo na gagawin silang pinakamamahaling kaibigan. Ibinigay ng Tagapagligtas ang pangakong iyan at sinabi sa atin kung paano Siya lumalapit sa atin kapag Siya ay ating pinaglilingkuran. Isang halimbawa niyan ay ang ipinahayag kay Oliver Cowdery habang siya ay naglilingkod sa Panginoon kasama si Propetang Joseph Smith sa pagsasalang ng Aklat ni Mormon: “Masdan, ikaw ay si Oliver, at ako ay nakipag-usap sa iyo dahil sa

iyong mga nais; samakatwid pahala-gahan ang mga salitang ito sa iyong puso. Maging matapat at matiyaga sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, at kita’y aking yayakapin sa bisig ng aking pagmamahal.”²

Nadarama ko ang galak ng pagiging malapit sa Tagapagligtas at ng Kanyang pagiging malapit sa akin sa mga simpleng pagsunod sa mga utos.

Nararanasan din ninyo ito. Maaaring naganap ito nang piliin ninyong dumalo sa pulong ng sakramento. Nararanasan ko ito isang araw ng Sabbath noong bata pa ako. Noong mga panahong iyon ginaganap namin ang sakramento sa panggabing pulong. Ang alaala ng araw na iyon mahigit 65 taon na ang nakararaan, nang sundin ko ang utos na magtipong kasama ng aking pamilya at mga Banal, ay naglalapit pa rin sa akin sa Tagapagligtas.

Madilim at malamig noon sa labas. Naaalala ko na parang maliwanag at mainit sa chapel nang gabing iyon kasama ang aking mga magulang. Nakibahagi kami sa sakramento, na pinangasiwaan ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood, at nakipagtipon sa ating Walang Hanggang Ama na lagging aalalahanin ang Kanyang Anak at susundin ang Kanyang mga kautusan.

Nang matapos ang pulong inawit namin ang himnong “Manatili sa ‘King

Tabi,” na may mga titik na “Panginoon, manatili.”³

Nadama ko ang pagmamahal at pagiging malapit ng Tagapagligtas noong gabing iyon. At nadama ko ang kapanatagang dulot ng Espiritu Santo.

Gusto kong sariwaing muli ang nadama kong pagmamahal at pagiging malapit ng Tagapagligtas sa pulong ng sakramentong iyon noong kabataan ko. Kaya kamakailan sinunod ko ang isa pang utos. Sinaliksik ko ang mga banal na kasulatan. Sa mga ito, alam ko na maipapadama sa aking muli ng Espiritu Santo ang nadama ng dalawang disipulo ng nagbangong Panginoon nang Kanyang paunlakan ang paanyaya nila na magtungo Siya sa kanilang tahanan at manatili sa kanila.

Binasa ko ang salaysay tungkol sa ikatlong araw matapos ang Kanyang Pagkapako sa Krus at libing. Natuklasan ng matatapat na kababaihan at ng iba pa na pinagulong ang batong tumatakip sa libingan at wala na ang Kanyang katawan doon. Dahil sa pagmamahal sa Kanya, nagtungo sila roon para pahiran ng pabango ang Kanyang katawan.

Itinanong ng dalawang anghel na naroon kung bakit sila natatakot, sinasabing:

“Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay?

“Wala siya rito, datapuwa’t nagbangon: alalahanin ninyo ang salita niya sa inyo nang siya’y nasa Galilea pa,

“Na sinasabi, Kinakailangan na ang anak ng tao ay ibigay sa mga kamay ng mga taong makasalanan, at ipako sa krus, at magbangong muli sa ikatlong araw.”⁴

Idinagdag sa Ebanghelyo ni Marcos ang tagubilang ibinigay ng isa sa mga anghel: “Datapuwa’t magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa kaniyang mga alagad at kay Pedro, Siya’y nangunguna sa inyo sa Galilea: doon siya makikita, ayon sa sinabi niya sa inyo.”⁵

Ang mga Apostol at mga disipulo ay nakatipon noon sa Jerusalem. Tulad din natin marahil, sila ay natakot at nagtaka habang pinag-uusapan nila ang ibig sabihin sa kanila ng kamatayan at ng ulat na siya ay nabuhay na muli.

Dalawa sa mga disipulo ang naglalakad nang hapong iyon mula Jerusalem patungong Emaus. Ang nabuhay na mag-uling Cristo ay nagpakita sa kanila sa daan at sumabay sa kanila. Lumapit sa kanila ang Panginoon.

Sa aklat ni Lucas ay makakasama natin sila sa paglakad sa gabing iyon:

“At nangyari na, samantalang sila’y naguusap at nagtatanongan, na si Jesus din ay lumapit, at nakisabay sa kanila.

“Datapuwa’t sa mga mata nila’y may nakatatakip upang siya’y huwag nilang makilala.

“At sinabi niya sa kanila, Ano ang mga salitaan ninyong ito sa inyong paglalakad? At sila’y nagsitigil, na nangalulumbay ang mga mukha.

“At isa sa kanila, na nagngangalang Cleopas, sa pagsagot ay sinabi sa kaniya, Ikaw baga’y nakikipamayan lamang sa Jerusalem, at hindi nakalam ng mga bagay na doo’y nangyari nang mga araw na ito?”⁶

Sinabi nila sa Kanya na nalungkot sila sa pagkamatay ni Jesus samantalang inasahan nila na Siya ang magiging Manunubos ng Israel.

Tiyak na pagmamalasakit ang nasa tinig ng nagbangong Panginoon nang kausapin Niya ang dalawang nalungkot at nagdadalamhating disipulong ito:

“At sinabi niya sa kanila, Oh mga taong haling, at makukupad ang mga pusong magsisampalataya sa lahat ng salita ng mga propeta:

“Hindi baga kinakailangang si Cristo ay maghirap ng mga bagay na ito, at pumasok sa kaniyang kaluwalhatian?

“At magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.”⁷

At dumating ang sandaling nagpasya sa puso ko mula pa noong bata ako:

“At sila’y malapit na sa nayong kanilang paroroonan: at naganyo siyang wari may paroroonang lalo pang malayo.

“At siya’y kanilang pinigil, na sinabi, tumuloy ka sa amin, sapagka’t



gumagabi na, at kumikiling na ang araw. At pumasok siya upang tumuloy sa kanila.”⁸

Tinanggap ng Tagapagligtas ang paanyaya nang gabing iyon na pumasok sa bahay ng Kanyang mga disipulo na malapit sa nayon ng Emaus.

Kumain siyang kasama nila. Dumampot siya ng tinapay, binasbasan ito, pinutul-putol ito, at ibinigay ito sa kanila. Nangabuksan ang kanilang mga mata kaya’t Siya ay nakilala nila.

At Siya’y nawala sa kanilang paningin. Itinala ni Lucas para sa atin ang naramdaman ng mga pinagpalang disipulong iyon: “At sila-sila’y nangagsabihan, Hindi baga nagaalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo’y kinakausap niya sa daan, samantalang binubuksan niya sa atin ang mga kasulatan?”⁹

Sa oras ding iyon, dali-daling bumalik sa Jerusalem ang dalawang disipulo upang sabihin sa labing-isang Apostol ang nangyari sa kanila. Nang oras ding iyon muling nagpakita ang Tagapagligtas.

Sinabi Niyang muli ang mga propesiya tungkol sa Kanyang misyon na magbayad-sala para sa mga kasalanan

ng lahat ng mga anak ng Kanyang Ama at kalagin ang mga gapos ng kamatayan.

“At sinabi niya sa kanila, Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw:

“At ipangaral sa kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem.

“Kayo’y mga saksi ng mga bagay na ito.”¹⁰

Ang mga salita ng Tagapagligtas ay angkop sa atin tulad sa Kanyang mga disipulo noon. Tayo ay mga saksi ng mga bagay na ito. At ang dakilang utos na tinanggap natin nang tayo ay biniyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nilinaw sa atin ng propetang si Alma daan-daang taon na ang nakalipas sa mga tubig ni Mormon:

“At ito ay nangyari na, na kanyang sinabi sa kanila: Masdan, narito ang mga tubig ng Mormon (sapagkat sa gayon ang mga yaon ay tinawag) at ngayon, yamang kayo ay nagnanais na lumapit sa kawan ng Diyos,



at matawag na kanyang mga tao, at nahahandang magpasan ng pasanin ng isa't isa, nang ang mga yaon ay gumaan;

“Oo, at nahahandang makidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati, oo, at aliwin yaong mga nangangailangan ng aliw, at tumayo bilang mga saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar kung saan kayo ay maaaring naroroon, maging hanggang kamatayan, nang kayo ay matubos ng Diyos, at mapabilang sa kanila sa unang pagkabuhay na mag-uli, nang kayo ay magkaroon ng buhay na walang hanggan—

“Ngayon, sinasabi ko sa inyo, kung ito ang naisin ng inyong mga puso, ano ang mayroon kayo laban sa pagpapabinyag sa pangalan ng Panginoon, bilang saksi sa harapan niya na kayo ay nakikipagtipan sa kanya, na siya ay inyong paglilingkuran at susundin ang kanyang mga kautusan, nang kanyang ibuhos nang higit na masagana ang kanyang Espiritu sa inyo?

“At ngayon, nang marinig ng mga tao ang mga salitang ito, ipinalakpak nila ang kanilang mga kamay sa kagalakan, at nagbulalas: Ito ang mga naisin ng aming mga puso.”¹¹

Nakikipagtipan tayo na tulungan ang nangangailangan at maging saksi sa Tagapagligtas habang tayo ay nabubuhay.

Magagawa lamang natin ito nang walang humpay kapag minamahal natin ang Tagapagligtas at nadarama nating mahal Niya tayo. Kung tapat tayo sa mga ipinangako natin, madarama natin ang ating pagmamahal sa Kanya. Madaragdagan ito dahil madarama natin ang Kanyang kapangyarihan at ang pagiging malapit Niya sa atin kapag tayo ay naglilingkod sa Kanya.

Madalas na ipaalala sa atin ni Pangu-long Thomas S. Monson ang pangako ng Panginoon sa Kanyang matatapat na disipulo: “At sinuman ang tatanggap sa inyo, naroroon din ako, sapagkat ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong mga puso, at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”¹²

May isa pang paraan na nadama natin na Siya ay malapit sa atin. Kapag matapat tayong naglilingkod sa Kanya, mas lumalapit Siya sa mga mahal natin sa buhay. Sa tuwing tatawagin akong maglingkod ng Panginoon sa malayong lugar at kailangan kong iwan ang aking pamilya, nakikita ko na pinagpapala ng Panginoon ang aking asawa at mga anak. Inihanda Niya ang mapagmahal Niyang mga lingkod at nagbibigay ng mga pagkakataon na mas mailalapit ang aking pamilya sa Kanya.

Nadama rin ninyo ang mga pagpapalang iyan sa inyong buhay. Marami

sa inyo ang may mga mahal sa buhay na nalalayo sa landas na patungo sa buhay na walang hanggan. Iniiisip ninyo kung ano pa ang magagawa ninyo upang ibalik sila. Makaasa kayo na mas lalapit sa kanila ang Panginoon habang matapat ninyo Siyang pinaglilingkuran.

Naaalala ninyo ang pangako ng Panginoon kina Joseph Smith at Sidney Rigdon noong nalayo sila sa kanilang mga pamilya para maglingkod sa Kanya: “Aking mga kaibigang Sidney at Joseph, ang inyong mga mag-anak ay nasa mabuting kalagayan; sila ay nasa aking mga kamay, at aking gagawin sa kanila kung ano ang inakala kong mabuti; sapagkat sa akin naroon ang lahat ng kapangyarihan.”¹³

Tulad nina Alma at Haring Mosias, ilan sa matatapat na magulang ang matagal nang naglilingkod sa Panginoon at may mga anak na nalihis ng landas sa kabila ng pagsasakripisyo ng kanilang mga magulang para sa Panginoon. Ginawa nila ang lahat, ngunit walang nangyari, kahit tumulong ang mapagmahal at matatapat na kaibigan.

Ipinagdasal noon ni Alma at ng mga Banal ang kanyang anak at ang mga anak ni Haring Mosias. Isang anghel ang dumating. Ang inyong mga panalangin at ang panalangin ng mga nananampalataya ay magdadala ng mga lingkod ng Panginoon sa inyo upang tulungan ang mga miyembro ng inyong pamilya. Tutulungan nila sila na piliin ang daan pabalik sa Diyos, kahit tinutukso sila ni Satanas at ng kanyang mga alagad, na ang hangad ay wasakin ang mga pamilya sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Naaalala ninyo ang mga sinabi ng anghel kay Nakababatang Alma at sa mga anak na lalaki ni Mosias sa kanilang paghihimagsik. “At muli, sinabi ng anghel: Masdan, napakinggan ng Panginoon ang mga panalangin ng kanyang mga tao, at gayon din ang mga panalangin ng kanyang tagapaglingkod na si Alma, na iyong ama; sapagkat nanalangin siya nang may labis na pananampalataya hinggil sa iyo na baka sakaling madala ka sa kaalaman ng katotohanan; anupa't dahil sa layuning ito ako ay naparito

upang papaniwalain ka sa kapangyarihan at karapatan ng Diyos, upang ang mga panalangin ng kanyang mga tagapaglingkod ay matugon alinsunod sa kanilang pananampalataya.”¹⁴

Sa inyong nananalangin at naglilingkod sa Panginoon, hindi ko ipinangako na makakamtan ninyo ang bawat pagpapalang nais ninyo para sa inyo at sa inyong pamilya. Ngunit maipapangako ko na ang Tagapagligtas ay lalapit sa inyo at pagpapalain kayo at ang inyong pamilya sa alam Niyang pinakamainam para sa inyo. Madarama ninyo ang kapanatagang dulot ng Kanyang pagmamahal at ang isinasamo ninyong paglapit Niya kapag naglilingkod kayo sa iba. Kapag tumulong kayo sa mga nangangailangan at ibinahagi ang Kanyang nakadadalisa na Pagbabayad-sala sa mga nagdurusa sa mga kasalanan, palalakasin kayo ng kapangyarihan ng Panginoon. Nakaunat ang Kanyang mga bisig upang makatuwang ninyo sa pagtulong at pagpapala sa mga anak ng ating Ama sa Langit, kabilang ang mga nasa inyong pamilya.

May maluwalhating pagsalubong sa ating pag-uwi. At makikita natin ang katuparan ng pangako ng ating mahal na Panginoon. Siya ang tatanggap sa atin tungo sa buhay na walang hanggan kasama Niya at ng ating Ama sa Langit. Narito ang paglalarawan dito ni Jesucristo:

“Hangaring ipahayag at itatag ang aking Sion. Sundin ang aking mga kautusan sa lahat ng bagay.

“At, kung susundin mo ang aking mga kautusan at magtitiis hanggang wakas ikaw ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan, kung aling kaloob ay pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos.”¹⁵

“Sa mga yaong nabubuhay ay mamanahin ang lupa, at yaong mga namamatay ay mamamahinga mula sa lahat ng kanilang gawain, at ang kanilang mga gawa ay susunod sa kanila; at sila ay makatatanggap ng putong sa mga mansiyon ng aking Ama, na aking inihanda para sa kanila.”¹⁶

Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ng Espiritu masusunod natin ang paanyaya ng Ama sa Langit na: “Ito



Sydney, Australia

ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!”¹⁷

Sa Kanyang mga salita at Kanyang mga halimbawa, ipinakita sa atin ni Cristo kung paano tayo mas malalapit sa Kanya. Bawat anak ng Ama sa Langit na piniling makabilang sa Kanyang Simbahan sa pamamagitan ng binyag ay may pagkakataon sa buhay na ito na maturuan ng Kanyang ebanghelyo at marinig mula sa Kanyang mga tagapaglingkod ang Kanyang paanyayang, “Magsiparito sa akin.”¹⁸

Bawat tagapaglingkod na nakipagtipan sa Kanya sa kaharian Niya sa lupa at sa daigdig ng mga espiritu ay tatanggap ng Kanyang patnubay sa pamamagitan ng Espiritu habang pinagpapala at pinaglilingkuran nila ang iba para sa Kanya. At madarama nila ang Kanyang pagmamahal at magagalak na sila’y mas malapit sa Kanya.

Ako ay saksi sa Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoon na parang naroon ako nang gabing iyon kasama ang dalawang disipulo sa bahay sa nayon ng Emaus. Alam kong Siya ay buhay tulad nang alam ni Joseph Smith nang makita niya ang Ama at ang Anak sa liwanag ng maaliwalas na umaga sa kakahuyan sa Palmyra.

Ito ang totoong Simbahan ni Jesucristo. Tanging sa mga susi ng

priesthood na hawak ni Pangulong Thomas S. Monson naroon ang kapangyarihan na magbubuklod sa ating pamilya upang makasama nang walang hanggan ang ating Ama sa Langit at ang Panginoong Jesucristo. Sa Araw ng Paghuhukom tatayo tayo sa harapan ng ating Tagapagligtas. Magiging panahon ito ng kagalakan sa mga lumapit sa Kanya sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kanya sa buhay na ito. Isang kagalakan ang marinig ang mga salitang ito: “Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin.”¹⁹ Ito ang aking patotoo bilang saksi ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas at ating Manunubos sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 88:63.
2. Doktrina at mga Tipan 6:20.
3. “Manatili sa ‘King Tabi,’” *Mga Himno*, blg. 96.
4. Lucas 24:5–7.
5. Marcos 16:7.
6. Lucas 24:15–18.
7. Lucas 24:25–27.
8. Lucas 24:28–29.
9. Lucas 24:32.
10. Lucas 24:46–48.
11. Mosias 18:8–11.
12. Doktrina at mga Tipan 84:88.
13. Doktrina at mga Tipan 100:1.
14. Mosias 27:14.
15. Doktrina at mga Tipan 14:6–7.
16. Doktrina at mga Tipan 59:2.
17. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
18. Mateo 11:28.
19. Mateo 25:21.



Inilahad ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland,

David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Si Elder Walter F. González ay narelease bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Elder Ulisses Soares bilang miyembro ng Panguluhan ng mga Korum ng Pitumpu.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing i-release natin ang sumusunod bilang mga Area Seventy, na ipatutupad sa Mayo 1, 2013: Rubén V. Alliaud, Sergio M. Anaya, Nolan D. Archibald, Carlos L. Astorga, Hector Avila, M. Anthony Burns, David Cabrera, Milton Camargo, Robert E. Chambers, Victor Kah Keng Chen, Kuo Chiang Chung, Nelson D. Córdova, Gary L. Crittenden, Edward Dube, Matthew J. Eyring, Sione M. Fineanganofa, Alfredo L. Gessati, James B. Gibson, Jovencio A. Guanzon, Mario E. Guerra, Luis S. Hernandez, Hernan I. Herrera, Javier Ibañez, Paulo H. Itinose, Douglas W. Jessop, Stephen C. Kerr, Joni L. Koch, Faustino López, Richard K. Melchin, Freebody A. Mensah, Benson E. Misalucha, Abelardo Morales, W. T. David Murray, K. Brett Nattress, S. Gifford Nielsen, Satoshi Nishihara, Michael D. Pickerd, William F. Reynolds, Michael A. Roberts, Fernando A. R. Da Rocha, Manfred Schütze, Terrence C. Smith, Rubén L. Spitale, Joshua Subandriyo,





De Antuñano, Francisco J. Ruiz de Mendoza, Robert A. Dryden, Robert J. Dudfield, Daniel F. Dunnigan, Jeffrey D. Erekson, E. Xavier Espinoza, Meliula M. Fata, Sam M. Galvez, Claude R. Gamiette, Mervyn C. Giddey, João R. Grahl, David P. Homer, Daniel W. Jones, John A. Koranteng, Steven O. Laing, Axel H. Leimer, Gustavo Lopez, José E. Maravilla, Alfredo Miron, Hugo Montoya, Joaquim J. Moreira, Katsuyuki Otahara, José C. Pineda, Gary S. Price, Miguel A. Reyes, Gary B. Sabin, Alfredo L. Salas, Netzahualcoyotl Salinas, Ciro Schmeil, D. Zackary Smith, Michael L. Southward, G. Lawrence Spackman, Vern P. Stanfill, William H. Stoddard, Stephen E. Thompson, George J. Tobias, 'Aisake K. Tukuafu, Jacques A. Van Reenen, Raul E. Vicencio, Raul S. Villanueva, Alan R. Walker, Keith P. Walker, at Hoi Seng Leonard Woo.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Bonnie Lee Green Oscarson bilang pangkalahatang pangulo ng Young Women, kasama sina Carol Louise Foley McConkie bilang unang tagapayo at Evelyn Neill Foote Marriott bilang pangalawang tagapayo.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pagsang-ayon at patuloy na pananam-palataya at mga dalangin para sa amin.

Inaanyayahan namin ngayon ang mga bagong tawag na General Authority at Young Women general presidency na lumapit at maupo sa harapan. ■

Frank V. Trythall, Miguel R. Valdez, Arnulfo Valenzuela, Carlos A. C. Villanova, Terence M. Vinson, Louis Weidmann, at Richard C. Zambrano.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing i-release natin nang may taos na pasasalamat sina Sister Elaine S. Dalton, Mary N. Cook, at Ann M. Dibb bilang Young Women general presidency.

Inire-release din natin ang lahat ng miyembro ng Young Women general board.

Lahat ng nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa kababaihang ito sa kanilang pambihirang paglilingkod at katapatan, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin bilang mga bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu sina Edward Dube, S. Gifford Nielsen, at Arnulfo Valenzuela; at bilang mga bagong miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu sina Timothy J.

Dyches, Randy D. Funk, Kevin S. Hamilton, Adrián Ochoa, at Terence M. Vinson.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang mga hindi sang-ayon, ipakita rin.

Dahil sa pagtawag sa kanya bilang miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu, ire-release din natin si Brother Adrián Ochoa bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency.

Ang mga nais magpakita ng pasasalamat ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga bagong Area Seventy: Ruben Acosta, Frederick O. Akinbo, Omar A. Alvarez, Sergio Antunes, Alan C. Batt, Grant C. Bennett, Fernando E. Calderón, Wilson B. Calderón, H. Marcelo Cardus, Yoke Sang (Freddie) Chan, Christopher Charles, Valeri V. Córdón, Paul R. Coward, M. T. Ben Davis, Massimo De Feo, Marion B.

Ulat ng Church Auditing Department, 2012

Inilahad ni Robert W. Cantwell

Managing Director, Church Auditing Department

Sa Unang Panguluhan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Mahal na mga Kapatid: Tulad ng nakasaad sa paghahayag sa bahagi 120 ng Doktrina at mga Tipan, ang Council on the Disposition of the Tithes ang nagpapahintulot sa paggugol ng pondo ng Simbahan. Ang council na ito ay binubuo ng Unang Panguluhan, ng Korum ng Labindalawang Apostol, at ng Presiding Bishopric.

Ang council na ito ang nag-aapruba ng mga badyet para sa mga departamento, pagpapatakbo, at kaugnay na mga alokasyon sa mga unit ng Simbahan. Ginugugol ng mga unit ng Simbahan ang mga pondo ayon sa inapubahang mga badyet at alinsunod sa mga patakaran at pamamaraan ng Simbahan.

Pinahintulutan ang Church Auditing Department na makita ang lahat ng rekord at sistemang kailangan upang masuri kung sapat ang kontrol sa pagtanggap ng mga pondo,

paggastos, at pag-iingat sa mga ari-arian ng Simbahan. Ang Church Auditing Department ay hiwalay sa lahat ng iba pang mga departamento at pagpapatakbo ng Simbahan, at ang mga kawani ay binubuo ng mga certified public accountant, certified internal auditor, certified information systems auditor, at iba pang mga lisensyadong propesyonal.

Batay sa isinagawang mga audit, ipinasiya ng Church Auditing Department na sa lahat ng mahalagang aspeto, ang natanggap na mga kontribusyon, ginugol, at ari-arian ng Simbahan para sa taong 2012 ay naitala at napangasiwaan alinsunod sa angkop na mga kalakaran sa accounting, inapubahang badyet, at patakaran at pamamaraan ng Simbahan.

Buong paggalang na isinumite,
Church Auditing Department
Robert W. Cantwell
Managing Director ■

Ulat sa Estadistika, 2012

Inilahad ni Brook P. Hales

Kalihim sa Unang Panguluhan

Para sa impormasyon ng mga miyembro ng Simbahan, ang Unang Tagapayo ay nag-isyu ng sumusunod na ulat sa estadistika hinggil sa paglago at kalagayan ng Simbahan hanggang Disyembre 31, 2012.

Mga Unit ng Simbahan

Mga Stake	3,005
Mga Mission	347
Mga District	591
Mga Ward at Branch	29,014

Mga Miyembro ng Simbahan

Kabuuang Bilang ng mga Miyembro	14,782,473
Mga Batang Nadagdag sa Talaan Noong 2012	122,273
Mga Nabinyagan Noong 2012	272,330

Mga Missionary

Mga Full-Time Missionary	58,990
Mga Church-Service Missionary	22,961

Mga Templo

Mga Templong Inilaan Noong 2012 (Kansas City Missouri, Manaus Brazil, Brigham City Utah, at Calgary Alberta).....	4
Mga Templong Muling Inilaan Noong 2012 (Buenos Aires Argentina at Boise Idaho).....	2
Mga Templong Ginagamit.....	140





Ni Elder Richard G. Scott
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Para sa Kapayaan sa Tahanan

Ang isa sa pinakadakilang mga pagpapala na maibibigay natin sa mundo ay ang kapangyarihan ng isang tahanan nakasentro kay Cristo kung saan itinuturo ang ebanghelyo, tinutupad ang mga tipan, at may pagmamahalan.

Maraming tinig mula sa mundong tinitirhan natin ang nagsasabing dapat tayong magmadali. Palaging marami pang dapat gawin at tapusin. Subalit sa kabuturan ng bawat isa sa atin ay naroon ang pangangailangan sa isang kanlungan kung saan may kapayapaan at katahimikan, isang lugar kung saan tayo makapagpapahinga at makapagpapalakas upang makapaghanda para sa darating na mga pagsubok.

Ang pinakamagandang lugar para sa kapayapaang iyan ay sa loob ng sarili nating tahanan, kung saan natin nagagawa ang lahat para maging sentro doon ang Panginoong Jesucristo.

Ang ilang tahanan ay may isang ama na karapat-dapat na mayhawak ng priesthood at isang tapat at mapagmahal na ina na magkasamang namumuno sa kabutihan. Maraming iba pang uri ng sitwasyon sa pamilya. Anuman ang inyong kalagayan, maaari ninyong isentro ang inyong pamilya at buhay sa Panginoong Jesucristo, dahil Siya ang pinagmumulan ng tunay na kapayapaan sa buhay na ito.

Tiyakin na bawat desisyong gagawin ninyo, temporal man ito o espirituwal, ay nakabatay sa ipinagagawa ng Tagapagligtas sa inyo. Kapag Siya ang sentro ng inyong tahanan, may kapayapaan at katahimikan. Nananaig ang diwa ng katiyakan sa tahanan, at nadarama ito ng lahat ng naninirahan doon.

Hindi lamang mga magulang ang magsasakatuparan ng payong ito, bagama't tungkulin nilang mamuno. May responsibilidad ang mga anak na pag-ibayuhin pa ang pagsisikap na isentro ang pamilya kay Cristo. Mahalagang ipaunawa ng mga magulang sa mga anak kung paano nakakaapekto ang kanilang mga kilos sa bawat taong nakatira sa tahanan. Ang mga anak na naturuang mananagot sila para sa kanilang mga ikinikilos, mabuti man ito o hindi, ay lumalaking mapagkakatiwalaang mga mamamayan sa kaharian ng Diyos.

Tiyak kong matutukoy ninyo ang mga pangunahing alituntunin na isinesentro ang inyong tahanan sa Tagapagligtas. Ang payo ng propeta na manalangin at mag-aral ng banal



Sydney, Australia

na kasulatan ang bawat isa at ang pamilya araw-araw, at magkaroon ng lingguhang family home evening ay mahalaga at mga pangunahing bagay sa pagkakaroon ng isang tahanan nakasentro kay Cristo. Kung hindi regular na gagawin ang mga ito, mahirap makamtan ang hinahangad at kailangang-kailangang kapayapaan at kanlungan mula sa mundo.

Maging masunurin sa mga turo ng propeta na nais ni Cristong sundin ninyo. Huwag balewalain ang kaligayahan sa hinaharap sa paggawa ng mga bagay na panandalian lamang sa halip na isabuhay ang magagandang alituntunin ng ebanghelyo. Alalahanin: ang maliliit na bagay ay humahantong sa malalaking bagay. Ang mga maling pasiya o kapabayaang na tila walang halaga ay maaaring humantong sa malalaking problema. Ang mas mahalaga, ang simple, palagian, at mabubuting gawi ay humahantong sa buhay na puno ng saganang mga pagpapala.

Kayong mga bata sa Primary, kayong mga kabataang lalaki at babae sa youth program, at kayong masisigisig na missionary na naglilingkod ngayon ay gumagawa ng maraming bagay nang mas epektibo kaysa nagawa ko noong kaedad ninyo ako. Sa buhay bago tayo isinilang napatunayan ninyo na kayo ay matapang, masunurin, at dalisay. Nagsikap kayo roon na paunlarin ang inyong mga

talento at kakayahan upang maihanda ang inyong sarili sa mortalidad nang may katapangan, dignidad, dangal, at tagumpay.

Halos kailan lang ay isinilang kayo sa mundo na taglay ang lahat ng kahanga-hangang kakayahan at walang-hangang posibilidad. Subalit may tunay na panganib sa kapaligirang ginagalawan ninyo. Ang inyong malaking potensyal at kakayahan ay maaaring malimitahan o masira kung patatangay kayo sa kasamaang nakapalibot sa inyo. Gayunman, hindi madaraig ni Satanas ang Tagapagligtas. Nakatadhana na ang kapalaran ni Satanas. Alam niyang talo na siya, ngunit gusto niyang maisama ang pinakamaraming maisasama niya. Tatangkain niyang wasakin ang inyong kabutihan at mga kakayahan sa pagsasamantala sa inyong mga kahinaan. Manatili sa panig ng Panginoon, at magtatagumpay kayo sa tuwina.

Nabubuhay kayo sa isang mundong mabilis ang pag-unlad ng teknolohiya. Mahirap para sa marami sa aking henerasyon na umagapay sa mga posibilidad na ito. Depende kung paano ginagamit ang teknolohiya, ang mga pag-unlad na ito ay maaaring maging isang pagpapala o isang hadlang sa atin. Ang teknolohiya, kapag natutuhang mabuti at ginamit sa mabubuting layunin, ay hindi kailangang

maging banta sa atin kundi isang bagay na nagpapalakas sa espirituwal na pakikipag-ugnayan.

Halimbawa, marami sa atin ang may sariling electronic device na kasya sa ating bulsa. Bibihirang wala tayo nito; maaari nating gamitin ito nang maraming beses sa isang araw. Ang nakalulungkot, ang mga device na ito ay maaaring pagmulan ng kasamaan at pagsasayang ng oras. Ngunit, kapag ginamit nang may disiplina, ang teknolohiyang ito ay maaaring maging kasangkapang poprotekta sa atin mula sa pinakamasamang impluwensya ng lipunan.

Sino ang mag-aakala sa nakalipas na ilang taon na kakasya na sa inyong bulsa ang mga pamantayang banal na kasulatan at mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya? Ang paglalagay lang nito sa inyong bulsa ay hindi poprotekta sa inyo, ngunit ang pag-aaral, pagninilay, at pakikinig sa mga ito sa tahimik na mga sandali bawat araw ay magpapalakas sa pakikipag-ugnayan sa Espiritu.

Maging matalino sa paggamit ng teknolohiya. Markahan ang mahalagang talata sa inyong device at sumangguni sa mga ito nang madalas. Kung pag-aaralan ninyong mga kabataan ang isang talata sa banal na kasulatan nang kasindalas ng pagte-text ng ilan sa inyo, di-magtatagal


at daan-daang talata ang maisasaulo ninyo. Ang mga talatang iyon ay mapapatunayang mabisang pagkunan ng inspirasyon at patnubay ng Espiritu Santo sa oras ng pangangailangan.

Napakahalagang gawin ang lahat ng ating makakaya upang maanyayahan ang magiliw at gumagabay na impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay sa pagsisikap nating isentro ang ating tahanan sa Tagapagligtas. Ang pagsunod sa mga pahiwatig na iyon ay higit na nagpapalakas sa atin.

Malaking kapayapaan ang darating sa inyo kapag sinamahan ninyo ng paglilingkod sa mga tao sa inyong paligid ang inyong mga pagsisikap na maging masunurin. Napakaraming tao na nag-akalang kakaunti lang ang kanilang mga talento ang mapagkumbaba at lubos na ginagamit ang mga talentong iyon upang mapagpala ang buhay ng mga nasa paligid nila. Kasakiman ang ugat ng malaking kasamaan. Ang lunas sa kasamaang iyan ay ganap na naipamalas sa buhay ng Tagapagligtas. Ipinakita Niya sa atin kung paano ituon ang ating buhay sa di-sakim na paglilingkod sa iba.

Natutuhan ko ang isang katotohanang napakadalas maulit sa aking buhay at nalaman ko na ito ay isang batas na hindi mapag-aalinlanganan. Ipinaliliwanag nito ang kaugnayan ng pagsunod at paglilingkod sa kapangyarihan ng Diyos. Kapag sinunod natin ang mga utos ng Panginoon at pinaglingkuran natin ang Kanyang mga anak nang walang halong kasakiman, ang likas na ibubunga nito ay lakas mula sa Diyos—lakas na magawa ang higit pa sa magagawa nating mag-isa. Ang ating mga kaalaman, talento, at kakayahan ay nadaragdagan dahil tumatanggap tayo ng lakas at kapangyarihan mula sa Panginoon. Ang Kanyang kapangyarihan ay mahalagang sangkap sa pagkakaroon ng tahananang puno ng kapayapaan.

Kapag isinentro ninyo ang inyong tahanan sa Tagapagligtas, likas itong magiging kanlungan hindi lamang sa sarili ninyong pamilya kundi maging sa mga kaibigang mas mahirap ang kalagayan. Magaganyak sila sa katahimikang nadarama nila roon. Malugod



na tanggapan ang mga kaibigang iyon sa inyong tahanan. Sila ay lalago at uunlad sa kapaligirang iyon na nakasentro kay Cristo. Kaibiganin ang mga kaibigan ng inyong mga anak. Maging mabuting halimbawa sa kanila.

Ang isa sa pinakadakilang mga pagpapala na maibibigay natin sa mundo ay ang kapangyarihan ng isang tahanan nakasentro kay Cristo kung saan itinuturo ang ebanghelyo, tinutupad ang mga tipan, at may pagmamahalan.

Maraming taon na ang nakararaan, pagkatapos ng isang mission tour, ikinuwento ng asawa kong si Jeanene ang isang elder na nakilala niya. Kinumusta ni Jeanene ang pamilya niya. Nagulat siya nang sabihin nito na wala siyang pamilya. Ipinaliwanag pa nito na nang ipanganak siya, iniwan siya ng kanyang ina sa pangangalaga ng gobyerno. Ginugol niya ang kanyang kabataan sa paglipat-lipat sa mga bahay-kalinga. Nang siya ay magbinata pinalad siya na matagpuan ang ebanghelyo. Isang mapagmahal na ward ang tumulong sa kanya na makapagmisyon.

Kalaunan kinumusta ni Jeanene sa asawa ng mission president ang mabait na elder na ito. Nalaman niya na ilang buwan bago iyon ay nasa mission home nang ilang araw ang elder na ito dahil sa isang karamdaman. Noong panahong iyon ay sumali ito sa kanilang family home evening. Bago siya bumalik sa misyon, itinanong niya sa mission president kung maaari siyang manatiling muli sa mission home nang dalawa o tatlong araw sa pagtatapos ng kanyang misyon. Gusto niyang obserbahan kung ano ang ginagawa ng isang pamilyang nakasentro kay Cristo. Gusto niyang tularan ito kapag nagkapamilya siya.

Gawin ang lahat ng kaya ninyo para magkaroon ng gayong tahanan. Tulungan ang mga taong namumuhay sa mahihirap na kalagayan. Maging tunay na kaibigan. Ang ganito katibay na pagkakaibigan ay tumutulong sa iba na matiis ang hirap ng buhay at ginagawang mas madali at mas kasiya-siya ang buhay. Hindi ito dapat gamitin para sa sariling kapakinabangan



New York City, New York, USA

kundi ito ay isang yaman na dapat pahalagahan at ibahagi. Malugod na tanggapan sa inyong tahanan ang mga taong kailangang mapalakas ng gayong karanasan.

Narito ang ilang bagay na nais kong sabihin sa mga taong nagmamahal sa isang kapamilya na hindi tama ang mga pagpapasiya. Maaaring subukan niyan ang ating tiyaga at tibay. Kailangan nating magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang takdang panahon na darating ang magandang sagot sa ating mga panalangin at pagtulong. Gawin natin ang lahat upang makapaglingkod, magpala, at mapagkumbabang tanggapan ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Manalig tayo at alalahanin na may ilang bagay na dapat ipaubaya sa Panginoon. Inaanayayahan Niya tayong ilagay ang ating mga pasanin sa Kanyang paanan. Sa pagsampalataya malalaman natin na ang mahal natin sa buhay na naligaw ng landas ay hindi pinabayaan kundi nasa pangangalaga ng isang mapagmahal na Tagapagligtas.

Tingnan ang mabuti sa iba, hindi ang kanilang mga kamalian. Paminsan-minsan kailangang pansinin ang pagkakamali para mapagsisihan, ngunit laging magtuon sa kanyang mabubuting katangian.

Kapag nadama ninyo na napakaliit lang ng pag-asa, ang pag-asang iyan ay

hindi talaga napakaliit kundi isang napakalaking kawing na nagdurugtong, parang isang aparatong nagliligtas ng buhay para palakasin at pasiglahin kayo. Magbibigay ito ng kapanatagan para mapawi ang inyong pangamba. Sikaping mamuhay nang karapat-dapat at magtiwala sa Panginoon.

Hindi natin kailangang mangamba kung hindi natin sabay-sabay na magagawa ang lahat ng ipinagagawa sa atin ng Panginoon. Binanggit Niya rin ang tungkol sa panahon at kapanahunan ng lahat ng bagay. Bilang tugon sa ating taimtim na mga panalangin na mapatnubayan, tayo ay Kanyang gagabayan sa mga bagay na dapat nating pagtuunan ng pansin sa bawat bahagi ng ating buhay. Maaari tayong matuto, lumago, at maging katulad Niya sa patuloy at paisa-isang hakbang.

Pinatototohanan ko na ang pagiging masunurin sa buhay, na matibay na nakasalig sa ebanghelyo ni Jesucristo, ay naglalaan ng napakalaking katiyakan para sa kapayapaan at kapanatagan sa ating tahanan. Magkakaroon pa rin ng maraming hamon o kasawian, ngunit sa gitna ng paghihirap, maaari tayong magtamasa ng kapayapaan ng kalooban at malaking kaligayahan. Pinatototohanan ko na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay pinagmumulan ng saganang kapayapaan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Kapayapaan sa Sarili: Ang Gantimpala ng Kabutihan

Nakakaranas man ng mga pagsubok sa buhay, dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sa Kanyang biyaya, ang matwid na pamumuhay ay gagantimpalaan ng kapayapaan sa sarili.

Ang mga karanasan ko kama-kailan ay naging dahilan para pag-isipan ko ang doktrina ng kapayapaan, lalo na ang papel ni Jesucristo sa pagtulong sa bawat isa sa atin na magtamo ng walang hanggang kapayapaan sa sarili.

May dalawang pangyayari nitong nakaraang ilang buwan na lubhang nakaantig sa akin. Una, nagsalita ako sa libing ni Emilie Parker, ang pinakamamahal na batang anim-na-taong-gulang na namatay kasabay ng 25 iba pa, kabilang na ang 19 na mga batang musmos, sa malagim na pamamaril sa Newtown, Connecticut. Nakiramay ako sa kanyang pamilya at nakita ko na maraming napagkaitan ng kapayapaan. Nakita ko ang lakas at pananam-palataya ng kanyang mga magulang na sina Robert at Alissa Parker.

Pangalawa, kinausap ko ang libu-libong matatapat na miyembro ng Simbahan sa lungsod ng Ivory Coast sa Abidjan.¹ Ang bansang ito

ng Kanlurang-Africa na nagsasalita ng French ay nagtiis sa bagsak na ekonomiya, pag-aaklas ng militar, at huling dalawang digmaang-sibil na natapos noong 2011. Subalit nakadama ako ng espesyal na kapayapaan sa piling nila.

May mga pangyayaring madalas magkabit ng kapayapaan at mas nagpapahina sa atin.

Sino ang makakalimot sa mga pag-atakung nangyari noong Setyembre 11, 2001, sa iba't ibang lugar sa Estados Unidos? Ang gayong mga pangyayari ay nagpapaalala sa atin kung gaano kabilis mawala ang ating kapayapaan at kaligtasan.

Ang aming panganay na anak at ang kanyang asawa, na kabuwanan na sa kanilang unang anak, ay nakatira tatlong bloke ang layo mula sa World Trade Center sa New York City nang sumalpok ang unang eroplano sa North Tower. Umakyat sila sa tuktok ng gusali ng kanilang apartment at nangilabot nang masaksihan ang

inakala nilang nakapanghihilakbot na aksidente. Pagkatapos ay nasaksihan nila ang pagsalpok ng pangalawang eroplano sa South Tower. Agad nilang naunawaan na hindi iyon aksidente at naniwala sila na inatake ang ibabang Manhattan. Nang gumuho ang South Tower, binalot ng alikabok ang gusali ng kanilang apartment na lumukob sa ibabang Manhattan.

Sa pagkalito sa nasaksihan nila at pag-aalala sa susunod na mga pag-atake, nagpunta sila sa mas ligtas na lugar at pagkatapos ay tumuloy sa gusali ng Simbahan sa Manhattan stake center sa Lincoln Center. Pagdating nila roon, naabutan nila ang napakaraming iba pang miyembro na taga-ibabang Manhattan na nagpasiya ring magtipon sa stake center. Tumawag sila upang ipaalam sa amin kung nasaan sila. Nakahinga ako nang maluwig na ligtas sila pero hindi ko ikinagulat na naroon sila. Itinuturo sa makabagong paghahayag na ang mga stake ng Sion ay isang tanggulan at “isang kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot sa panahong ito ay ibubuhos nang walang halo sa buong lupa.”²

Hindi sila nakabalik sa kanilang apartment nang mahigit isang linggo at labis na nalungkot sa pagkamatay ng mga inosenteng tao, bagama't walang nasira sa apartment nila.

Sa pagninilay sa mga pangyayaring ito, naisip ko ang kaibhan ng doktrina ng kapayapaan sa mundo o sa sansinukob at ng kapayapaan sa sarili.³

Nang isilang ang Tagapagligtas, maraming hukbo ng langit ang nagpuri sa Diyos at nagsabing, “Luwalhati sa Dios sa kataas-taasan, at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.”⁴

Gayunman, nakalulungkot na kahit sa napakadakila at napakahalagang panahong ito matapos isilang ang Anak ng Diyos, ipinapatay ng haring si Herodes ang mga inosenteng sanggol sa Betlehem.⁵

Ang kalayaan ay mahalaga sa plano ng kaligayahan. Tinutulutan nito ang pagmamahal, sakripisyo, personal na paglago, at karanasang kailangan para sa ating walang-hanggang pag-unlad.

Tinutulutan din ng kalayaang ito ang lahat ng pasakit at pagdurusang dinaranas natin sa buhay, kahit sanhi pa ito ng mga bagay na hindi natin maunawaan at ng nakapipinsalang masasamang pasiya ng iba. Mismong ang Digmaan sa Langit ay nangyari upang ipagtanggol ang ating kalayaang pumili at mahalaga ito para maunawaan natin ang ministeryo ng Tagapagligtas sa lupa.

Ayon sa ika-10 kabanata ng Mateo, pinagbilinan ng Tagapagligtas ang Labindalawa at sinabing ang Kanyang misyon ay hindi maghahatid ng kapayapaan sa mundo sa buhay na ito. Sinabihan ang mga Apostol na mag-iwan ng kapayapaan sa karapat-dapat na mga tahanang binisita nila ngunit binalaan sila na sila'y mapupunta "sa gitna ng mga lobo . . . [at] kapopootan ng lahat ng mga tao dahil sa aking pangalan: datapuwa't ang magtitiis hanggang sa wakas, ay siyang mali-ligtas."⁶ Isang mahalagang pahayag ang binanggit sa talata 34: "Huwag ninyong isiping ako'y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa."⁷ Malinaw na walang kapayapaan sa mundo nang magministeryo si Cristo sa lupa, at kahit ngayon."

Sa pambungad ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan, ilang napakahahalagang alituntunin ang itinuturo. Patungkol sa mga taong hindi nagsisisi, ang Kanyang Espiritu (ang Espiritu ni Cristo), na ibinibigay sa bawat taong isinisilang sa mundo,⁸ ay "hindi tuwinang papatnubay sa tao."⁹ Gayundin, "ang kapayapaan ay aalisin sa mundo."¹⁰ Ipinahayag ng mga propeta na tunay na binawi ang kapayapaan sa lupa.¹¹ Hindi pa iginagapos si Lucifer at may kapangyarihan pa sa mundong ito.¹²

Ang hangarin ng langit para sa mabubuting tao sa lahat ng dako ay kapayapaan sa mundo ngayon at kailanman. Huwag tayong sumuko na makamit ang mithiing ito. Ngunit, itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith, "Ang diwa ng kapayapaan at pagmamahalan ay hindi darating sa daigdig hangga't hindi tinatanggap ng sangkatauhan . . . ang katotohanan ng Diyos at ang mensahe ng Diyos . . . , at



kilalanin . . . ang kanyang kapangyarihan at awtoridad mula sa langit."¹³

Taimtim tayong umaasam at nagdarasal para sa kapayapaan sa mundo, ngunit nakakamtan natin bilang mga indibiduwal at pamilya ang uri ng kapayapaan na siyang gantimpalang ipinangako sa mabubuti. Ang kapayapaang ito ang ipinangakong kaloob ng misyon at nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas.

Ang alituntuning ito ay malinaw na nakasaad sa Doktrina at mga Tipan: "Subalit matutuhan na siya na gumagawa ng mga gawa ng kabutihan ay makatatanggap ng kanyang gantimpala, maging kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating."¹⁴

Itinuro ni Pangulong John Taylor na ang kapayapaan ay hindi lamang kanais-nais, kundi "ito ay kaloob ng Diyos."¹⁵

Ang kapayapaang tinutukoy ko ay hindi lamang pansamantalang katiwasayan. Ito ay matinding kaligayahan at espirituwal na kapanatagan na walang hanggan.¹⁶

Ipinaliwanag ni Pangulong Heber J. Grant ang kapayapaan ng

Tagapagligtas nang ganito: "Pagaganin ng kanyang kapayapaan ang ating pagdurusang, gagamutin ang mga bagbag na puso, papawiin ang ating galit, lilikha sa atin ng pagmamahal sa kapwa na pupuspos sa ating kaluluwa ng kahinahunan at kaligayahan."¹⁷ Sa pag-uusap namin ng mga magulang ni Emilie Parker, napagaan ng kapayapaan ng Tagapagligtas ang kanilang pagdurusang at hinihilom ang namimighati nilang puso. Mahalagang malaman na matapos ang pamamaril, pinatawad kaagad ni Brother Parker ang may-sala. Sabi nga ni Pangulong Grant, "papawiin ang ating galit" ng kapayapaan ng Tagapagligtas. Ang paghatol ay sa Panginoon.

Ang mga Banal ng Ivory Coast, noong may digmaang-sibil sa kanilang bansa, ay nakahanap ng kapayapaan sa pagtutuo sa pamumuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo, na partikular na pinagtuunan ang family history at gawain sa templo para sa kanilang mga ninuno.¹⁸

Hangad nating lahat ang kapayapaan. Ang kapayapaan ay hindi lamang kaligtasan o kawalan ng digmaan, karahasan, alitan, at pagtatalo.



Ang kapayapaan ay nagmumula sa kaalamang kilala tayo ng Tagapagligtas at alam Niya na sumasampalataya tayo sa Kanya, mahal natin Siya, at sinusunod natin ang Kanyang mga utos, kahit at lalo na sa gitna ng nakapanlulumong mga pagsubok at trahedya. Ang sagot ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith sa Liberty Jail ay naghahatid ng aliw sa puso:

“Aking anak, kapayapaan ay mapsaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

“At muli, kung ito ay iyong pagtititising mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas.”¹⁹

Tandaan, “ang Dios ay hindi Dios ng kaguluhan, kundi [ang Dios] ng kapayapaan.”²⁰ Para sa mga tumatanggi sa Diyos, walang kapayapaan. Lahat tayo ay nakibahagi sa mga kapulungan ng langit na naglaan ng kalayaang pumili, batid na magkakaroon ng pasakit sa mundo at maging ng napakatinding trahedya dahil sa maling paggamit ng kalayaan. Naunawaan natin na tayo ay magagalit, malilito, walang kalaban-laban, at manghihina dahil dito. Ngunit alam din natin na dadaigin at tutumbasan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang lahat ng kawalang-katarungan sa buhay na ito at maghahatid sa atin ng kapayapaan. Si Elder Marion D.

Hanks ay nagsabit sa kanyang dingding ng nakakuwadrong pahayag ni Ugo Betti: “Ang maniwala sa Diyos ay ang malaman na lahat ng patakaran ay magiging makatarungan, at magkakaroon ng maganda at di-inaasahang mga pangyayari.”²¹

Ano ang mga pinagmumulan ng kapayapaan? Maraming naghahanap ng kapayapaan sa mga makamundong paraan, na hindang-hindi nagtagumpay ni magtatagumpay. Ang kapayapaan ay hindi matatagpuan sa pagkakamit ng malaking kayamanan, kapangyarihan o katanyagan.²² Ang kapayapaan ay hindi matatagpuan sa mga kasiyahan, paglilibang o paglililiwaliw. Wala sa mga ito, natamo man ito nang sagana, ang makapagdudulot ng walang hanggang kaligayahan o kapayapaan.

Akma ang mga tanong na nakasaad sa napakagandang himno ni Emma Lou Thayne: “Sa’n naro’n ang aking kapayapaan? Kung ang ginhawa’y ‘di ko matagpuan?”²³ Ang sagot ay ang Tagapagligtas, na siyang pinagmumulan at Diyos ng kapayapaan. Siya ang “Prinsipe ng Kapayapaan.”²⁴

Paano tayo mananatiling malapit sa Tagapagligtas? Ang pagpapakumbaba sa harapan ng Diyos, pagdarasal tuwina, pagsisisi sa mga kasalanan, pagpapabinyag na may

bagbag na puso at nagsisising espiritu, at pagiging tunay na mga disipulo ni Jesucristo ang napakagandang halimbawa ng kabutihan na ginagantimpalaan ng walang hanggang kapayapaan.²⁵ Matapos masabi ni Haring Benjamin ang kanyang nakaantig na mensahe tungkol sa Pagbabayad-sala ni Cristo, maraming taong nalugmok sa lupa “Ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng *katahimikan ng budhi*, dahil sa labis na pananampalataya nila kay Jesucristo.²⁶ Ang pagsisisi at pamumuhay nang matwid ay nagdudulot ng *katahimikan ng budhi*, na mahalaga para mapanatag.²⁷ Kapag mabigat ang kasalanan, kailangan itong ipagtapat para magkaroon ng katahimikan.²⁸ Marahil ay walang katulad ang kapayapaang nadarama ng isang kaluluwang nagdurusa dahil sa kasalanan nang idinulog niya ang kanyang mga pasanin sa Panginoon at nakamtan ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala. Sabi nga sa isa pang paborito kong himno ng Simbahan, “Ang pasanin ko ay Kanyang kukunin At S’ya’y aking aawitan.”²⁹

Nagagalak ang puso ko nang malaman ko na sa ating panahon libu-libong binata, dalaga, at senior missionary ang tumanggap ng tungkuling maging mga sugo ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo. Dinadala nila ang ipinanumbalik na ebanghelyo ng kapayapaan sa buong mundo, sa bawat tao at pamilya— isang gawain ng kabutihan na maghahatid ng kapayapaan sa mga anak ng Ama sa Langit.

Ang Simbahan ay isang kanlungan kung saan nagtatamo ng kapayapaan ang mga disipulo ni Cristo. Sinasabi ng ilang kabataan sa mundo na sila ay espirituwal ngunit hindi relihiyoso. Ang madama na kayo ay espirituwal ay isang mabuting unang hakbang. Gayunman, sa Simbahan tayo kinaikaibigan, tinuturuan, at pinangangalagaan ng mabuting salita ng Diyos. Ang mas mahalaga, ang awtoridad ng priesthood sa Simbahan ang naglalaan ng mga sagradong ordenansa at tipan

na nagbibigkis sa mga pamilya at ginagawang karapat-dapat ang bawat isa sa atin na makabalik sa Diyos Ama at kay Jesucristo sa kahariang selestiyal. Ang mga ordenansang ito ay naghahatid ng kapayapaan dahil mga tipan ito sa Panginoon.

Sa mga templo isinasagawa ang marami sa mga sagradong ordenansang ito at pinagmumulan din ng payapang kanlungan sa mundo. Yaong mga pumupunta sa bakuran ng templo o nakikibahagi sa mga temple open house ay nadarama rin ang kapayapaang ito. Ang isang karansang hindi ko malimutan ay ang open house at paglalaan ng Fiji Temple. Nagkaroon ng kaguluhan sa pulitika kaya may mga rebeldeng nanunog at nanloob sa bayan ng Suva, sumakop sa mga gusali ng Parliament at bumihag sa mga mambabatas. Ang bansa ay nasa ilalim ng martial law. Binigyan ng militar ng Fiji ng limitadong pahintulot ang Simbahan na magtipun-tipon ang mga tao para sa open house at ang isang maliit na grupo para sa paglalaan. Hindi inanyayahan ang lahat ng miyembro dahil inaalala ang kanilang kaligtasan. Iyon lamang ang templong inilaan sa gayong kahirap na kalagayan mula noong ilaan ang orihinal na Nauvoo Temple.

Ang isang inanyayahan sa open house ay ang magandang dilag na

Hindu na nagmula sa India, isang miyembro ng parliament na dating bihag ngunit pinalaya dahil babae siya.

Sa silid-selestiyal, na malayo sa kaguluhan ng mundo, talagang nahagulgol siya nang ipahayag niya ang kapayapaang pumuspos sa kanya. Nadama niya na pinapanatag siya ng Espiritu Santo at pinatotohanan nito ang kasagraduhan ng templo.

Ang Tagapagligtas ang pinagmumulan ng tunay na kapayapaan.

Nakakaranas man ng mga pagsubok sa buhay, dahil sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at sa Kanyang biyaya, ang matwid na pamumuhay ay gagan-timpalaan ng kapayapaan sa sarili. Sa silid na pinagdausan ng Paskua, nangako ang Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol na isusugo sa kanila ang “Mang-aaliw, sa makatwid baga’y ang Espiritu Santo” pagkatapos ay sinambit Niya ang mahahalagang salitang ito: “Ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo.”³⁰ At bago Niya sinambit ang Kanyang Panalangin ng Pamamagitan, sinabi Niya: “Ang mga bagay na ito ay sinasalita ko sa inyo, upang kayo’y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.”³¹

Maganda ang isinulat ni Eliza R. Snow tungkol sa konseptong ito:

*Ang Diyos Ama ay purihin;
Magdiwang nang walang hanggan.
Laganap man ang pagsubok,
Si Cristo ay may tinuran, “Sa ‘ki’y may kapayapaan.”³²*

Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Dalawang kumperensya ang idinaos sa Abidjan noong Linggo, Pebrero 10, 2013; 9,693 ang dumalo—619 sa kanila ay hindi pa miyembro ng Simbahan. Ang kabuuang bilang ng mga miyembro sa Ivory Coast ay tinatayang 19,000.
2. Doktrina at mga Tipan 115:6.
3. Ang salitang *kapayapaan* ay may iba’t ibang kahulugan. Sa klasikong Griyego tumutukoy ito sa pagwawakas, pagtigil, o kawalan ng pagkapoot sa pagitan ng magkalabang puwersa. Sa Hebreo mas malawak ang kahulugan ng salitang ito at kung magkaminsan ay pagbati lang ito. Ang kapayapaan ay isa ring “kalagayan sa buhay na dumarating sa tao ayon lamang sa mga patakaran at kundisyong itinakda ng Diyos” (Howard W. Hunter, sa Conference Report, Okt. 1966, 14–17).
4. Lucas 2:14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Tingnan sa Mateo 2:16; tingnan din sa Ross Douthat, “The Loss of the Innocents,” *New York Times*, Dis. 16, 2012, 12.
6. Mateo 10:16, 22.
7. Mateo 10:34.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:46.
9. Doktrina at mga Tipan 1:33.
10. Doktrina at mga Tipan 1:35.
11. Inihayag ito ni Pangulong Woodruff noong 1894 at muli noong 1896. Tingnan sa *The Discourses of Wilford Woodruff*, ed. G. Homer Durham (1946), 251–52; tingnan din sa Marion G. Romney, sa Conference Report, Abr. 1967, 79–82.
12. Tingnan sa Joseph Fielding Smith, *The Predicted Judgments*, Brigham Young University Speeches of the Year (Mar. 21, 1967), 5–6. Gayunman, tulad ng sabi ni Elder Neal A. Maxwell, “Magkakaroon tayo ng kapayapaan ng kalooban kahit walang kapayapaan sa lupa . . . [at] ‘lahat ng bagay [ay] nagkakagulo’” (“Behold, the Enemy Is Combined,” *Ensign*, Mayo 1993, 79).
13. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 475.
14. Doktrina at mga Tipan 59:23.
15. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2001), 182.
16. Mula sa mga sinaunang Griyego hanggang sa ating panahon, ang mga salitang ito—*kaligayahan* at *kapanatagan*—ay sinuri, siniyasat, at pinag-aralan na hindi lamang hinggil sa kahulugan nito kundi maging hinggil sa patnubay na ibinibigay nito sa ating buhay. Tingnan sa David Malouf, *The Happy Life: The Search for Contentment in the Modern World* (2011). Tingnan din sa isang rebyu ng aklat ni Mr. Malouf, sa R. Jay



Copenhagen, Denmark

Magill, "How to Live Well," *Wall Street Journal*, Ene. 26–27, 2013, C6.

17. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Heber J. Grant* (2002), 255.
18. "Tatlo sa limang stake sa Ivory Coast ang kabilang sa nangungunang 25 sa Simbahan sa porsiyento ng mga adult [na nagsusumite] ng mga pangalan ng kanilang mga kamag-anak para sa mga ordenansa sa templo," at ang Cocody Cote d'Ivoire Stake ang nangunguna (C. Terry Warner at Susan Warner, "Apostle Visits Ivory Coast, Is 'Impressed with Exceptional Spirit,'" *Church News*, Mar. 3, 2013, 4, 14). Kahit may digmaang-sibil at ang pinakamalapit na templo ay 12 oras ang layo sa Accra, Ghana, kapag bus ang sinakyan, kahanga-hangang katibayan ito ng pananampalataya at nagdulot ng kapayapaan sa sarili at sa pamilya.
19. Doktrina at mga Tipan 121:7–8. Itinuro ni Pangulong Harold B. Lee, "Samakatwid, kailangan tayong mapadalaisay; kailangan tayong subukan upang mapatunayan ang lakas at kapangyarihan na nasa atin" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2000], 243).
20. I Mga Taga Corinto 14:33.
21. Sa Marion D. Hanks, "A Loving, Communicating God," *Ensign*, Nob. 1992, 63.
22. Tingnan sa Jeffrey R. Holland, *For Times of Trouble* (2012), 79. Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland na, "ang tunay na kahirapan ay maaaring mas makapagpahina ng loob ng mga tao kaysa anupamang ibang kundisyon maliban sa kasalanan mismo." Ngunit ang matwid na paggamit ng pera ay maaaring magpaibayo ng kapayapaan.
23. "Saan Naroon ang Aking Kapayapaan?" *Mga Himno*, blg. 74.
24. Isaias 9:6.
25. Malinaw na sinabi ni John Greenleaf Whittier: "Pansinin kung paano kayo mamuhay. Huwag gumawa sa araw ng anumang babagabag sa inyo sa gabi" ("Conduct [From the Mahabharata]," sa *The Complete Poetical Works of John Greenleaf Whittier* [1802], 484).
26. Mosias 4:3; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Marion G. Romney, sa Conference Report, Abr. 1967, 79–82.
27. Ang budhi ang gumagabay sa atin tungo sa kapayapaan. Dalawang bagay ang nagpapakilos dito: ang Liwanag ni Cristo, isang maluwalathing karapatan ng panganay na bigay ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Doktrina at inyo sa Tipan 88:6–13; 93:2) at ang kaloob na Espiritu Santo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 39:6).
28. "Dalawang klase ng pagpapatawad ang kinakailangan para mabigyan ng kapayapaan ang nagkasala—ang isa ay mula sa mga tamang awtoridad ng Simbahan ng Panginoon, at ang isa naman ay mula sa Panginoon mismo. [Tingnan sa Mosias 26:29.]" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 51–2).
29. "Banayad ang Utos ng Diyos," *Mga Himno*, blg. 73.
30. Juan 14:26–27.
31. Juan 16:33.
32. "Kayrami Man ng Pagsubok," *Mga Himno*, blg. 69.



Ni Elder Stanley G. Ellis
Ng Pitumpu

Ang Pamamaraan ng Panginoon

Ang pamamaraan ng Panginoon ay ang makinig tayo sa mga turo ng ating mga lider, maunawaan ang mga wastong alituntunin, at pamahalaan ang ating sarili.

Pitumpu

Naglilingkod ako bilang miyembro ng Pitumpu. Ang Pitumpu ay tinawag na maging sugo—upang ibahagi ang salita ng Panginoon tulad ng pagkatanggap natin nito mula sa mga apostol at mula sa Espiritu at maging natatanging mga saksi sa pangalan ni Cristo, ipangaral ang ebanghelyo sa buong mundo, itayo ang Simbahan, at pamahalaan ang mga gawain nito (tingnan sa D at T 107:25, 34).

Lumaki sa Bukid

Lumaki ako sa isang bukid malapit sa Burley, Idaho—taga "Idaho na laki sa bukid!" Dito ay natutuhan ko:

1. Ang magtrabaho—kung hindi ka magtanim, hindi ka aani.
2. Ang maging matalino sa pagtatrabaho—kung gagamit ka ng irigasyon at pataba, mas marami kang aanihin.
3. Ang kahalagahan ng tamang panahon—kung hindi ka nagtanim sa tamang panahon, aabutan ka ng maagang pagdating ng taglamig na maaaring makasira sa pananim.
4. Ang gawin ang kinakailangan o

ang dapat gawin anuman ang mas kasiya-siya, higit na kanais-nais, o mas madali—gatasan mo ang baka kapag kailangan itong gatasan, hindi kung kailan mo gusto.

5. Ang maging tahasan sa sinasabi o ginagawa—sa mga alagang hayop sa bukid at makinarya, hindi ninyo kailangang "magpaliguy-ligoy" o isipin na masasaktan ang mga taong masyadong sensitibo. (Tungkol dito, sa paglilingkod ko sa Simbahan sa iba't ibang lugar, madalas kong itanong, "Gusto ba ninyong magsalita ako nang diretsahan o hindi?" Pinipili ng mga Banal na magsalita ako "nang diretsahan!" Magsasalita ako nang diretsahan sa araw na ito.)
6. At ang huli, bilang isang taga-Idaho na laki sa bukid, natutuhan ko na pagtuunan ang mga pangunahing alituntunin.

Wala nang mas pangunahin pa para sa ating lahat, at sa ating doktrina, kaysa sa katotohanan na nasa unang Saligan ng Pananampalataya: "Naniniwala kami sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, at sa Kanyang Anak, na

si Jesucristo, at sa Espiritu Santo” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1).

Bukod pa rito, Siya ang *ating* Ama sa Langit, na kilala tayo, mahal tayo, at nagnanais na makabalik tayo sa Kanya. Si Jesus ang *ating* Tagapagligtas at Manunubos, na dahil sa Kanyang Pagbabayad-sala ay tiyak na madaraig *natin* ang kamatayan at mabubuhay muli at maaari *tayong* magkaroon ng kadakilaan at buhay na walang hanggan. Ang Espiritu Santo ang *ating* mang-aaliw, tagapaghayag, guro, tagapagpatotoo, at gabay.

Isipin ninyo ito, mga kapatid—hindi tayo ulila sa espirituwal! Hindi tayo nag-iisa.

Ano ang kabutihan ng pagkakaroon ng mga magulang—ng hindi pagiging isang ulila? Matututo tayo sa kanila, makikinabang sa kanilang karanasan, at maiiwasan ang mga panganib na ibinabala sa atin, at mas makauunawa dahil sa kaalaman nila. Hindi natin kailangang malihis, malito, malinlang, o maging mahina. Ito ay lalong totoo sa ating Ama sa Langit, na itinuro at ipinakita hindi lamang ang isa sa maraming paraan kundi *ang tanging* paraan.

Ang Diyos ay May Pamamaraan

Sa katunayan ang Diyos ay may pamamaraan sa pamumuhay,¹ pagmamahal,² pagtulong,³ pagdarasal,⁴ pakikipag-usap,⁵ pakikipag-ugnayan sa isa't isa,⁶ pamumuno,⁷ pag-aasawa,⁸ pagpapalaki ng mga anak,⁹ pag-aaral,¹⁰ pag-alam sa katotohanan,¹¹ pagbabahagi ng ebanghelyo,¹² matalinong pagpili ng kakainin,¹³ atbp.

Kasama ng mga banal na kasulatan, ilan sa magagandang mapagkukunan natin ng pamamaraan ng Panginoon ay ang *Tapat sa Pananampalataya, Para sa Lakas ng mga Kabataan*, at iba pang mga turo ng mga buhay na apostol at propeta.

1. Halimbawa, itinuro ng Panginoon sa atin sa mga banal na kasulatan:

“Sapagka’t ang aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay aking mga lakad, sabi ng Panginoon.



Sydney, Australia

- “Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip” (Isaias 55:8–9).
2. Isa sa mga kasamaan sa mga huling araw na ito ay ang “bawat tao ay lumalakad sa sarili niyang paraan” (D at T 1:16). Sa Mga Kawikaan tayo ay binalaan na “huwag kang magpakapantas sa iyong sariling mga mata” at “huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan” (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–7).
3. Itinuro sa atin na kung gagawin natin ang mga bagay ayon sa pamamaraan ng Panginoon, tayo ay tiyak Niyang pagpapalain at makakamtan natin ang Kanyang mga pangako; at kung hindi tayo gagawa ayon sa Kanyang pamamaraan, wala tayong pangako (tingnan sa D at T 82:10).
4. Inihambing ng Panginoon ang Kanyang pamamaraan sa ating pamamaraan nang turuan Niya ang propeta ng si Samuel, na isinugo upang maghanap ng bagong hari: “Nguni’t sinabi ng Panginoon kay Samuel, Huwag mong tingnan ang kaniyang mukha, o ang taas ng kaniyang

- kataasan; sapagka’t aking itinakuwil siya: sapagka’t hindi tumitingin ang Panginoon na gaya ng pagtingin ng tao: sapagka’t ang tao ay tumitingin sa mukha, nguni’t ang Panginoon ay tumitingin sa puso” (I Samuel 16:7).
5. Maging sa hangarin ng tao na tulungan ang maralita at nangangailangan, ang Panginoon ay sang-ayon sa ating mithiin ngunit nagbabala, “Subalit ito ay talagang kinakailangang magawa sa aking sariling pamamaraan” (D at T 104:16). Kung hindi, baka sa pagtulong natin, ay hindi pa ito makabuti sa kanila. Itinuro ng Panginoon na kailangang hikayatin natin ang tao na umasa sa sarili. Bagama’t kaya nating tumulong, hindi natin dapat ibigay o ilaan ang magagawa nila at dapat nilang gawin para sa kanilang sarili. Saanman ito gawin, natutuklasan ng mundo ang kasamaang idinudulot ng paglilimos. Talagang alam ng Diyos ang pinakamabuti.

Isipin natin ang iba pang mga halimbawa. Ang Panginoon ay may pamamaraan sa gawaing misyonero. Ito ay ipinaliwanag sa mga banal na kasulatan at sa *Mangaral ng Aking*

Ebanghelyo at isinagawa sa paggabay ng Espiritu.

Ang Panginoon ay may sariling pamamaraan, o *tanging* pamamaraan sa pagmamahal. Sinasabi ng mundo na ang mas mahalaga ay nagmamahalan ang dalawang tao. Itinuro ng Ama sa Langit na mahalaga nga ito, ngunit higit pa ang itinuro Niya sa atin tungkol dito: na may awtorisadong pamamaraan at tamang panahon para ipadama ang pagmamahal na iyan.

Pamahalaan ang Ating Sarili

Si Joseph Smith ay tinuruan mula sa kanyang pagkabata ng mga pamamaraan ng Panginoon. Nang tanungin kung paano niya pinamumunuan ang Simbahan, ipinaliwanag niya na nagtuturo siya ng mga wastong alituntunin at pinamamahalaan ng mga miyembro ang kanilang sarili.¹⁴ Mga kapatid, ang ating buhay na mga apostol at propeta ay nagtuturo pa rin ng mga wastong alituntunin Ang tanong ay “Ginagamit ba natin ang mga alituntuning ito para pamahalaan ang ating sarili?”

Ang isang bagay na madalas ituro sa atin ay paunlarin at abutin ang ating potensyal saanman tayo naroon. Ngunit kung minsan natutukso tayong lumipat ng tirahan, iniisip na magkakaroon ng mas maraming kaibigan ang ating mga anak at may mas magandang programa para sa kabataan doon.

Mga kapatid, inaakala ba natin na ang mahalaga sa kaligtasan ng ating mga anak ay ang pook kung saan tayo nakatira? Madalas ituro ng mga apostol at propeta na ang nangyayari sa loob ng tahanan ang higit na mahalaga kaysa sa mga nakikita nila sa labas ng bahay. *Kung paano* natin pinalaki ang ating mga anak ay mas mahalaga kaysa lugar *kung saan* natin sila pinalaki.

Tiyak na may iba pang dahilan sa pagpapasiya natin kung saan titira, at salamat at gagabayan tayo ng Panginoon kung hahangarin natin ang Kanyang pagsang-ayon.

Ang isa pang tanong ay “Saan tayo kakailanganin?” Sa loob ng 16 na taon, naglingkod ako sa panguluhan ng Houston Texas North Stake. Maraming lumipat sa aming lugar noong

mga taong iyon. Madalas kaming makatanggap ng tawag sa telepono na nagsasabing may lilipat doon at nagtatanong kung aling ward ang pinakamaganda. Isang beses lang sa loob ng 16 na taon na iyon na may tumawag at nagtanong sa akin kung, “Anong ward ang nangangailangan ng mabuting pamilya? Saan kami maaaring makatulong?”

Sa mga unang taon ng Simbahan, inaatasan ni Pangulong Brigham Young at ng iba pa ang mga miyembro na magtungo sa isang partikular na lugar upang itayo ang Simbahan doon. Ang kabalintunaan ay hanggang sa panahong ito may matatapat tayong miyembro ng Simbahan saanmang dako na nakahanda saanman sila papuntahin ng propeta. Talaga bang inaasahan natin na sasabihin sa atin isa-isa ni Pangulong Monson sa mahigit 14 na milyong sa atin kung saan kailangan ang ating pamilya? Ang pamamaraan ng Panginoon ay ang makinig tayo sa mga turo ng ating mga lider, maunawaan ang mga wastong alituntunin, at pamahalaan ang ating sarili.

Pinakamahalaga

Sa lahat ng nangyayari sa Simbahan sa panahong ito, at habang minamadali ng Panginoon ang Kanyang gawain sa lahat ng paraan at kalagayan, napakahalaga na gawin natin ang lahat ng makakaya natin ayon sa Kanyang pamamaraan!

Lalo na sa gawain ng kaligtasan, nalaman natin na “sa paghahandog ng kanyang Anak, ang Diyos ay naghandang higit na mabuting paraan” (Eter 12:11). Ang doktrina ni Cristo “ang daan; at walang ibang daan ni pangalang ibinigay sa silong ng langit upang ang tao ay maligtas sa kaharian ng Diyos” (2 Nephi 31:21).

Katapusan

Nakikita natin na napakaraming tao sa mundo sa panahong ito ang nalilito, o mas malala pa, ang nabubuhay sa kasalanan, at pinagdudusahan ang mga ibinunga ng mga maling pagpili, dahil dito nais kong ipahayag ang winika ni Alma:

“O na ako’y isang anghel, at mata-tamo ang mithiin ng aking puso, na ako ay makahayo at makapangusap nang may pakakak ng Diyos, nang may tinig upang mayanig ang mundo, at mangaral ng pagsisisi sa lahat ng tao!

“Oo, ipahahayag ko sa lahat ng kaluluwa, . . . ang plano ng pagtubos, na nararapat silang magsisi at magsilapit sa ating Diyos [at sa Kanyang mga pamamaraan], upang hindi na magkaroon pa ng kalungkutan sa balat ng lupa” (Alma 29:1–2).

Muli, pinatotohanan ko na ang Panginoon ay may pamamaraan! Kilala tayo, mahal tayo at gusto tayong tulungan ng ating Ama sa Langit. Alam Niya ang pinakamabuting paraan para tayo matulungan. Tayo ay hindi ulila sa espirituwal!

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo “ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay” (Juan 14:6; tingnan din sa Alma 38:9). Ang Kanyang pamamaraan ay batay sa walang hanggang katotohanan at umaakay sa atin tungo sa “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating” (D at T 59:23). Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa 2 Nephi 5:27; Mosias 4:27; Alma 7:23–25.
2. Tingnan sa Exodo 20:14; Deuteronomio 6:5; Juan 13:34–35; Mga Taga Roma 1:24–32; I Mga Taga Tesalonica 4:3; Alma 39:3–5.
3. Tingnan sa Mosias 4:21–27; Doktrina at mga Tipan 104:15–18.
4. Tingnan sa Mateo 6:5–13; 2 Nephi 32:8–9; 3 Nephi 18:21; Doktrina at mga Tipan 10:5.
5. Tingnan sa Mga Kawikaan 15:1; Mga Taga Colosas 4:6; Santiago 5:12; 3 Nephi 11:29–30.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 64:10–11; 121:41–46.
7. Tingnan sa Mateo 25:14–30; Juan 10:1–14; Doktrina at mga Tipan 50:26; 107:99–100; 121:34–40.
8. Tingnan sa Genesis 2:24; Jacob 2:27; Doktrina at mga Tipan 42:22; 132:19.
9. Tingnan sa Mosias 4:14–15; Doktrina at mga Tipan 68:25–28.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 43:8–9; 88:77–79, 118.
11. Tingnan sa Moroni 7:15–19; 10:3–5; Doktrina at mga Tipan 9:7–9.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 33:8–10; 100:3–8.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 89.
14. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 331.



Ni Elder John B. Dickson
Ng Pitumpu

Dalhin ang Ebanghelyo sa Buong Mundo

Patuloy na lumalaganap ang Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo, sa bawat bansa, bawat kultura, sa mga tao, ayon sa takdang panahon ng Panginoon.

Tapos na ang mortal na ministeryo ng Tagapagligtas. Natapos na ang Kanyang pagdurusa sa Getsemani at sa krus. Nalaman natin mula sa Mga Gawa 1 na nagministeryo Siya nang 40 araw matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, “na napakikita” sa mga Apostol at “nagpahayag ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Dios” (Mga Gawa 1:3).

Sinabi Niya sa kanila na “tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo’y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihuhilang hangganan ng lupa” (Mga Gawa 1:8).

Di-nagtagal pagkasabi Niya nito, “dinala siya sa itaas; at siya’y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin.

“At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya’y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit;

“Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo’y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin

ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit” (Mga Gawa 1:9–11).

Sa katunayan, ang Tagapagligtas ay darating muli sa Kanyang Ikalawang Pagparito, ngunit bago maganap ito, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay dadalhin hanggang sa “kadulu-duluhang bahagi ng mundo.”

Mula sa Mateo nalaman natin ang espesyal na utos sa mga Apostol na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng bansa:

“At lumapit si Jesus sa kanila at sila’y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin.

“Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo” (Mateo 28:18–19).

Noong mga unang panahon ng Simbahan, sa kalagitnaan ng panahon, ang ebanghelyo ay itinuturo lamang sa sambahayan ng Israel; pagkatapos ipinahayag kay Pedro, ang senior na Apostol, na panahon na para dalhin ang ebanghelyo sa labas ng

sambahayan ng Israel at ituro sa mga Gentil. Ang ika-10 at ika-11 kabanata ng Mga Gawa ay tumutulong sa atin na maunawaan ang paraan at huwaran kung saan ipinaalam sa mga lider at miyembro ang kinakailangang pagpapalawak ng Simbahan sa mas marami pang anak ng Diyos.

Ginamit si Cornelio, na isang Gentil, senturion, at mabuting tao, ipinaunawa ng Panginoon kay Pedro na dadalhin ang ebanghelyo sa mga Gentil, isang konseptong bago at kakaiba sa mga Banal ng panahong iyon. Ang paghahayag na nagpabago sa mga gawain ng Simbahan ay dumating kay Pedro, ang senior na Apostol. Nalaman natin na mula noon ang ebanghelyo ay mabilis na ipinalaganap sa mga bansa ng mga Gentil.

Ang isang halimbawa ng paglawak ng Simbahan nang panahong iyon ay ang pagbabalik-loob ni Pablo, na naging dakilang Apostol sa mga Gentil. Nagkaroon siya ng pangitain habang nasa daan patungong Damasco, kung saan nakakita siya ng liwanag at nakarinig ng tinig, nagsisi ng kanyang mga kasalanan, at tinawag ng Diyos (tingnan sa Mga Gawa 22:6–18) at naging napakalakas na impluwensya sa pagpapalaganap ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Ngayon dumako tayo, makaraan ang 1,800 taon, sa panahon ng Pagpanumbalik ng ebanghelyo, o pagbabalik ng lahat ng bagay bago ang Ikalawang Pagparito. Pinatotohanan ko na sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ang Simbahan ay naipanumbalik at patuloy na ipinalalaganap sa patnubay ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol. Ang utos sa kanila na dalhin ang ebanghelyo sa buong mundo ay katulad sa iniutos sa mga Apostol noong sinauna.

Mula nang itatag ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw noong 1830, patuloy na lumaganap ang Simbahan sa iba't ibang dako ng mundo, sa bawat bansa, bawat kultura, sa mga tao, ayon sa takdang panahon ng Panginoon.

Noong 1978, sinusunod ang itinatag na huwaran ng paghahayag sa



pamamagitan ng senior na Apostol na si Pangulong Spencer W. Kimball, dumating ang paghahayag, sa panahong ito, na nagtutulot sa lahat ng karapat-dapat na kalalakihan sa iba't ibang panig ng mundo na matanggap ang mga pagpapala ng priesthood. Ibig sabihin na sa ating panahon lahat ng mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo ay maaaring matamo ang lahat ng pagpapala ng ipinang-balik na ebanghelyo. Ito ay angkop na pagkilos ng kaharian ng Diyos dito sa lupa sa nalalapit na Ikalawang Pagparito ni Cristo.

Sa karanasan ko tungkol dito, katatawag lang sa akin noon bilang mission president at kami ni Sister Dickson ay paalis na sana kasama ang aming pamilya papunta sa Mexico nang sabihin sa akin ni Elder Richard G. Scott, na noon ay miyembro ng Seventy, ang tungkol sa espesyal na paghahayag na ito. Naalala kong napaluha ako habang ikinukuwento niya sa akin ang nangyari. Hindi ko mailarawan ang sayang nadama ko, dahil alam kong tama iyon at dumating na ang panahon para matamo ng buong sangkatauhan

ang lahat ng ordenansa, tipan, at pagpapala ng ebanghelyo.

Halos 35 taon nang nakalipas iyon, at hindi ko akalain na makapaglilingkod ako bilang miyembro ng Seventy nang ilang taon sa Africa West Area ng Simbahan, sa kalipunan ng mga nananalig at matatapat na tao na nabago rin ang buhay dahil sa paghahayag noong 1978 tungkol sa priesthood. Nanirahan kami roon ni Sister Dickson nang apat na taon, at maganda ang naging karanasan namin at nagpabago ng aming buhay.

Bilang mamamayan, ang mga taga West Africa ay naniniwala sa Diyos, hindi nahihiya na ipahayag at ibahagi ang kanilang paniniwala sa iba, at mahusay sa pamumuno. Dumarating sila sa Simbahan nang daan-daan, at kada linggo o mahigit pa ilang mga ward o branch ang naitatag sa ilang lugar sa Africa West Area na, sa halos lahat ng ito, pawang mayhawak na priesthood na Aprikano ang namumuno.

Sana makasama ninyo ang mga Banal sa templo sa Aba, Nigeria, o Accra, Ghana, kung saan madarama ninyo ang katapatan ng mga Banal at makilala ang mga temple presidency

na pawang Aprikano. O sana ay maipakilala ko kayo sa mga African Area Seventy, na kasama natin ngayon dito sa Conference Center at sila ay mga abugado, propesor, at manedyer, o makilala ninyo ang mga lider na Aprikano ng ward at stake at kanilang pamilya.

Sa iba't ibang lugar sa Africa, ang pagdalo sa Sunday School, auxiliary, o priesthood class ay isang sagradong karanasan, kung saan sinusunod ang kurikulum ng Simbahan at naroon ang malalim na pagkaunawa sa ebanghelyo, pagtuturo, at pagkatuto sa pamamagitan ng Espiritu.

Ang ebanghelyo sa Africa ay lumalaganap sa masasayang mamamayan na hindi iniisip ang panlabas na kaanyuan na nakakaapekto sa buhay ng maraming tao na nasa Kanluran. Hindi nila pinagtutuunan ang walang katapusang pagtatamo ng mga materyal na bagay.

Sinasabi tungkol sa mga Aprikano na sila ay may kakaunti ng mga bagay na walang gaanong halaga at taglay ang napakaraming bagay na pinakamahalaga. Hindi sila gaanong interesado sa mararangyang bahay at

magagarang sasakyan ngunit malaki ang hangaring makilala ang kanilang Ama sa Langit at Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa pagkakaroon ng walang hanggang pamilya. Dahil sa kanilang pananampalataya, pinalalakas sila ng Panginoon sa makabuluhang paraan.

Dahil sa pagkakakilala natin sa kanila, hindi na nakapagtataka na mahalaga silang bahagi ng paglawak ng Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw. Nang si Daniel, isang propeta sa Lumang Tipan, ay nagkaroon ng pangitain tungkol sa kaharian ng Diyos sa mga huling araw na “lalaganap hanggang sa mga dulo ng mundo, gaya ng [isang] batong tinibag mula sa bundok, hindi ng mga kamay ay lalaganap, hanggang sa mapuno nito ang buong mundo” (D at T 65:2), nararapat lamang na ang ating mabubuting kapatid sa Africa ay maging mahalagang bahagi ng pagsasakatuparan ng propesiyang ito at ang paghahayag nito ay ayon sa mga huwarang itinakda ng Panginoon.

Pinatotohanan ko na mahal ng ating Ama sa Langit ang lahat ng Kanyang anak, na si Jesus ang Cristo, at para sa lahat ang ebanghelyo, kapwa sa buhay at sa patay. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Naniniwala Kami sa Pagiging Malinis

Ang pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay magdaragdag sa ating kaligayahan sa mortalidad at gagawin nitong posible ang ating pag-unlad sa kawalang-hanggan.

Ang aking mensahe ay tungkol sa tanong na napakahalaga sa espiritu: Bakit napakahalaga ng batas ng kalinisang-puri? Dalangin ko na pagtibayin ng Espiritu Santo ang katotohanan ng mga alituntuning bibigyang-diin ko.

Ang Plano ng Kaligayahan ng Ama

Ang walang-hanggang kahalagahan ng kalinisang-puri ay mauunawaan lamang sa mas malawak na konteksto ng plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. “Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, . . . may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos” (“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129). Lahat ng lalaki at babae ay nabuhay sa piling ng Diyos bilang Kanyang mga espiritung anak bago naparito sa lupa bilang mga mortal. Dahil sa plano ng Ama ang Kanyang mga anak na lalaki at babae ay magkakaroon ng pisikal na katawan, upang

magkaroon ng mortal na karanasan, at umunlad tungo sa kadakilaan.

Ang Kahalagahan ng Pisikal na Katawan

Dahil sa ating pisikal na katawan nararanasan natin ang iba’t ibang matitinding karanasang hindi natin pagdaraan sa buhay bago tayo isinilang sa mundo. Kaya nga, ang pakikipag-ugnayan natin sa ibang tao, ang kakayahang kumilala at kumilos ayon sa katotohanan, at kakayahang sundin ang mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo ay nagagawa dahil sa ating katawan. Sa buhay sa mortalidad, nararanasan natin ang pagkalinga, pagmamahal, kabaitan, kaligayahan, kalungkutan, kabiguan, pasakit, at maging ang mga hamon na dulot ng limitasyon sa kakayahan ng pisikal na katawan sa mga paraang naghahanda sa atin para sa kawalang-hanggan. Sa madaling salita, may mga aral na dapat nating matutuhan at mga karanasang dapat pagdaanan, na tulad ng sabi sa mga banal na kasulatan, “ayon sa laman” (1 Nephi 19:6; Alma 7:12–13).



kasalanang nakapagpapababa ng pagkatao at sumisira sa pinakabanal na katangian ng kalalakihan at kababaihan” (“The Great Plan of Happiness,” *Ensign*, Nob. 1993, 74).

Ang Pamantayan ng Kalinisang Seksuwal

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may iisa, at di-nagbabagong pamantayan sa kalinisang seksuwal: ang intima-siya ay nararapat lamang mangyari sa isang lalaki at isang babae na ikinasal ayon sa itinakda ng plano ng Diyos. Ang ganitong relasyon ay hindi pag-uusisa lamang na dapat hana-pan ng kasagutan, hangaring dapat bigyang-kasiyahan, o uri ng libangan na gagawin lang para sa sarili. Hindi ito bagay na dapat mapagtagumpayan o kilos na dapat isagawa. Sa halip, isa ito sa mga pangunahing pagpapahayag sa mortalidad ng ating banal na katangian at potensiyal at paraan ng pagpapatibay ng emosyonal at espirituwal na ugnayan ng mag-asawa. Tayo ay mga kinatawan na may kalayaang pumili at nakikilala sa ating banal na katangian bilang mga anak ng Diyos—hindi sa seksuwal na pag-uugali, modernong pagkilos, o mga pilosopiya ng mundo.

Ang Likas na Tao

Sa ilang aspeto, ang likas na tao na inilarawan ni Haring Benjamin ay kitang-kita sa bawat isa sa atin (tingnan sa Mosias 3:19). Ang likas na lalaki o babae ay hindi nagsisisi, makamundo at mahalay (tingnan sa Mosias 16:5; Alma 42:10; Moises 5:13, mapagpalayaw at mapagpasasa, at palalo at makasarili. Gaya ng itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Ang ‘likas na tao’ ay ang ‘taong makalupa’ na hinahayaang mangibabaw ang makahayop na hangarin na dumadaig sa kanyang espirituwal na pag-uugali” (“Ocean Currents and Family Influences,” *Ensign*, Nob. 1974, 112).

Sa kabaligtaran, ang “tao ni Cristo” (Helaman 3:29) ay espirituwal at pinipigil ang lahat ng silakbo ng damdamin (tingnan sa Alma 38:12), mahinahon at mapagtimpi, at

Ang Kapangyarihang Lumikha ng Buhay

Matapos likhain ang mundo, si Adan ay inilagay sa Halaman ng Eden. Gayunman, napakahalaga ng sinabi ng Diyos na “hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa” (Moises 3:18; tingnan din sa Genesis 2:18), at si Eva ang naging asawa at katuwang ni Adan. Ang natatanging kombinasyon ng espirituwal, pisikal, mental, at emosyonal na mga kakayahan kapwa ng mga lalaki at babae ay kinailangan para ipatupad ang plano ng kaligayahan. “Ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa Panginoon” (I Mga Taga Corinto 11:11). Ang lalaki at babae ay nilayong matuto sa isa’t isa, palakasin, pagpalain, at kumpletuhin ang isa’t isa.

Ang paraan ng paglikha ng mortal na buhay ay itinakda ng Diyos. “Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang” (*Liahona*, Nob. 2010, 129). Ang kautusan na magpakarami at kalatan ang mundo ay iniutos pa rin ngayon. Kaya nga, ang kasal ng isang lalaki at isang babae ang tamang pamamaraan kung saan papasok sa mortalidad ang mga premortal na espiritu. Ang hindi pakikipagtalik bago ikasal at lubusang katapatan kapag kasal na ang nagpoprotekta sa kabanalan ng sagradong pamamaraang ito.

Ang kapangyarihang lumikha ng buhay ay may espirituwal na kahalagahan. Ang maling paggamit sa kapangyarihang ito ay sumisira sa mga layunin ng plano ng Ama at sa ating buhay sa lupa. Ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Pinakamamahala na Anak ay mga tagalikha at ipinagkatiwala Nila sa atin ang bahagi ng Kanilang kapangyarihang lumikha. Ang mga tuntunin sa wastong paggamit ng kakayahang lumikha ng buhay ay mahalagang bahagi sa plano ng Ama. Ang damdamin natin at paggamit sa banal na kapangyarihang ito ang magiging batayan ng ating kaligayahan sa mortalidad at sa ating tadhana sa kawalang-hanggan.

Iपालिwanag ni Elder Dallin H. Oaks:

“Ang kapangyarihang lumikha ng mortal na buhay ang pinakadakilang kapangyarihang bigay ng Diyos sa Kanyang mga anak. Ang paggamit nito ay iniutos sa unang kautusan, ngunit isa pang mas mahalagang utos ang ibinigay upang ipagbawal ang maling paggamit nito. Ang pagtutuon natin sa batas na ito ng kalinisang-puri ay ipinaliliwanag ng ating pag-unawa sa layunin ng ating kapangyarihang lumikha ng buhay para isakatuparan ang plano ng Diyos. . . .

“Kung wala ang bigkis ng kasal, ang lahat ng paggamit ng kapangyarihang lumikha ng buhay ay isang


mapagkawanggawa at hindi makasarili. Ang kalalakhian at kababaihan ni Cristo ay humahawak nang mahigpit sa salita ng Diyos, pinagkakaitan ang kanilang sarili at pinapasan ang Kanyang krus (tingnan sa Mateo 16:24; Marcos 8:34; Lucas 9:23; D at T 56:2), at tumatahak sa makipot at makitid na landas ng katapatan, pagsunod, at debosyon sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.

Bilang mga anak ng Diyos, nagmana tayo ng mga banal na katangian mula sa Kanya. Ngunit sa ngayon ay nakatira tayo sa makasalanang daigdig. Ang mismong mga elemento kung saan nalikha ang ating katawan ay likas na mahina at madaling matangay ng kasalanan, kasamaan, at kamatayan. Dahil dito, ang Pagkahulog ni Adan at ang espirituwal at temporal na mga bunga nito ay may epekto sa ating pisikal na katawan. Gayunman, may dalawang bahagi ang ating pagkatao, sapagkat ang ating espiritu na siyang walang-hangganang bahagi ng ating pagkatao ay nagkatawang-lupa na saklaw ng Pagkahulog. Gaya ng binigyang-diin ni Jesus kay Apostol Pedro, “Ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa’t mahina ang laman” (Mateo 26:41).

Ang tunay na pagsubok ng mortalidad, kung gayon, ay maibubuod sa tanong na ito: Tutugon ba ako sa mga gawi ng likas na tao, o bibigyang-daan ang mga panghihikayat ng Banal na Espiritu at huhubarin ang likas na tao at magiging banal sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon (tingnan sa Mosias 3:19)? Iyan ang pagsubok. Bawat hangarin, pagnanasa, hilig, at silakbo ng damdamin ng likas na tao ay maaaring madaig sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Narito tayo sa lupa upang magkaroon ng mga katangiang tulad ng sa Diyos at upang pigilan ang lahat ng silakbo ng laman.

Ang Hangarin ng Kaaway

Layunin ng plano ng ating Ama sa Langit na patnubayan ang Kanyang mga anak, upang tulungan silang lumigaya, at ibalik sila nang ligtas sa Kanya taglay ang nabuhay na mag-uli



at dinakilang katawan. Nais ng Ama sa Langit na magkasama-sama tayo sa liwanag at mapuno ng pag-asa. Sa kabaligtaran, sinisikap ni Lucifer na lituhin at palungkutin ang mga anak ng Diyos at hadlangan ang kanilang walang hanggang pag-unlad. Ang pangunahing hangarin ng ama ng kasinungalingan ay gawin tayong lahat na “kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:27). Nais ni Lucifer na mapag-isa tayo sa dilim at mawalan ng pag-asa.

Walang-tigil sa paggawa si Satanas para baluktutin ang pinakamahahalgang bahagi ng plano ng Ama. Si Satanas ay walang katawan, at hindi na siya uunlad magpakailanman. Tulad ng pagpigil ng dam sa pagdaloy ng tubig sa ilog, napigil din ang walang hanggang pag-unlad ng kaaway dahil wala siyang pisikal na katawan. Dahil sa kanyang paghihimagsik, ipinagkait ni Lucifer sa kanyang sarili ang lahat ng mortal na pagpapala at karanasang maaaring matamo ng katawang may laman at mga buto. Hindi niya matututuhan ang mga aral na matututuhan lamang ng espiritong may katawan. Kinasusuklaman niya ang katotohanan ng literal na pagkabuhay na mag-uli ng buong sangkatauhan. Isa sa matitinding kahulugan ng salitang *mapahamak* sa banal na kasulatan ay inilalarawan sa kawalan niya ng kakayahang patuloy na umunlad at maging tulad ng ating Ama sa Langit.

Dahil napakahalaga ng pisikal na katawan sa plano ng kaligayahan ng Ama at sa ating espirituwal na pag-unlad, hangad ni Lucifer na hadlangan ang ating pag-unlad sa pamamagitan ng pagtukso sa atin na gamitin sa mali ang ating katawan. Isa sa mga kabalintunaan ng kawalang-hanggan ay tayo ay inakit ng kaaway, na miserable dahil wala siyang pisikal na katawan, upang danasin din ang kanyang abang katayuan sa pamamagitan ng maling paggamit ng ating katawan. Sama-katuwid, ang kasangkapang wala sa kanya ang mismong puntirya ng mga pagtatangka niya na akitin tayo tungo sa espirituwal na kapahamakan.

Ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri ay napakabigat na kasalanan at maling paggamit ng ating pisikal na katawan. Sa mga nakaalam at nakauunawa sa plano ng kaligtasan, anumang maling paggamit ng katawan ay anyo ng paghihimagsik (tingnan sa Mosias 2:36–37; D at T 64:34–35) at pagtatwa sa tunay nating pagkatao bilang mga anak ng Diyos. Kapag tiningnan natin ang mortalidad pati na ang kawalang-hanggan, madaling mauunawaan na ang huwad na pagsasamang itinatangayod ng kaaway ay pansamantala at walang-saysay.

Ang mga Pagpapala ng Pagiging Malinis

Pinayuhan ni Alma ang kanyang anak na si Shilblon na “pigilin ang lahat ng [kanyang] silakbo ng damdamin, upang mapuspos [siya] ng pagmamahal” (Alma 38:12). Makabuluhang isipin na sa pagdisiplina sa likas na tao na nasa bawat isa sa atin ay maaari tayong magkaroon ng mas matindi, mas malalim, at mas walang maliw na pag-ibig sa Diyos at sa Kanyang mga anak. Ang pagmamahal ay nadaragdagan sa pamamagitan ng pagdidisiplina sa sarili at nababawasan sa walang pakundangang pagpapalayaw.

Sinabi ni Pangulong Marion G. Romney:

“Wala akong maisip na mga pagpapala na higit na nanaisin ng tao kaysa sa ipinangako sa dalisay at mabubuti.



Binanggit ni Jesus ang mga gantimpala para sa iba't ibang mabuting katangian ngunit inilaan ang pinakamalaking gantimpala, sa tingin ko, para sa mga dalisay ang puso, 'sapagka't,' sabi niya, 'makikita nila ang Dios' (Matt. 5:8). At hindi lamang nila makikita ang Panginoon, kundi mapapanatag sila sa kanyang piling.

"Narito . . . ang pangako ng Tagapagligtas: 'Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang hum-pay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos' (D at T 121:45)" ("Trust in the Lord," *Ensign*, Mayo 1979, 42).

Pinangkuan din tayo na, kapag tinahak natin ang landas ng kabanalan, "ang Espiritu Santo ang [ating] magiging kasama sa tuwina" (D at T 121:46). Dahil dito, ang pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay nagdudulot ng ilan sa pinakamalalaking pagpapala sa kalalakihan at kababaihan sa mortalidad: lubos na kumpiyansa sa espirituwalidad sa harap ng pamilya, mga kaibigan, mga kasamahan sa Simbahan, at, sa huli, sa harap ng Tagapagligtas. Ang kagustuhan nating mapabilang ay naisasakatuparan sa kabutihan habang lumalakad tayo sa liwanag nang may pag-asa.

Ang Alituntunin ng Pagsisisi

Ang ilan sa inyo na narining ang mensaheng ito ay kailangang

pagsisihan ang seksuwal na kasalanan o iba pang mga kasalanan. Ang Tagapagligtas ay kadalasang tinutukoy na Dakilang Tagapagpagaling, at ang titulong ito ay kapwa may simbolo at may literal na kahulugan. Lahat tayo ay nakaranas na ng sakit kapag nasusugatan ang ating katawan. Kapag nasasaktan tayo, karaniwang naghahanap tayo ng lunas at nagpapasalamat sa gamot na tumutulong para maibsan ang ating paghihirap. Isipin ang kasalanan bilang espirituwal na sugat na nagdudulot ng pagkabagabag ng konsiyensya o, gaya ng inilarawan ni Alma, "paggigiyagis ng budhi" (Alma 42:18). Ang nababagabag na budhi sa ating espiritu ang katumbas ng sakit na nadarama ng ating katawan—isang babala ng panganib at proteksyon mula sa karagdagang pinsala. Mula sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay dumadaloy ang lunas na nakapagpagaling sa ating mga espirituwal na sugat at nag-aalis ng pagkabagabag ng budhi. Gayunman, ang lunas na ito ay magagamit lamang sa pamamagitan ng mga alituntunin ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, at patuloy na pagsunod. Ang mga bunga ng taos-pusong pagsisisi ay kapayapaan ng budhi, kapanatagan, at paggaling sa espirituwal at panibagong sigla.

Ang inyong bishop o branch president ang espirituwal na katuwang

ng tagapagpagaling na awtorisadong tumulong sa inyo upang makapagsisi kayo at gumaling. Tandaan lamang sana, na ang lawak at tindi ng inyong pagsisisi ay dapat katumbas ng uri at bigat ng inyong mga kasalanan—lalo na sa mga Banal sa mga Huling Araw na saklaw ng sagradong tipan. Ang matitinding espirituwal na sugat ay nangangailangan ng patuloy na paggamot at panahon upang tuluyan at lubusang maghilom.

Isang Pangako at Patotoo

Ang doktrinang inilarawan ko ay maaaring isiping sinauna at makaluma ng maraming tao sa daigdig na lumalait sa kasagraduhan ng kapang-yarihang lumikha ng buhay at humahamak sa kahalagahan ng buhay ng tao. Ngunit ang katotohanan ng Panginoon ay hindi nababago ng kung ano ang nauuso, popular, o opinyon ng publiko. Ipinangako ko na ang pagsunod sa batas ng kalinisang-puri ay magdaragdag sa ating kaligayahan sa mortalidad at gagawin nitong posible ang ating pag-unlad sa kawalang-hanggan. Ang kalinisang-puri at kabanalan ay magiging "pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat ng bagay" (Moroni 9:9) ngayon, maging noon pa man, at magpakailanman. Pinatotohanan ko ito sa banal na pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Russell M. Nelson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Makibahagi sa Kasiglahan ng Gawain

Pinasasalamatan ko ang Diyos at Kanyang Anak, si Jesucristo, para sa Panunumbalik at ang kapangyarihan nito na lumikha ng kamangha-manghang paglaganap ng katotohanan at kabutihan sa buong mundo.


Mahal kong mga kapatid, nakikiisa ako kay Pangulong Thomas S. Monson at sa iba pa sa pagpuri sa mga tumugon sa panawagan ng propeta na magkaroon ng mas marami pang karapat-dapat na missionary. Ngayon ang di-matatawarang ibayong kasiglahan sa gawaing-misyonero ay lumalaganap na sa buong mundo. Mula nang ipaalam ang makasaysayang pahayag ni Pangulong Monson noong nakaraang Oktubre, libu-libong elder, sister, at mag-asawa na ang tinawag, at marami pa ang naghahanda.¹ Ngayon marami ang nagtatanong sa amin, “Ano ang gagawin ninyo sa lahat ng mga missionary na ito?” Simple lang ang sagot. Gagawin nila ang ginagawa ng mga missionary noon pa man. Ipapangal nila ang ebanghelyo! Pagpapalain nila ang mga anak ng Makapangyarihang Diyos!

Marami pa sa inyong mga kabataan ang makakabahagi sa kasiglahang ito habang nagsisikap kayong maging karapat-dapat na tawaging magmisyon. Nakikita ninyo ito bilang paglaganap ng katotohanan at kabutihan.

Nakikita ninyong ganap kayong bahagi ng pagpapalaganap na iyon.

Mga kabataan, sundin ang bago ninyong kurikulum at turuan ang isa’t isa ng doktrina ni Jesucristo. Ngayon ang panahon na maghandang turuan ang isa’t isa tungkol sa kabutihan ng Diyos.

Mga kabataan, laging mahalaga ang inyong edukasyon—sa amin, sa inyo,



at sa Diyos. Hangga’t maaari, kung gusto ninyong mag-aral sa kolehiyo o unibersidad *pagkatapos* ng inyong misyon, hinihikayat namin kayong mag-enrol sa gusto ninyong eskwelahan *bago* magmisyon. Maraming kolehiyo o unibersidad ang nagbibigay ng 18–30 buwang pansamantalang pagpapaliban ng pag-aaral sa mga magmisyon. Dahil dito makapaglilingkod kayo mga elder at sister nang hindi na inaalala pa kung saan kayo magkolehiyo pagkatapos ng misyon. Pinasasalamatan natin ang mga namumuno sa mga institusyong pang-edukasyon na nagpapalano nang ganito!

Kayong mga magulang, guro, at iba pa, nakikibahagi kayo sa kasiglahan kapag inihahanda ninyo ang mga bagong henerasyon na maging karapat-dapat magmisyon. Samantala, ang mabuti ninyong pamumuhay ay mapapansin ng mga kaibigan at kapitbahay ninyo. Maging handang sagutin ang sinumang magtatanong kung bakit mabuti kayong namumuhay. Paghandaang makapagbigay ng dahilan sa pag-asa at kagalakang nakikita nila sa inyo.² Kapag may mga ganyang tanong, maaari ninyong isagot: “Tanungin natin ang mga missionary! Matutulungan nila tayo! At kung gusto mo, sasamahan kita habang sinasagot at itinuturo ito sa iyo ng mga missionary.”

Mga nakatatanda, makibahagi sa pamamagitan ng pagtulong sa espirituwal, pisikal, at pinansyal na paghahanda ng mga magiging missionary. Ang pag-iipon ng pera ay bahagi na ng inyong paghahanda. Mga nakatatandang mag-asawa, planuhin ang araw na maaari na kayong magmisyon. Pasasalamatan namin nang lubos ang inyong paglilingkod. Bago sumapit iyon, marahil ilan sa inyo ay kaya pang magbigay ng pondo para sa General Missionary Fund, tulad nang iminungkahing muli ni Pangulong Monson kaninang umaga.³

Ang lumalaking bilang ng mga piniling kalalakihan at kanilang minamahal na kabiyak ay nakikibahagin rin kapag tinatawag silang mangulo sa mga misyon ng Simbahan. Sa paglilingkod na iyan, hinuhubog nila ang tadhana ng mga henerasyon



ng Pinakamakapangyarihang Diyos, ang pahayag na iyan ay nagpakilala sa batang si Joseph Smith sa Panginoong Jesucristo. Ang walong salitang iyon ay nagpasimula sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo. Bakit? Dahil ang ating buhay na Diyos ay mapagmahal na Diyos! Nais Niyang makilala ng Kanyang mga anak kung sino Siya at si Jesucristo, na Kanyang sinugo!⁹ At gusto Niyang magtamo ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ang Kanyang mga anak!¹⁰

Dahil sa maluwalhating layuning ito, itinuturo ng ating mga missionary ang Panunumbalik. Alam nila na mga 2,000 taon na ang nakalipas, itinatag ng Panginoon ang Kanyang Simbahan. Matapos ang Kanyang Pagkapako sa krus at ang kamatayan ng Kanyang mga Apostol, binago ng mga tao ang Simbahan at ang doktrina nito. At, sa paglipas ng maraming henerasyon ng espirituwal na kadiliman, tulad ng ipinropesiya ng mga naunang propeta,¹¹ ipinanumbalik ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ang Simbahan, ang doktrina nito, at ang awtoridad ng priesthood. Dahil sa Panunumbalik na iyan, ang kaalaman at mahahalagang ordenansa para sa kaligtasan at kadakilaan ay muling matatanggap ng lahat ng tao.¹² Sa huli, ang kadakilaang iyan ay magtutulot sa atin na manahan kasama ang ating pamilya sa kinaroroonan ng Diyos at ni Jesucristo magpakailanman!

Tuwing babanggitin ko ang Panunumbalik napupuspos ako ng galak. Ang tunay na pangyayaring ito ay talaga namang kagila-gilalas! Kamanghamangha! Makapigil-hininga! Gaano kagila-gilalas ito na pati ang mga sugo ng langit ay dumating upang bigyan ng awtoridad at kapangyarihan ang gawaing ito?

Ang ating Walang Hanggang Ama sa Langit at si Jesucristo ay maraming beses na nagpakita kay Propetang Joseph Smith.¹³ Sa tagubilin nila, dumating ang iba pang mga sugo ng langit, na bawat isa ay may partikular na layunin. Halimbawa:

- Inihayag ng anghel na si Moroni ang Aklat ni Mormon.¹⁴

na isinilang at hindi pa isinilang. Responsibilidad ng mga pangulo ng misyon ang kapakanan, kaligtasan, at tagumpay ng kanilang mga missionary. Matapos makipag-ugnayan sa mga stake at district president sa kanyang misyon, itinatalaga ng bawat mission president ang mga missionary na magligkod sa partikular na mga stake, ward, at branch.

Nakikibahagi ang mga stake president at bishop sa kasiglahan kapag nag-uukol sila ng mas maraming oras sa pag-interbyu ng mga magiging missionary. Ang mga lider ng priesthood na ito ang may hawak ng mga susi at responsibilidad sa gawaing misyonero sa kanilang mga unit, at hinihikayat ang mga miyembro na makibahagi.

Ang mga kapatid sa bawat ward council ay nagsisimula nang makibahagi sa kasiglahan ng gawain. Sa council na iyan ay naroon ang ward mission leader.⁴ Gusto kong magsalita lalung-lalo na sa inyo na mga ward mission leader. Tinawag kayo ng inyong mga bishop na pamunuan ang gawaing-misyonero sa ward. At ilan sa inyo ay napakaraming nagagawa kaya kinailangang tumawag ng assistant na tutulong sa inyo. Kasama ang iba pang miyembro ng ward council, inaalang ninyo kung sino ang hindi na gaanong aktibong mga miyembro, mga nag-iisang miyembro lang sa pamilya, at mga kapitbahay na interesadong maturuan. Regular kayong

nakikipagpulong sa mga full-time missionary. Pinapayuhan at tinutulungan ninyo ang mga missionary. Mangyaring tulungan sila na mapuno ang kanilang mga daily planner at bigyan sila ng oportunidad na magamit ang oras nila sa mahalagang pagtuturo. Ito ay responsibilidad ninyo. Napakahalaga ng papel ninyo sa ikatatagumpay ng gawaing ito. Kung makikibahagi kayo nang may pananampalataya at sigla, ganoon din ang gagawin ng iba. Kayo, bilang ward mission leader, ang nag-uugnay sa mga miyembro at missionary sa sagradong gawaing ito ng pagsagip sa mga anak ng Diyos.⁵

Ang mga nagtatanong na mga kaibigan at kapitbahay natin na hindi miyembro ay maaari ding makibahagi. Hinihikayat natin silang panatilihin ang lahat ng mabuti at totoo sa kanilang buhay. At inaanyayahan natin silang tumanggap pa, lalo na ng maluwalhating katotohanan na sa pamamagitan ng walang hanggang plano ng Diyos, maaaring magkasama nang walang hanggan ang pamilya.⁶

Ang kasiglahang ito sa kabutihan at katotohanan ay kamangha-mangha! *Hindi* ito gawa ng tao! Nagmula ito sa Panginoon, na nagsabi, “Aking mamedaliin ang aking gawain sa panahon nito.”⁷ Ang kasiglahang ito ay pinatindi pa ng sagradong pahayag 193 taon na ang nakalipas. Binubuo lang ito ng walong salita: “Ito ang Aking Pinakamamahaling na Anak. Pakinggan Siya!”⁸ Sinambit

- Ipinanumbalik ni Juan Bautista ang Aaronic Priesthood.¹⁵
- Ipinanumbalik nina Pedro, Santiago, at Juan ang Melchizedek Priesthood.¹⁶
- Ipinagkaloob ni Moises ang mga susi para sa pagtitipon ng Israel.¹⁷
- Ipinagkaloob ni Elias ang mga susi ng kaalaman tungkol kay Abraham.¹⁸
- Ipinanumbalik ni Elijah ang mga susi ng awtoridad para sa pagbubuklod.¹⁹

Bukod pa riyang, ang Panunumbalik ay nagdagdag sa kaalaman ng mga sinaunang Banal. Nagbigay ang Panginoon ng bagong aklat ng mga banal na kasulatan. Sa Banal na Biblia, idinagdag Niya ang Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo. Ito ay talaan ng mga propesiya at ministeryo ng nabuhay na mag-uling Panginoon sa mga tao sa sinaunang Amerika. Ipinaliliwanag nito ang dakilang plano ng kaligayahan ng Diyos²⁰—ang plano ng kaligtasan.²¹ Ang Aklat ni Mormon ay ganap na sumasang-ayon sa Biblia. Parehong pinatutunayan ng mga sagradong talang ito ang katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo

at ang kahalagahan ng Kanyang Pagbabayad-sala.²²

Ang Panunumbalik ang nagsasakatuparan ng maraming propesiya sa Biblia. Halimbawa, ipinropesiya ni Isaias na ang bahay ng Panginoon ay matatatag sa mga taluktok ng bundok.²³ Ang paglalakbay ng mga Mormon pioneer sa mga kabundukan ng kanluraning Amerika ay mahalagang pangyayari ng sakripisyo at pananampalataya na katuparan ng propesiya. Ipinropesiya rin ni Isaias na ang Diyos ay gagawa ng “isang kagilagilalas na gawa at kamanghamangha.”²⁴ Naisasakatuparan na iyan ngayon sa pamamagitan ng sagradong gawain ng ating lumalaking bilang ng mga missionary.

Ang turo ng Lumang Tipan tungkol sa ikapu ay naipinumbalik.²⁵ Bunga nito, napagpapala ang mas maraming pang nagbabayad ng ikapu dahil sa kanilang pagsunod. Ang mga tala tungkol kay Melquisedec ay ipinaliwanag ng mga banal na kasulatan ng Panunumbalik.²⁶ Ang mga propesiya na ang tungkod ng Jose (Ang Aklat ni Mormon) at ang tungkod ng Juda (ang Biblia) ay magiging isa sa mga kamay ng Diyos ay natupad na.²⁷

Ang Panunumbalik ay nagpaliwanag din ng mga tala sa Bagong

Tipan. Ang paliwanag nito tungkol sa binyag para sa mga patay ay mas nauunawaan na ngayon.²⁸ Ang mga ordenansa para sa ating mga namatay na ninuno ay isinasagawa na ngayon sa 141 templo sa iba’t ibang panig ng mundo! Wala nang ibang paraan para maibigay ang kaligtasan sa ating namatay na mga ninuno na hindi nakalam ng ebanghelyo!²⁹ Ang pangitain ni Juan na Tagapaghayag tungkol sa “ibang anghel na lumilipad sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa,” ay nagsabi ng magiging misyon ng anghel na si Moroni at ng Aklat ni Momon.³⁰

Ang Aklat ni Mormon ay mahalagang bahagi ng Panunumbalik. Ito ay isinulat, iningatan, at ipinasa sa ilalim ng patnubay ng Panginoon. Ito ay isinalin “sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.”³¹ Ang Doktrina at mga Tipan ay naglalaman ng karagdagang mga paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith. Sa pamamagitan niya, nakatanggap tayo ng mas maraming pahina ng mga banal na kasulatan kaysa sa natanggap natin sa iba pang mga propeta. Sa isang sandaling tila nagninilay-nilay siya, sinabi niya sa mga Banal sa Nauvoo, Illinois, “Kahit kailan hindi ko sinabi sa inyong perpekto ako; ngunit walang mali sa paghahayag na itinuturo ko.”³²

Ang mga miyembro at mga missionary ay magkakasamang inaanyayahan ang lahat na matuto tungkol sa Diyos, kay Jesucristo, at sa Kanyang ebanghelyo. Bawat taong nagtatanong ay dapat taimtim na maghanap at buong pusong ipagdasal na matanggap ang katiyakang totoo ang mga bagay na ito. Ang katotohanan ay ipapakita sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.³³

Pinasalamatan ko ang Diyos at Kanyang Anak, si Jesucristo, para sa Panunumbalik at ang kapangyarihan nito na lumikha ng kamanghamanghang paglaganap ng katotohanan at kabutihan sa buong mundo. Nawa’y makibahagi tayo sa gawaing ito at isakatuparan ang utos ng Panginoon na dalhin ang ebanghelyo sa “bawat



bansa, at lahi, at wika, at tao,”³⁴ ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2012, 4–5.
2. Tingnan sa I Ni Pedro 3:15.
3. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Kumperensya na Naman,” *Liahona*, Mayo 2011, 6.
4. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 5.1.
5. Nagpapasalamat kami sa mga Banal na tapat na nagsisikap para makapaglaan. Nagsisikap sila na maging mas banal. Hinahangad nila na “itatag [muna] ang kaharian ng Diyos, at pagtibayin ang kanyang katwiran” (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:38 [sa Mateo 6:33, footnote a]).
6. Tingnan sa “Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan,” *Mga Himno*, blg. 188; ang karagdagang paliwanag ay matatagpuan sa Doktrina at mga Tipan 132:7, 19.
7. Doktrina at mga Tipan 88:73.
8. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
9. Tingnan sa Juan 17:3.
10. Tingnan sa Moises 1:39.
11. Tingnan sa Mateo 17:11; Mga Gawa 3:20–21; Mga Taga Efeso 1:10; 2 Nephi 30:8; Doktrina at mga Tipan 132:40, 45.
12. Tingnan sa 3 Nephi 27:13–14, 21; Doktrina at mga Tipan 39:6; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4.
13. Tingnan sa Karl R. Anderson, *The Savior in Kirtland* (2012), 228–43.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 27:5; tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–34.
15. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:2–3; 27:12; 128:20; tingnan din sa Larry C. Porter, “Dating the Restoration of the Melchizedek Priesthood,” *Ensign*, Hunyo 1979, 4–10.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:11.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:12.
19. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 110:13–16.
20. Tingnan sa Alma 42, lalo na ang talata 8.
21. Tingnan, halimbawa ang Alma 12:28–30.
22. Tingnan, halimbawa ang I Mga Taga Corinto 15:22; Alma 34:9.
23. Tingnan sa Isaia 2:2.
24. Isaia 29:14.
25. Tingnan sa Genesis 14:18–20; Malakias 3:8–10; Doktrina at mga Tipan 119–20.
26. Tingnan sa Genesis 14:18; Mga Awit 110:4; tingnan din sa Alma 13:14–18; Doktrina at mga Tipan 84:14–22.
27. Tingnan sa Ezekiel 37:16, 19; Doktrina at mga Tipan 27:5.
28. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:29; Doktrina at mga Tipan 128.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 137:7; 138:31–34.
30. Apocalipsis 14:6; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 133:36–39.
31. Pahinang pamagat ng Aklat ni Mormon, isinulat ni Moroni; Doktrina at mga Tipan 135:3.
32. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 609–10.
33. Tingnan sa Moroni 10:4–5.
34. Apocalipsis 14:6; tingnan din sa 1 Nephi 19:17; Doktrina at mga Tipan 133:37.



Ni Elder Robert D. Hales

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Tumayo nang Hindi Natitinag sa mga Banal na Lugar

Sa pagsunod at pagiging matatag sa doktrina ng ating Diyos, tayo ay nakatayo sa mga banal na lugar, sapagka’t ang Kanyang doktrina ay sagrado at hindi magbabago.

Mga kapatid, karangalan ko na makasama ang mga mayhawak ng makaharing priesthood ng Diyos. Nabubuhay tayo sa mga huling araw, sa “mga panahong mapanganib.”¹ Bilang mga mayhawak ng priesthood, responsibilidad nating tumayo nang hindi natitinag na may kalasag ng pananampalataya laban sa nag-aapoy na sibat ng kaaway. Tayo ay mga halimbawang tinitingnan ng mundo, tagapagtanggol ng karapatan at kalayaang bigay ng Diyos na hindi maaaring agawin. Tayo ang pumoprotekta sa ating mga tahanan at pamilya.

Noong ako ay nasa ninth grade, umuwi ako galing sa unang laro ng varsity baseball team namin sa labas ng bayan. Nahiwatigan ng tatay ko na sa matagal na biyahe ko sa bus pauwi nakarinig at nakakita ako ng mga pananalita at asal na hindi ayon sa mga pamantayan ng ebanghelyo. Dahil

siya ay propesyonal na pintor, umupo siya at iginuhit niya ako ng larawan ng isang kabalyero—isang mandirigma na kayang magtanggol ng mga kastilyo at kaharian.

Habang gumuguhit siya at nagbasa mula sa mga banal na kasulatan, natutuhan ko kung paano maging matapat na priesthood leader—na pinuprotekahan at ipinaglalaman ang kaharian ng Diyos. Ang mga salita ni Apostol Pablo ang aking gabay:

“Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan [baluti] ng Dios, upang kayo’y mangakatagal sa araw na masama, at kung magawa ang lahat, ay *magsitibay*.”

“*Magsitibay* nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, na may sakbat na baluti ng katuwiran,

“At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;

“Bukod dito ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.

“At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Dios.”²

Mga kapatid, kung tayo ay matapat sa priesthood, ibibigay sa atin ang baluting ito bilang kaloob ng Diyos. Kailangan natin ang baluting ito!

Mga kabataang lalaki, hindi kailanman naranasan ng inyong mga ama at lolo na maharap sa mga taksong karaniwang kinakaharap ninyo. Nabubuhay kayo sa mga huling araw. Kung nais ng mga tatay ninyo na matukso noon, kailangan pa niyang lumabas at hanapin iyon. Hindi na ngayon! Ang tukso na ngayon ang naghahanap sa inyo! Tandaan ninyo iyan! Gusto ni Satanas na maangkin kayo, at “nag-aabang ang kasalanan sa pintuan.”³ Paano ninyo malalabanan ang kanyang agresibong taktika? Isuot ang buong baluti ng Diyos.

Hayaan ninyong turuan ko kayo mula sa isa pang karanasan ko sa buhay:

Noong Enero ng taong 1982, nagsalita ako sa debosyonal ng BYU campus sa Provo, Utah. Ipinaisip ko sa mga estudyante na kunwari ang Simbahan ay nasa kabilang panig ng podium, banda rito, at ang mundo ay nasa kabilang panig na isa o dalawang piye lang ang layo. Ipinapakita nito ang “napakaliit na agwat sa pagitan ng mga pamantayan ng mundo at ng mga pamantayan ng Simbahan” noong nasa kolehiyo pa ako. Pagkatapos, nang nagsalita ako sa harap ng mga estudyante 30 taon kalaunan, itinaas ko ang aking mga kamay sa parehong paraan at ipinaliwanag, “Napakalayo na ng mga pamantayan ng mundo; [lumayo na ito; hindi na ito makita:] umalis na ito, palabas sa [gusaling ito at lumaganap na sa iba’t ibang panig ng mundo]. . . . Ang dapat nating tandaan pati na ng ating mga anak at apo ay hindi magbabago ang Simbahan, [nandito pa rin ito; subalit] ang mundo ay patuloy na kikilos—palayo sa mga pamantayan ng Simbahan. . . . Kung gayon, magsipag-ingat na mabuti.



Kung ibabase ninyo ang inyong mga ikinikilos at ang mga pamantayan ng Simbahan sa pinatutunguhan ng mundo, matutuklasan ninyo na wala kayo sa dapat ninyong kalagayan.”⁴

Noong 1982 hindi ko pa naisip kung gaano kalayo at kabilis nalayo ang mundo mula sa Diyos; sa aspeto ng doktrina, alituntunin, at mga kautusan. Gayunman ang mga pamantayan ni Cristo at ng Kanyang Simbahan ay hindi natitinag. Tulad ng sabi Niya, “Ang katotohanan ay *mananatili* nang magpakailanman at walang katapusan.”⁵ Kapag nauunawaan at tinatanggap natin ito, handa tayong harapin ang pang-uudyok ng lipunan, pangungutya, at ang diskriminasyon

na magmumula sa mundo at sa ilang nagsasabing sila ay mga kaibigan natin.

Karamihan sa atin ay may kakilala na magsasabing, “Kung gusto mo akong maging kaibigan, dapat tanggapin mo ang mga pinahahalagahan ko.” Hindi hihilingin ng isang tunay na kaibigan na mamili tayo sa ebanghelyo o pakikipagkaibigan niya. Tulad nga ng sabi ni Pablo, “Lumayo ka rin naman sa mga ito.”⁶ Ang tunay na kaibigan ay hinihikayat tayo na manatili sa makipot at makitid na landas.

Ang pananatili sa landas ng ebanghelyo na kinapapalooban ng mga tipan, kautusan, at mga ordenansa ay nangangalaga at naghahanda sa atin

upang magawa ang gawain ng Diyos sa mundong ito. Kapag sinusunod natin ang Word of Wisdom, nakakaiwas tayo sa pagkalulong sa alak, droga, at sigarilyo. Kapag nagbabayad tayo ng ikapu, nagbabasa ng mga banal na kasulatan, nabinyagan at nakumpirma, namumuhay sa paraan na makakasama natin sa tuwina ang Espiritu Santo, nakikibahagi nang karapat-dapat sa sakramento, sumusunod sa batas ng kalinisang-puri, naghandanda sa pagtanggap ng Melchizedek Priesthood, at gumagawa ng mga sagradong tipan sa templo, tayo ay nakahandang maglingkod.

Sa templo inihahanda at nangangako tayong ipamuhay ang batas ng paglalaan. Ginagawa ng mararapat na kabataang lalaki ang batas na ito kapag hinahangad nilang magmisyon—ibinibigay ang ikapu ng mga unang taon ng kanilang buhay sa

paglilingkod sa Panginoon. Mas nahihikayat sila ng sakripisyong iyan na magpatuloy at kamtin ang pinakamataas na tipan sa buhay—para sa karamihan, ito ay ang mabuklod sa templo at magsimulang bumuo ng pamilyang pangwalang-hanggan.

Sa pagpapatuloy sa makipot at makitid na landas, nagdaragdag tayo ng espirituwal na lakas—lakas sa paggamit ng ating kalayaang kumilos para sa ating sarili. Para sa mga kabataang lalaki at babae, natutulungan ang pag-unlad na ito habang natututuhan ninyo ang doktrina at ibinabahagi ang inyong patotoo gamit ang bagong online curriculum na *Come, Follow Me*.

Dagdag pa riyon, gamitin ninyo ang kalayaan sa pagpili para mapaunlad ninyo mismo ang inyong sarili. Sa pagtuklas ninyo ng inyong mga ka-loob at talento, tandaan na may mga magulang at guro na tutulong sa inyo,

ngunit hayaan ninyong gabayan kayo ng Espiritu. Pumili at kumilos para sa inyong sarili. Kusang hikayatin ang sarili. Magplano sa buhay, mag-aral o matuto ng mga kasanayan para makapagtrabaho. Alamin pa ang inyong mga interes at kung saan kayo mahusay. Magtrabaho at huwag umasa sa iba. Magtakda ng mga mithiin, itama ang mga pagkakamali, magdagdag ng karanasan, at tapusin ang nasimulan.

Sa pagpapatuloy, tiyaking nakikibahagi kayo sa mga aktibidad sa pamilya, korum, klase at pinagsamang aktibidad sa Mutual. Sama-sama kayong magsaya. Sa pamamagitan ng mga karanasang ito matututuhan ninyong igalang at pahalagahan ang mga espirituwal na kaloob ng bawat isa, at ang mga katangiang pangwalang-hanggan ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos na tumutugma sa isa't isa.

Higit sa lahat, manampalataya sa Tagapagligtas! Huwag matakot! Kapag masigasig nating ipinamumuhay ang ebanghelyo, nagiging malakas tayo sa Panginoon. Sa Kanyang lakas, matatanggihan natin ang anti-Cristo na nagsasabing, “Magsikain, magsiinom, at magsipagsaya,” sapagkat ang Diyos ay “bibigyan ng katwiran ang paggawa [ninyo] ng kaunting kasalanan; . . . walang masama rito; . . . , sapagkat bukas tayo ay mamamatay”⁷ Sa lakas ng Panginoon hindi tayo mapapaniwala ng anumang pilosopiya o doktrina na nagtatatwa sa Tagapagligtas at sumasalungat sa dakila at walang hanggang plano ng kaligayahan para sa lahat ng anak ng Diyos.

Wala tayong karapatang ikompromiso ang mga kundisyon ng walang hanggang planong iyan. Gunitain ninyo si Nehemias, na inatasang magtayo ng kuta para protektahan ang Jerusalem. May ilang gusto siyang pababain at ilagay sa alanganin ang kanyang posisyon, ngunit tumutol si Nehemias. Hinayaan lamang niya sila; at kanyang ipinaliwanag, “Ako’y gumagawa ng dakilang gawain, na anopa’t hindi ako makababa: bakit ititigil ang gawain . . . ?”⁸

Kung minsan nagiging tampulan tayo ng pangungutya at pagtuligsa na



tinatanggap na lang natin dahil gusto nating ipamahay ang mga pamantayan ng Diyos at isagawa ang Kanyang gawain. Pinatotohanan ko na hindi tayo dapat matakot kung nakasalig tayo sa Kanyang doktrina. Maaaring hindi tayo maunawaan, o kaya'y pulaan, at pagbintangan, ngunit hindi tayo nag-iisa kailanman. Ang ating Tagapagligtas ay “hinamak at itinakuwil ng mga tao.”⁹ Sagradong pribilehiyo natin ang makasama Siya!

Kakatwa, na ang pagtayo nang hindi natitinag kung minsan ay pag-iwas at pagtakas pa nga sa mundo. Ipinahayag ng Tagapagligtas, “Lumagay ka sa likuran ko, Satanas.”¹⁰ Si Jose ng Egipto ay tumakbo palayo sa panunukso ng asawa ni Potiphar,¹¹ at nilisan ni Lehi ang Jerusalem at dinala ang kanyang pamilya sa ilang.¹²

Makatitiyak kayo na lahat ng mga propeta noon ay hindi natinag sa kani-lang panahon:

Ginawa ni Nephi ang kakaibang gawain ng Panginoon sa kabila ng mga pananakit ni Satanas at ng mga pag-uusig nina Laman at Lemuel, na kanyang mga kapatid.¹³

Pinatotohanan ni Abinadi si Cristo sa kabila ng pagdududa at panlalait ng iba, at tiyak na kamatayan.¹⁴

Ipinagtanggol ng 2,000 kabataang mandirigma ang kanilang mga pamilya laban sa mga nasusuklam sa mga pinahalalagahan ng ebanghelyo.¹⁵

Itinaas ni Moroni ang bandila ng kalayaan upang ipagtanggol ang mga pamilya ng kanyang mga tao at ang kalayaan sa relihiyon.¹⁶

Tumayo at hindi natinag si Samuel sa ibabaw ng pader at ipinropesiya ang pagparito ni Cristo, habang siya ay binabato at pinapana.¹⁷

Ipinanumbalik ni Propetang Joseph Smith ang ebanghelyo ng Tagapagligtas at tinatakan ang kanyang patotoo ng kanyang dugo.¹⁸

At ang mga Mormon pioneer ay hindi natinag sa harap ng matinding pag-uusig at paghihirap, at sumunod sa utos ng propeta na maglakbay at manirahan sa Kanluran.

Hindi natinag ang dakilang mga tagapaglingkod at mga Banal ng Diyos



na ito dahil kasama nila ang Tagapagligtas. Isipin kung paano nanatiling hindi natitinag ang Tagapagligtas:

Noong bata pa siya, matapat na ginawa ni Jesus ang gawain ng Kanyang Ama, itinuturo ang ebanghelyo sa matatalinong tao sa templo.¹⁹ Sa Kanyang buong ministryo, isinagawa Niya ang gawain ng priesthood—tinuturuan, ginagamot, pinaglilingkuran, at binabasbasan at tinutulungan ang iba. Kapag nararapat, matapang Niyang sinansala ang kasamaan, pati na ang pagtaboy sa mga lumapastangan sa templo.²⁰ At nanindigan Siya tuwina sa katotohanan—sa salita man o sa hindi pag-imik nang may dignidad. Nang Siya ay akusahan ng mga pangulong saserdote sa harap ni Caifas, matalino at matapang na tumanggap tumugon si Jesus laban sa kasinungalingan at nanatiling walang imik.²¹

Sa Halamanan ng Getsemani, hindi iniwasan ng Tagapagligtas ang mapait na saro ng Pagbabayad-sala.²² At sa krus nagdusa Siyang muli upang magawa ang kalooban ng Kanyang Ama, hanggang sa wakas ay nasabi na Niyang, “Naganap na.”²³ Siya ay nagtiis hanggang sa wakas. Bilang tugon sa ganap na pagsunod ng Tagapagligtas

sa pananatiling hindi natitinag, ipinahayag ng Ama sa Langit, “Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan.”²⁴

Mga minamahal kong kapatid sa priesthood bata man o matanda, ating luwalhatiin ang pangalan ng Diyos sa pamamagitan ng pananatiling hindi natitinag kasama ang ating Tagapagligtas, si Jesucristo. Ibinabahagi ko ang aking natatanging patotoo na Siya ay buhay at tayo ay “tinatawag sa banal na tungkulin”²⁵ upang makibahagi sa Kanyang gawain. “Dahil dito, tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag.”²⁶ Sa pagsunod at pagiging matatag sa doktrina ng ating Diyos, tayo ay nakatayo sa mga banal na lugar, sapagka’t ang Kanyang doktrina ay sagrado at hindi magbabago sa kabila ng pabagu-bagong paniniwala ngayon sa lipunan at pulitika. Inihahayag ko, tulad ni Apostol Pablo, “Magsipag-ingat kayo, mangagpakatibay kayo sa pananampalataya, kayo’y mangapakalalake, [at] kayo’y mangagpakalakas.”²⁷ Ito ang taimtim kong dalangin para sa inyo sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. II Kay Timoteo 3:1.
2. Mga Taga Efeso 6:13–17; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Moises 5:23.
4. Robert D. Hales, “This Is the Way; and There Is None Other Way,” sa *Brigham Young University 1981–82 Speeches* (1982); 3–4; makukuha sa speeches.byu.edu.
5. Doktrina at mga Tipan 1:39; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. II Kay Timoteo 3:5.
7. 2 Nephi 28:8.
8. Nehemias 6:3.
9. Isaias 53:3; Mosias 14:3.
10. Mateo 16:23.
11. Tingnan sa Genesis 39:7–12.
12. Tingnan sa 1 Nephi 2.
13. Tingnan, halimbawa, ang 1 Nephi 18.
14. Tingnan sa Mosias 11–17.
15. Tingnan sa Alma 53:56–58.
16. Tingnan sa Alma 46:11–13.
17. Tingnan sa Helaman 13–16.
18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 135.
19. Tingnan sa Lucas 2:46–49.
20. Tingnan sa Mateo 21:12–13.
21. Tingnan sa Mateo 26:57, 59–63.
22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 19:16–19.
23. Juan 19:30.
24. 3 Nephi 11:7.
25. Alma 13:3; Tingnan din sa II Kay Timoteo 1:9.
26. Doktrina at mga Tipan 87:8.
27. I Mga Taga Corinto 16:13.



Ni Elder Tad R. Callister
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Ang Kapangyarihan ng Priesthood na Taglay ng Binatilyo


Ang priesthood na taglay ng binatilyo ay kasingbisa ng kapangyarihan ng priesthood na taglay ng lalaking gumagamit nito sa kabutihan.

Noong 1878 ang aking lolo-satuhod na si George F. Richards ay 17 taong gulang. Tulad ng nangyayari kung minsan sa panahong iyon, naorden na siyang elder. Isang araw ng Linggo dumaing ang kanyang ina sa matinding sakit. Dahil wala ang kanyang ama, hinilingan ang bishop at iba pa na basbasan ang kanyang ina, ngunit hindi ito naginhawahan. Sa gayo’y binalingan nito ang anak na si George at hiniling na basbasan siya nito. Isinulat niya sa kanyang diary, “Sa gitna ng pagluha ko sa paghihirap ng aking ina at sa atas na basbasan siya na hindi ko pa nagawa kahit kailan, nagtungo ako sa ibang silid at umiyak at nanalangin doon.”

Nang handa na siya, ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa kanyang ina at binigyan ito ng napakasimpleng basbas. Kalaunan ay isinulat niya, “Tumigil sa pagdaing ang aking ina at naginhawahan habang nakapatong pa ang mga kamay ko sa ulo niya.” Pagkatapos ay isinulat niya sa kanyang diary

ang napakagandang obserbasyong ito. Noon pa man daw ay nadama na niya na hindi naginhawahan ang kanyang ina sa basbas ng bishop hindi dahil ayaw kilalanin ng Panginoon ang basbas ng bishop kundi dahil nais ng Panginoon na isang binatilyo ang magbasbas, para ituro sa kanya na ang priesthood na taglay ng binatilyo ay kasingbisa ng kapangyarihan ng priesthood na taglay ng lalaking gumagamit nito sa kabutihan.

Ngayong gabi gusto kong magsalita tungkol sa kapangyarihang iyan. Kahit tutukoy ako sa mga deacons quorum president, ang mga alituntuning



Espirituwalidad at Pamumuno

tatalakayin ay angkop sa lahat ng kabataan ng Aaronic Priesthood at sa kanilang mga lider, pati na sa ating mga teachers quorum president at assistant sa priest quorum president.

Noong mission president pa ako, napansin ko na may malaking paglago sa espirituwalidad at kakayahang mamuno ng mga kabataang lalaki habang nasa misyon sila. Kung matatantiya lang natin ang lebel ng mga katangiang ito habang nasa Aaronic Priesthood at misyon pa sila, siguro’y katulad ito ng asul na linyang nakikita ninyo sa graph na ito. Naiisip ko ang tatlong bagay na may kaugnayan sa malaking pag-unlad nila habang nasa misyon: (1) higit ang tiwala natin sa mga binatilyong ito kaysa rati, (2) malaki ang inaasahan natin sa kanila ngunit buong pagmamahal tayong umaasa, at (3) sinasanay natin sila palagi para buong husay nilang maisakaparan ang mga inaasahang iyon.

Maitatanong ng isang tao, “Bakit hindi natin gamitin ang mga alituntuning ito sa mga deacons quorum president?” Kung gagawin ito, marahil ay mas maagang magsisimula ang paglago at magiging gaya ng berdeng linya na nasa graph. Gusto kong talakayin sandali kung paano maiaangkop ang mga alituntuning ito sa deacons quorum president.

Una—tiwala. Maaari nating pagkatiwalaan ng malaking responsibilidad ang mga deacons quorum president. Ginagawa iyan ng Panginoon—tulad halimbawa ng kahandaan Niyang bigyan sila ng mga susi, ibig sabihin ang karapatang mamuno at mangasiwa sa gawain sa kanilang korum. Bilang katibayan ng tiwalang ito, tumatawag tayo ng mga deacons quorum president sa pamamagitan ng paghahayag, hindi lamang ayon sa senyoridad o anumang katulad nito. Bawat lider sa Simbahang ito, pati na ang deacons quorum president, ay may karapatang malaman, at dapat malaman, na siya ay natawag sa pamamagitan ng paghahayag. Ang katiyakang ito ay ipinaalam sa kanya na ang Diyos ay may tiwala at sumasang-ayon sa kanya.

Ang ikalawa at ikatlong katangian ay magkaugnay—ang malalaking

inaasahan at ang kaugnay na pagsasanay para magampanan ang mga ito. Natuto ako ng malaking aral sa misyon: karaniwan na ang pagsusumikap ng mga missionary ay nakadepende sa laki ng inaasahan sa kanila ng mission president, at gayon din sa mga deacons quorum president. Kung ang inaasahan sa kanila ay mangasiwa lang sa mga quorum meeting at dumalo sa mga bishopric youth committee meeting, iyan lang ang gagawin nila. Ngunit kayong mga lider ay mabibigyan sila ng mas malawak na pananaw—ang pananaw ng Panginoon. At bakit napakahalaga ng pananaw? Dahil ang mas malawak na pananaw ay higit na nakahihikayat.

Kasama sa bawat katungkulan sa Simbahang ito ang karapatang tumanggap ng paghahayag. Dahil dito, kailangang malaman ng mga deacons quorum president na karapatan nilang tumanggap ng paghahayag para magrekomenda ng kanilang mga counselor, paghahayag hinggil sa pagsagip sa nawawala, at paghahayag para maituro sa mga miyembro ng korum ang kanilang mga tungkulin.

Ang isang matalinong lider ay ituturo sa deacons quorum president ang mga alituntuning iyon na makakatulong sa pagtanggap ng paghahayag. Maaari niyang ituro ang malinaw na pangako ng Panginoon: “Kung kayo ay hihingi, kayo ay makatatanggap ng paghahayag sa paghahayag” (D at T 42:61). Ang Panginoon ay laging handang magbigay ng paghahayag. Hindi nga ba’t pinaalalahanan Niya sina Joseph Smith at Oliver Cowdery na, “Sa tuwing magtatanong ka ikaw ay makatatanggap ng tagubilin mula sa aking Espiritu” (D at T 6:14)? At mangyayari din iyan sa inyo mga deacons quorum president. Mahal kayo ng Panginoon at nais niyang ihayag sa inyo ang Kanyang isipan at kalooban. Maiisip ba ninyo na may problema ang Panginoon na hindi Niya kayang lutasin? Ako’y hindi. Dahil karapatan ninyong tumanggap ng paghahayag, matutulungan Niya kayong lutasin ang bawat problema ninyo bilang pangulo ng inyong korum kung hihingi lang kayo ng tulong sa Kanya.



Kayong mabubuting lider, ituro ninyo sa deacons quorum president na ito na ang paghahayag ay hindi panghalili sa kasipagan at personal na pagsisikap. Minsa’y tinanong ni Pangulong Henry B. Eyring si Pangulong Harold B. Lee, “Paano ako makatatanggap ng paghahayag?” Sumagot si Pangulong Lee, “Kung nais mong makatanggap ng paghahayag, pagsikap mo ito.”¹ Maaaring talakayin ng matalinong lider sa kanyang deacons quorum president ang ilan sa mga espirituwal na pagsisikap na dapat niyang gawin sa paghahandang magrekomenda ng kanyang mga counselor. Maaaring kailanganin niyang magtanong at sagutin ang mga tanong na tulad ng: Sino ang magandang halimbawang makahihikayat sa ibang mga bata? O sino ang sensitibo sa mga pangangailangan ng mga taong may matitinding hamon?

At sa huli maaaring ituro sa kanya ng matalinong lider kung paano mahiwatigan ang paghahayag at kumilos ayon dito kapag natanggap ito. Nabubuhay tayo sa isang mundong puno ng mabilis at nakasasabik na mga pangyayari kung saan usung-uso ang nakasisilaw na liwanag at malalakas na ingay. Ngunit kailangang malaman ng binatilyong ito na ito ang paraan ng mundo, hindi ng Panginoon. Isinilang ang Tagapagligtas sa isang lugar na halos walang nakakakilala sa Kanya; ginampanan Niya ang pinakadakilang at walang-katulad na gawain sa lahat ng panahon sa katahimikan ng isang halaman; at tinanggap ni

Joseph ang kanyang Unang Pangitain sa isang liblib ng kakahuyan. Ang mga sagot ng Diyos ay dumarating sa marahan at banayad na tinig—damdamin ng kapayapaan o kapanatagan, mga paramdam na gumawa ng kabutihan, kaliwanagan—kung minsa’y sa mumunting ideya, na kung pagpipitaganan at pangangalagaan ay lalagong tulad ng pinakamalalaking puno sa daigdig. Kung minsan ang mga paramdam o ideyang ito ay maaari pang magtulak sa inyo na mga deacons quorum president na irekomenda bilang counselor o bigyan ng tungkulin ang isang binatilyo na kasalukuyang di-gaanong aktibo.

Bilang stake presidency, ilang taon na ang nakararaan, nadama naming tawagin ang isang butihing lalaki bilang stake clerk. Pansamantala siyang nahirapan noon na dumalo palagi sa Simbahan. Gayunman alam namin na kung tatanggapin niya ang tungkulin, malaki ang magagawa niya.

Tinawag namin siya sa tungkulin, ngunit ang sagot niya’y, “Hindi po, palagay ko hindi ko kayang gawin iyan.”

Pagkatapos ay dumating ang isang paramdam. Sabi ko, “Kung gayon, palagay ko hindi magkakaroon ng clerk ang Glendale stake.”

Natitigilan, sinabi niya, “Ano po’ng ibig ninyong sabihin? Kailangan ninyo ng stake clerk.”

Sumagot ako, “Gusto mo bang tumawag kami ngayon ng ibang maglingkod bilang stake clerk samantalang ipinaramdam sa amin ng Panginoon na ikaw ang tawagin?”



“Ok,” sabi niya, “tatanggapin ko.”

At ginampanan nga niya iyon.

Hindi lamang maraming kalalakihan kundi maraming kabataang lalaki rin ang tutugon sa tawag kapag alam nila na tinatawag sila ng Panginoon at kailangan sila ng Panginoon.

Pagkatapos ay maipapaalam ninyo sa deacons quorum president na ito na ang isa sa mga inaasahan sa kanya ng Panginoon ay sagipin ang nawawala, kapwa ang di-gaanong aktibo at ang hindi miyembro. Ipinahayag ng Panginoon ang Kanyang pinakamahalagang misyon sa ganitong mga kataga: “Sapagka’t ang Anak ng tao ay naparito upang ilitas ang nawala” (Mateo 18:11). Kung prayoridad ng Tagapagligtas na sagipin ang nawawala, kung prayoridad iyon ni Pangu-long Monson, tulad ng makikita sa buong buhay niya, hindi ba dapat din itong maging prayoridad ng bawat lider, bawat deacons quorum president sa Simbahang ito? Ang dapat maging pangunahing tuon ng ating pamumuno, bilang pangunahing bahagi ng ating paglilingkod, ay ang masigla, matindi, at walang humpay na determinasyong hanapin ang nawawala at ibalik sila.

Sabi ng isang binatilyong binisita ng mga miyembro ng kanyang korum: “Nagulat ako kanina nang . . . biglang dumating ang 30 tao sa bahay namin. . . . Gusto ko na yatang magsimba ngayon.” Paano matatanggihan ng

isang kabataan ang pagmamahal at atensyong katulad niyon?

Natutuwa ako kapag nakakarinig ako ng maraming kuwento tungkol sa mga deacons quorum president na nakaunawa sa pananaw at paminsan-minsa’y nagtuturo ng lahat o ilang bahagi ng mga aralin sa mga quorum meeting nila. Ilang linggo na ang nakararaan dumalo ako sa isang klase ng deacons quorum. Isang 12-taong-gulang na batang lalaki ang nagturo nang 25-minuto tungkol sa Pagbabayad-sala. Nagsimula siya sa pagtatanong sa mga kapwa niya deacon kung ano sa palagay nila ang Pagbabayad-sala. Pagkatapos ay nagbahagi siya ng ilang makabuluhang talata sa banal na kasulatan at nagtanong ng magagandang bagay, na sinagot naman nila. Gayunman, nang malaman niya na marami pang matitirang oras pagkatapos ng aralin, hindi siya nasiraan ng loob at marahil ay naturuan ng kanyang ama na itanong sa mga lider na naroon ang mga itinanong sa kanila tungkol sa Pagbabayad-sala noong nasa misyon sila at ang mga isinagot nila rito. At saka siya nagtapos sa kanyang patotoo. Nakinig ako nang may pagkamangha. Naisip ko, “Wala akong maalala na nag-ambag ako ng mahalagang bahagi sa aralin noong miyembro ako ng Aaronic Priesthood.” Maitataas pa natin ang pamantayan at pananaw para sa mga binatilyog ito, at tutugon sila.

Kayong mga lider, higit ninyong mapapasigla ang mga deacons quorum president na ito kapag hinayaan ninyo silang mamuno. Nagampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin hindi kapag nagbigay kayo ng magandang aral kundi kapag tinulungan ninyo silang magturo ng magandang aralin, hindi kapag sinagip ninyo ang isang tao kundi kapag tinulungan ninyo silang gawin ito.

May lumang sawikain: huwag kayong mamamatay hangga’t hindi ninyo naaabot ang inyong potensyal. Sa gayon ding paraan, sasabihin ko sa inyo, mga adult leader, huwag kayong pa-release hangga’t hindi ninyo naaabot ang inyong potensyal. Turuan ang ating mga kabataan sa bawat pagkakataon; turuan sila kung paano maghanda ng agenda, paano mangasiwa sa mga miting nang may dangal at kabaitan, paano sagipin ang nawawala, paano maghanda at magbigay ng magandang aralin, at paano tumanggap ng paghahayag. Ito ang magiging panukat ng inyong tagumpay—ang pamana ng pamumuno at espirituwalidad na iiwanan ninyong nakakintal sa puso’t isipan ng mga binatilyong ito.

Kung gagampanan ninyong mabuti ang inyong tungkulin, mga deacons quorum president, kayo ay magiging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos kahit ngayon, sapagkat ang priesthood na taglay ng binatilyo ay kasingbisa ng kapangyarihan ng priesthood na taglay ng lalaking gumagamit nito sa kabutihan. Pagkatapos kapag gumawa kayo ng mga tipan sa templo at naging mga missionary at lider ng Simbahang ito sa hinaharap, malalaman ninyo kung paano tumanggap ng paghahayag, sagipin ang nawawala, at ituro ang doktrina ng kaharian nang may kapangyarihan at awtoridad. Sa gayo’y magiging mga kabataan kayo na may marangal na pangako. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, na Tagapagligtas at Manunubos ng mundo, amen. ■

MGA TALA

1. Sa Henry B. Eyring, “Waiting upon the Lord,” sa *Brigham Young University 1990–91 Devotional and Fireside Speeches* (1991), 17.



Ni David L. Beck
Young Men General President

Ang Inyong Sagradong Tungkuling Maglingkod

Tinanggap ninyo ang kapangyarihan, awtoridad, at sagradong tungkuling maglingkod nang iorden kayo sa priesthood.

Ang Galak sa Paglilingkod

Mga kabataang lalaki ng Aaronic Priesthood, kayo ay pinakamamahal na mga anak ng Diyos, at may dakilang gawain siyang ipagagawa sa inyo. Para maisakatuparan ang gawain ito, kailangan ninyong gampanan ang inyong sagradong tungkuling maglingkod sa iba.¹

Alam ba ninyo ang ibig sabihin ng maglingkod? Pag-isipan ang tanong na ito habang ikinukuwento ko sa inyo ang batang babaeng si Chy Johnson.

Nang magsimula si Chy sa high school noong isang taon, naging biktima siya ng malupit at walang-awang pang-aapi. Siya ay minaltrato, ipinagtulakan, at pinagtutuya habang naglalakad papasok sa klase—binato pa siya ng basura ng ilang estudyante. Marahil ay nakakita na rin kayo ng mga taong minaltrato nang ganito sa eskuwela ninyo.

Para sa napakaraming tao, ang pagka-tinedyer ay panahon ng kalungkutan at takot. Hindi iyon kailangang maging gayon. Mapalad si Chy at may mga kabataang lalaki sa eskuwela nila

na nauunawaan ang ibig sabihin ng maglingkod.

Pinakiusapan ng ina ni Chy ang mga guro sa eskuwela na patigilin ang mga nananakot sa anak niya, ngunit nagpatuloy ito. Sa gayon ay kinausap nito si Carson Jones, isang mayhawak ng Aaronic Priesthood at starting quarterback ng football team. Nagpatulong siya ritong alamin kung sino ang nang-aapi.



Pumayag si Carson na tumulong, ngunit nadama niya na may iba pa siyang magagawa kaysa tukuyin lang ang mga nang-aapi. Ibinulong sa kanya ng Espiritu na kailangan niyang ipadama kay Chy na may nagmamahal sa kanya.

Pinakiusapan ni Carson ang ilan sa kanyang mga teammate na sumama sa kanya sa paglilingkod kay Chy. Inanyayahan nila itong sabayan silang mananghalian. Inihatid nila ito sa klase para tiyakin na ligtas siya. Dahil mga manlalaro ng football ang matatalik niyang kaibigan, hindi nakakagulat na wala nang nang-api kay Chy.

Nakakatuwang panahon ito para sa football team. Ngunit kahit nakakatuwa na wala silang talo, hindi nalimutan ng mga kabataang ito si Chy. Inanyayahan nila itong sumama sa team sa field pagkatapos ng mga laro. Nadama ni Chy na may nagmamahal at nagpapahalaga sa kanya. Nadama niyang ligtas siya. Masaya siya.

Nagpatuloy ang football team at nanalo sila sa kampeonato. Ngunit may nangyari sa eskuwela nila na mas mahalaga kaysa sa kampeonato sa football. Ang halimbawa ng mga kabataang ito ay naghikayat sa iba pang mga estudyante na maging mas mabait, mas palakaibigan. Ngayon ay mas mabait at magalang na sila sa isa't isa.

Natuklasan ng national news media ang nagawa ng mga kabataang ito at ibinahagi ang kuwento tungkol sa kanila sa buong bansa. Ang pagsisikap na nagsimula sa paglilingkod sa isang tao ay nagbigay-inspirasyon sa libu-libong iba pa na gawin din ang gayon.

Ang tawag ng ina ni Chy sa mga kabataang ito ay “mga anghel na nakabalatkayo.” Mabilis si Carson at ang kanyang mga kaibigan sa pagsasabi na napagpala ni Chy ang kanilang buhay nang higit kaysa napagpala nila ang buhay nito. Iyan ang nangyayari kapag kinalimutan ninyo ang inyong sarili sa paglilingkod sa iba—natatagpuan ninyo ang inyong sarili.² Nagbabago kayo at lumalago sa mga paraang imposible kapag hindi ninyo ito ginawa. Nagalak ang mga kabataang ito sa paglilingkod at patuloy



silang naghahanap ng mga pagkatakataong mapagpala ang iba. Sabik silang maglingkod sa darating na mga buwan kapag naging mga full-time missionary na sila.³

Isang Pangangailangan at Isang Tungkulin

Libu-libo ang Chy Johnson sa buong mundo—mga taong kailangang madama ang pagmamahal ng Ama sa Langit. Sila ay nasa inyong mga eskuwela, sa inyong mga korum, at maging sa inyong pamilya. Agad maaalala ang ilan. Ang iba ay may mga pangangailangang di-gaanong halata. Talagang lahat ng kilala ninyo ay mapagpapala kahit paano ng inyong paglilingkod. Umaasa ang Panginoon na tutulungan ninyo sila.

Hindi ninyo kailangang maging tanyag na atleta para makapaglingkod sa iba. Tinanggap ninyo ang kapangyarihan, awtoridad, at sagra-dong tungkuling maglingkod nang iorden kayo sa priesthood. Itinuro

ni Pangulong James E. Faust, “Ang priesthood ay awtoridad na ibinigay sa tao para *maglingkod* sa ngalan ng Panginoon.”⁴ Hawak ng Atonic Priesthood ang mga susi ng paglilingkod ng mga anghel.⁵

Kapag minahal ninyo ang Kanyang mga anak, gagabayan kayo ng Ama sa Langit at tutulungan kayo ng mga anghel.⁶ Bibigyan kayo ng kapangyarihang magpala ng mga buhay at sumagip ng mga kaluluwa.

Si Jesucristo ang inyong halimbawa. Siya ay “hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod.”⁷ Ang ibig sabihin ng maglingkod ay magmahal at magmalasakit sa iba. Ibig sabihin ay tugunan ang kanilang piskal at espirituwal na mga pangangailangan. Sa madaling salita, ibig sabihin ay gawin ang gagawin ng Tagapagligtas kung Siya ay narito.

Ang Inyong Pamilya

Magsimula sa sarili ninyong tahanan. Dito ninyo magagawa

ang pinakamahalaga ninyong paglilingkod.⁸

Gusto ba ninyong subukan ang isang nakakaaliw na eksperimento? Sa susunod na magpatulong ang inyong ina sa gawaing-bahay, sabihin ninyong, “Salamat po sa pagpapatulong ninyo, Inay. Gusto ko pong makatulong.” Pagkatapos ay masdan ang kanyang reaksyon. Gugustuhin siguro ng ilan sa inyo na mag-aral ulit ng first aid bago ninyo ito subukan. Baka mabigla siya sa inyo. Kapag naibalik na ninyo ang malay niya, mapapansin ninyo na gumanda ang inyong pagtitinginan at nag-ibayo ang Espiritu sa inyong tahanan.

Isang paraan lang iyan ng paglilingkod sa inyong pamilya; marami pang iba. Naglilingkod kayo kapag nagsalita kayo ng maganda sa mga kapamilya. Naglilingkod kayo kapag itinuring ninyong matatalik na kaibigan ang inyong mga kapatid.

Marahil ang pinakamahalaga, naglilingkod kayo kapag tinulungan ninyo ang inyong ama sa kanyang mga tungkulin bilang espirituwal na pinuno sa inyong tahanan. Ibigay ang inyong buong suporta at panghihikayat sa family home evening at sa panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Gawin ang inyong bahagi para matiyak na nasa tahanan ninyo ang Espiritu. Palalakasin nito ang inyong ama sa kanyang tungkulin at ihahanda kayo sa pagiging ama balang araw. Kung walang isang ama sa inyong tahanan, ang responsibilidad ninyong maglingkod sa inyong pamilya ay mas kailangan pa.

Ang Inyong Korum

May tungkulin din kayong maglingkod sa inyong korum.

Ang priesthood ay umuunlad sa buong mundo. Marami sa inyo ang sumusunod sa panawagan ni Pangulong Monson na sumagip. Mas maraming aktibong mayhawak ng Atonic Priesthood ngayon kaysa rati sa kasaysayan ng Simbahan. Subalit mayroon pang mga hindi aktibo na nangangailangan sa inyo.

Noong Hunyo, nang likhain ang isang bagong branch sa Bangalore,

India, ang tanging binatilyo sa miting ng priesthood ay si Gladwin na inorden kamakailan bilang deacon.

Sinimulang tawagan ni Gladwin, sa tulong ng Young Men president at branch president, ang di-gaanong aktibong mga binatilyo at binisita ang mga ito sa bahay. Hindi naglaon at isa pang binatilyo, si Samuel, ang nagsimbang muli.

Linggu-linggong tinawagan nina Gladwin at Samuel ang mga hindi nakadalo sa miting ng korum at ibinahagi sa mga ito ang kanilang natutuhan. Tinawagan o binisita rin nila ang mga ito sa kaarawan nila. Isa-isang naging kaibigan nila ang di-gaanong aktibong mga binatilyo at nagsimulang tanggapin ng mga ito ang mga imbitasyong dumalo sa mga aktibidad at miting ng korum, at kalaunan ay gumawa ng sarili nilang paglilingkod. Ngayon, lahat ng binatilyo sa branch ay aktibo na sa Simbahan.

Itinuturo sa mga banal na kasulatan na ang mga korum ng Aaronic Priesthood ay uupo sa kapulungan at patitibayin—o patataginan at palalaksin—ang isa't isa.⁹ Nagpapatibay kayo kapag nagturo kayo ng mga katothanan ng ebanghelyo, nagbahagi ng mga espirituwal na karanasan, at nagpatotoo. Hinihikayat ng kurikulum ng mga kabataan ang ganitong mga uri ng pagtutulungan sa mga miting

ng korum, ngunit mangyayari lamang ito kapag nadama ng bawat miyembro ng korum na siya ay minamahal at iginagalang. Ang tudyuan at tuksuhan ay hindi dapat mangyari sa miting ng korum—lalo na kapag hayagan silang nagbahagi ng damdamin. Dapat manguna ang mga quorum presidency sa pagtiyak na ang mga miting ng korum ay isang ligtas na lugar para makibahagi ang lahat.

Nagbabala si Apostol Pablo, “Anomang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuting ikatitibay ayon sa pangangailangan, upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig.”¹⁰

Ang mga mayhawak ng priesthood ay hindi nagsasalita ng mahalay o masama kailanman. Hindi nila hinahamak o sinasaktan ang iba kailanman. Lagi nilang pinatitibay at pinalalakas ang iba. Simple ngunit mabisang paraan ito ng paglilingkod.

Sa Lahat ng Oras

Ang paglilingkod ay hindi lamang sa mga ordenansa o home teaching visit o paminsan-minsang mga proyektong pangserbisyo. Palagi tayong mga lalaking may priesthood—hindi lamang tuwing Linggo at hindi lamang kapag nakaputing polo tayo at kurbata. Tungkulin nating maglilingkod saanman tayo naroon. Ang

paglilingkod ay hindi lamang isang bagay na ginagawa natin—inilalarawan nito kung sino tayo.

Maglilingkod araw-araw. Nasa buong paligid ninyo ang mga pagkakataon. Hanapin ang mga ito. Magpatulong sa Panginoon na makita ang mga ito. Malalaman ninyo na karamihan ay maliliit at tapat na mga gawain ang tumutulong sa iba na maging mga tagasunod ni Jesucristo.¹¹

Kapag sinikap ninyong maging karapat-dapat sa Espiritu, magkakaroon kayo ng mga ideya at damdaming naghihikayat sa inyo na maglilingkod. Kapag kumilos kayo ayon sa mga panghihikayat na ito, tatanggap kayo ng iba pang mga panghihikayat, at ang mga pagkakataon at kakayahan ninyong maglilingkod ay dadami at lalawak.

Mga kapatid kong kabataan, pinatotohanan ko na kayo ay pinagkaloban ng awtoridad at kapangyarihan ng maringal na Aaronic Priesthood na maglilingkod sa ngalan ng Diyos.

Pinatotohanan ko na kapag ginawa ninyo ito, kayo ay magiging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos para tulungan ang iba. Ang inyong buhay ay magiging mas sagana at mas makabuluhan. Higit kayong lalakas na labanan ang kasamaan. Masumpungan ninyo ang tunay na kaligayahan—ang uring tanging matatapat na tagasunod ni Jesucristo ang nakaalam.

Nawa'y magalak kayo sa pagganap sa inyong sagradong tungkuling maglilingkod, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:111.
2. Tingnan sa Marcos 8:35.
3. Tingnan sa Trent Toone, “Kindness of Arizona High School QB Carson Jones and Teammates Has Gone Viral,” *Deseret News*, Nob. 9, 2012, deseretnews.com/article/865566351/Kindness-of-Arizona-high-school-QB-Carson-Jones-and-teammates-has-gone-viral.html.
4. James E. Faust, “Mensahe sa Aking mga Apóng Lalaki,” *Liahona*, Mayo 2007, 54; idinagdag ang pagbibigay-diin.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13:1.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:88.
7. Tingnan sa Mateo 20:27–28.
8. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.4.5.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:85.
10. Mga Taga Efeso 4:29.
11. Tingnan sa *Handbook 2*, 3.2.3.





Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Apat na Titulo

Ngayon gusto kong magmungkahi ng apat na . . . titulong maaaring makatulong sa atin na maunawaan ang ating mga tungkulin sa walang-hanggang plano ng Diyos at ang ating potensyal bilang mga mayhawak ng priesthood.

Mahal kong mga kapatid at kaibigan, puspos ng pasasalamat at galak ang puso ko na makasama kayo. Pinupuri ko kayong mga ama at lolo na nagsama ng inyong mga anak at apo. Binabati ko kayong mga kabataang lalaki na nagpasiyang pumunta rito ngayon. Dito kayo nararapat. Sana'y madama ninyo ang kapatirang nagbibigkis sa atin, at dalangin ko na dito, sa piling ng inyong mga kapatid, ay madarama ninyong kayo ay kabilang, sinusuportahan, at may kaibigan.

Tayong mga kalalakihan kung minsan ay tinutukoy ang ating sarili sa mga titulo. Maraming titulo ang marami sa atin, at bawat isa ay mahalaga ang sinasabi tungkol sa ating pagkatao. Halimbawa, may ilang titulong naglalarawan ng mga tungkulin natin sa pamilya, tulad ng *anak*, *kapatid*, *asawa*, at *ama*. Ang ibang titulo naman ay naglalarawan ng ating trabaho sa mundo, tulad ng *doktor*, *sundalo*, o *manggagawa*. At ang ilan ay naglalarawan sa katungkulan natin sa Simbahan.

Ngayon gusto kong magmungkahi ng apat na titulong sa palagay ko'y angkop sa lahat ng mayhawak ng priesthood sa iba't ibang panig

ng mundo—mga titulong maaaring makatulong sa atin na maunawaan ang ating mga tungkulin sa walang-hanggang plano ng Diyos at ang ating potensyal bilang mga mayhawak ng priesthood sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Anak ng Ama sa Langit

Ang isang napakahalagang titulong tumutukoy sa ating lahat ay *anak ng Ama sa Langit*. Sinuman tayo o anumang ginagawa natin sa buhay, hindi natin dapat kalimutan na tayo ay literal na mga espiritung anak ng Diyos. Tayo ay Kanyang mga anak bago tayo pumarito sa mundo, at magiging mga anak Niya magpakailanman. Dapat mabago ng mahalagang katotohanang ito ang pananaw natin sa ating sarili, sa ating mga kapatid, at sa buhay mismo.

Ang malungkot, walang isa man sa atin na lubos na iniaayon ang ating buhay sa ipinahihiwatig ng titulong ito, “sapagka’t ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios.”¹

Nakalulungkot kung minsan na kahit alam natin ang kahulugan ng magiging anak ng Diyos ay nagkukulang

pa rin tayo. Gustong samantalain ng kaaway ang damdaming ito. Mas gusto ni Satanang na manatili kayo sa inyong mga kasalanan sa halip na magtuon sa inyong banal na potensyal. Mga kapatid, huwag siyang pakinggan.

Nakakita na tayong lahat ng isang lumalaking sanggol na natututong lumakad. Maliit ang kanyang hakbang at pagewang-gewang ang lakad. Natutumba siya. Pinagagalitan ba natin siya dahil doon? Siyempre hindi. Anong klaseng ama ang magpaparusa sa isang sanggol sa pagtumba nito? Tayo ay naghihikayat, natutuwa, at pumupuri, dahil sa bawat maliit na hakbang, ang anak ay lalong nakakatulad ng kanyang mga magulang.

Ngayon, mga kapatid, kumpara sa kasakdalan ng Diyos, tayong mga mortal ay hindi naiiba sa mga sanggol na pagewang-gewang sa paglakad. Ngunit nais ng ating mapagmahal na Ama sa Langit na maging higit na katulad Niya tayo, at, mahal kong mga kapatid, iyan din dapat ang ating walang-hanggang mithiin. Nauunawaan ng Diyos na hindi natin mararating iyan kaagad kundi sa paisa-isang hakbang lamang.

Hindi ako naniniwala sa isang Diyos na magtatakda ng mga tuntunin at kautusan para lamang hintayin tayong matumba upang maparusahan Niya tayo. Naniniwala ako sa isang Ama sa Langit na mapagmahal at mapagmalasakit at nagagalak sa bawat pagsisikap nating tumindig at maglakad patungo sa Kanya. Kahit matumba tayo, hinihikayat Niya tayong huwag manghina—huwag sumuko o tumakas sa ating mga responsibilidad kailanman—kundi palakas ang ating loob, sumampalataya, at patuloy na magsikap.

Tinuturuan ng ating Ama sa Langit ang Kanyang mga anak at kadalaan ay nagpapadala ng tulong ng langit sa mga taong nais sumunod sa Tagapagligtas.

Disipulo ni Jesucristo

At ihahantong tayo niyan sa isa pang titulong karaniwan sa ating lahat: lahat ng masigasig sumunod kay Cristo ay tinatawag na Kanyang


mga *disipulo*. Bagama't alam natin na walang isa man sa atin ang perpekto, hindi natin ikinakatwiran ang kato-tohanang iyan para hindi gawin ang inaasahan sa atin, para hindi samantalahin ang ating mga pribilehiyo, para ipagpaliban ang ating pagsisisi, o para tumangging maging mas mabuti, mas perpekto, mas matitinong disipulo ng ating Panginoon at Hari.

Alalahanin na Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi itinatag para sa kalalakihan at kababaihang sakdal o hindi nagpapatangay sa mga tukso, kundi para sa mga taong katulad natin mismo. At ito ay nakatayo sa bato na ating Manunubos, ang Panginoong Jesucristo,² kung kaninong Pagbabayad-sala ay maaari tayong luminis at maging “mga kababayan . . . [sa] sangbahayan ng Dios.”³

Kung hindi sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, ang buhay ay walang saysay at walang pag-asa o kinabukasan. Sa Pagbabayad-sala, ang buhay ay isang nakasisigla at masayang paglalakbay tungo sa paglago at pag-unlad na humahantong sa buhay na walang hanggan sa piling ng ating Ama sa Langit.

Ngunit kahit layon ng Pagbabayad-sala na tulungan tayong lahat na maging higit na katulad ni Cristo, hindi nito layon na gawin tayong magkakapareho. Kung minsan may mali tayong akala na ang personalidad na naiiba sa atin ay kasalanan. Magkaka-mali pa tayo ng akala na dahil naiiba ang isang tao sa atin, hindi na siya kalugud-lugod sa Diyos. Ang ganitong pag-iisip ay nagtutulak sa ilan na maniwalang gusto ng Simbahan na maging pare-pareho ang personalidad ng mga miyembro—na dapat ay magkakapareho ang hitsura, nadarama, at kilos ng isa't isa. Sasalungatin nito ang katalinuhan ng Diyos, na nilikha ang bawat tao na iba sa kanyang kapatid, bawat anak na iba sa kanyang ama. Kahit ang magkahawig na kambal ay hindi magkahawig ang personalidad at espirituwalidad.

Sinasalungat din nito ang hangarin at layunin ng Simbahan ni Jesucristo, na kumikilala at nagpoprotekta sa



moral na kalayaan—lakip ang lahat ng ibubunga nito—ng lahat ng anak ng Diyos. Bilang mga disipulo ni Jesucristo, nagkakaisa tayo sa ating patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo at sa ating pangakong sundin ang mga utos ng Diyos. Ngunit magkakaiba ang gusto natin sa aspetong pang-kultura, sosyal, at pampulitika.

Lumalakas ang Simbahan kapag sinamantala natin ang pagkakaibang ito at hinikayat natin ang isa't isa na paunlarin at gamitin ang ating mga talento at palakasin ang ating kapwa mga disipulo.

Mga kapatid, ang pagiging disipulo ay habambuhay na pagsunod sa ating Tagapagligtas. Sa pagsunod natin mula

Betlehem hanggang Golgota, magkakaroon tayo ng maraming pagkakataong talikuran ang paglalakbay na ito. Kung minsan magmumukhang mas mahirap tahakin ang landas kaysa nais natin. Ngunit bilang kalalakihan ng Priesthood, dapat nating sundin nang buong tapang ang ating Manunubos, kahit tila napakahirap tiisin ang ating mga pagsubok.

Sa bawat hakbang natin sa pagsunod sa Anak ng Diyos, maaari nating maalala na hindi pa tayo perpekto. Ngunit maging matatag at matapat tayong mga disipulo. Huwag tayong sumuko. Maging tapat tayo sa ating mga tipan. Ituon natin ang ating paningin sa ating Tagapamagitan at Manunubos

habang naglalakad tayo palapit sa Kanya, sa paisa-isang hakbang na di-perpekto.

Tagalunas sa mga Kaluluwa

Mga kapatid, kung tunay nating sinusunod ang ating Panginoong Jesucristo, dapat nating tanggapin ang ikatlong titulo: *tagalunas sa mga kaluluwa*. Tayong mga inorden sa priesthood ng Diyos ay tinatawag na “[tagal]lunas.”⁴

Ang gawain natin ay magpatatag, magsaayos, magpalakas, magpa-sigla, at magpagaling. Ang tungkulin natin ay sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas at tulungan ang mga nagdurusa. Tayo ay “[naki]kidalamhati sa mga yaong nagdadalamhati . . . at [inaaliw natin] yaong mga nangangailangan ng aliw.”⁵ Ginagamot natin ang mga sugat ng namimighati. Ating “[tinutulungan] ang mahihina, [itina-taas] ang mga kamay na nakababa, at [pinalalakas] ang tuhod na mahihina.”⁶

Bilang mga home teacher, tayo ay mga tagalunas. Bilang mga priesthood leader, tayo ay mga tagalunas. Bilang mga ama, anak, kapatid, at asawa, dapat tayong maging tapat at masigasig na mga tagalunas. Hawak natin sa isang kamay ang lalagyan ng inilaang langis para basbasan ang maysakit; sa kabilang kamay ay hawak natin ang tinapay para pakainin ang nagugutom; at nasa puso natin ang nakapapanatag na salita ng Diyos, na “humihilom sa sugatang kaluluwa.”⁷

Ito ang una at pangunahing responsibilidad natin bilang mga mayhawak ng priesthood—at ito ay para sa kapwa mga mayhawak ng Aaronic at Melchizedek Priesthood. Ang ipinainumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi lamang nagpapala ng mga buhay kapag pinaniwalaan natin ito—kundi higit pa kapag ipinamuhay natin ito. Sa pag-angkop sa mga alituntunin ng ebanghelyo sumisigla ang mga tao at tumatatag ang mga pamilya. Pribilehiyo at responsibilidad natin na hindi lamang sabihin ang tama kundi gawin din ang tama.

Ang Tagapagligtas ang gumagawa ng mga himala. Siya ang dakilang Tagalunas. Siya ang ating halimbawa,

ating liwanag, maging sa pinakamahirap na sandali, at ipinapakita Niya sa atin ang tamang daan.

Sundan natin Siya. Gawin natin ang ating tungkulin at maging mga tagalunas sa pamamagitan ng paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa.

Tagapagmana ng Buhay na Walang Hanggan

Ang ikaapat na titulo nating lahat ay ibinabalik tayo sa unang titulo sa ating listahan. Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, tayo ay mga *tagapagmana* ng lahat ng mayroon Siya.

“Ang Espiritu rin ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo’y mga anak ng Dios:

“At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon nga makipagtiis tayo sa kaniya, upang tayo’y lumuwalhati namang kasama niya.”⁸

Isipin ninyo ito, mahal kong mga kapatid. Tayo ay mga kasamang tagapagmana ni Cristo!

Kaya, makabuluhan ba na napakarami sa atin ang labis na gumugugol ng ating mahalagang oras, pag-iisip, pera, at lakas sa paghahangad na tumanyag o yumaman o maaliw sa

pinakabago at pinakamagarang mga electronic gadget?

Nangako sa atin ang Panginoon na “sinuman ang matapat sa pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito . . . [tumulupad sa] kanilang mga tungkulin, . . . ay [tatanggapin] ako, wika ng Panginoon; . . . at siya na tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang aking Ama; . . . kaya nga lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya.”⁹

Hindi ko kayang wariin ang lahat ng ipinahihiwatig ng pangakong ito. Ngunit alam kong ito ay napakaganda, napakasagrado, walang hanggan, at karapat-dapat sa lahat ng pagsisikap natin sa buhay.

Dahil alam natin ito, paanong hindi tayo magiging handa at magagalak na maglingkod sa Panginoon at sa ating kapwa at tutupad sa ating mga responsibilidad sa priesthood ng Diyos?

Napakarangal na gawain nito na hahamon sa atin sa lahat ng paraan at mangangailangan ng ating buong kakayahan. Nais ba nating dumanas ng mga pagpapala at patnubay ng langit at masaksihan ang mga pahiwatig ng Banal na Espiritu na ipinapakita sa atin ang daan pabalik sa Ama? Kung gayo’y dapat na tayong kumilos at magsumigasig sa dakilang gawaing ito—isang layunin na mas dakila kaysa sa atin!



Ang paglilingkod sa Diyos at sa ating kapwa ay hahamunin at gagawin tayong mas dakila kaysa inaakala natin.

Marahil ay iisipin ninyo na hindi kayo kailangan, na kayo ay kinaliligtaan o binabalewala, na kayo ay walang halaga.

Labis kong ikinalulungkot kung ganito ang pakiramdam ng sinumang mayhawak ng priesthood. Hindi kayo kinaliligtaan o binabalewala ng inyong Ama sa Langit. Mahal Niya Kayo. At sinasabi ko sa inyo nang may katiyakan na kailangan kayo ng ating Simbahan.

Hindi ba ninyo alam na “pinili ng Dios ang mga bagay na kamangmangan ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga marurunong; at pinili ng Dios ang mga bagay na mahihina ng sanglibutan, upang hiyain niya ang mga bagay na malalakas”?¹⁰

Siguro nga mahina tayo. Siguro nga hindi tayo matalino o malakas. Ngunit kapag kumilos ang Diyos sa pamamagitan natin, walang sinuman at anuman na makakalaban sa atin.¹¹

Iyan ang dahilan kaya kayo kailangan. May sarili kayong maitutulong sa gawain, at pag-iibayuhin ng Diyos ang pagtulong ninyo sa malaking paraan. Ang kakayahan ninyong tumulong ay hindi batay sa katungkulan ninyo sa Simbahan. Walang katapusan ang mga pagkakataon ninyong maglingkod. Kung nakamasid lang kayo, hinihikayat ko kayong makiisa sa gawain ng Diyos.

Huwag nang hintayin pang bigyan kayo ng katungkulan bago kayo lubos na maging abala sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Bilang mayhawak ng priesthood, tinatawag na kayo sa gawain. Pag-aralan ang salita ng Diyos araw-araw, manalangin sa Ama sa Langit araw-araw, gawing bahagi ng inyong buhay ang mga alituntunin ng ipinanumbalik na ebanghelyo, magpasalamat sa Diyos, at hingin ang Kanyang patnubay. Pagkatapos ay ipamuhay ang inyong natutuhan, una sa inyong pamilya gayundin sa lahat ng sitwasyon ng inyong buhay.

Sa dakilang sonatang nilikha ng Kompositor, may sariling papel kayong gagampanan—may sariling mga titik kayong aawitin. Kapag hindi



ninyo nagampanan ito, tiyak na tuloy pa rin ang sonata. Ngunit kung kikilos kayo at sasama sa koro at tutulutang kumilos ang kapangyarihan ng Diyos sa inyo, makikita ninyo na bubukas “ang mga dungawan sa langit,” at Kanyang “ihuhulog sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan.”¹² Gampanan ang inyong tunay na potensyal bilang anak ng Diyos, at kayo ay magiging mabuting impluwensya sa inyong pamilya, tahanan, komunidad, bansa, at sa buong mundo.

At sa gayon, kapag kayo ay “mawalan ng [inyong] buhay” sa paglilingkod sa iba,¹³ kayo ay lalago at uunlad hanggang sa matamo ninyo ang “sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo.”¹⁴ Sa gayon ay handa na kayong manahin, kasama ni Cristo, ang lahat ng mayroon ang inyong Ama.

Kayo ay Mahalaga sa Diyos

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, kayo ay mahalaga. Kayo ay minamahal. Kayo ay

kailangan. Ang gawaing ito ay totoo. Ang priesthood na pribilehiyo ninyong taglayin ay tunay na sa Diyos.

Dalangin ko na habang pinag-iisipan ninyo ang maraming titulo ng karapat-dapat na mayhawak ng priesthood, matutuklasan ninyo ang patnubay ng Diyos, na tinutulungan kayong umunlad hanggang sa makamantan ninyo ang dakilang pamanang laan sa inyo ng inyong Ama sa Langit. Iniiwan ko ang basbas na ito at ang aking patotoo sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Taga Roma 3:23.
2. Tingnan sa Helaman 5:12.
3. Mga Taga Efeso 2:19.
4. “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164.
5. Mosias 18:9.
6. Doktrina at mga Tipan 81:5.
7. Jacob 2:8.
8. Mga Taga Roma 8: 16–17.
9. Doktrina at mga Tipan 84:33, 35, 37–38.
10. I Mga Taga Corinto 16:13.
11. Tingnan sa Mga Taga Roma 8:31.
12. Malakias 3:10.
13. Mateo 16:25.
14. Mga Taga Efeso 4:13.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Tayo'y Nagkakaisa

Dalangin ko na saanman tayo naroon at anuman ang ating mga tungkulin sa priesthood ng Diyos, tayo ay magkakaisa sa layunin na ihatid ang ebanghelyo sa buong mundo.

Nilinaw ng Panginoon sa simula pa lang nitong huling dispensasyon na ihatid natin ang ebanghelyo sa buong mundo. Ang sinabi Niya sa iilang mayhawak ng priesthood noong 1831 ang siya ring sinasabi Niya sa marami ngayon. Anuman ang ating edad, kakayahan, tungkulin sa Simbahan, o kinaroroonan, tayong lahat ay tinawag sa gawain upang tulungan Siya sa pag-aani ng mga kaluluwa hanggang sa muli Siyang pumarito. Sabi Niya sa mga unang manggagawa sa ubasan:

“At muli, sinasabi ko sa inyo, binibigyan ko kayo ng isang kautusan, na bawat lalaki, kapwa mga elder, saserdote, guro, at gayon din ang kasapi, na humayo nang buo niyang lakas, lakip ang gawain sa kanyang mga kamay, upang ihanda at tuparin ang mga bagay na aking ipinag-utos.

“At ang inyong pangangaral ang magiging tinig ng babala, bawat tao sa kanyang kapwa, sa kahinahunan at kaamuan.

“At kayo ay humayo mula sa masasama. Iligtas ang inyong sarili. Maging malinis kayo na nagtataglay ng sisidlan ng Panginoon.”¹

Ngayon, nakikita ninyong mga miyembro ng Aaronic Priesthood na kasama kayo sa utos ng Panginoon.

Yamang alam ninyo na palaging naghahanda ang Panginoon ng daan para masunod ang Kanyang mga kautusan, makakaasa kayo na gagawin Niya iyan para sa bawat isa sa inyo.

Sasabihin ko sa inyo kung paano Niya ito ginawa para sa isang binatilyong priest sa Aaronic Priesthood. Siya'y 16 anyos. Nakatira siya sa isang bansa kung saan isang taon pa lamang na naroon ang mga missionary. Nadeestino sila sa dalawang lungsod ngunit hindi sa lungsod kung saan nakatira ang binatilyo.

Noong maliit pa siya, dinala siya ng kanyang mga magulang sa Utah para maging ligtas. Ang pamilya ay tinuruan at bininyagan ng mga missionary. Hindi siya nabinyagan noon sa Simbahan dahil wala pa siyang otso anyos.

Namatay ang kanyang mga magulang sa isang aksidente. Kaya't pinauwi siya ng kanyang lola sa kanyang tahanan, patawid ng karagatan, pabalik sa lungsod na kanyang sinilangan.

Naglalakad sila sa kalye noong Marso noon lang isang taon nang madama niya na dapat niyang kausapin ang isang babaing hindi niya kilala. Kinausap niya ang babae sa wikang Ingles na natandaan pa niya. Ang babae ay isang nars na ipinadala ng mission president sa kanyang lungsod

para maghanap ng matitirhan at pagamutan ng mga missionary na made-destino roon. Naging magkaibigan sila habang nag-uusap sila. Pagbalik ng babae sa mission headquarters, ikinuwento siya nito sa mga missionary.

Dumating ang unang dalawang elder noong Setyembre ng 2012. Ang batang ulila ang una nilang nabinyagan sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noong Marso ng taong ito apat na buwan na siyang miyembro. Naorden na siyang priest sa Aaronic Priesthood at puwede na niyang binyagan ang pangalawang sumapi sa Simbahan. Siya ang unang priesthood pioneer na magtitipon sa iba pang mga anak ng Ama sa Langit para itayo ang Simbahan sa isang lungsod na binubuo ng mga 130,000 tao.

Noong Linggo ng Pagkabuhay, Marso 31, 2013, umabot na sa anim ang mga miyembro ng Simbahan sa lungsod na iyon. Siya lang ang miyembro ng tagaroon na dumalo sa pulong noong Linggong iyon. Nasugatan ang tuhod niya isang araw bago ang pulong, ngunit nagpasiya siyang dumalo. Nagdasal siya na makalakad siya papunta sa simbahan. At nakadalo nga siya. Nakibahagi siya ng sakramento kasama ang apat na bata pang mga elder at isang mag-asawang missionary—ang buong kongregasyon.

Tila walang halaga ang kuwentong iyon maliban kung makita mo rito ang paraan ng Diyos sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. Maraming beses ko na itong nakita.

Nakita ko ito sa New Mexico noong binata pa ako. Maraming henerasyon nang sinasabi sa atin ng mga propeta na kailangan nating tulungan ang mga missionary na hanapin at turuan ang matatapat ang puso at mahalín ang mga pumapasok sa kaharian.

Nakita ko mismo ang magagawa ng matatapat na lider ng priesthood at mga miyembro. Noong 1955 naging opisyal ako sa United States Air Force. Binasbasan ako ng bishop ko bago ako umalis papunta sa una kong destino sa Albuquerque, New Mexico.

Sa kanyang basbas sinabi niya na ang panahon ko sa air force ay

magiging paglilingkod ng misyone-
nero. Dumating ako sa simbahan sa
unang Linggo ko sa Albuquerque
First Branch. Nilapitan ako ng isang
lalaki, ipinakilala ang sarili na siya ang
district president, at sinabihan ako
na tatawagin niya akong maglingkod
bilang district missionary.

Sinabi ko sa kanya na ilang linggo
lang akong naroon para sa training
at pagkatapos ay idedestino na ako
sa ibang panig ng mundo. Sabi niya,
“Wala akong alam diyan, pero tata-
wagin ka naming maglingkod.” Sa
kalagitnaan ng aking military training,
tila nagkataon naman na ako ang pi-
nili sa daan-daang opisyal na tine-train
na pumalit sa isang opisyal na nasa
headquarters na biglang namatay.

Kaya, sa dalawang taon ko roon,
naglingkod ako bilang district mis-
sionary. Kadalasan sa gabi at tuwing

katapusan ng linggo, nagturo ako ng
ebanghelyo ni Jesucristo sa mga taong
dinala sa amin ng mga miyembro.

Nag-ukol kami ng mga kom-
panyon ko ng mahigit 40 oras kada
buwan sa paglilingkod namin bilang
missionary nang hindi kumatok ni
minsan sa mga pinto para maghanap
ng matuturuan. Ginawa kaming abala
ng mga miyembro kaya’t madalas ay
dalawang pamilya ang natuturuan
namin sa isang gabi. Nakita ko mismo
ang kapangyarihan at pagpapalang
hatid ng paulit-ulit na panawagan ng
mga propeta sa bawat miyembro na
maging missionary.

Sa huling Linggo bago ko nilisan
ang Albuquerque, inorganisa ang
unang stake sa lungsod na iyon. May
templo na roon ngayon, isang bahay
ng Panginoon, sa isang lungsod kung
saan nagpulong kaming minsan sa

isang chapel kasama ang mga Banal
na nagdala sa amin ng kanilang mga
kaibigan para maturuan at madama
ang pagsaksi ng Espiritu. Nadama
ng mga kaibigang ito na tanggap sila
at panatag sa totoong Simbahan ng
Panginoon.

Nakita ko itong muli sa New
England nang mag-aral ako. Tinawag
akong tagapayo sa isang mahusay na
district president na dating walang
interes sa Simbahan ngunit naging
napakaespirituwal na tao. Sapat ang
pagmamahal sa kanya ng kanyang
home teacher para hindi pansinin ang
kanyang paninigarilyo at tingnan kung
ano ang nakikita sa kanya ng Diyos.
Sakay ng kotseng nagpunta kami
ng district president sa mga burol at
pampang para bisitahin ang maliliit
na branch sa Massachusetts at Rhode
Island upang itayo at pagpalain ang
kaharian ng Diyos.

Sa mga taon ng paglilingkod ko
kasama ang mahusay na lider na
iyon, nakita namin ang pag-akit ng
mga tao sa kanilang mga kaibigan sa
Simbahan dahil sa kanilang halim-
bawa at paanyayang pakinggan nila
ang mga missionary. Para sa akin ang
paglago ng mga branch na iyon ay
parang mabagal at hindi tiyak. Ngunit
nang Linggong umalis ako, makalipas
ang limang taon, dalawang Apostol
ang nagpunta para gawing stake ang
aming district sa Longfellow Park
chapel sa Cambridge.

Makalipas ang maraming taon
bumalik ako para mangasiwa sa isang
stake conference doon. Dinala ako ng
stake president sa mabatong burol sa
Belmont. Sinabi niya sa akin na per-
pektong lugar ito para sa isang templo
ng Diyos. May templo na ngayon
doon. Kapag tinititigan ko ito, naa-
alala ko ang mapagkumbabang mga
miyembrong katabi ko noon sa upuan
sa maliliit na branch, ang inanyayahan
nilang mga kapitbahay, at ang mga
missionary na nagturo sa kanila.

May bagong deacon sa miting na
ito ngayong gabi. Kasama ko siya
noon ding Linggong iyon ng Pagka-
buhay nang ang priest na tinukoy ko,
ay lumakad papunta sa miting na iisa
ang miyembro. Masayang ngumiti





Los Angeles, California, USA

ang deacon nang sabihin ng kanyang ama na magkasama silang dadalo sa priesthood meeting na ito ngayong gabi. Ang tatay na ito ay mahusay na missionary sa mission ding iyon kung saan naging pangulo ang kanyang ama. Nakita ko ang 1937 na *Missionary Handbook* ng kanyang lolo-sa-tuhod. Ang kanyang pamilya ay matagal nang nagdadala ng mga tao sa Simbahan.

Kinausap ko ang bishop ng deacon na iyon para malaman kung ano ang maaasahan nito sa pagtupad sa tungkulin ng priesthood na magtipon ng mga kaluluwa para sa Panginoon. Tuwang-tuwa ang bishop nang ilarawan niya kung paano sinubaybayan ng ward mission leader ang paglago ng mga investigator. Nakukuha niya ang impormasyong iyon sa regular na pakikipag-usap sa mga missionary.

Tinatalakay ng bishop at ng kanyang ward council ang paglago ng bawat investigator. Nagpapasiya sila kung ano ang magagawa nila para sa bawat tao at sa kanilang pamilya para matulungan silang makipagkaibigan sa mga miyembro bago sila mabinyagan, maisama sila sa mga aktibidad, at mapangalagaan ang mga nabinyagan.

Sinabi niya na may mga pagkakataon na napakaraming tuturuan ng mga missionary kaya isinasama nila ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood bilang kompanyon.

Kasama sa ward mission plan ang mga mithiin ng mga korum na anyayahan ang mga kakilala nila na maki-pagkita sa mga missionary. Kahit ang deacons quorum presidency ay inaan-yayahang magtakda ng mga mithiin at magplano para sa mga miyembro ng kanilang korum para madala ang mga kakilala nila sa kaharian ng Diyos.

Ngayon, ang deacon sa matatag na ward at ang bagong priest—ang bagong miyembro—sa maliit na grupo ng mga miyembro ay maaaring mukhang kakaunti lang ang pagkakatulad sa isa't isa o sa inyo. At maaaring hindi gaanong katulad ng mga karanasan ninyo sa pagtatayo ng Simbahan ang mga nakita kong mga himala sa New Mexico at New England.

Ngunit may isang paraan kung saan nagkakaisa tayo sa ating tungkulin sa priesthood. Pinababanal natin ang ating sarili at ginagampanan ang sarili nating mga tungkulin sa kautusan na dalhin ang ebanghelyo sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit.

Magkakapareho ang ating mga karanasan sa paraan ng pagtatayo ng Panginoon ng Kanyang kaharian sa lupa. Sa Kanyang Simbahan, taglay ang magagandang kasangkapan at organisasyong ibinigay sa atin, may isa pang mahalagang katotohanang itinuro ng mga propeta kung paano natin gagampanan ang tungkulin natin sa priesthood sa gawaing misyonero.

Sa pangkalahatang kumperensya ng Abril noong 1959, itinuro ni Pangulong David O. McKay ang alituntuning ito, tulad ng mga propeta simula noong panahon niya, kabilang na si Pangulong Thomas S. Monson. Ikinuwento ni Pangulong McKay sa kanyang pangwakas na mensahe na noong 1923 sa British Mission, may isang pangkalahatang tagubilin ipinalabas sa mga miyembro ng Simbahan doon. Sinabihan sila na huwag gumastos sa mga patalastas para labanan ang masasamang iniisip ng mga tao laban sa Simbahan. Sinabi ni Pangulong McKay na ang desisyon ay: “Iatang sa bawat miyembro ng Simbahan ang responsibilidad na sa susunod na taong 1923 bawat miyembro ay magiging missionary. Bawat miyembro ay missionary! Maaari mong dalhin sa

Simbahan ang iyong ina, o kaya'y ang iyong ama; marahil ang kasamahan mo sa trabaho. Maririnig ng isang tao ang mabuting mensahe ng katotohanan sa pamamagitan mo.”

At nagpatuloy si Pangulong McKay: “At iyan ang mensahe ngayon. *Bawat miyembro*—isang milyon at kalahati—*ay missionary!*”²

Nang ibalita noong 2002 na ang gawaing misyonero ay magiging responsibilidad na ng mga bishop, namangha ako. Naging bishop ako. Sa tingin ko sagad na sila sa dami ng responsibilidad sa paglilingkod sa mga miyembro at pamamahala sa mga organisasyon sa ward.

Ang tingin dito ng isang bishop na kilala ko ay hindi ito dagdag na tungkulin kundi isang pagkakataong paglapitin ang mga miyembro ng ward sa isang dakilang layunin kung saan bawat miyembro ay naging missionary. Tumawag siya ng ward mission leader. Pinulong niya mismo ang mga missionary tuwing Linggo para malaman ang kanilang ginagawa, palakasin ang kanilang loob, at malaman ang pag-unlad ng bawat investigator. Ang ward council ay nakahanap ng mga paraan para magamit ng mga organisasyon at korum ang mga karanasan nila sa paglilingkod bilang paghahanda sa misyon. Bilang isang

hukom sa Israel, tinulungan niya ang mga kabataan na madama ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala para mapanatili silang dalisay.

Tinanong ko kamakailan kung paano niya ipinaliwanag ang pagdami ng bilang ng mga nabinyagan sa kanyang ward at ang dagdag na bilang ng mga kabataang handa at sabik na ihatid ang ebanghelyo ni Jesucristo sa mundo. Sinabi niya na sa tingin niya hindi iyon dahil sa ginawa ng sinuman, kundi ang kanilang sigasig na dalhin ang mga tao sa komunidad ng mga Banal ang nagdulot sa kanila ng malaking kaligayahan.

Para sa ilan, bukod doon ay may iba pang dahilan. Gaya ng mga anak ni Mosias, nadama nila ang epekto ng kasalanan sa kanilang buhay at ang kagila-gilalas na pagpapagaling ng Pagbabayad-sala sa Simbahan ng Diyos. Dahil sa pagmamahal at pasasalamat sa kaloob na bigay sa kanila ng Tagapagligtas, gusto nilang tulungan ang lahat para makaiwas sa kalungkutang dulot ng kasalanan, madama ang kagalakan ng pagpapa-tawad, at matipon na kasama nila sa kaligtasan sa kaharian ng Diyos.

Ang pagmamahal sa Diyos at pagmamahal sa kanilang mga kaibigan at kapwa ang dahilan ng pagkaka-isa nila sa paglilingkod sa mga tao.



Nais nilang ihatid ang ebanghelyo sa lahat ng tao sa kanilang lugar. At inihanda nila ang kanilang mga anak na maging marapat na tawagin ng Panginoon para magturo, magpatotoo, at maglingkod sa iba pang bahagi ng Kanyang ubasan.

Ito man ay sa malaking ward kung saan isasagawa ng bagong deacon ang kanyang tungkulin na ibahagi ang ebanghelyo at itayo ang kaharian o sa maliit na grupo sa malayong lugar kung saan naglilingkod ang bagong priest, nagkakaisa sila sa layunin. Ang deacon ay mabibigyang-inspirasyon ng pag-ibig ng Diyos na tulungan ang isang kaibigan na hindi pa miyembro. Isasama niya ang kanyang kaibigan sa ilang paglilingkod o aktibidad sa Simbahan at aanyayahan siya at ang kanyang pamilya na maturuan ng mga missionary. Sa mga nabinyagan, siya ang magiging kaibigan na kailangan nila.

Aanyayahan ng priest ang iba pa na sumama sa kanya sa maliit na grupo ng mga Banal kung saan nadama niya ang pagmamahal ng Diyos at kapayapaang hatid ng Pagbabayad-sala.

Kung mananatili siyang tapat sa kanyang tungkulin sa priesthood, makikita niya ang pagiging branch ng isang grupo, at pagkatapos magkakaroon ng stake ng Sion sa kanyang lungsod. Magkakaroon ng ward na may mapagmalasakit na bishop. Maaaring isa sa mga anak o apo niya ang magiging lingkod ng Diyos balang-araw sa isang kalapit na burol at sasabihing, “Magandang lugar ito para sa isang templo.”

Dalangin ko na saanman tayo naroon at anuman ang ating mga tungkulin sa priesthood ng Diyos, tayo ay magkakaisa sa layunin na ihatid ang ebanghelyo sa buong mundo at hihikayatin natin ang mga taong mahal natin na maging malinis mula sa kasalanan at maging maligayang kasama natin sa kaharian ng Diyos. Sa pangalan ni Jesucristo, na may-ari ng Simbahang ito, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 38:40–42.
2. David O. McKay, sa Conference Report, Abr. 1959, 122.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Halina, Mga Anak ng Diyos

Nawa ang bawat isa sa atin ay masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan, planuhin ang kanyang buhay nang may layunin, ituro ang katotohanan nang may patotoo, at paglingkuran ang Panginoon nang may pagmamahal.

Dalawang beses sa isang taon ang napakagandang Conference Center na ito ay tila nagsasabi sa atin, sa mapanghikayat nitong tinig, “Halina, mga anak ng Diyos na mayhawak ng priesthood.”¹ May isang diwang namamayani sa pangkalahatang pulong ng priesthood ng Simbahan.

Ngayong gabi libu-libo sa ating mga mayhawak ng priesthood sa iba’t ibang dako ng mundo ang naglilingkod sa Panginoon bilang Kanyang mga missionary. Tulad ng nabanggit ko sa mensahe ko kaninang umaga, tayo ay mayroong mahigit 65,000 missionary sa kasalukuyan, na may libu-libo pa na naghihintay na makapasok sa missionary training center o kasalukuyan pang pinoproseso ang kanilang missionary application. Mahal namin at ikinararangal ang mga yaong handa at sabik na maglingkod.

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng wala nang mas akmang paghahayag, mas mahalagang responsibilidad, mas tahasang tagubilin kaysa sa kautusan na ibinigay ng nabuhay na muling Panginoon nang magpakita

Siya sa labing-isang disipulo sa Galilea. Sabi Niya:

“Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

“Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan.”²

Ang banal na utos na ito, lakip ang mga maluwalhating pangako nito, ay ang ating gabay sa panahong ito tulad noong panahong narito sa lupa si Jesucristo. Kilala sa gawaing misyonero ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Noon pa man; hanggang magpakailanman. Tulad ng sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Matapos masabi ang lahat, ang pinakadakila at pinakama-halagang tungkulin ay ipangaral ang ebanghelyo.”³

Sa loob ng dalawang maikling taon, lahat ng mga full-time missionary na kasalukuyang naglilingkod sa

maharlikang hukbong ito ng Diyos ay matatapos sa kanilang gawain at babalik sa kanilang tahanan at mga mahal sa buhay. Para sa mga elder, ang hahalili sa kanila ay matatagpuan sa gabing ito sa kalipunan ng Aaronic Priesthood ng Simbahan. Mga kabataang lalaki, handa na ba kayo? Handa na ba kayong gumawa? Handa ba kayong maglingkod?

Ang gawaing misyonero ay nangangailangan ng malaking pagbabago sa karaniwang pamumuhay ng isang tao. Ito ay nangangailangan ng mahabang oras at matinding katapatan, lubos na pagsasakripisyo at taimtim na panalangin. Bunga nito, ang matapat na paglilingkod ng missionary ay nagbibigay ng walang hanggang kagalakan na nadarama sa mortalidad hanggang sa kawalang-hanggan.

Ang hamon sa atin ay maging mas kapaki-pakinabang na mga lingkod sa ubasan ng Panginoon. Ito ay angkop para sa ating lahat, anuman ang ating edad, at hindi lamang sa mga naghandang maglingkod bilang mga full-time missionary, dahil iniutos sa bawat isa sa atin na ibahagi ang ebanghelyo ni Cristo.

Magmumungkahi ako ng pormula na titiyak sa ating tagumpay: una, **masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan**; ikalawa, **planuhin ang inyong buhay nang may layunin** (at, idaragdag ko pa, planuhin ang inyong buhay anuman ang edad ninyo); ikatlo, **ituro ang katotohanan nang may patotoo**; at ika-apat, **paglingkuran ang Panginoon nang may pagmamahal**.

Talakayin natin ang bawat isa sa apat na bahagi ng pormulang ito.

Una, **masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan**.

Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo sa Diyos at naglalaman ng mga salita ng buhay na walang hanggan. Ang mga ito ang naging batayan ng ating mensahe.

Ang binibigyang-diin sa mga kurikulum ng Simbahan ay ang mga banal na kasulatan, ipinrograma-at pinagtugma-tugma sa pamamagitan ng pinagsama-samang pagsisikap. Tayo ay hinihikayat din na pag-aralan ang mga

banal na kasulatan bawat araw nang personal at kasama ang ating pamilya.

Magbibigay lamang ako ng isang banal na kasulatan na kaagad nating maisasabuhay. Sa Aklat ni Mormon, sa ika-17 kabanata ng Alma, nabasa natin ang salaysay tungkol sa kagalakan ni Alma nang makita niyang muli ang mga anak ni Mosias at napansin ang katatagan nila sa ebanghelyo. Sinasabi sa aklat na, “Sila ay naging malakas sa kaalaman ng katotohanan; sapagkat sila’y mga lalaking may malinaw na pang-unawa at sinaliksik nila nang masigasig ang mga banal na kasulatan upang malaman nila ang salita ng Diyos.”⁴

“Subalit hindi lamang ito; itinuon nila ang kanilang sarili sa maraming panalangin, at pag-aayuno; kaya nga taglay nila ang diwa ng propesiya, at ang diwa ng paghahayag, at kapag sila ay nagturo, sila ay nagtuturo nang may kapangyarihan at karapatan ng Diyos.”⁴

Mga kapatid, **masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan.**

Ikalawa sa ating pormula: **planuhin ang inyong buhay nang may layunin.**

Marahil wala pang henerasyon ng mga kabataan ang mas nakagawa ng napakahalagang desisyon kaysa mga kabataan ngayon. Dapat maghanda para sa pag-aaral, pagmimisyon, at pag-aasawa. Sa ilan, kasama ang paglingkod sa military.

Ang paghahanda para magmisyon ay nagsisimula nang maaga. Dagdag pa sa espirituwal na paghahanda, ang matalinong magulang ay maglalaan ng paraan upang makapagsimula nang mag-impok ang musmos na anak para sa kanyang sariling missionary fund. At sa pagdaan ng mga taon ay maaari din siyang hikayating mag-aral ng ibang wika upang, kung kinakailangan, ay magamit ang kanyang kahusayan sa wika. Sa huli ay darating ang magandang araw na iyon na kausapin ng bishop at stake president ang binatilyo. Natiyak ang pagiging karapat-dapat; isang rekomendasyon para sa missionary ang ginawa.

Ito ang panahon na sabik na inaabangan at hinihintay ng buong



pamilya ang kartero at ang liham na mula sa *47 East South Temple, Salt Lake City, Utah*. Dumating ang liham; nag-uumapaw ang kasabikan; binasa ang mission call. Kadalasan malayo sa tahanan ang lugar na pagmimisyunan. Gayunpaman, saanmang lugar, ang tugon ng handa at masunuring missionary ay iisa: “Ako ay maglilingkod.”

Nagsimula na ang paghahanda para sa pag-alis. Mga kabataang lalaki, umaasa ako na pahahalagahan ninyo ang sakripisyo na handang gawin ng inyong mga magulang para makapaglingkod kayo. Ang ginawa nila ay magpapatatag sa inyo, ang kanilang pananampalataya ay magpapalakas sa inyo, at ang kanilang mga panalangin

ay tutulong sa inyo. Ang misyon ay pinagsisikapin ng buong pamilya. Bagama’t kontinente o karagatan ang layo ninyo sa isa’t isa, ang mga puso ay nagkakaisa.

Mga kapatid, kapag ipinlano ninyo ang inyong buhay nang may layunin, alalahanin na ang inyong mga pagkakataon bilang missionary ay hindi nalilimitahan sa pormal na pagtawag sa inyo. Kayo na naglilingkod sa military, ang panahong iyan ay maaaring maging kapaki-pakinabang at dapat na maging kapaki-pakinabang. Bawat taon ang ating mga kabataang lalaki sa military ay nakapagdadalala ng maraming kaluluwa sa kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng paggalang sa



magpatotoo sa kanya.” Sa una nag-alangan ang mas matagal nang missionary ngunit sa huli ay pumayag na rin na samahan ang kanyang kompanyon. Takot ang nadama nila habang papalapit sila sa pinto kung saan sila ay pinaalis. Kumatok sila, hinarap si Mr. Pollard, tiniis ang mahirap na sandali, at pagkatapos taglay ang kapangyarihang nagmula sa Espiritu, ang ating bagong missionary ay nagsalita: “Mr. Pollard, sinabi ninyo na hindi kami talagang naniniwala na totoong propeta ng Diyos si Joseph Smith. Gusto kong patotohanan sa inyo, na si Joseph ay propeta ng Diyos. *Totoong* isinalin niya ang Aklat ni Mormon. Nakita niya ang Diyos Ama at ang Anak na Si Jesus. Alam ko ito.”

Di-nagtagal, si Mr. Pollard, ngayon ay Brother Pollard, ay tumayo sa isang miting ng priesthood at nagsabing, “Hindi ako makatulog nang gabing iyon. Paulit-ulit kong naririnig ang mga salitang ‘Si Joseph Smith ay propeta ng Diyos. Alam ko ito.’ Alam ko ito.” Alam ko ito.” Kinabukasan tinawagan ko ang mga missionary at hiniling na bumalik sila. Ang kanilang mensahe, lakip ang kanilang patotoo, ay nagpabago ng buhay ko at ng buhay ng aking pamilya.” Mga kapatid, **ituro ang katotohanan nang may patotoo.**

Ang huling bahagi ng ating pormula ay **paglingkuran ang Panginoon nang may pagmamahal.** Walang makahahalili sa pagmamahal. Ang matagumpay na mga missionary ay nagmahal ng kanilang mga kompanyon, mga mission leader, at ng kanilang mga tinuturuan. Sa ikaapat na bahagi ng Doktrina at mga Tipan, inilahad ng Panginoon ang mga kwalipikasyon para sa paglilingkod. Pag-isipan natin ang ilang talata:

“O ikaw na humaharap sa paglilingkod sa Diyos, tiyaking pinaglilingkuran mo siya nang buong puso, kakayahan, pag-iisip at lakas, upang ikaw ay makatayong walang-sala sa harapan ng Diyos sa huling araw. . . .

“At pananampalataya, pag-asa, pag-ibig sa kapwa-tao at pagmamahal, na may matang nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos, ang kinakailangan

kanilang priesthood, pagsunod sa mga utos ng Diyos, at pagtuturo sa iba ng mga banal na salita ng Panginoon.

Huwag balewalain ang inyong pribilehiyo na maging missionary habang kayo ay nag-aaral. Ang inyong halimbawa bilang Banal sa mga Huling Araw ay minamasdan, hinuhusgahan, at kadalasang tinutularan.

Mga kapatid, anuman ang inyong edad, anuman ang inyong kalagayan, pinapayuhan ko kayo na **planuhin ang inyong buhay nang may layunin.**

Ngayon ang ikatlong bahagi sa ating pormula: **ituro ang katotohanan nang may patotoo.**

Sundin ang payo ni Apostol Pedro, na nagsabing, “Lagi kayong handa ng pagsagot sa bawa’t tao na humihingi sa inyo ng katuwiran tungkol sa pag-asang nasa inyo.”⁵ Itaas ang inyong mga tinig at magpatotoo sa likas na katangian ng Panguluhang Diyos. Ihayag ang inyong patotoo hinggil sa Aklat ni Mormon. Ibahagi ang maluwalhati at magagandang katotohanan na nasa plano ng kaligtasan.

Noong maglingkod ako bilang mission president sa Canada mahigit

50 taon na ang nakalipas, isang bata pang missionary na mula sa maliit na bayan sa isang lalawigan ang namangha sa laki ng Toronto. Maliit lang siya ngunit malakas ang patotoo. Kalaunan, kasama ang kanyang kompanyon, bumisita sila sa tahanan ni Elmer Pollard sa Oshawa, Ontario, Canada. Dahil naawa sa mga binatang ito na, sa matinding bagyo ng niyebe, ay nagbahay-bahay, pinapasok ni Mr. Pollard ang mga missionary sa kanyang tahanan. Ibinahagi nila sa kanya ang kanilang mensahe. Hindi niya nadama ang espiritu. At pagkaraan ay sinabi niya sa kanila na umalis na sila at huwag nang babalik. May pangu-ngutya ang huling sinabi niya sa mga elder habang papaalis ang mga ito sa kanyang balkonahe: “Hindi ninyo masabi sa akin na talagang naniniwala kayo na si Joseph Smith ay propeta ng Diyos!”

At isinara ang pinto. Naglakad na ang mga elder sa kalsada. Sinabi ng batang misyonero sa kanyang kompanyon: “Elder, hindi natin sinagot si Mr. Pollard. Sinabi niya na hindi tayo naniniwala na totoong propeta si Joseph Smith. Bumalik tayo at

upang maging karapat-dapat siya sa gawain.

“Alalahanin ang pananampalataya, karangalan, kaalaman, kahinahunan, tiyaga, kabaitang pangkapatid, kabanaan, pag-ibig sa kapwa-tao, kababaang-loob, sigasig.”⁶

Nawa ang bawat isa sa inyo na nakaririnig sa aking tinig ay tanungin ang kanyang sarili “Ngayon, nadagdagan ba ang aking pananampalataya, kabaitan, kaalaman, kabutihan, pagmamahal?”

Sa pamamagitan ng inyong lubos na katapatan sa sariling bayan o ibang bansa, yaong mga kaluluwa na tinulongan ninyong makaligtas ay yaong inyong pinakamamahal.

Maraming taon na ang nakararaan, ang aking mahal na mga kaibigan, si Craig Sudbury at kanyang ina na si Pearl, ay dumating sa aking opisina bago umalis si Craig patungo sa Australia Melbourne Mission. Si Fred Sudbury, ama ni Craig, ay wala roon. Dalawampu't limang taon na ang nakararaan, nagpakasal ang ina ni Craig kay Fred, na walang pagmamahal sa Simbahan at, sa katunayan, ay hindi miyembro.

Sinabi sa akin ni Craig ang kanyang malaki at walang hanggang pagmamahal sa kanyang mga magulang at umaasa na balang-araw, ang kanyang ama ay maaantig ng Espiritu at mabubuksan ang puso nito sa ebanghelyo ni Jesucristo. Nanalangin

ako na mainspirasyon kung paano matutupad ang hangaring iyon. Dumating ang inspirasyon, at sinabi ko kay Craig, “Paglingkuran mo nang buong puso ang Panginoon. Maging masunurin sa iyong sagradong tungkulin. Bawat linggo ay lumiham ka sa iyong mga magulang; at paminsan-minsan, personal na sulatan ang iyong Itay, at ipaalam sa kanya kung gaano mo siya kamahal, at sabihin sa kanya kung bakit ka nagpapasalamat na ikaw ay anak niya.” Pinasalamat niya ako at, kasama ang kanyang ina, ay nilisan ang opisina.

Hindi ko na nakausap ang ina ni Craig nang mga 18 buwan, nang dumating siya sa aking opisina at umiyyak na sinabi sa akin, “Halos dalawang taon na mula nang magmisyon si Craig. Palagi siyang may liham sa amin bawat linggo. Kamakailan, ang aking asawa, si Fred, ay tumayo sa unang pagkakataon sa testimony meeting at sinorpresa ako at ang lahat ng naroon sa pagsasabing nagdesisyon siyang maging miyembro ng Simbahan. Sinabi niya na kami ay pupunta sa Australia para makita si Craig sa pagtatapos ng kanyang misyon upang si Fred ang huling taong bininyagan ni Craig bilang isang full-time missionary.”

Wala nang mas sasaya pang missionary kaysa kay Craig Sudbury nang, sa napakalayong bansang Australia, ay inalalayan niya ang kanyang ama

palusong sa tubig na hanggang baywang ang lalim at, nang itaas nang pakuwadrado ang kanyang kanang kamay, ay binanggit ang mga sagra-dong salitang ito: “Frederick Charles Sudbury, bilang naatasan ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo.”

Nagtagumpay ang pagmamahal.
Paglingkuran ang Panginoon nang may pagmamahal.

Mga kapatid, nawa ang bawat isa sa atin ay **masigasig na saliksikin ang mga banal na kasulatan, planuhin ang kanyang buhay nang may layunin, ituro ang katotohanan nang may patotoo**, at **paglingkuran ang Panginoon nang may pagmamahal.**

Ang perpektong Pastol ng ating mga kaluluwa, ang misyonero na tumubos ng sangkatauhan, ay nagbigay ng katiyakan sa atin:

“Kung mangyayaring kayo ay gagawa nang buo ninyong panahon sa pangangaral ng pagsisisi sa mga taong ito, at magdala, kahit isang kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!

“At ngayon, kung ang inyong kagalakan ay magiging malaki sa isang kaluluwa na inyong nadala sa akin sa kaharian ng aking Ama, anong laki ng inyong kagalakan kung makapagdadalayo kayo ng maraming kaluluwa sa akin!”⁷

Sa Kanya na nangusap ng mga salitang ito ay ipinahahayag ko ang aking patotoo: Siya ay Anak ng Diyos, ating Manunubos, at ating Tagapagligtas.

Dalangin ko na tumugon tayo tuwina sa Kanyang magiliw na panyaya, “Sumunod ka sa akin.”⁸ Sa Kanyang banal na pangalan—maging ang pangalan ni Jesucristo ang Panginoon—amen. ■

MGA TALA

1. “Mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 200.
2. Mateo 28:19–20.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 386.
4. Alma 17:2–3.
5. I Ni Pedro 3:15.
6. Doktrina at mga Tipan 4:2, 5–6.
7. Doktrina at mga Tipan 18:15–16.
8. Juan 21:22.





Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pag-asang Dulot ng Liwanag ng Diyos

Habang hinahangad nating dagdagan ang ating pag-ibig sa Diyos at sinisikap na mahalín ang ating kapwa, ang liwanag ng ebanghelyo ay papalibot sa atin at pasisiglahin tayo.

Daan Tungo sa Kaliwanagan

Mahalaga sa akin ang isang painting na nasa aking opisina na pinamagatang *Entrance to Enlightenment*. Likha ito ng isang kaibigan ko, ang Danish artist na si Johan Benthin, na siyang unang stake president sa Copenhagen, Denmark.

Makikita sa painting ang madilim na silid na nakabukas ang pinto na pinagmumulan ng maningning na liwanag. Napansin ko na ang liwanag na nagmumula sa pinto ay hindi tumatanglaw sa buong silid—tanging sa paligid lamang ng pinto.

Para sa akin, ang kadiliman at liwanag na nasa painting na ito ay katulad ng buhay. Bahagi ng ating katayuan bilang mga mortal na nilalang na madama kung minsan na para tayong napalilibutan ng kadiliman. Marahil nawalan tayo ng mahal sa buhay; maaaring naligaw ng landas ang isang anak; maaaring nakakabagabag ang naging pagsusuri sa atin ng doktor; maaaring may problema tayo sa trabaho at nabibigatan sa mga pag-aalinalangan at pangamba; o maaaring

dama nating nag-iisa tayo at hindi minamahal.

Ngunit kahit maaaring dama nating naguguluhan tayo sa kasalukuyan nating kalagayan, nangangako ang Diyos na may pag-asa sa Kanyang liwanag—nangangako Siyang tatanglawan ang ating daraanan at ituturo sa atin ang landas palabas sa kadiliman.

Isang Silid na Puno ng Kadiliman

Gusto kong ikuwento sa inyo ang tungkol sa isang babae na lumaki sa isang silid na puno ng kadiliman—tatawagin ko siyang Jane.

Mula pa noong si Jane ay tatlong taong gulang, paulit-ulit siyang sinaktan, nilait, at inabuso. Siya ay pinagbantaan at inalipusta. Gumigising siya bawat umaga na hindi alam kung mabubuhay pa siya kinabukasan. Ang mga taong dapat sanang magprotekta sa kanya ang nananakit sa kanya o nagtutulot na magpatuloy ang pang-aabuso.

Para magprotektahan ang kanyang sarili, natuto si Jane na maging manhid. Wala na siyang pag-asang

masagip pa, kaya't pinatigas na lamang niya ang kanyang puso sa malagim na sinapit niya. Walang liwanag sa kanyang daigdig, kaya't tinanggap na lamang niya ang kadilimang iyon. Dahil sa pagkamanhid na bunga ng walang tigil na pagmamalupit sa kanya, tinanggap niya ang katotohanan na anumang oras ay maaari siyang mamatay.

At sa edad na 18, natuklasan ni Jane Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang galak at pag-asa ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay tumimo sa kanyang puso, at tinanggap niya ang paanyaya na magpabinyag. Sa kauna-unahang pagkakataon, naliwanagan ang kanyang buhay, at nakita niya ang magandang landas na tatahakin. Iniwan niya ang kadiliman ng kanyang mundo at nagpasiyang mag-aral sa paaralang malayo sa nang-abuso sa kanya. Sa wakas dama niyang nakalaya siya sa madilim at masamang kapaligiran—malayang tamasahin ang matamis na kapayapaan at mahimalang pagpapagalang ng Tagapagligtas.

Gayunman, makalipas ang ilang taon, nang mamatay ang nang-abuso sa kanya, muling binagabag si Jane ng malalagim na pangyayari noong kanyang kabataan. Ang matinding kalungkutan at galit ay nagbantang sumira sa napakagandang liwanag na natagpuan niya sa ebanghelyo. Natanto niya na kung ang kadilimang iyon lamang ang iisipin niya, ang taong sumira sa kanya ang magtatagumpay.

Humingi siya ng payo at tulong medikal at natanto niya na para sa kanya, ang pinakamainam na landas sa paggaling ay ang unawain at tanggapin na umiiral ang kadiliman—ngunit di kailangang doon ituon ang pansin. Dahil, gaya ng alam na niya ngayon, umiiral din ang liwanag—at iyon ang pinili niyang pagtuunan ng pansin.

Dahil sa dinanas na dusa at hirap, si Jane ay madali sanang naging mapaghighanti, puno ng galit, o malupit. Ngunit hindi siya naging gayon. Napaglaban niya ang tukso na ikalat ang lagim, na pinipigilan ang sarili sa pagwawala dahil sa matinding galit, sakit, o kawalan ng tiwala sa iba. Sa



Mga General Authority ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



Boyd K. Packer



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott



Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen

ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Ronald A. Rasband



L. Whitney Clayton



Donald L. Hallstrom



Tod R. Callister



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen



Ulisses Soares

ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunud ayon sa alpabeto)



Marcos A. Adlakonis



José L. Alonso




Carlos H. Amador



Ian S. Ardern



Mervyn B. Arnold



David S. Baxter



Shayne M. Bowen



Craig A. Cardon



Yoon Hwan Choi



Don R. Clarke



Carl B. Cook



Lawrence E. Condré



Claudio R. M. Costa



Leonard R. Curtis Jr.



Benjamin De Hoyos



John B. Dickson



Edward Dubé



Kevin R. Duncan



Larry J. Echo Hawk



Stanley G. Ellis



David F. Evans



Enrique R. Fabrella



Eduardo Gavaret



Robert C. Gay



Carlos A. Goody




Christofel Golden Jr.



Gerrit W. Gong



Walter F. Gonzalez



C. Scott Graw



James J. Hamula



Daniel L. Johnson




Paul V. Johnson



Patrick Kearon



Paul E. Koelliker



Erich W. Kopschke



Marcus B. Nash




S. Gifford Nielsen



Brent H. Nielson



Allan F. Parker



Kevin W. Pearson



Anthony D. Perkins



Paul B. Pieper



Rafael E. Pino



Bruce D. Porter



Dale G. Reiland



Michael T. Ringwood




Lynn G. Robbins



Joseph W. Sitari



Steven E. Snow



Michael John U. Teh



José A. Teixeira



Juan A. Urceda




Arnulfo Valenzuela



Francisco J. Vinas



W. Christopher Watfield



William R. Walker



F. Michael Watson



Scott D. Whiting



Kazuhiko Yamashita



Jorge F. Zaballo



Wilford W. Andersen



Koichi Aoyagi



Randall K. Bennett



Bruce A. Carlson



J. Devin Cornish



Timothy J. Dyches



Bradley D. Foster



Randy D. Funk



O. Vincent Haleck



Kevin S. Hamilton



Larry R. Lawrence



Per G. Malm



James B. Martino



Jaro Mazzaguardi



Adrián Ochoa



Kent F. Richards



Gregory A. Schwitzer



Terence M. Vinson



Kent D. Watson



Larry Y. Wilson

ANG PRESIDING BISHOPRIC



Gérard Cussé
Unang Pangalawang Inyap




Gary E. Stegerson
Presiding Bishop



Deep M. Dajtes
Pangalawang Inyap

Claudio D. Živic

W. Craig Zwick



Nagtipon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo para sa Ika-183 Taunang Pangkalahatang Kumperensya. Nakalarawan paikot mula sa kaliwa pakanan ang mga miyembro ng Simbahan at missionary sa Guayaquil, Ecuador; Pretoria, South Africa; Santiago, Chile; Copenhagen, Denmark; New York City, New York, USA; Brasilia, Brazil; at Edinburgh, Scotland.

halip, nagtuon siya sa pag-asa na sa tulong ng Diyos siya ay mapapagaling. Pinili niyang maging liwanag at ilaan ang buhay niya sa pagtulong sa iba. Natulungan siya ng desisyong ito na kalimutan na lang ang nakaraan at humakbang tungo sa maluwalhati at maliwanag na kinabukasan.

Siya'y naging guro, at ngayon, makalipas ang ilang dekada, ang pagmamahal niya ay nakaimpluwensya sa buhay ng daan-daang bata, tinutulungan silang malaman na mahalaga sila. Siya'y walang sawang naging tagapagtanggol ng mahihina, ng mga nabiktima ng pang-aabuso o karahasan, at mga nasisiraan ng loob. Siya ay tumutulong, nagbibigay-lakas, at pinasisigla ang lahat ng nakapaligid sa kanya.

Natutuhan ni Jane na dumarating ang paggaling kapag lumayo tayo sa kadiliman at lumakad tungo sa pag-asa ng mas maningning na liwanag. Nang ipamuhay niya ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig sa kapwa hindi lamang niya binago ang sarili niyang buhay kundi pinagpala rin ang buhay ng marami magpakailanman.

Ang Liwanag ay Kumukunyahit sa Liwanag

Maaaring nadarama ng ilan sa inyo na unti-unti kayong naaapektuhan ng kadiliman. Maaaring kayo ay nag-aalala, nangangamba, o nagdududa. Sa inyo at sa ating lahat, uulitin ko ang napakaganda at tiyak na katothanan: Ang liwanag ng Diyos ay tunay. Ito ay maaaring mapasalihat! Ito ang nagbibigay ng buhay sa lahat ng bagay.¹ May kapangyarihan itong pawiin ang kirot ng pinakamalalim na sugat. Mapagagaling nito ang kalungkutan at karamdaman ng ating kaluluwa. Sa sandali ng kawalan ng pag-asa, makapagbibigay ito sa atin ng liwanag ng pag-asa. Makapagbibigay ito ng liwanag maging sa pinakamatinding kalungkutan. Matatanglawan nito ang landas sa ating harapan at aakayin tayo sa pinakamadilim na gabi tungo sa pangako ng bagong bukang-liwayway.

Ito ang “Espiritu ni Jesucristo,” na nagbibigay ng “liwanag sa bawat



tao na dumarating sa daigdig.”²

Gayunman, ang espirituwal na liwanag ay bihirang dumating sa mga taong nakaupo lamang sa kadiliman at naghihintay ng pipindot sa switch. Kailangan nating kumilos nang may pananampalataya upang makilala ang Liwanag ni Cristo. Ang espirituwal na liwanag ay hindi nakikita ng mga matang makasalanan. Itinuro mismo ni Jesucristo, “Ako ang ilaw na nagliliwanag sa kadiliman, at ang kadiliman ay hindi ito nauunawaan.”³ Sapagkat “ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Dios: sapagka’t ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka’t ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu.”⁴

Kaya’t paano natin hahanapin at makikilala ang pag-asang dulot ng liwanag ng Diyos?

Una, magsimula kung saan kayo naroon ngayon.

Hindi ba’t napakagandang malaman na di tayo kailangang maging perpekto para maranasan ang mga pagpapala at kaloob ng ating Ama sa Langit? Hindi natin kailangang hintayin na maging perpekto tayo para matanggap ang mga pagpapala ng Diyos.

Sa katunayan, sinisimulan tayong pagpalain ng Diyos kapag sinimulan nating hanapin ang liwanag.

Ang perpektong lugar para magsimula ay sa mismong kinatatayuan ninyo ngayon. Hindi mahalaga kung sa tingin ninyo ay di kayo karapat-dapat o masyado na kayong nahuhuli kumpara sa iba. Sa sandaling simulan ninyong hanapin ang inyong Ama sa Langit, sa sandaling iyon, ang pag-asa ng Kanyang liwanag ay sisimulang gisingin, pasiglahin, at gawing maringal ang inyong kaluluwa.⁵ Maaaring hindi kaagad maglaho ang kadiliman, ngunit gaya ng bukang-liwayway na kasunod ng magdamag, tiyak na darating ang liwanag.

Pangalawa, ibaling ang inyong puso sa Panginoon.

Ibuhos ang inyong damdamin sa panalangin at ipaliwanag sa inyong Ama sa Langit ang inyong nadarama. Aminin ang inyong mga pagkukulang. Ibuhos ang nilalaman ng inyong puso at magpasalamat. Ipaalam sa Kanya ang pagsubok na inyong nararanasan. Sumamo sa Kanya sa pangalan ni Cristo at humingi ng lakas at tulong. Hilingin na mabuksan ang inyong mga tainga, upang marinig ninyo ang

Kanyang tinig. Hilingin na mabuksan ang inyong mga mata, upang makita ninyo ang Kanyang liwanag.

Pangatlo, lumakad sa liwanag.

Alam ng inyong Ama sa Langit na magkakamali kayo. Alam Niyang madadapa kayo—siguro nang maraming beses. Ikinalulungkot Niya ito, ngunit mahal Niya kayo. Ayaw Niyang mawalan kayo ng pag-asa. Sa katunayan, nais Niyang bumangon kayo at maging taong dapat ninyong kahinatnan.

Para magawa ito, isinugo Niya ang Kanyang Anak sa mundong ito upang tanglawan ang daan at ipakita sa atin kung paano lalampasan ang mga batong katitisuran na inilagay sa ating daanan. Ibinigay Niya sa atin ang ebanghelyo, na nagtuturo sa landas ng disipulo. Itinuturo nito sa atin ang mga bagay na dapat nating malaman, gawin, at marating upang lumakad sa Kanyang liwanag, na sinusundan ang mga hakbang ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang ating Tagapagligtas.

Dadaigin ng Liwanag ang Kadiliman

Oo, makagagawa tayo ng mga pagkakamali.

Oo, madadapa tayo.

Ngunit habang hinahangad nating dagdagan ang ating pagmamahal sa Diyos at sinisikap na mahal in ang ating kapwa, ang liwanag ng ebanghelyo ay papalibot sa atin at pasisiglahin tayo. Tiyak na maglalaho ang kadiliman, dahil hindi ito makaiiral sa presensya ng liwanag. Habang lumalapit tayo sa Diyos, lalapit Siya sa atin.⁶ At araw-araw, lalago ang pag-asa ng liwanag ng Diyos sa ating kaloo-ban, “lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw.”⁷

Sa lahat ng nakadarama na lumalakad sila sa kadiliman, inaanyayahan ko kayong umasa sa tiyak na pangakong ito na binigkas ng Tagapagligtas ng sangkatauhan: “Ako ang ilaw ng sanglibutan: ang sumusunod sa akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw ng kabuhayan.”⁸

Isang Liwanag sa Africa

Ilang taon na ang nakalilipas, kami ng asawa kong si Harriet, ay



nagkaroon ng hindi malilimutang karanasan kung saan nakita namin ang katuparan ng pangakong ito. Nasa West Africa kami noon, isang magandang panig ng mundo kung saan lumalago ang Simbahan at kahanga-hanga ang mga Banal sa mga Huling Araw. Gayunman, marami ring pagsubok sa West Africa. Ang ikinalungkot ko sa lahat ay ang kahirapan na nakita ko roon. Sa mga lungsod, marami ang walang trabaho, at kadalasan ay hirap ang mga pamilya na tustusan ang kanilang pangangailangan sa araw-araw at nag-aalala sa kanilang kaligtasan. Lungkot na lungkot ako na malaman na marami sa ating minamahal na mga miyembro ng Simbahan ang namumuhay sa gayong kahirapan. Ngunit nalaman ko rin na nagtutulungan ang mabubuting miyembrong ito para mapagaan ang mabibigat na pasanin ng isa't isa.

Nakarating kami sa isa sa ating mga meetinghouse malapit sa isang malaking lungsod. Ngunit sa halip na makakita ng mga taong nabibigatan at lugmok sa kadiliman, ang nakita namin ay masasayang tao na nagniningning sa liwanag! Ang kaligayahang

nadama nila sa ebanghelyo ay nadama namin at nagbigay-sigla sa amin. Ang pagmamahal na ipinakita nila sa amin ay nakaaantig. Ang kanilang mga ngiti ay tunay at nakakahawa.

Naaalala kong naisip ko sa sandaling iyon kung mayroon pang mga tao sa balat ng mundo na mas maligaya kaysa sa kanila. Kahit na napalilibutan ng kahirapan at mga pagsubok ang mga mahal na Banal na ito, puno sila ng liwanag!

Nagsimula ang pulong, at nagumpisa akong magsalita. Ngunit di nagtagal namatay ang ilaw sa gusali, at naging napakadilim.

Sumandali akong nahirapang makita ang sinuman sa kongregasyon, ngunit nakita at nadama ko ang maliwanag at magagandang ngiti ng ating mga miyembro. Ah, ang sarap makasama ng kahanga-hangang mga taong ito!

Madilim pa rin sa chapel, kaya naupo ako sa tabi ng aking asawa at hinintay na magkaroon ulit ng ilaw. Habang naghihintay kami, may kagilangilalas na nangyari.

Sinimulang kantahin ng ilang tinig ang isa sa mga himno ng Panunumbalik. At sumabay sa pagkanta ang iba. At nadagdagan pa. Hanggang sa isang napakagandang koro ng mga tinig ang pumuno sa chapel.

Hindi kailangan ng mga miyembrong ito ng Simbahan ng mga himnaryo; alam nila ang titik ng bawat himnong kinanta nila. At sunud-sunod ang inawit nila nang buong lakas at sigla na umantig sa aking kaluluwa.

Sa wakas, sumindi na ulit ang mga ilaw at napuno ng liwanag ang silid. Nagtinginan kami ni Harriet, at basa sa luha ang aming mga pisngi.

Sa gitna ng matinding kadiliman, pinuno ng mga kalugud-lugod at kahanga-hangang mga Banal na ito ng liwanag ang gusali ng Simbahan at ang aming kaluluwa.

Napakaganda at nakaaantig ang karanasan naming iyon—karanasan na di namin malilimutan ni Harriet.

Lumapit sa Liwanag

Oo, may mga panahong tila naiimpluwensyahan, o nababalot pa nga ng

kadiliman ang ating buhay. Kung minsan ang kadilimang nakapaligid sa atin ay tila mapagmalupit, nakapanghihina ng loob, at nakakatakot.

Nagdadamhati ang puso ko sa maraming pagdurusang dinaranas ng ilan sa inyo, sa mapait na kalungkutan at pangamba na nakapapagal sa inyo.

Gayunpaman, nagpapatotoo ako na ang ating buhay na pag-asa ay na kay Cristo Jesus! Siya ang tunay, dalisay, at makapangyarihang daan tungo sa banal na kaliwanagan.

Nagpapatotoo ako na kay Cristo, ang kadiliman ay hindi magtatagumpay. Ang kadiliman ay hindi mananaig laban sa liwanag ni Cristo.

Nagpapatotoo ako na hindi makakayanan ng kadiliman ang liwanag ng Anak ng Diyos na buhay!

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa inyo na tanggapin Siya sa inyong puso. Hanapin Siya sa pamamagitan ng pag-aaral at panalangin. Magpunta sa Kanyang Simbahan, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Alamin ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang ebanghelyo, maging aktibo, tulungan ang isa't isa, at buong galak na paglingkuran ang ating Diyos.

Mga kapatid, maging sa napa-kadilim na gabi, aakayin kayo ng Tagapagligtas ng daigdig sa unti-unti, maganda, at maliwanag na buong-liwayway na tiyak na sisikat sa inyong kalooban.

Habang naglalakad kayo tungo sa pag-asa ng liwanag ng Diyos, matutuklasan ninyo ang habag, pagmamahal, at kabutihan ng mapagmahal na Ama sa Langit, “[at] sa kaniya’y walang anomang kadiliman.”⁹ Pinatotohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:11–13.
2. Doktrina at mga Tipan 84:45–46.
3. Doktrina at mga Tipan 6:21.
4. I Mga Taga Corinto 2:14.
5. Tingnan sa Alma 34:31.
6. Tingnan sa Santiago 4:8; Doktrina at mga Tipan 88:63.
7. Doktrina at mga Tipan 50:24.
8. Juan 8:12.
9. I Ni Juan 1:5.



Ni Elder Neil L. Andersen

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ito ay Isang Himala

Kung hindi kayo full-time missionary na may nakakabit na missionary badge sa inyong polo, panahon na para isulat ito sa inyong puso—isinulat, tulad ng sabi ni Pablo, “hindi . . . ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Dios na buhay.”

Ang mortal na buhay ni Jesucristo ay puno ng mga himala: isang inang birhen, isang bagong bituin, mga anghel na nagpakita sa mga pastol, nakakita ang bulag, nakalakad ang pilay, mga anghel sa Getsemani at sa libingan, at ang pinakamalaking himala sa lahat—ang Kanyang maluwalathing Pagkabuhay na Mag-uli.

Mailalarawan ba ninyo sa inyong isipan ang labing-isang Apostol na nasa bundok malapit sa Galilea nang lumapit sa kanila ang nagbangong Panginoon at sabihing: “Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo?”¹ “Magsiyaon kayo sa buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang evangelio sa lahat ng kinapal.”²

Sa “lahat ng bansa”? “Buong sanglibutan”? “Lahat ng kinapal”? Posible ba iyon? Bagama’t muli itong tiniyak ni Jesus sa kanila, marahil inisip nila kung talagang magkakaroon ng mga himala sa pagpapalaganap nila ng ebanghelyo.³

Nadaig ng pananampalataya ang pag-aalinlangan, at itinaas ni Pedro ang kanyang tinig, na nagsasabi:

“Kayong lahat na nangananahan sa Jerusalem, . . . inyong pakinggan ang aking mga salita: . . .

. . . Si Jesus na taga Nazaret, . . . [na] sa pamamagitan ng mga kamay ng mga tampalasan ay inyong ipinako sa krus at pinatay: . . .

“Ang Jesus na ito . . . [ay] binuhay na maguli ng Dios, [at] saksi kaming lahat.”⁴

Hindi maikakaila ang malakas na impluwensya ng Espiritu noong araw na iyon, at 3,000 kaluluwa ang nabinyagan. Tulad ng ipinangako ni Jesus, sinundan ng mga tanda at himala ang pananampalataya ng mga nananalig.

Nang ipanumbalik ang Simbahan ni Jesucristo sa lupa 183 taon na ang nakararaan, ang utos ng Panginoon sa Kanyang maliit na grupo ng mga disipulo ay pag-ulit sa sinabi Niya noon maraming siglo na ang nakararaan: “Ang tinig ng babala ay mapapasalaha ng tao.”⁵ “Sapagkat, katotohanan, ang tunog ay kinakailangang humayo . . . sa buong daigdig, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo.”⁶

Sa “lahat ng tao”? “Buong daigdig”? “Sa kadulu-duluhang bahagi ng mundo”? Posible ba iyon?

Muli itong tiniyak ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Banal sa mga Huling

Araw,⁷ ngunit nakinita ba nila ang lawak at tadhana ng kagila-gilalas na gawaing ito? Marahil naisip nila kung talaga bang magkakaroon ng mga himala sa pagpapalaganap nila ng ebanghelyo.

Muli, nadaig ng pananampalataya ang pag-aalinlangan, at libu-libo ang nabinyagan. Sa England, nakita ni Elder Wilford Woodruff na naghihintay ang isang buong komunidad sa kanyang pagdating. Napasakanila ang Espiritu ng Panginoon, at nabinyagan niya ang 45 mangangaral at ilang daang miyembro sa unang buwan niya sa Benbow farm.⁸

Ganyan din sa panahon natin. Noong missionary pa kami ni Elder David A. Bednar mga 40 taon na ang nakararaan (at tinitiyak ko sa inyo na hindi kami ang pinakamatandang returned missionary na nakaupo sa mga pulang silya), 16,000 ang mga missionary. Tulad ng iniulat kahapon ni Pangulong Thomas S. Monson, ngayon ay mayroon na tayong 65,000—mas marami kaysa noon. Noon ay may 562 stake. Ngayon mayroong mahigit 3,000. Noon, ang ating mga ward at branch ay nasa 59 na bansa. Ngayo'y may mga kongregasyon tayo sa 189 ng 224 na bansa at teritoryo sa mundo. Iilan lang tayo, tulad ng ipinropesiya ni Nephi.⁹ Ngunit kasabay nito, saksi tayo sa katuparan ng propesiya ni Daniel: ang “bato . . . [na tinibag] hindi ng mga kamay . . . [ay pinupuno] ang buong lupa.”¹⁰

Ang ating panahon ay pambihirang panahon ng mga himala. Anim na buwan na ang nakararaan noong ipahayag ni Pangulong Monson ang pagbabago sa edad para sa mga kabataang lalaki at babae na nais magmisyon, hindi maikakaila ang malakas na impluwensya ng Espiritu. Nadaig ng pananampalataya ang pag-aalinlangan, at nagsisulong ang mga kabataang lalaki at babae. Huwebes kasunod ng kumperensya, naatasan akong magrekomenda ng mga tawag sa misyon sa Unang Panguluhan. Namangha akong makita ang mga application ng mga binatang 18-taong-gulang at mga dalagang 19-na-taong-gulang na binago ang kanilang mga

plano, nagpatingin sa kanilang doktor, nainterbyu na ng kanilang bishop at stake president, at naisumite ang kanilang application sa misyon—lahat ng ito sa loob lamang ng limang araw. Libu-libo pa ang nakisali sa kanila. Ito ay isang himala.

Nagpapasalamat kami sa nakasisiglang pananampalataya ng ating kababaihan, sa dumaraming missionary mula sa mga bansa sa iba't ibang dako ng mundo, at sa dumaraming mag-asawang handang maglingkod. Li-mampu't walong bagong mission ang ibinalita, at ang ating punung-punong missionary training center sa Provo ay kamangha-manghang naragdagan ng isa pa sa Mexico City.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Tinutupad natin ang utos ng Tagapagligtas [na] . . . , ‘Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo.’”¹¹ “Ang . . . layuning ito . . . ay patuloy na lalaganap, at babaguhin at pagpapalain ang maraming buhay. . . . Walang puwersa sa buong mundo [ang] makapipigil sa gawain ng Diyos.”¹²

Nasasaksihan natin ang mga himala ng Panginoon habang lumalaganap ang Kanyang ebanghelyo sa buong mundo.

Mga kapatid, yamang binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mas maraming missionary na maglingkod, ginigising din Niya ang isipan at pinalalambot ang puso ng mas maraming mabubuti at tapat na tao upang tanggapin ang Kanyang mga missionary. Kilala na ninyo sila o makikilala pa lang ninyo sila. Sila ay nasa inyong pamilya at nakatira sa inyong paligid. Nadaraan nila kayo sa kalye, nakakatabi kayo sa eskuwela, at nakaka-usap kayo sa Internet. Kayo man ay mahalagang bahagi ng nagaganap na himalang ito.

Kung hindi kayo full-time missionary na may nakakabit na missionary badge sa inyong polo, panahon na para isulat ito sa inyong puso—isinulat, tulad ng sabi ni Pablo, “hindi . . . ng tinta, kundi ng Espiritu, ng Dios na

buhay.”¹³ At mga returned missionary, hanapin ang luma ninyong missionary tag. Huwag itong ikabit, kundi ilagay ito kung saan ninyo ito makikita. Kailangan kayo ngayon ng Panginoon nang higit kaysa noon upang maging kasangkapan sa Kanyang mga kamay. Tayong lahat ay may maitutulong sa himalang ito.

Bawat matwid na miyembro ng Simbahan ay naisip na kung paano ibabahagi ang ebanghelyo. Ang ilan ay ibinabahagi ang ebanghelyo sa normal na paraan, at marami tayong matututuhan sa kanila.¹⁴ Ang ilan ay nahihirapan at nag-iisip kung paano magagawa ito nang mas mahusay, na nagnanais na mawala ang panunurot ng budhi na nadarama natin kung minsan.

Ang hangarin nating ibahagi ang ebanghelyo ay naghihikayat sa ating lahat na lumuhod at manalangin, at dapat naman, dahil kailangan natin ang tulong ng Panginoon.

Hiniling ni Pangulong Monson na ipagdasal natin ang “mga lugar kung saan limitado ang ating impluwensya at hindi tayo pinapayagang magbahagi ng ebanghelyo nang malaya.”¹⁵ Kapag taimtim at nagkakaisa tayong humiling sa ating Ama sa Langit, patuloy na gagawing posible ng Panginoon na magawa natin ang mga bagay-bagay.

Ipinagdarasal din natin na magkaroon tayo ng mga pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo. Sinabi ni Apostol Pedro, “Lagi kayong [maging] handa [sa] pagsagot sa bawa't tao na humihingi . . . ng katuwiran [para] sa pagasang nasa inyo.”¹⁶

Sa kalituhan¹⁷ at kaguluhan¹⁸ sa mundo ngayon, hindi nakakagulat na iilang tao lang ang nagsisimba. Bagamat maraming nagnanais na mas mapalapit sa Diyos at higit na maunawaan ang layunin ng buhay, may mga tanong silang hindi nasasagot. Maraming taong tatanggap sa katotohanan, ngunit tulad ng paliwanag ng propetang si Amos, “sila'y [nagsisitakbo] ng paroo't parito na [hinahanap] ang salita ng Panginoon, at hindi [nila ito masumpungan].”¹⁹ Makatutulong kayo sa pagsagot sa kanilang mga tanong. Sa araw-araw ninyong pag-uusap



Nakasal nang Biyernes at nabinyagan nang Sabado kasama ang kanilang mga anak na nasa edad na, pinili ng mga mag-asawang ito mula sa Mozambique na sundin ang Tagapagligtas na si Jesucristo.

madaragdagan ninyo ang pananampalataya nila kay Cristo.²⁰

Sinabi ng Tagapagligtas: “Itaas ninyo ang inyong ilawan upang ito ay magliwanag sa sanlibutan. Masdan, ako ang ilaw na inyong itataas.”²¹

Ipinangako ko sa inyo, kapag nalangin kayong malaman kung sino ang kakausapin, papasok ang mga pangalan at mukha sa inyong isipan. Ipaalam sa inyo ang inyong sasabihin sa mismong sandaling kailangan ninyo ito.²² Darating sa inyo ang mga pagkakataon. Madaraig ng pananampalataya ang pag-aalinlangan, at bibiyayaan kayo ng Panginoon na magkaroon ng sarili ninyong mga himala.

Tinuruan tayo ng Tagapagligtas kung paano ibahagi ang ebanghelyo. Gusto ko ang kuwento tungkol kay Andres, na nagtanong, “Guro, saan ka tumitira?”²³ Maaari namang sabihin ni Jesus kung saan Siya nakatira. Ngunit sa halip ay sinabi Niya kay Andres, “Magsiparito kayo, at inyong makikita.”²⁴ Gusto kong isipin na ang sinasabi ng Tagapagligtas ay, “Magsiparito kayo at inyong makikita hindi lamang kung saan ako nakatira kundi kung

paano ako mamuhay. Magsiparito kayo at alamin ninyo kung sino Ako. Magsiparito kayo at damhin ninyo ang Espiritu.” Hindi natin alam ang lahat ng nangyari sa araw na iyon, ngunit alam natin na nang matagpuan ni Andres ang kapatid niyang si Simon, sinabi niya, “Nasumpungan namin . . . ang Cristo.”²⁵

Sa mga nagpapakita ng interes sa ating mga pakikipag-usap, maaari nating tularan ang halimbawa ng Tagapagligtas sa pag-anyaya sa kanila na “magsiparito kayo, at inyong makikita.” Tatanggapin ng ilan ang ating paanyaya, at ang iba ay hindi. Lahat tayo ay may kilala na naanyayahan na nang ilang beses bago tinanggap ang paanyayang “magsiparito kayo, at inyong makikita.” Isipin din natin ang mga miyembro na dati nating nakakasama ngunit ngayoy bihira na nating makita, at anyayahan silang bumalik at nang muli nilang makita.

Iginagalang natin ang pasiya at takdang-panahon ng bawat tao. Sabi ng Panginoon, “Hayaang ang bawat tao ay pumili para sa kanyang sarili.”²⁶ Ang kawalan ng interes ng isang tao

ay hindi kailangang makabawas sa ating pagkakaibigan at pagmamahalan. Tanggapin man ang paanyaya o hindi kapag inanyayahan ninyo ang iba na “magsiparito kayo, at inyong makikita,” madarama ninyo ang pagsang-ayon ng Panginoon at, kasama sa pagsang-ayong iyan, ang dagdag na pananampalataya na patuloy na ibahagi ang inyong mga paniniwala.

Para sa mga gumagamit ng Internet at mga mobile phone, may mga bagong paraan ng pag-anyaya sa iba na “magsiparito kayo, at inyong makikita.” Higit nating gawing bahagi ng pang-araw-araw na buhay ang pagbabahagi ng ating pananampalataya online. LDS.org, Mormon.org, Facebook, Twitter—lahat ay naglalaan ng mga pagkakataon.

Para maibahagi ang ebanghelyo, nagpasimula ng ilang blog ang mga kabataang miyembro sa Boston.²⁷ Yaong mga sumapi sa Simbahan ay sinimulan ang pag-aaral nila online, na sinundan ng mga pakikipagtalakayan sa mga missionary. Ang karanasang ito ay nakatulong din sa mga kabataan na magkaroon ng mas malaking tiwala sa

pagsasalita tungkol sa ebanghelyo sa harap ng ibang tao. Sabi ng isa sa kanila, “Hindi ito gawaing misyonero. Ito ay masayang gawain ng misyonero.”²⁸

Kasama tayong lahat dito. Kasama ang kapwa mga miyembro ng ward at mga missionary, sama-sama tayong nagpapalano at nagdarasal at nagtutulongan. Mangyaring isama sa inyong mga iniisip at panalangin ang mga full-time missionary. Ipagkatiwala sa kanila ang inyong pamilya at mga kaibigan. May tiwala sa kanila ang Panginoon at tinawag sila upang turuan at pagpalain yaong mga naghahanap sa Kanya.

Ibinahagi ni President Paulo Kretly ng Mozambique Maputo Mission ang karanasang ito: “Karaniwan na sa Mozambique na magsama [ang] mga magkasintahan [nang hindi kasal dahil] tradisyon sa Africa ang magbigay ng malaking dote para makasal, dote na di-kayang ibigay ng karamihan sa kanila.”²⁹

Pinag-isipan at ipinagdasal ng mga miyembro at missionary kung paano makakatulong.

Ang sagot sa kanilang mga dalangin ay na bibigyang-diin nila ang batas ng kalinisang-puri at kahalagahan ng kasal at mga walang-hanggang pamilya. At habang tinutulungang magsisi at makasal nang legal ang mga magkasintahan, ituturo nila ang kaligayahang nagmumula lamang sa pagsunod kay Jesucristo.

Ito ay larawan ng mga magkasintahan mula sa dalawang magkaibang lungsod sa Mozambique. Nakasal nang Biyernes, nabinyagan sila kasabay ng kanilang nakatatandang mga anak nang Sabado.³⁰ Inanyayahan ang mga kaibigan at kapamilya na “magsiparito kayo, at inyong makikita,” at daan-daan nga ang “nagsiparoon at nakakita.”

Kasunod ng binyag, sinabi ng isang babae, “Kailangan naming magpasiya kung susundin namin ang mga tradisyon ng aming mga ninuno o si Jesucristo. Ipinasiya naming sundin si Cristo.”³¹

Maaaring hindi kayo nakatira sa Mozambique, ngunit sa sarili ninyong paraan, sa sarili ninyong kultura,



maibabahagi ninyo ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo.

Manalangin sa inyong Ama sa Langit. Ito ang Kanyang sagradong gawain. Gagabayan Niya kayo sa inyong gagawin. Magbibigay Siya ng mga pagkakataon, aalisin Niya ang mga hadlang, at tutulongan Niya kayong daigin ang mga balakid. Ipinahayag ng Panginoon, “Ang tinig ng babala ay mapapasalihat ng tao, sa pamamagitan ng mga bibig ng aking mga disipulo, . . . at walang makapipigil sa kanila.”³²

Pinatotohanan ko na “ang tinig ng Panginoon ay hahanggan sa mga dulo ng mundo, upang ang lahat ng makaririnig ay makarinig.”³³ Ito ay isang himala. Ito ay isang himala. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 28:19.
2. Marcos 16:15.
3. Tingnan sa Mateo 28:20; Marcos 16:17–18.
4. Mga Gawa 2:14, 22–23, 32.
5. Doktrina at mga Tipan 1:4.
6. Doktrina at mga Tipan 58:64.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:5.
8. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Wilford Woodruff* (2005), 97–100.
9. Tingnan sa 1 Nephi 14:12.
10. Daniel 2:34–35.
11. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Mayo 2009, 5.
12. Thomas S. Monson, “Sa Pagtitipon Nating Muli,” *Liahona*, Mayo 2012, 4.
13. II Mga Taga Corinto 3:3.
14. Tingnan sa Clayton M. Christensen, *The Power of Everyday Missionaries: The What and How of Sharing the Gospel* (2013).
15. Thomas S. Monson, “Pagbati sa Kumperensya,” *Liahona*, Nob. 2009, 6.

16. I Ni Pedro 3:15.

17. Napupuna nila na binibigyan ng ibang kahulugan o binabalewala ang mga bagay na matagal nang itinuturing na totoo; tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:16; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 132:8.

18. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26; 88:91.

19. Amos 8:12.

20. Sinabi ni Propetang Joseph Smith: “May katotohanan ba sa mga Presbyterian? Oo. May katotohanan ba sa mga Baptist, Methodist, atbp.? Oo. . . . Dapat nating tipunin ang lahat ng mabuti at totoong alituntunin sa mundo at pahalagahan ang mga ito” (*History of the Church*, 5:517). “Hindi namin ipinatatapon sa mga tao ang anumang mabuti sa kanila . . . ; hinihiling lamang naming sumama sila at dagdagan pa ito. Paano kung tanggapin ng buong mundo ang Ebanghelyong ito? Kung magkagayo’y magkakaunawaan sila, at ang mga pagpapala ng Diyos ay ibubuhos sa mga tao, na siyang hangad ng buong kaluluwa” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 180). Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Gusto kong sabihin na pinasasalaman namin ang katotohanan sa lahat ng simbahan at ang kabutihang ginagawa nila. Ang gusto naming sabihin sa mga tao ay, dalhin ninyo ang lahat ng kabutihang nasa inyo, at saka natin tingnan kung madaragdagan pa namin ito. Iyan ang diwa ng gawaing ito. Iyan ang diwa ng aming gawaing misyonero” (“Words of the Living Prophet,” *Liahona*, Abr. 1999, 19). “Kailangan tayong maging mababait na tao. Kailangan nating kilalanin ang kabutihan sa lahat ng tao. Hindi natin sinisiraan ang ibang mga simbahan. Nangangaral tayo at nagtuturo sa maganda at tamang paraan. Sinasabi natin sa mga tao na may ibang relihiyon, ‘dalhin ninyo ang lahat ng kabutihang nasa inyo at saka natin tingnan kung madaragdagan pa namin ito.’ Iyan ang pinakadiwa ng ating malaking programang pang-missionary at nagbunga ito” (“Messages of Inspiration from President Hinckley,” *Church News*, Nob. 7, 1998, 2; tingnan sa *ldschurchnews.com*).

21. 3 Nephi 18:24.

22. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:85; 100:6.

23. Juan 1:38.

24. Juan 1:39.

25. Juan 1:41.

26. Doktrina at mga Tipan 37:4.

27. Tingnan, halimbawa, sa youngandmormon.com.

28. Pakikipag-usap kay Jackson Haight sa telepono noong Marso 22, 2013.

29. Personal na email mula kay President Paulo V. Kretly, Marso 6, 2013.

30. Mga larawang kuha mula kay President Paulo V. Kretly. Ung unang grupo ay taga-Maputo; ikinasal sila noong Nobyembre 30, 2012, at nabinyagan noong Disyembre 1, 2012. Ang pangalawang grupo ay taga-Beira; ikinasal sila noong Marso 1, 2013, at nabinyagan noong Marso 2, 2013.

31. Personal na email mula kay President Paulo V. Kretly, Marso 6, 2013.

32. Doktrina at mga Tipan 1:4–5.

33. Doktrina at mga Tipan 1:11.



Ni Rosemary M. Wixom
Primary General President

Ang mga Salitang Sinasambit Natin

Ang pagsasalita natin sa ating mga anak at ang mga salitang sinasambit natin ay makahihikayat sa kanila at magpapasigla at magpapalakas sa kanilang pananampalataya.

Kamakailan ay nabalitaan ng isang bata pang ama ang pagpanaw ng kanyang napakahusay na guro sa grade two. Bilang pag-alaala sa kanya, isinulat niya: “Sa lahat ng damdamin at karanasang naaalala ko, ang nananaig sa aking isipan ay ang ‘kapanatagan.’ Maaaring naturuan niya ako ng ispeleng, gramatika, at matematika, ngunit ang mas mahalaga ay naturuan niya akong magmahal noong bata pa ako. Sa kanyang klase, OK lang magkamali sa ispeleng pamin-san-minsan; ‘Pag-aaralan natin iyan,’ sasabihin niya. OK lang makatapon o makapunit o makamantsa; ‘Aayusin natin iyan at lilininis,’ itutugon niya. OK lang sumubok, hamunin ang sarili, mangarap, at masiyahan sa mga bagay na hindi mahalaga na mga bata lang ang natutuwa.”

Ang isa sa pinakamalaking magagawa ng tao sa mundong ito ay ang impluwensyahan ang isang bata. Ang mga paniniwala at pagpapahalaga sa sarili ng mga bata ay nahuhubog nang maaga sa kanilang buhay. Lahat ng nakikinig sa aking sinasabi ay may kakayahang palakasin ang tiwala sa sarili at pananampalataya ng isang

bata sa Ama sa Langit at kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga salitang sinasambit nila.

Sa Helaman kabanata 5 mababasa natin, “At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan.”¹

Ito ang *mga salitang* itinuro ni Helaman sa kanyang mga anak. At mababasa pa natin: “At natatandaan nila ang kanyang *mga salita*; at . . .

sila ay humayo . . . upang ituro ang salita ng Diyos sa lahat ng tao.”²

Kahit inusig at ibinilanggo ang mga anak ni Helaman, kailanman ay hindi sila binigo ng mga salitang iyon na narinig nila. Sila ay naprotektahan at napaligiran ng isang haliging apoy. Pagkatapos ay narinig ang isang tinig, na nagsasabi sa mga humuli sa kanila: “Magsisi kayo, at huwag nang hangarin pang patayin ang aking mga tagapaglingkod. . . .

“ . . . Hindi ito tinig ng kulog, ni tunog man ng napakalakas na ingay, subalit masdan, ito ay tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan, sa wari’y isang bulong, at ito ay tumagos maging sa buong kaluluwa.”³

Matututo tayo mula sa tinig na iyon na mula sa langit. Hindi iyon malakas, galit, o nanlalait; iyon ay isang banayad na tinig ng ganap na kahinahunan, na mahigpit na nagbibilin bagama’t nagbibigay ng pag-asa.

Ang pagsasalita natin sa ating mga anak at ang mga salitang sinasambit natin ay makahihikayat sa kanila at magpapasigla at magpapalakas sa kanilang pananampalataya na manatili sa landas pabalik sa Ama sa Langit. Pumaparito sila sa mundo na handang makinig.

Ang isang halimbawa ng batang nakikinig ay nangyari sa isang tindahan ng tela. Maraming namimili sa tindahan nang mapansin ng lahat na natataranta ang isang ina dahil nawawala ang kanyang anak. Sa simula, tinatawag niya ang pangalan nito. “Connor,” ang



sinasabi niya habang mabilis niyang nililibot ang tindahan. Kalaunan, mas lumakas at mas nag-aalala na ang tinig niya. Hindi naglaon ipinaalam ito sa mga guwardiya ng tindahan, at lahat ng nasa tindahan ay tumulong sa paghahanap sa bata. Ilang minuto na ang lumipas pero hindi pa rin siya makita. Ang ina ni Connor, natural, ay lalo pang nag-alala sa paglipas ng oras at paulit-ulit na isinisigaw ang pangalan nito.

Naisip ng isang mamimili, matapos manalangin nang tahimik, na baka natatakot si Connor na marinig ang pagsigaw ng kanyang ina sa kanyang pangalan. Binanggit niya ito sa isa pang babaeng nakikihanap sa bata, at agad silang nagplano. Magkasama silang naglakad sa pagitan ng mga mesa ng tela, na inuulit nang mahina ang mga salitang, “Connor, kung naririnig mo ako, sabihin mo, ‘Narito po ako.’” Habang dahan-dahan silang naglalakad patungo sa likod ng tindahan na inuulit iyon, narinig nga nila ang kimi at mahinang boses na nagsasabing, “Narito po ako.” Nagtatago si Connor sa pagitan ng mga rolyo ng tela sa ilalim ng isang mesa. Iyon ay tinig ng ganap na kahinahunan na naghikayat kay Connor na tumugon.

Ipagdasal na Malaman ang mga Pangangailangan ng Isang Anak

Upang makapangusap sa puso ng isang bata, dapat nating malaman ang mga pangangailangan ng isang bata. Kung ipagdarasal nating malaman ang mga pangangailangang iyon, ang mga salitang sinasambit natin mismo ay maaaring makaantig sa kanilang puso. Madaragdagan ang ating mga pagsisikap kapag hinangad natin ang patnubay ng Espiritu Santo. Sinabi ng Panginoon:

“Sabihin ninyo ang mga bagay na ilalagay ko sa inyong mga puso, . . .

“Sapagkat ibibigay sa inyo sa mga oras na yaon, oo, sa sandali, kung ano ang inyong sasabihin.”⁴

Iwanan ang mga Electronic Device at Makinig nang May Pagmamahal

Ang nakalulungkot, hinahadlangan ng mga bagay ng mundong ito ang maraming bata na marinig ang



mapanghikayat na mga salitang huhubog sa pananaw nila sa kanilang sarili.

Binanggit ni Dr. Neal Halfon, isang doktor na namamahala sa UCLA Center for Healthier Children, Families, and Communities, ang “kapabayaang mga magulang.” Isang halimbawa ang kinabibilangan ng isang batang 18-buwang gulang at kanyang mga magulang:

“Ang anak nila ay mukhang masaya, masigla at nakikipaglaro, maliwanag na natutuwa at kumakain ng pizza kasama ang kanyang mga magulang. . . . Pagkatapos ng hapunan, tumayo ang Nanay para gumawa ng ibang bagay, at pinaalagaan ang anak sa Tatay.’

“Ang Tatay . . . ay nagsimulang magbasa ng mga text sa cell phone habang pilit namang nagpapapansin ang anak sa pagbabato ng pirasong pizza crust. Pagkatapos ay muling pinansin ng ama ang anak, at nakipaglaro dito. Subalit maya-maya, nanood naman ang ama ng video sa cell phone at hindi gaanong pinansin ang anak hanggang makabalik ang kanyang asawa.

“. . . Naobserbahan ni [Dr.] Halfon na parang malungkot ang bata, at

nawalan ng koneksyon ang magulang at anak.”⁵

Ang sagot sa ating panalangin kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng ating mga anak ay maaaring ang hindi natin mas madalas na paggamit ng mga electronic device. Ang mahahalagang sandali ng pagkatakataong makaugnayan at makausap ang ating mga anak ay naglalahok kapag abala tayo sa iba pang mga bagay. Bakit hindi kayo pumili ng oras sa isang araw na hindi kayo gagamit ng teknolohiya at mag-usap kayo nang personal? Patayin lang ang lahat ng electronic device ninyo. Kapag ginawa ninyo ito, ang inyong tahanan ay tila tahimik sa simula; maaaring hindi ninyo malaman ang gagawin o sasabihin. Pagkatapos, kapag lubos na kayong nakatuon sa inyong mga anak, makakapag-usap na kayo, at masaya kayong makikinig sa isa’t isa.

Sumulat upang Hikayatin ang Ating mga Anak

Maiimpluwensyahan natin ang ating mga anak sa mga salitang isinusulat natin sa kanila. Isinulat ni Nephi, “Sapagkat masigasig kaming gumagawa upang makasulat, upang hikayatin ang ating mga anak . . . na maniwala kay Cristo, at makipagkasundo sa Diyos.”⁶

Ikinuwento ni Pangulong Thomas S. Monson ang karanasan ni Jay Hess, isang sundalong piloto na napabagsak sa North Vietnam noong 1960s: “Sa loob ng dalawang taon walang ideya ang kanyang pamilya kung patay o buhay pa siya. Kalaunan ay pinayagan siya ng mga bumihag sa kanya sa Hanoi na sulatan ang kanyang pamilya ngunit wala pang 25 salita ang pinayagang isulat niya sa kanyang mensahe.” Itinanong ni Pangulong Monson: “Ano kaya ang sasabihin natin sa ating mga pamilya kung nasa gayundin tayong kalagayan—na hindi sila nakita nang mahigit dalawang taon at hindi natin alam kung muli pa natin silang makikita? Upang maipaalam na siya nga ang sumulat sa kanyang pamilya at makapagbigay rin ng mahalagang payo sa kanila, isinulat ni Brother Hess [ang sumusunod na

mga salita]: ‘Ang mga bagay na ito ang mahalaga: kasal sa templo, misyon, kolehiyo. Magpatuloy, magtakda ng mga mithiin, magsulat ng kasaysayan, magpakuha ng letrato dalawang beses isang taon.’”⁷

Ano ang isusulat ninyo sa inyong mga anak kung mayroon lang kayong 25 salita o wala pa?

Ang ikinuwento kong ama kanina, na isinulat ang mga alaala niya tungkol sa kanyang guro sa grade two, ay nagpapalaki ngayon ng isang magandang anak na babae. Nadarama niya ang pagtitiwala sa kanya ng langit. Paglaki ng anak, ano ang magiging kinabukasan niya? Ano ang sasabihin ng ama na titimo nang husto sa kanyang puso? Anong mga salita ang maghihikayat, magpapasigla, at tutulong sa kanya na manatili sa tamang landas? May kaibhan ba kung mag-ukol siya ng panahon na ibulong ang, “Ikaw ay anak ng Diyos”? Maaalala ba niya balang-araw na madalas sabihin ng kanyang ama ang mga salitang, “Gusto ko ang lahat ng tungkol sa iyo”?

Hindi ba’t iyan ang sinabi ng ating Ama sa Langit sa Kanyang Anak at sa ating lahat nang sabihin Niyang, “Ito ang sinisinta kong Anak” at idinagdag pang, “na siya kong lubos na kinalulugdan?”⁸

Nawa’y madama sa mga salitang sinasambit at isinusulat natin sa ating mga anak ang pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa atin. Pagkatapos ay maari tayong tumigil para makinig, dahil ang isang bata ay may kakayahang mangusap ng dakila at kamanghamanghang mga bagay. Sinasabi ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Helaman 5:12.
2. Helaman 5:14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Helaman 5:29–30.
4. Doktrina at mga Tipan 100:5–6.
5. Lois M. Collins, “Baby’s Development Potentially Harmed by Parents Texting,” *Deseret News*, Hunyo 4, 2012, deseretnews.com/article/print/865556895/Babys-development-potentially-harmed-by-parents-texting.html.
6. 2 Nephi 25:23.
7. Thomas S. Monson, “Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paglalakbay,” *Liahona*, Nob. 2008, 86.
8. Mateo 3:17.



Ni Elder L. Whitney Clayton
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Pagsasama ng Mag-asawa: Magmasid at Matuto

Ang mga pangako ng Panginoon ay ibinibigay sa lahat ng sumusunod sa huwaran ng buhay na lumilikha ng masaya at banal na pagsasama ng mag-asawa.

Isang gabi ilang taon na ang nakaraan, kaming mag-asawa ay pumunta sa tahanan ng isa sa mga anak nating lalaki at kanyang asawa at mga anak para doon maghapunan. Karaniwang nangyayari ito sa isang pamilya na may maliliit na anak: maingay ngunit masaya. Matapos kumain, kami ni Anna, ang apat na taong gulang na apo namin, ay nakaupo pa rin sa may hapag-kainan. Napansin na kami na lang ang naroon, tumayo siya nang tuwid sa upuan at tinitigan ako. Nang tiyak niyang nakatingin na ako sa kanya, seryoso niyang sinabi sa akin na “manood at matuto.” At saka siya sumayaw at kumanta para sa akin.

Ang sinabi ni Anna na “manood at matuto” ay karunungan mula sa isang bata. *Maaaring* marami tayong matutuhan sa panonood o pagmamamasid at pagkatapos ay pag-isipan ang nakita at nadama natin. Sa bagay na iyan, ibabahagi ko sa inyo ang ilang mga alituntuning naoserbahan ko sa pagmamamasid at natutuhan mula sa

mga kahanga-hanga at matatapat na pagsasama ng mag-asawa. Ang mga alituntuning ito ay lumilikha ng matibay at masayang pamilya na tugma sa mga alituntuning ng langit. Inaanyayahan ko kayo na magmasid at matuto kasama ko.

Una, naoserbahan ko na sa pinakamasayang pamilya, itinuturing ng mag-asawa ang kanilang relasyon na isang napakahalagang perlas na walang katumbas, isang kayamanan na walang hanggan ang kahalagahan. Kapwa nila nililisan ang kanilang mga ama at mga ina, at nagsasama upang bumuo ng pamilya na uunlad tungo sa kawalang-hanggan. Nauunawaan nila na lumalakad sila sa isang banal at inorden na landas. Alam nila na wala nang iba pang uri ng ugnayan ang makapagdudulot ng malaking kagalakan, magpapaibayo ng higit na kabutihan, o higit na kadalisan ng sarili. Magsasid at matuto: para sa pinakamahusay na mag-asawa ang kanilang kasal ang pinakamahalaga.



pagsasama ng mag-asawa. Ang asawa na regular at matapat na sinusuri ang sarili at kaagad ginagawa ang nararapat para magsisi at bumuti ay nagkakaroon ng masayang pamilya. Nakatutulong ang pagsisisi upang maibalik at mapanatili ang pagkakaisa at kapayapaan.

Ang pagpapakumbaba ay pinakamahalagang bahagi ng pagsisisi. Ang pagpapakumbaba ay pagpaparaya, hindi sakim. Hindi nito ipinipilit ang sariling paraan o hindi nagmamagaling. Sa halip, ang taong mapagkumbaba ay malubay sumagot² at magiliw na nakikinig para umunawa, hindi para humusga. Nauunawaan niya na walang taong makapagpapabago sa iba, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisikap at tulong ng Diyos, maaari *nating* maranasan ang malaking pagbabago ng *sarili* nating puso.³ Kapag nararanasan natin ang malaking pagbabago ng puso, tatratin natin ng may kababaang loob ang iba, lalo na ang ating asawa.⁴ Ang pagpapakumbaba ay nangangahulugang hinahangad ng mag-asawa na pagpalain, tulungan, at pasiglahin ang isa't isa, inuuna ang asawa sa bawat pagpapasya. Magmasid at matuto: ang pagsisisi at pagpapakumbaba ay lumilikha ng masayang pagsasama ng mag-asawa.

Ikaapat, paggalang. Naobserbahan ko na sa mga kahanga-hanga at masasayang pagsasama ng mag-asawa, itinuturing nila ang isa't isa na kanilang kapantay. Ang mga pag-uugaling mula sa alinmang lugar o alinmang panahon kung saan dinodolina ng kalalakihan ang kanilang mga asawa o minamaliit sila ay hindi sumusunod sa banal na batas at dapat palitan na ito ng tamang mga alituntunin at mabuting pag-uugali.

Ang mga mag-asawang may magandang pagsasama ay nagkakaisa sa pagpapasya, na bawat isa ay nakikibahagi at may karapatang sabihin ang kanyang opinyon at tumulong sa pagpapasya.⁵ Sila ay nagtutuon muna sa pamilya at sa pagtulong sa isa't isa sa mga responsibilidad sa buhay.⁶ Ang kanilang pagsasama ay batay sa pagtutulungan, hindi sa negosasyon.

Ikalawa, pananampalataya. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa ay itinatag sa pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang mga turo.¹ Naobserbahan ko na kaya naging napakahalaga sa mga mag-asawa ang kanilang pagsasama ay dahil ginagawa nila ang mga huwaran ng pananampalataya: dumadalo sila sa sacrament at iba pang mga pulong linggu-linggo, nagpa-family home evening, nagdarasal at pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan nang indibiduwal at nang magkasama, at nagbabayad nang buong ikapu. Ang mithiin nilang dalawa ay maging masunurin at mabuti. Hindi nila ikinukumpara ang mga kautusan sa isang buffet na maaari nilang piliin ang gusto lamang nilang sundin.

Ang pananampalataya ay pundasyon ng lahat ng kabutihan na nagpapatibay sa mag-asawa. Ang pagpapalakas sa pananampalataya ay nagpapatibay sa mag-asawa. Lumalakas ang pananampalataya kapag sinusunod natin ang mga kautusan, at gayundin ang pagkakaisa at kagalaan sa pagsasama ng mag-asawa. Kaya't napakahalagang sundin ang mga kautusan para tumibay ang walang hanggang pagsasama ng mag-asawa. Magmasid at matuto: ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ay ang pundasyon ng masaya at walang hanggang pagsasama ng mag-asawa.

Ikatlo, pagsisisi. Natutuhan ko na ang masayang pamilya ay nakasalig sa kaloob na pagsisisi. Ito ay mahalagang bahagi ng bawat mabuting

Ang oras ng pagkain at oras para sa pamilya ang nagiging pinakamahalagang bahagi ng kanilang panahon at ang pinagtutuunan ng kanilang pagsisikap. Pinapatay nila ang mga electronic device at itinitigil ang sariling paglilibang upang tumulong sa mga gawaing-bahay. Hangga't maaari, binabasahan nila ang kanilang mga anak tuwing gabi at dalawa silang nagpapatulog sa maliliit na anak. Sabay silang natutulog. Kung itutulot ng kanilang tungkulin at kalagayan, ang mag-asawa ay nagtutulungan sa paggawa ng pinakamahalagang gawain—ang gawaing ginagawa natin sa ating sariling tahanan.

Kung may paggalang, naroon din ang katapatan, na siyang mahalagang bagay sa masayang pagsasama ng mag-asawa. Walang mga sikreto sa isa't isa ang mag-asawa kapag may paggalang at katapatan. Magkasama ang mag-asawa sa paggawa ng lahat ng desisyon tungkol sa pananalapi, at kapwa may access sa lahat ng impormasyon.

Ang katapatan ay isang uri ng paggalang. Itinuturo ng mga propeta na ang matagumpay na mag-asawa ay “lubos na tapat” sa isa't isa.⁷ Makabuluhan nilang ginagamit ang social media sa lahat ng paraan. Hindi sila naglilihim sa paggamit ng Internet. Ipinapaalam nila sa isa't isa ang kanilang mga social network password. Hindi sila tumitingin sa mga online profile ng sinuman kahit sa anumang paraan na maaaring makasira sa pagtitiwala ng kanilang asawa. Hindi sila gumagawa o nagsasabi ng anumang bagay na hindi mabuti, sa Internet man o nang harapan. Magmasid at matuto: ang kahanga-hangang mag-asawa ay lubos na may paggalang, at katapatan sa isa't isa.

Ikalima, pag-ibig. Ang pinakamasayang pagsasama ng mag-asawa ay bunga ng pagsunod sa isa sa pinakamasayang kautusan—na tayo ay “mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig.”⁸ Nangungusap sa mga kalahalihan, iniutos ng Panginoon, “Inyong mahalín ang inyong asawa nang buo ninyong puso, at pumisan sa kanya at wala nang iba.”⁹ Itinuturo sa hanbuk



ng Simbahan: “Ang ibig sabihin ng salitang *pumisan* ay lubos na maging tapat sa isang tao. Ang mag-asawa ay pumipisan sa Diyos at sa isa't isa sa pamamagitan ng paglilingkod at pagmamahal sa isa't isa at pagtupad sa mga tipan nang may lubos na katapatan sa isa't isa at sa Diyos”. “Iniwan ng [mag-asawa] ang buhay nila noong sila ay binata o dalaga pa at inuuna nila ang kanilang pamilya. . . . Hindi nila hinahayaang maging mas prioridad nila ang ibang tao o bagay . . . kaysa pagtupad sa mga tipan na ginawa nila sa Diyos at sa isa't isa.”¹⁰ Magmasid at matuto: ang matagumpay na mag-asawa ay nagmamahalan at lubos na tapat sa isa't isa.

May mga tao na hindi gaanong masaya sa kanilang buhay may-asawa tulad ng nais sana nilang mangyari, at mayroon ding hindi nakapag-asawa, nakipagdiborsiyo, mga single parent, o sa iba't ibang kadahilanan ay hindi maaaring mag-asawa. Ang mga kalagayang ito ay maaaring puno ng hamon at pighati, ngunit may katapusan ito. Sa inyo na nasa ganitong kalagayan at gayunpaman ay

“malugod na ginagawa ang lahat ng bagay sa abot ng [inyong] makakaya”¹¹ upang makapagtiis, nawa ay lubos kayong pagpalain ng langit. Hanga-ring magkaroon ng walang hanggang pamilya, magsikap o maghandang maging karapat-dapat na asawa. Sundin ang mga kautusan, at manaling sa Panginoon at sa Kanyang walang maliw na pagmamahal sa inyo. Balang araw bawat ipinangakong pagpapala na may kaugnayan sa pag-aasawa ay mapapasainyo.¹²

Isinasaad sa isa sa pinakamagandang mga talata sa Aklat ni Mormon, “At sila ay nag-asawa, at ibinigay sa pag-aasawa, at pinagpala alinsunod sa maraming pangakong ginawa ng Panginoon sa kanila.”¹³ Ang mga pangako ng Panginoon ay ibinibigay sa lahat ng sumusunod sa huwaran ng buhay na lumilikha ng masaya, at banal na pagsasama ng mag-asawa. Ang gayong mga pagpapala ay dumarating bilang kasiya-siya at inaasahang bunga sa matapat na pamumuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Nagpapasalamat ako sa aking mabait na asawa na si Kathy, na pinakamamahal ko.

Ang kasal ay kaloob ng Diyos sa atin; ang uri ng pagsasama ng mag-asawa ay regalo natin sa Kanya. Pinatotohanan ko ang kahanga-hangang plano ng ating mapagmahal na Ama sa langit, na naglaan para sa walang hanggan at napakasayang pagsasama ng mag-asawa. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
2. Tingnan sa Mga Kawikaan 15:1.
3. Tingnan sa Alma 5:11–12, 26–31.
4. Tingnan sa Moroni 7:43–48; 8:25–26.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:27–31.
6. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” 129.
7. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2011, 68; Gordon B. Hinckley, “Life’s Obligations,” *Liahona*, Mayo 1999, 4.
8. Doktrina at mga Tipan 42:45.
9. Doktrina at mga Tipan 42:22.
10. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 1.3.1.
11. Doktrina at mga Tipan 123:17.
12. Tingnan sa *Handbook 2*, 1.3.3.
13. 4 Nephi 1:11.



Ni Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan

Tinanggap ng kalalakihan at kababaihan ang kanilang kalayaang pumili bilang kaloob mula sa Diyos, ngunit ang kanilang kalayaan at, ang ibinunga niyon, na kanilang walang hanggang kaligayahan ay mula sa pagsunod sa Kanyang mga batas.

Nakatanggap ako ng espesyal na regalo noong nakaraang Pasko na nagbalik ng maraming alaala. Ibinigay ito sa akin ng pamangkin kong babae. Isa ito sa mga bagay na iniwan ko sa lumang bahay namin nang mag-asawa ako at lumipat ng tirahan. Ang maliit at kulay brown na aklat na ito ang regalang iyon. Ito ang aklat na ibinibigay noon sa mga LDS servicemen na pumasok sa militar noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Itinuturing kong regalo ang aklat na bigay ni Pangulong Heber J. Grant at ng kanyang mga tagapayo na sina J. Reuben Clark Jr. at David O. McKay.

Sa harapan ng libro, ito ang isinulat ng tatlong propeta ng Diyos: “Dahil sa mga kaganapan sa militar hindi kami palaging nabibigyan ng pagkakataong makipag-ugnayan sa iyo, personal man o sa pamamagitan ng kinatawan. Ang naisip naming pinakamagandang paraan ay ibigay sa iyo ang ilang bahagi ng mga paghahayag sa panahon ngayon at mga paliwanag tungkol sa mga alituntunin ng Ebanghelyo na

magdadala sa iyo, saanman ka man naroroon, ng panibagong pag-asa at pananampalataya, gayundin ng aliw, kapanatagan at kapayapaan ng espiritu.”¹

Ngayon ay nararanasan natin ang isa pang uri ng digmaan. Hindi kailangan dito ang kagamitang-pandigma. Ito ay digmaan ng isip, salita, at gawa. Ito ay digmaan laban sa kasalanan, at higit kailanman kailangang maipaalala sa atin ang mga kautusan. Nagiging karaniwan na ang sekularismo, at marami sa paniniwala at gawain nito ay tahasang salungat sa mga itinatag mismo ng Panginoon para makatulong sa Kanyang mga anak.

Sa maliit at kulay brown na aklat, kasunod ng liham ng Unang Pangu-luhan, may nakasulat na “Paalala sa mga Kalalakahang nasa Serbisyo,” na pinamagatang “Ang Pagsunod sa Batas ay Kalayaan.” Ipinaghahambing sa sulat ang batas-militar, na “para sa kabutihan ng lahat ng nasa serbisyo,” at ang batas ng langit.

Sabi nito, “Sa sandaigdigan din, kung saan ang Diyos ang namumuno,

ay may batas—pangkalahatan at walang hanggan . . . na batas—na may tiyak na mga pagpapala at hindi nababagong kaparusahan.”

Ang huling bahagi ng sulat ay nakatuon sa pagsunod sa batas ng Diyos: “Kung nais ninyong bumalik sa inyong mga mahal sa buhay nang taas-noo, . . . kung nais ninyong maging mabuting tao at mamuhay nang masaya—sundin ninyo ang batas ng Diyos. Sa paggawa nito maidaragdag ninyo sa walang katumbas na mga kalayaang iyon na pinaghahirapan ninyong pangalagaan, ang isa pang kalayaan na maaaring asahan ng iba, ang kalayaan mula sa kasalanan; sa-pagkat tunay nga na ‘ang pagsunod sa batas ay kalayaan.’”²

Bakit ang mga salitang “ang pagsunod sa batas ay kalayaan” ay mahalaga sa akin nang panahong iyon? Bakit mahalaga ito sa ating lahat ngayon?

Marahil dahil inihayag sa atin ang kaalaman tungkol sa ating premortal na buhay. Alam natin na nang ilahad ng Diyos Amang Walang Hanggan ang Kanyang plano sa atin noong bago pa tayo pumarito sa lupa, gusto ni Satanas na baguhin ang plano. Sabi niya ililigtas niya ang lahat ng tao. Wala ni isang kaluluwang mawawala, at tiwala si Satanas na maisasakutaparan niya ang kanyang mungkahi. Ngunit mayroong hindi katanggap-tanggap na kapalit—ang pagkawasak ng kalayaan ng tao, na kaloob ng Diyos noon pa man (tingnan sa Moises 4:1–3). Tungkol sa kaloob na ito, sinabi ni Pangulong Harold B. Lee, “Pangalawa sa buhay mismo, ang kalayaan sa pagpili ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa sangkatauhan.”³ Napakahalaga para kay Satanas na mawala ang kalayaan ng tao na pumili. Sa katunayan, ito ang pangu-nahing dahilan kaya nagkaroon ng Digmaan sa Langit. Ang tagumpay sa Digmaan sa Langit ay tagumpay para sa kalayaan ng tao na pumili.

Gayunman, hindi pa tapos si Satanas. Ang alternatibong plano niya—ang planong isinasagawa na niya mula pa noong panahon nina Adan at Eva—ay tuksuhin ang mga lalaki at babae, upang patunayan na hindi

tayo karapat-dapat sa ipinagkaloob ng Diyos na kalayaang pumili. Maraming dahilan si Satanas sa kanyang mga ginagawa. Pinakamatindi marahil dito ay paghihiganti, ngunit gusto rin niyang gawing kaaba-aba ang mga lalaki at babae na katulad niya na kaaba-aba. Hindi dapat isipin ng sinuman sa atin na mababaw lang ang paghahangad ni Satanas na magtagumpay. Ang kanyang papel sa walang hanggang plano ng Diyos ay lumikha ng “pag-salungat sa lahat ng bagay” (2 Nephi 2:11) at subukin ang kalayaan nating pumili. Bawat pagpiling ginagawa natin ay sumusubok sa ating kalayaang pumili—ang pagpili nating sumunod o sumuway sa mga utos ng Diyos ay pagpili sa “kalayaan at buhay na walang hanggan” o “pagkabihag at kamatayan.”

Ang mahalagang doktrinang ito ay malinaw na itinuro sa ikalawang kabanata ng 2 Nephi: “Anupa’t ang tao ay malaya ayon sa laman; at lahat ng bagay ay ipinagkaloob sa kanila na kapaki-pakinabang sa tao. At sila ay malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pama-magitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo; sapagkat hinahangad niya na ang lahat ng tao ay maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:27).

Sa maraming aspeto, ang daigdig na ito ay laging nasa digmaan. Naniniwala ako na nang ipinadala sa akin ng Unang Panguluhan ang aking maliit at brown na aklat, higit nilang inaalala ang digmaan na mas matindi pa sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Naniniwala rin ako na inaasahan nila na magiging isa itong kalasag ng pananampalataya laban kay Satanas at sa kanyang mga hukbo sa mas malaking digmaang ito—ang digmaan laban sa kasalanan—at magsilbing paalala sa akin na ipamuhay ang mga kautusan ng Diyos.

Isang paraan na masusuri natin ang sarili at maikukumpara tayo sa mga naunang henerasyon ay sa pama-magitan ng isa sa mga pinakaunang pamantayan na alam ng lahat—ang



Sampung Utos. Para sa malaking bahagi ng sibilisadong daigdig, lalo sa lugar kung saan nag-ugat ang Judaismo at Kristiyanismo, ang Sampung Utos ang lubos na tinatanggap at noon pa man ay nagsasaad na ng kung ano ang mabuti at masama.

Sa aking palagay, apat sa Sampung Utos ang pinapahalagahan pa rin hanggang ngayon. Bilang isang lipunan, tinutuligsa at kinokondena natin ang pagpatay, pagnanakaw, at pagsisinungaling, at naniniwala pa rin tayo na responsibilidad ng mga magulang ang kanilang mga anak.

Ngunit sa pangkalahatan, karaniwang binabalewala natin ang natitira pang anim na utos:

- Kung ibabatay sa prioridad na ini-uukol sa materyal na bagay, walang dudang may “ibang mga dios” tayo na mas inuuna natin kaysa sa tunay na Diyos.
- Gumagawa tayo ng mga diyus-diyosan na mga bantog na tao, pamumuhay, yaman, at oo, kung minsan ng mga larawang inanyuan o mga bagay.
- Ginagamit natin ang pangalan ng Diyos sa lahat ng uri ng kalapastanganan, kabilang na ang walang pakundangang pagbanggit ng Kanayang pangalan at pagmumura.
- Ginagamit natin ang araw ng Sabbath para sa pinakamalalaki nating laro, pinakamasayang libangan, maramihang pamimili, at halos lahat-lahat na maliban lang sa pagsamba.

- Itinuturing natin ang seksuwal na relasyon na walang basbas ng kasal bilang libangan at kasiyahan.
- At ang pag-iimbot ay naging karaniwan nang bahagi ng buhay. (Tingnan sa Exodo 20:3–17.)

Ang mga propeta sa lahat ng dispensasyon ay walang tigil na nagbabala laban sa paglabag sa dalawa sa pinakamabibigat na utos—ang mga utos na may kinalaman sa pagpatay at pangangalunya. Nakikita ko ang iisang pinagbatayan ng dalawang napakahalagang utos na ito—ang paniniwala na ang Diyos ay may karapatan sa buhay mismo at ang ating mga pisikal na katawan, ang mga templo ng mortalidad, ay dapat malikha sa mga limitasyong itinakda ng Diyos. Ang palitan ng tao ng kanyang sariling patakaran ang mga batas ng Diyos sa buhay o kamatayan man ay sukdulang kapangahas-an at napakabigat na kasalanan.

Ang mga pangunahing epekto ng mga bumababang pagpapahalaga sa kabanalan ng kasal ay nakikita sa pamilya—ang panghihina ng pamilya ay nakakabahala. Ang panghihinang ito ay nagdudulot ng laganap na kapinsalaan sa lipunan. Nakikita ko ang tunay na sanhi at epekto. Kapag winalanghalaga natin ang pananagutan at katapatan sa ating asawa, inaalis natin ang nagbibigkis sa ating lipunan.

Makatutulong isipin na ang mga kautusan ay mapagmahal na payo mula sa matalinong Ama sa Langit na nakaaaalam ng lahat ng bagay. Mithiin Niya ang ating walang hanggang



kaligayahan, at ang Kanyang mga kautusan ay gabay na ibinigay Niya sa atin upang makabalik tayo sa Kanya at maging maligaya nang walang hanggan. Gaano kahalaga ang tahanan at pamilya sa ating walang hanggang kaligayahan? Sa pahina 141 ng aking maliit na aklat, ito ang isinasaad, “Tunay ngang ang langit ay hindi lang kumakatawan sa tahanan natin sa kawalang hanggan.”⁴

Kamakailan, ang doktrina ng pamilya at tahanan ay muling binigyang-diin nang napakalinaw sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Ipinahayag nito ang walang hanggang katangian ng pamilya at pagkatapos ay ipinaliwanag ang kaugnayan nito sa pagsamba sa templo. Isinaad rin sa paghahayag ang batas kung saan nakasalalay ang walang hanggang kaligayahan ng pamilya, iyon ay, “Ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.”⁵

Ipinahayag ng Diyos sa mga propeta na may mga tiyak na alituntunin ng moralidad. Ang kasalanan ay

mananatiling kasalanan. Ang pagsuway sa mga kautusan ng Panginoon ay magkakait sa atin ng Kanyang mga pagpapala. Patuloy at kapansin-pansin ang pagbabago ng daigdig, ngunit ang Diyos, ang Kanyang mga kautusan, at mga ipinangakong biyaya ay walang pagbabago at hindi nagbabago. Ang mga ito ay hindi nagbabago. Tinanggap ng kalalakihan at kababaihan ang kanilang kalayaang pumili bilang kaloob mula sa Diyos, ngunit ang kanilang kalayaan at, pagkatapos, ang kanilang walang hanggang kaligayahan ay mula sa pagsunod sa Kanyang mga batas. Tulad ng ipinayo ni Alma sa kanyang nagkasalang anak na si Corianton, “Ang kasamaan ay hindi kailanman kaligayahan” (Alma 41:10).

Sa panahong ito ng Panunumbalik ng kabuuan ng ebanghelyo, ipinahayag muli sa atin ng Panginoon ang mga pagpapalang ipinangako sa atin dahil sa pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

Mababasa natin sa Doktrina at mga Tipan 130:

“May isang batas, hindi mababagong utos sa langit bago pa ang pagkakatatag ng daigdig na ito, kung

saan ang lahat ng pagpapala ay nakasalalay—

“At kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay” (D at T 130:20–21).

Tunay ngang walang anumang doktrina na mas binigyang-diin sa mga banal na kasulatan kaysa sa hindi nababagong mga kautusan ng Panginoon at ang kaugnayan nito sa ating kaligayahan at kapakanan bilang mga indibiduwal, pamilya, at bilang lipunan. May mga tiyak na alituntunin ng moralidad. Ang pagsuway sa mga kautusan ng Panginoon ay magkakait sa atin ng Kanyang mga pagpapala. Hindi nagbabago ang mga bagay na ito.

Sa daigdig na humihina ang pamantayan ng moralidad, ang ipinainumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi natitinag, at gayon din dapat ang mga stake at ward nito, ang mga pamilya nito, at ang bawat miyembro nito. Hindi natin dapat piliin ang mga kautusan na sa palagay lamang natin ay mahalagang sundin kundi sundin natin ang lahat ng utos ng Diyos. Dapat manatili tayong matatag at di-natitinag, na lubos na nananalig na hindi nagbabago ang Panginoon at lubos na nagtitiwala sa Kanyang mga pangako.

Nawa’y manatili tayong liwanag sa burol, isang halimbawa ng pagsunod sa mga kautusan, na hindi kailanman nagbabago at magbabago. Tulad ng paghikayat ng maliit na aklat na ito sa mga LDS servicemen na panatilihing matatag ang moralidad sa oras ng digmaan, nawa, sa digmaang ito sa mga huling araw, ay maging liwanag tayo sa buong mundo lalo na sa mga anak ng Diyos na naghahangad ng mga pagpapala ng Panginoon. Ito ay pinatotohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Unang Panguluhan, sa *Principles of the Gospel* (1943), i.
2. *Principles of the Gospel*, v, vii, viii.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* (2000), 5.
4. Stephen L Richards, sa *Principles of the Gospel*, 141.
5. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng mga Pagpapala

Ang kaalaman sa katotohanan at ang mga sagot sa ating malalaking katanungan ay dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang mga kautusan ng Diyos.

Mahal kong mga kapatid, nagpapasalamat ako na nakasama ko kayo sa umagang ito. Hiling ko ang inyong pananampalataya at mga panalangin sa pagtugon ko sa pribilehiyong magsalita sa inyo.

Sa lahat ng panahon, ang mga kala-lakihan at kababaihan ay naghahanap ng kaalaman at pagkaunawa tungkol sa mortalidad na ito at sa kanilang katayuan at layunin dito, gayon din kung paano magkaroon ng kapayapaan at kaligayahan. Bawat isa sa atin ay bahagi ng paghahanap na iyan.

Ang kaalaman at pagkaunawang ito ay maaaring makamtan ng lahat ng tao. Ang mga ito ay nakapaloob sa mga katotohanan na walang hanggan. Sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 1, talata 39, mababasa natin, “Sapagkat masdan, at narito, ang Panginoon ay Diyos, at ang Espiritu ang nagpapatotoo, at ang patotoo ay tunay, at ang katotohanan ay mananatili nang magpakailanman at walang katapusan.”

Isinulat ng isang makata:

*Langit ma’y pumanaw, at mundo’y magiba,
Ang katotohana’y, hindi masisira,
Buhay nati’y ito ang layon.¹*

May magtatanong, “Saan mata-tagpuan ang katotohanan, at paano namin makikilala ito?” Sa paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith sa Kirtland, Ohio, noong Mayo ng 1833, ipinahayag ng Panginoon:

“At ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa. . . .

“Ang Espiritu ng katotohanan ay sa Diyos. . . .

“At walang taong tatanggap ng kabuuan maliban kung siya ay sumusunod sa kanyang mga kautusan.

“Siya na sumusunod sa mga kautusan [ng Diyos] ay tumatanggap ng katotohanan at liwanag, hanggang sa siya ay maluwalhati sa katotohanan at malaman ang lahat ng bagay.”²

Napakagandang pangako nito!
“Siya na sumusunod sa mga kautusan [ng Diyos] ay tumatanggap ng katotohanan at liwanag, hanggang sa siya ay maluwalhati sa katotohanan at malaman ang lahat ng bagay.”

Hindi na natin kailangan, sa panahong ito na puno ng kaalaman dahil naipanumbalik na ang kabuuan ng ebanghelyo, na maglayag sa mga karagatan o maglakbay sa mga daan na hindi pa napupuntahan para hanapin ang katotohanan. Isang mapagmahal na Ama sa Langit ang nagplano sa landas na ating tatahakin at nagbigay ng gabay—ang *pagsunod*. Ang kaalaman sa katotohanan at ang mga sagot sa ating malalaking katanungan ay dumarating sa atin kapag sinusunod natin ang mga kautusan ng Diyos.

Natututuhan nating sumunod sa buong buhay natin. Simula sa ating pagkabata, yaong may responsibilidad na alagaan tayo ay nagtakda ng mga tuntunin at patakaran para tiyakin ang ating kaligtasan. Mas magiging madali ang buhay sa ating lahat kung lubos nating susundin ang mga tuntunin. Gayunpaman, marami sa atin ang natututuhan sa pamamagitan ng karanasan ang karunungan dulot ng pagsunod.

Noong lumalaki na ako, tuwing summer mula Hulyo hanggang sa mga unang araw ng Setyembre, ang pamilya ko ay namamalagi sa aming maliit na bahay sa Vivian Park sa Provo Canyon sa Utah.

Isa sa matatalik kong kaibigan sa masasayang panahong iyon ay si Danny Larsen, na ang pamilya ay nagmamayari rin ng isang maliit na bahay sa Vivian Park. Bawat araw naglilibot kami sa lugar na ito, nangingisda sa batis at ilog, nangunguha ng mga bato at iba pang magagandang bagay, nagma-hiking, umaakyat, at nagsasaya sa bawat minuto ng bawat araw.

Isang umaga nagpasiya kami ni Danny na gumawa ng campfire sa gabi kasama ang lahat ng kaibigan namin doon. Kailangan lang naming hawanin ang isang lugar malapit sa isang bukid na pagtitipunan naming lahat. Ang mga damo sa buwan ng Hunyo na nasa kaparangan ay tuyo na

at nakakasugat, kaya hindi ito akma sa balak namin. Sinimulan naming bunutin ang matataas na damo, pinlanong mahawan ang malaking bahagi nito. Buong lakas naming binunot ang mga damo, pero ang nabunot lang namin ay kakaunti sa matitibay na damong iyon. Alam namin na aabutin kami nang buong maghapon sa paggawa nito, at napapagod na kami at nawawalan na ng gana.

At pagkatapos ay dumating sa walong-taong-gulang kong isipan ang inakala kong magandang solusyon. Sinabi ko kay Danny, “Kailangan lang nating sunugin ang mga damong ito. *Sunugin* lang natin ang gitna ng damuhan!” Agad siyang sumang-ayon, at tumakbo ako sa bahay namin para kumuha ng posporo.

Baka isipin ninyo na pinapayagan na kami sa edad na walo na gumamit ng posporo, gusto kong linawin sa inyo na kami ni Danny ay pinagbawalan na gamitin ito nang walang nakabantay na matanda. Pareho kaming paulit-ulit na binalaan sa panganib na dulot ng apoy. Gayunpaman, alam ko kung saan itinatago ng pamilya ko ang mga posporo, at kailangan naming mahawan ang lugar na iyon. Hindi na nagdalawang-isip pa, tumakbo ako sa bahay namin at kumuha ng ilang posporo, tiniyak na walang nakakakita sa akin. Mabilis ko itong itinago sa aking bulsa.

Patakbo akong bumalik kay Danny, tuwang-tuwa na nasa bulsa ko na ang solusyon sa aming problema. Naalala ko na naisip ko noon na susunugin lang ng apoy ang gusto naming sunugin at pagkatapos ay basta na lamang mamamatay ang apoy.

Ikiniskis ko ang posporo sa bato at sinunog ang damo. Naglagablab ito na para bang nabuhusan ng gasolina. Sa una tuwang-tuwa kami ni Danny habang minamasdan na natutupok ang mga damo, ngunit kaagad naming natanto na hindi basta kusang mamamatay ang apoy. Natakot kami nang matanto namin na wala kaming magagawa para pigilan ito. Sinimulang tupukin ng mapanirang apoy ang mga ligaw na damo na umabot hanggang sa gilid ng bundok, nanganganib ang

mga pine tree at lahat ng madaraan nito.

Sa huli wala kaming opsiyon kundi ang tumakbo at humingi ng tulong. Di-nagtagal lahat ng narooong kalalalahanian at kababaihan sa Vivian Park ay nagtakbuhan paroo’t parito dala-dala ang mga basang telang sako, at inihahampas sa apoy para maapula ito. Makalipas ang ilang oras ang huling natitirang baga ay tuluyan nang napatay. Ang matandang mga pine tree ay nakaligtas, gayon din ang mga bahay na muntik nang maabot ng apoy.

Natutuhan namin ni Danny ang ilang matitindi pero mahahalagang aral nang araw na iyon—ang malaking bahagi nito ay ang kahalagahan ng pagsunod.

May mga tuntunin at batas na tumutulong para matiyak ang ating pisikal na kaligtasan. Gayundin, ang Panginoon ay nagtatag ng mga tuntunin at kautusan para matiyak ang ating espirituwal na kaligtasan upang matagumpay tayong makapaglakbay sa mortal na buhay na ito na kadalasang puno ng panganib at sa huli ay makabalik sa ating Ama sa Langit.

Ilang siglo na ang nakararaan, taha-sang sinabi ni Samuel sa henerasyon na sumusunod sa pagsasakripisyo ng mga hayop, “Ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake.”³

Sa dispensasyong ito, ipinahayag ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith na hinihingi Niya “ang puso at may pagkukusang isipan; at ang may pagkukusa at ang masunurin ay kakainin ang taba ng lupain ng Sion sa mga huling araw na ito.”⁴

Alam ng lahat ng propeta, noon at ngayon, na mahalaga ang pagsunod para sa ating kaligtasan. Ipinahayag ni Nephi, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.”⁵ Bagama’t ang iba ay nanghina sa kanilang pananampalataya at pagsunod, hindi sumuway kahit minsan si Nephi sa iniutos sa kanya ng Panginoon. Maraming henerasyon ang pinagpala bunga nito.

Ang isang nakaaantig na salaysay ng pagsunod ay ang tungkol kina Abraham at Isaac. Napakahirap at

napakasakit marahil kay Abraham, sa pagsunod sa utos ng Diyos, na dalhin ang kanyang pinakamamahal na si Isaac sa lupain ng Moria upang ito ay isakripisyo. Mailalarawan kaya natin ang kalungkutan ni Abraham habang papunta siya sa itinalagang lugar? Tiyak na ang paghihirap niya ay kapwa sa katawan at isipan nang igapos niya si Isaac, ihiga sa dambana, at kunin ang kutsilyo upang patayin ito. Nang may di-natitinag na pananampalataya at lubos na tiwala sa Panginoon, sumunod siya sa utos ng Panginoon. Napakamaluwalhati ng winika, at nagdulot ito ng labis na kagalakan: “Huwag mong buhatin ang iyong kamay sa bata, o gawan man siya ng anoman: sapagka’t talastas ko ngayon, na ikaw ay natatakot sa Dios, sa paraang hindi mo itinanggi sa akin ang iyong anak, ang iyong bugtong na anak.”⁶


Si Abraham ay sinubukan, at dahil sa kanyang katapatan at pagsunod ibinigay sa kanya ng Panginoon ang maluwalhating pangakong ito: “At pagpapalain sa iyong binhi ang lahat ng bansa sa lupa; sapagka’t sinunod mo ang aking tinig.”⁷

Bagama’t hindi tayo inuutusang patunayan ang pagsunod natin sa ganoong katindi at masakit na paraan, ang pagsunod ay hinihingi sa ating lahat.

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith noong Oktubre 1873, “Ang pagsunod ang unang batas ng langit.”⁸

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, “Ang kaligayahan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kapa-yapaan ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang pagsulong ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang pag-unlad ng mga Banal sa mga Huling Araw, at ang walang hanggang kaligtasan at kadakilaan ng mga taong ito ay nakabatay sa pagsunod sa mga payo ng . . . Diyos.”⁹

Ang pagsunod ay katangian ng mga propeta; ito ay nagbibigay ng lakas at kaalaman sa kanila sa lahat ng panahon. Mahalaga sa atin na mawawalan na matatamo rin natin ang lakas at kaalamang ito. Ito ay madalang makamtam ng bawat isa sa atin kapag sinusunod natin ang mga utos ng Diyos.



Sa mga nagdaang taon, marami akong nakilalang tao na matapat at masunurin. Ako ay pinagpala at nainspirasyonan nila. Ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa dalawa sa mga taong ito.

Si Walter Krause ay isang matatag na miyembro ng Simbahan na, kasama ang kanyang pamilya, ay nakatira sa kilala ngayon bilang East Germany pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa kabila ng hirap na dinanas niya dahil sa kawalan ng kalayaan sa lugar na iyon nang panahong iyon, minahal at pinaglingkuran ni Brother Krause ang Panginoon. Matapat at

masigasig niyang ginampanan ang bawat tungkulin na ibinigay sa kanya.

Ang isa pa ay si Johann Denndorfer, tubong-Hungary, na naging miyembro ng Simbahan sa Germany at nabin-yagan doon noong 1911 sa edad na 17. Hindi nagtagal nagbalik siya sa Hungary. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, siya ay naging bilanggo sa sarili niyang bayan, sa lungsod ng Debrecen. Inalisan din ng kalayaan ang mga mamamayan ng Hungary.

Si Brother Walter Krause, na hindi kilala si Brother Denndorfer, ay inatasang maging home teacher nito at

bisitahin ito nang regular. Tinawagan ni Brother Krause ang kanyang kompanyon sa home teaching at sinabi dito, “Ang assignment natin ay bisitahin si Brother Johann Denndorfer. Makakasama ka ba sa akin sa linggong ito para madalaw siya at mabigyan ng mensahe ng ebanghelyo?” At sinabi pa niya, “Nakatira si Brother Denndorfer sa Hungary.”

Ang nabiglang kompanyon ay nagtanong, “Kailan tayo aalis?”

“Bukas,” ang sagot ni Brother Krause.

“Kailan tayo uuwi?” tanong ng kompanyon.

Sumagot si Brother Krause, “Mga isang linggo—kung *makakabalik* pa tayo.”

Umalis ang magkompanyon na home teacher upang dalawin si Brother Denndorfer, sumakay ng tren at bus mula sa hilagang-silangang bahagi ng Germany patungo sa Debrecen, Hungary—isang mahabang paglalakbay. Si Brother Denndorfer ay walang mga home teacher mula pa noong bago ang digmaan. Ngayon, nang makita niya ang mga lingkod na ito ng Panginoon, siya ay napuspos ng pasasalamat sa kanilang pagdating. Sa una tumanggi siyang maki-pagkamay sa kanila. Sa halip, siya ay pumasok sa kanyang silid at kinuha sa maliit na aparador ang isang kahon na naglalaman ng kanyang ikapu na naipon niya sa nakalipas na mga taon.

Ibinigay niya ang tithing sa kanyang mga home teacher at sinabi, “Sa wakas nagawa ko na ang obligasyon ko na magbigay ng ikapu sa Panginoon. *Ngayon* ay marapat na akong maki-pagkamay sa mga lingkod ng Panginoon!” Kalaunan sinabi sa akin ni Brother Krause na hindi niya mailarawan ang nadarama niya kapag naiisip niya na ang miyembrong ito, na walang anumang kontak sa Simbahan nang maraming taon, ay masunurin at patuloy pa ring inaalis sa kakaunti niyang sweldo ang 10 porsiyento para sa kanyang ikapu. Inipon niya ito nang hindi nalalaman kung kailan o kung magkakaroon pa siya ng pagkakataon na maibayad ito.

Si Brother Walter Krause ay pumanaw siyam na taon na ang nakararaan sa edad na 94. Siya ay naglingkod nang tapat at nang may pagsunod sa buong buhay niya at nagbigay-inspirasyon sa akin at sa lahat ng nakakakilala sa kanya. Kapag inatasang gampanan ang mga tungkulin, siya ay hindi kailanman nag-alinlangan, hindi nagreklamo, at hindi nagdahilan.

Mga kapatid, ang pinakamalaking pagsubok sa buhay na ito ay pagsunod. “Susubukin natin sila,” wika ng Panginoon, “upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.”¹⁰



Sinabi ng Tagapagligtas, “Sapagkat lahat ng magkakaroon ng pagpapala sa aking mga kamay ay susunod sa batas na itinakda para sa pagpapalang yaon, at ang mga batayan nito, gaya ng pinasimulan bago pa ang pagkakatatag ng daigdig.”¹¹

Wala nang mas dakila pang pagsunod kaysa yaong ipinakita ng ating Tagapagligtas. Sinabi ni Pablo tungkol sa Kanya:

“Bagama’t siya’y Anak, gayon ma’y natuto ng pagtalima sa pamamagitan ng mga bagay na kaniyang tiniis;

“At nang siya’y mapaging sakdal, ay siya ang gumawa ng walang hanggang kaligtasan ng lahat na mga nagsisitalima sa kaniya.”¹²

Ang Tagapagligtas ay nagpakita ng dalisay na pagmamahal sa Diyos sa pamamagitan ng sakdal na pamumuhay, ng pagsasakutuparan ng Kanyang sagradong misyon. Hindi Siya kailanman nagmataas. Hindi Siya kailanman naging palalo. Nanatili Siyang matapat. Siya ay laging mapagpakumbaba. Siya ay laging tapat. Siya ay masunurin sa tuwina.

Bagama’t dinala Siya ng Espiritu sa ilang para tuksuhin ng manlilalang, maging ng diyablo, bagama’t mahina ang Kanyang katawan dahil sa 40 araw at 40 gabing pag-aayuno at Siya ay nagugutom, gayon pa man nang tuksuhin si Jesus ng diyablo ng

maganda at nakakaengganyong alok, ipinakita Niya sa atin ang halimbawa ng pagsunod sa pagtanggap lumihis sa alam Niyang tama.¹³

Nang maharap sa matinding paghihirap sa Getsemani, kung saan dumanas Siya ng matinding sakit kung kaya’t “ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa,”¹⁴ Ipinakita Niya ang pagiging masunuring Anak sa pagsasabing, “Ama, kung ibig mo, ilayo mo sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag mangyari ang aking ka-looban, kundi ang iyo.”¹⁵

Katulad ng tagubilin ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol noon, Kanya rin tayong tinatagubilinan, “Sumunod ka sa akin.”¹⁶ Handa ba tayong sumunod?

Ang kaalamang hinahanap natin, ang sagot na hinahangad natin, at ang lakas na ninanais natin ngayon para maharap ang mga hamon ng magulo at pabagu-bagong mundong ito ay maaaring mapasaitin kapag handa tayong sundin ang mga utos ng Panginoon. Babanggitin kong muli ang mga salita ng Panginoon: “Siya na sumusunod sa mga kautusan [ng Diyos] ay tumatanggap ng katotohanan at liwanag, hanggang sa siya ay maluwalhati sa katotohanan at malaman ang lahat ng bagay.”¹⁷

Mapagkumbaba kong idinadalingin na nawa ay pagpalain tayo nang sagana na ipinangako sa mga masunurin. Sa pangalan ni Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas, amen. ■

MGA TALA

1. “Sabihin, Ano ang Katotohanan?” *Mga Himno*, blg. 173.
2. Doktrina at mga Tipan 93:24, 26–28.
3. I Samuel 15:22.
4. Doktrina at mga Tipan 64:34.
5. 1 Nephi 3:7.
6. Genesis 22:12.
7. Genesis 22:18.
8. Joseph F. Smith, “Discourse,” *Deseret News*, Nob. 12, 1873, 644.
9. Gordon B. Hinckley, “If Ye Be Willing and Obedient,” *Ensign*, Dis. 1971, 125.
10. Abraham 3:25.
11. Doktrina at mga Tipan 132:5.
12. Sa Mga Hebreo 5:8–9.
13. Tingnan sa Mateo 4:1–11.
14. Lucas 22:44.
15. Lucas 22:42.
16. Juan 21:22.
17. Doktrina at mga Tipan 93:28.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

“Panginoon, Nananampalataya Ako”

Tapat na kilalanin ang inyong mga tanong at alalahanin, ngunit pag-alabin muna ang inyong pananampalataya, dahil lahat ng bagay ay posible sa kanila na sumasampalataya.

Minsan nadaanan ni Jesus ang isang grupo na galit na nakikipagtalos sa Kanyang mga disipulo. Nang itanong ng Tagapagligtas kung bakit sila nagtatalo, lumapit ang ama ng isang batang maysakit, at sinabing nilapitan niya ang mga disipulo ni Jesus para pabasbasan ang kanyang anak, ngunit hindi nila iyon nagawa. Habang nagngangalit pa ang mga ngipin ng bata, at bumubula ang bibig nito, at pagulung-gulong ito sa lupa, nagsumamo ang ama kay Jesus sa tinig ng kawalang-pag-asa:

“Kung mayroon kang magagawang anomang bagay,” sabi niya, “ay maawa ka sa amin, at tulungan mo kami.

“Sinabi sa kaniya ni Jesus, Kung kaya mo [na sumampalataya], ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa kaniya na nananampalataya.

“Pagdaka’y sumigaw ang ama ng bata, at sinabi, [Panginoon]

nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya.”¹

Ang unang paniniwala ng lalaking ito, na kanyang inamin, ay limitado. Ngunit may mahalagang bagay siyang gustong ipagawa para sa kanyang kaisa-isang anak. Sinabihan tayo na

sapat na iyan sa simula. “Kahit na wala kayong higit na nais kundi *ang maniwala*,” sabi ni Alma, “hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo, maging hanggang sa kayo ay maniwala.”² Sa kawalan ng pag-asa, ipinahayag ng amang ito ang pananampalataya niya at isinamo sa Tagapagligtas ng mundo, “Kung mayroon *kang* magagawang *anomang bagay*, ay maawa ka sa *amin*, at tulungan mo *kami*.”³ Napaluha ako nang mabasa ko ang mga salitang ito. Ang panghalip na *kami* ay malinaw na ginamit nang sadya. Ang ibig sabihin ng lalaking ito ay, “Nagsusumamo ang buong pamilya namin. Hindi kami tumitigil sa pakikibaka. Pagod na kami. Bumabagsak ang anak namin sa tubig. Bumabagsak ang anak namin sa apoy. Palagi siyang nasa panganib, at palagi kaming nangangamba. Wala na kaming malapitan. Maaari *mo* ba kaming tulungan? Pasaalamatan namin ang *anuman*—kaunting basbas, kaunting pag-asa, kaunting paggaan ng pasaning dala-dala ng ina ng batang ito sa bawat araw ng kanyang buhay.”

“Kung mayroon *kang* magagawang *anomang bagay*,” na sinabi ng amang ito, ay sinagot ng Panginoon ng, “Kung kaya *mo* [na] *sumampalataya*.”⁴

“Pagdaka” sabi sa talata—hindi dahan-dahan ni alanganin ni mapaghi-nala kundi “pagdaka”—humiyaw ang tunay na nasasaktang ama, “[Panginoon] nananampalataya ako; tulungan mo ang kakulangan ko ng pananampalataya.” Bilang tugon sa bago at mahina pang pananampalataya, pinagaling ni Jesus ang bata,





halos literal na ibinangon ito mula sa mga patay, ayon sa paglalarawan ni Marcos sa pangyayari.⁵

Sa tagpong ito na magiliw na itinala sa banal na kasulatan, nais kong mag-salita nang tuwiran sa mga kabataan ng Simbahan—na bata pa sa edad o sa pagiging miyembro o sa pananam-palataya. Sa anumang paraan, dapat ay kabilang tayong lahat diyan.

Ang una kong napansin sa salaysay na ito ay nang magkaroon ng hamon sa pananampalataya, ginawa muna ng ama ang kanyang magagawa at saka niya kinilala ang kanyang limitasyon. Sumagot muna siya ng oo at walang pag-aatubiling sinabing: “[Panginoon,] nananampalataya ako.” Sasabihin ko sa lahat ng nais maragdagan ang pananampalataya, alalahanin ang lalaking ito! Sa mga sandali ng takot o pag-aalinlangan o problema, panindigan ang inyong pananampalataya, kahit limitado pa iyon. Sa paglago na kailangan nating danasing lahat sa buhay na ito, ang espirituwal na katumbas ng hirap ng batang ito o ng kawalang-pag-asa ng magulang na ito ay sasapit sa ating lahat. Pagdating ng mga sandaling iyon at magkaroon ng mga problema, at hindi ito malutas kaagad, *manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdang kaalaman*. Ito mismo ang pangyayari, ang himalang ito, kaya’t sinabi ni Jesus, “Kung magkaroon kayo ng pananampalataya na kasinglaki ng

butil ng binhi ng mostasa, ay masasabi ninyo sa bundok na ito, Lumipat ka mula rito hanggang doon; at ito’y lilipat; at sa inyo’y hindi may pangyayari.”⁶ Hindi mahalaga ang laki ng inyong pananampalataya o antas ng inyong kaalaman—ang mahalaga ay ang katapatan ninto sa inyong pananampalataya at sa katotohanang alam na ninyo.

Ang pangalawang napuna ko ay naiiba nang kaunti sa una. Kapag dumarating ang mga problema at tanong, huwag ninyong simulan ang paghahangnap ng pananampalataya sa pagsasabi kung gaano karami ang *wala* sa inyo, simula sa inyong “kakulangan ng pananampalataya.” Napakahirap gawin niyan! Lilinawin ko ang bagay na ito: Hindi ko hinihiling na magkunwari kayong may pananampalataya kahit wala. Hinihiling *ko* na maging tapat kayo sa pananampalatayang *taglay* ninyo. Kung minsa’y kumikilos tayo na para bang ang tapat na pagpapahayag ng pag-aalinlangan ay mas magandang pagpapakita ng katapangang moral kaysa tapat na pagpapahayag ng pananampalataya. Hindi totoo iyan! Kaya’t tandaan nating lahat ang malinaw ng mensahe ng kuwentong ito sa banal na kasulatan: Maging tapat sa inyong mga tanong hangga’t maaari; lahat tayo ay may mga tanong sa buhay tungkol sa isang bagay. Kung gusto ninyo at ng inyong pamilya na mapagalang, huwag ninyong hayaang makahadlang ang mga tanong na iyan

sa pananampalataya ninyo na magkaroon ng himala.

Bukod pa ryan, mas malaki ang pananampalataya ninyo kaysa inakala ninyo dahil sa tinatawag ng Aklat ni Mormon na “dami ng katibayan.”⁷ “Sa kanilang mga bunga ay inyong mangakikilala sila,” sabi ni Jesus,⁸ at ang mga bunga ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo ay makikita sa buhay ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lahat ng dako. Tulad ng sinabi nina Pedro at Juan sa mga tagapakinig noon, sinasabi ko sa inyo ngayon, “Hindi mangyayaring di namin salitain ang mga bagay na aming nangakita at nangarinig,” at ang aming nakita at narinig ay na “ginawa . . . ang himalang hayag sa lahat” sa buhay ng milyun-milyong miyembro ng Simbahang ito. Hindi iyan maikakaila.⁹

Mga kapatid, isang dakilang gawain ang isinasagawang ito, na ang mga pagpapala ay laganap sa lahat ng dako, kaya huwag kayong masyadong maligalig kung may lumalabas na mga problema paminsan-minsan na kailangang suriin, unawain, at lutasin. Lalabas at lalabas ang mga ito. *Sa Simbahang ito, mas mahalaga ang alam natin kaysa hindi natin alam. At tandaan, sa mundong ito, lahat ay dapat mamuhay sa pananampalataya.*

Kaya’t maging mapagpaumanhin sa kahinaan—sa inyong kahinaan gayundin sa mga kasama ninyong naglilingkod sa Simbahan na pinamumunuan ng boluntaryo at mortal na kalalakihan at kababaihan. Maliban sa Kanyang perpektong Bugtong na Anak, mga taong di-perpekto ang tanging katulong ng Diyos sa gawain noon pa man. Nakayayamot siguro iyon sa Kanya, pero napagpapasensyahan Niya iyon. Dapat, tayo rin. At kapag may nakikita kayong pagkakamali, alalahanin na ang limitasyon ay *hindi* sa kabanalan ng gawain. Tulad ng sinabi ng isang magaling na manunulat, kapag ibinuhos ang walang-hanggang kaganapan, hindi kasalanan ng langis kung may lumigwak dahil hindi ito magkasya sa lalagyan.¹⁰ Kasama tayo sa mga limitadong lalagyang iyon, kaya maging mapagpasensya at mapagpatawad.

Ang huling napansin ko: kapag kayo ay nag-aalinlangan o nahihirapan, huwag matakot na humingi ng tulong. Kung hihingin natin ito sa mapagpakumbaba at tapat na paraan tulad ng amang ito, makakamtan natin ito. Ang pagkasabi sa banal na kasulatan sa gayon kataimtim na hangarin ay “may tunay na hangarin,” na “may buong layunin ng puso, nang walang pagkukunwari at walang panlilinlang sa harapan ng Diyos.”¹¹ Bilang tugon sa *gayong* uri ng mapilit na pagsamo, pinatototohanan ko na magpapadala ang Diyos ng tulong mula sa magkabilang panig ng tabing upang patatagin ang ating paniniwala.

Sinabi ko na mga kabataan ang kausap ko noon. Ngayon din naman. Isang 14-anyos na batang lalaki ang medyo atubiling nagsabi sa akin kamakailan, “Brother Holland, hindi ko pa masabi na alam kong ang Simbahan ay totoo, pero naniniwala akong totoo ito.” Niyakap ko nang mahigpit ang batang iyon hanggang sa lumuwa ang kanyang mga mata. Sinabi ko sa kanya nang buong taimtim na ang *paniniwala* ay mahalagang salita, mas mahalaga pa kung ipapakita, at hindi niya kailangang humingi ng paumanhin sa “paniniwala lamang.” Sinabi ko sa kanya na sinabi ni Cristo mismo, “Huwag kang matakot, manampalataya ka lamang,”¹² isang kataga na nagtulak sa binatang si Gordon B. Hinckley na magmisyon.¹³ Sinabi ko sa batang ito na paniniwala palagi ang unang hakbang sa pananalig at na ang mga saligan ng pananampalataya na naglalarawan sa pananampalataya nating lahat ay pawang nagsisimula sa mga katagang “Naniniwala kami.”¹⁴ At sinabi ko sa kanya kung gaano ko siya ipinagmamalaki sa katapatan ng kanyang hangarin.

Ngayon, dahil nabiyayaan akong matuto nang halos 60 taon simula nang maniwala ako noong 14-na-taong-gulang ako, ipapahayag ko ang ilang bagay na alam ko na ngayon. Alam ko na ang Diyos ang ating mapagmahal na Ama sa Langit sa lahat ng oras at sa lahat ng pagkaka-taon at sa lahat ng sitwasyon. Alam ko na si Jesus ang Kanyang tanging

perpektong anak, na mapagmahal na ibinuwis ang Kanyang buhay ayon sa kalooban kapwa ng Ama at ng Anak para tubusin tayong lahat na hindi perpekto. Alam ko na nagbangon Siya mula sa kamatayan upang muling mabuhay, at dahil nagbangon Siya, tayo rin ay mabubuhay. Alam ko na si Joseph Smith, na umamin na hindi siya perpekto,¹⁵ ang hinirang na kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa kabila niyon upang ipanumbalik ang walang-hanggang ebanghelyo sa lupa. Alam ko rin na sa paggawa nito—lalo na sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon—mas marami siyang naituro sa akin tungkol sa pag-ibig ng Diyos, sa kabanalan ni Cristo, at sa kapangyarihan ng priesthood kaysa sinumang propeta na nabasa, nakilala, o narinig ko na sa buong buhay



na paghahanap ko. Alam ko na si Pangulong Thomas S. Monson, na tapat at masaya sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng kanyang ordinasyon bilang Apostol, ang karapat-dapat na propeta ngayon. Muli nating nakita sa kanya ang balabal ng propeta sa kumperensyang ito. Alam ko na ang 14 na iba pang kalalakihan na inyong sinasang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag ay sinasang-ayunan siya sa pagtataas nila ng mga kamay, sa buong pusong pagtanggap sa kanya, at sa taglay nilang mga susi bilang apostol.

Sinasabi ko sa inyo ang mga bagay na ito na may paniniwalang tinawag ni Pedro na “lalong panatag na salita ng hula.”¹⁶ Ang dating maliit na binhi ng paniniwala para sa akin ay naging punungkahoy ng buhay, kaya kung ang inyong pananampalataya ay medyo sinusubukan ngayon o kailan man, inaanyayahan ko kayong sumandig sa aking pananampalataya. Alam kong ang gawaing ito ang katotohanan ng Diyos, at alam kong mapapahamak tayo kung mag-aalinlangan tayo o tutulutan nating iligaw tayo ng landas ng mga diyablo. Patuloy na umasa. Patuloy na maglakbay. Tapat na kilalanin ang inyong mga tanong at alalahanin, ngunit pag-alabin muna ang inyong pananampalataya, dahil lahat ng bagay ay posible sa kanila na sumasampalataya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

- Marcos 9:22–24; tingnan din sa mga talata 14–21.
- Alma 32:27; idinagdag ang pagbibigay-diin.
- Marcos 9:22; idinagdag ang pagbibigay-diin.
- Marcos 9:22, 23; idinagdag ang pagbibigay-diin.
- Tingnan sa Marcos 9:24–27.
- Mateo 17:20.
- Helaman 5:50.
- Mateo 7:16.
- Tingnan sa Mga Gawa 4:16, 20.
- Hango sa Alfred Edersheim, *The Life and Times of Jesus the Messiah*, 2 vols. (1883), 2:108.
- 2 Nephi 31:13.
- Marcos 5:36.
- Tingnan sa Gordon B. Hinckley, sa *Conference Report*, Okt. 1969, 114.
- Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:1–13.
- Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 609–10.
- II Pedro 1:19.



Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mga Tagasunod ni Cristo

Ang pagsunod kay Cristo ay hindi isang kaswal o paminsan-minsang gawain kundi tuluy-tuloy na pangako at uri ng pamumuhay na angkop sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar.

Isa sa ating mahal na mga himno, na inawit ng Tabernacle Choir sa umagang ito, ay nagsisimula sa ganitong mga salita:

*“Magsisunod kayo sa ‘kin,”
Ang wika ni Cristo sa ‘tin,
Upang tayo’y makiisa
Sa Bugtong ng ating Ama.”¹*

Ang mga titik na iyon, na binigyang-inspirasyon ng pinakaunang paanyaya ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo (tingnan sa Mateo 4:19), ay isinulat ni John Nicholson, isang binyagang Scottish. Gaya ng marami sa ating mga pinuno noong araw, hindi siya nakatapos sa pag-aaral ngunit malaki ang pagmamahal niya sa ating Tagapagligtas at sa plano ng kaligtasan.²

Lahat ng mensahe sa kumprensyang ito ay nakatulong sa atin na sundan ang mga yapak ng ating Tagapagligtas, na ang halimbawa at mga turo ay nagtatakda ng landas na tatahakin ng bawat tagasunod ni Jesucristo.

Katulad ng iba pang mga Kristiyano, pinag-aaralan ng mga miyembro

ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang buhay ng ating Tagapagligtas ayon sa naka-ulat sa mga aklat nina Mateo, Marcos, Lucas, at Juan sa Bagong Tipan. Magsasabi ako ng mga halimbawa at turo sa apat na aklat na ito ng Banal na Biblia at aanyayahan ko ang bawat isa sa atin at ang lahat ng iba pang mga Kristiyano na isipin kung paano naipangnumbalik ang Simbahang ito at paano magiging marapat ang bawat isa sa atin bilang mga tagasunod ni Cristo.

Itinuro ni Jesus na ang binyag ay kailangan para makapasok sa kaharian ng Diyos (tingnan sa Juan 3:5). Sinimulan Niya ang Kanyang paglilingkod sa pamamagitan ng pagpapabinyag (tingnan sa Marcos 1:9), at bininyagan Niya at ng Kanyang mga tagasunod ang iba pa (tingnan sa Juan 3:22–26). Ginagawa rin natin iyon.

Sinimulan ni Jesus ang Kanyang pangangaral sa pag-anyaya sa Kanyang mga tagapakinig na magsisi (tingnan sa Mateo 4:17). Iyan pa rin ang mensahe ng Kanyang mga lingkod sa mundo.

Sa Kanyang buong paglilingkod si Jesus ay nagbigay ng mga utos.

At itinuro Niya, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15; tingnan din sa mga talata 21, 23). Pinagtibay Niya na sa pagsunod sa Kanyang mga utos kailangang iwan ng Kanyang mga tagasunod ang tinawag Niyang “dinadakila ng mga tao” (Lucas 16:15) at “[kaugalian] ng mga tao” (Marcos 7:8; tingnan din sa talata 13). Nagbabala rin siya na, “Kung kayo’y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni’t sapagka’t kayo’y hindi taga sanglibutan, kundi kayo’y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan” (Juan 15:19). Tulad ng ipinahayag ni Apostol Pedro kalaunan, ang mga tagasunod ni Jesus ay magiging “isang lahing hirang” (I Pedro 2:9).

Nauunawaan ng mga Banal sa mga Huling Araw na hindi tayo dapat maging “makamundo” o matali sa “kaugalian ng mga tao,” ngunit gaya ng iba pang mga tagasunod ni Cristo, kung minsan ay nahihirapan tayong ihiwalay ang ating sarili sa daigdig at mga tradisyon nito. Ginagaya ng ilan ang mga makamundong paraan dahil, tulad ng sinabi ni Jesus tungkol sa ilang tinuruan Niya, “iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios” (Juan 12:43). Ang mga kabiguang ito na sundin si Cristo ay napakarami at napakaselan para ilista dito. Kasama na rito ang lahat mula sa mga makamundong kaugalian tulad ng pangungunsi sa mali at mga kalabisan sa pananamit at pag-aayos sa sarili hanggang sa paglihis sa mahalagang bagay na tulad ng likas na kawalang-hanggan at tungkulin ng pamilya.

Ang mga turo ni Jesus ay hindi nilayong maging puro salita lamang. Dapat itong gawin palagi. Itinuro ni Jesus, “Bawa’t dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino” (Mateo 7:24; tingnan din sa Lucas 11:28) at “Mapalad yaong aliping kung dumating ang kaniyang Panginoon, ay maratnan siyang gayon ang kaniyang ginagawa” (Mateo 24:46). Sa isa pang napakagan-dang himno inaawit natin ang:

*Diyos, nawa Kayo'y ibigin,
Sundan ang Inyong landas, . . .
Diyos, nawa kayo'y ibigin—
Kayo'y laging susundin.*³

Tulad ng itinuro ni Jesus, ang mga nagmamahal sa Kanya ay susundin ang Kanyang mga utos. Magiging masunurin sila, gaya ng itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson kaninang umaga. Ang pagsunod kay Cristo ay hindi isang kaswal o paminsan-minsang gawain kundi tuluy-tuloy na pangako at uri ng pamumuhay na angkop sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar. Itinuro ng Tagapagligtas ang alituntuning ito at kung paano tayo dapat mapaalalahanan at mapalakas na sundin ito nang pasimulan Niya ang ordenansa ng sakramento (komunyon ang tawag dito ng iba). Alam natin mula sa makabagong paghahayag na inutusan Niya ang Kanyang mga tagasunod na makibahagi sa mga sagisag bilang pagalaala sa Kanya (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:22 [sa Matthew 26:26, footnote c], 24 Mateo 26:22, 24 at Marcos 14:21–24). Sinusunod ng mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang utos na iyan linggu-linggo sa pagdalo sa pagsamba kung saan nakikibahagi tayo sa tinapay at tubig at nakikipagtipan na lagi natin Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga utos.

Itinuro ni Jesus na “[ang mga tao’y] dapat magsipanalanging lagi” (Lucas 18:1). Ipinakita rin Niya ang halimbawang iyan, tulad noong “sa buong magdamag ay nanatili siya sa pananalangin sa Dios” (Lucas 6:12) bago Niya tinawag ang Kanyang Labindalawang Apostol. Tulad ng iba pang mga Kristiyano, nagdarasal tayo sa lahat ng ating pagsamba. Nagdarasal din tayo para sa patnubay, at nagtuturo na dapat ay madalas tayong manalangin nang personal at araw-araw tayong manalangin nang nakaluhod bilang pamilya. Tulad ni Jesus, nagdarasal tayo sa ating Ama sa Langit, at ginagawa natin iyon sa sagradong pangalan ni Jesucristo.

Tumawag ng Labindalawang Apostol ang Tagapagligtas para tumulong



sa Kanyang Simbahan at ibinigay sa kanila ang mga susi at awtoridad na magpapatuloy pagkamatay Niya (tingnan sa Mateo 16:18–19; Marcos 3:14–15; 6:7; Lucas 6:13). Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, bilang ipinangbabalik na Simbahan ni Jesucristo, ay sumusunod sa halimbawang ito sa pag-oorganisa nito at pagkakaloob ng mga susi at awtoridad sa mga Apostol.

Ang ilang tinawag ni Jesus na sumunod sa Kanya ay hindi tumugon kaagad kundi humanap ng paraan para maipagpaliban ang pag-aasikaso sa mga tamang obligasyon sa pamilya. Sumagot si Jesus, “Walang taong pagkahawak sa araro, at lumilingon sa likod, ay karapatdapat sa kaharian ng Dios” (Lucas 9:62). Maraming Banal sa mga Huling Araw ang sumusunod sa prayoridad na itinuro ni Jesus. Kabilang dito ang napakagandang halimbawa ng libu-libong senior missionary at iba pa na iniwan ang mga anak at apo upang gampanan ang kanilang mga tungkulin bilang missionary.

Itinuro ni Jesus na nilikha ng Diyos ang lalaki at babae at na dapat iwan ng *lalaki* ang kanyang mga magulang at makisama sa kanyang *asawa* (tingnan sa Marcos 10:6–8). Ang katapatan natin sa turong ito ay bantog.

Sa pamilyar na talinghaga ng nawa-walang tupa, itinuro ni Jesus na dapat nating gawin ang lahat para hanapin ang alinman sa kawan na naligaw (tingnan sa Mateo 18:11–14; Lucas

15:3–7). Tulad ng alam natin, lubos na binibigyang-diin ni Pangulong Thomas S. Monson ang tagubiling ito sa kanyang di-malilimutang halimbawa at mga turo tungkol sa pagsagip sa ating kapwa.⁴

Sa mga pagsisikap nating sumagip at maglingkod, sinusunod natin ang kakaibang halimbawa at magiliw na mga turo ng ating Tagapagligtas tungkol sa pagmamahal: “Iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili” (Mateo 22:39). Inutusan pa Niya tayong ibigin ang ating mga kaaway (tingnan sa Lucas 6:27–28). At sa Kanyang mga dakilang turo sa pagtatapos ng Kanyang paglilingkod sa lupa, sinabi Niya:

“Isang bagong utos ang sa inyo’y ibinibigay ko, na kayo’y mangagibigan sa isa’t isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa’t isa.

“Sa ganito’y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo’y may pagibig sa isa’t isa” (Juan 13:34–35).

Bilang bahagi ng pagmamahal sa isa’t isa, itinuro ni Jesus na kapag sinaktan tayo ng mga tao, dapat natin silang patawarin (tingnan sa Mateo 18:21–35; Marcos 11:25–26; Lucas 6:37). Samantalang maraming nahihirapang sumunod sa utos na ito, alam nating lahat ang nagbibigay-inspirasyong mga halimbawa ng mga Banal sa mga Huling Araw na mapagmahal na pinatawad, maging ang pinakamabibigat



na kasalanan. Halimbawa, humugot ng lakas si Chris Williams sa kanyang pananampalataya kay Jesucristo para patawarin ang isang lasing na drayber na nakasagasa at nakapatay sa kanyang asawa at dalawa nilang anak. Dalawang araw lamang matapos ang trahedya at nagdadalamhati pa, sinabi ng mapagpatawad na lalaking ito, na noon ay naglilingkod bilang isa sa ating mga bishop, “Bilang disipulo ni Cristo, wala akong ibang magagawa.”⁵

Karamihan sa mga Kristiyano ay nagbibigay sa mga maralita at nangangailangan, tulad ng itinuro ni Jesus (tingnan sa Mateo 25:31–46; Marcos 14:7). Ang mga turong ito ng ating Tagapagligtas ay nasusunod na mabuti ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at ng mga miyembro nito. Nagbibigay ng malaking kontribusyon ang ating mga miyembro sa mga kawanggawa at ng personal na paglilingkod at iba pang mga regalo sa mga maralita at nangangailangan. Bukod pa rito, nag-aayuno ang ating mga miyembro nang dalawang kainan bawat buwan at nagbibigay ng di-kukulangin sa halaga ng dalawang kainang ito bilang handog-aayuno, na ginagamit ng ating mga bishop at branch president para tulungan ang mga miyembro natin na nangangailangan. Ang ating pag-aayuno para tulungan ang nagugutom ay pagpapakita ng pag-ibig sa kapwa at, kapag ginawa nang may dalisay na layunin, ito ay espirituwal na pagpapakabusog.

Hindi pa gaanong kilala ang pagkakanganggawa ng ating Simbahan sa

buong daigdig. Gamit ang pondong bukas-palad na ibinibigay ng mga miyembro, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nagpapadala ng pagkain, damit, at iba pang mahahalagang bagay para mapagaan ang pagdurusa ng matatanda at mga bata sa buong mundo. Ang mapagkawanggawang mga donasyong ito, na umaabot sa daan-daang milyong dolyar nitong huling dekada, ay ibinibigay sa lahat, anuman ang kanilang relihiyon, lahi, o bansa.

Ang malawakang pagtulong natin kasunod ng lindol at tsunami sa Japan noong 2011 ay naglaan ng halagang \$13 milyon at mga relief supply. Bukod pa rito, mahigit 31,000 mga volunteer na inisponsor ng Simbahan ang nagbigay ng mahigit 600,000 oras ng paglilingkod. Kasama sa ating pagkawanggawa sa mga biktima ng Hurricane Sandy sa silangang Estados Unidos ang malalaking donasyon na iba’t iba ang pinanggalingan, bukod pa sa halos 300,000 oras ng paglilingkod sa paglilinis ng mga 28,000 miyembro ng Simbahan. Bukod sa maraming iba pang halimbawa noong isang taon, nagbigay tayo ng 300,000 libra (136,000 kilo) ng damit at sapatos para sa mga refugee sa bansang Chad sa Africa. Sa huling quarter na siglo nakatulong tayo sa halos 30 milyong katao sa 179 na bansa.⁶ Tunay ngang alam ng mga taong tinatawag na “mga Mormon” kung paano magbigay sa mga maralita at nangangailangan.

Sa huling turo Niya sa Biblia, pinagbilinan ng ating Tagapagligtas

ang Kanyang mga tagasunod na dalhin ang Kanyang mga turo sa bawat bansa at sa bawat nilalang. Sa simula pa lamang ng Panunumbalik, hinangad nang sundin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang turong iyon. Kahit noong tayo ay isang mahirap at nagpupunyaging bagong simbahan na may iilang libong miyembro lamang, ang ating mga pinuno noong araw ay nagpadala ng mga missionary sa ibayong-dagat, sa silangan at kanluran. Bilang isang grupo, patuloy nating itinuturo ang mensahe ni Cristo hanggang ngayon kung kailan ang ating kakaibang missionary program ay may mahigit 60,000 full-time missionary, bukod sa libu-libo pang naglilingkod nang part-time. May mga missionary tayo sa mahigit 150 bansa at teritoryo sa buong mundo.

Bilang bahagi ng Kanyang dakilang Sermon sa Bundok, itinuro ni Jesus, “Kayo nga’y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal” (Mateo 5:48). Ang layunin ng turong ito at ang layunin ng pagsunod sa ating Tagapagligtas ay lumapit sa Ama, na tinukoy ng ating Tagapagligtas na “aking Ama, at inyong Ama; at aking Dios, at inyong Dios” (Juan 20:17).

Mula sa makabagong paghahayag, na natatanging katangian ng ipinangbabalik na ebanghelyo, alam natin na ang utos na hangaring maging perpekto ay bahagi ng plano ng Diyos Ama para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Sa ilalim ng planong iyon lahat tayo ay *mga tagapagmana* ng ating mga magulang sa langit. “Tayo’y mga anak ng Dios,” pagtuturo ni Apostol Pablo, “at kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo” (Mga Taga Roma 8:16–17). Ang ibig sabihin nito, tulad ng sinabi sa atin sa Bagong Tipan, tayo ay “mga tagapagmana . . . [ng] buhay na walang hanggan” (Tito 3:7) at kung lalapit tayo sa Ama, tayo ay “magmamana ng mga bagay na ito” (Apocalipsis 21:7)—lahat ng mayroon Siya—isang konseptong mahirap maunawaan ng ating mortal na isipan. Ngunit kahit paano ay nauunawaan

natin na ang pagkakamit ng sukdulang tadhanang ito sa kawalang-hanggan ay posible lamang kung susundin natin ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na nagturo na “sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko” (Juan 14:6). Hinahangad nating sundin Siya at maging higit na katulad Niya, ngayon at magpakailanman. Kaya nga inaawit natin sa huling mga talata ng ating himnong “Magsisunod Kayo sa Akin”:

*Sapat na bang malaman lang
Na dito’y dapat S’yang sundan,
Habang tayo’y nabubuhay?
Hindi, hanggang sa langit man. . .*

*L’walhati’y kapangyarihan,
At ligaya’y makakamtan,
Kung tawag N’ya ay susundin,
“Magsisunod kayo sa ‘kin.”*⁷

Pinatototohanan ko ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na ang mga turo at halimbawa ay hangad nating sundin. Inaanyayahan Niya ang lahat na may mabigat na dalahin na lumapit sa Kanya, kilalanin Siya, sundin Siya, at sa gayon ay makasumpong ng kapahingahan sa ating kaluluwa (tingnan sa Mateo 4:19; 11:28). Pinatototohanan ko na totoo ang Kanyang mensahe at banal ang misyon at awtoridad ng Kanyang ipinanumbalik na Simbahan sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Magsisunod Kayo sa Akin,” *Mga Himno*, blg. 67.
2. Tingnan sa Karen Lynn Davidson, *Our Latter-day Hymns: The Stories and the Messages* (1988), 142–43, 419.
3. “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164.
4. Tingnan, halimbawa, Heidi S. Swinton, *To the Rescue: The Biography of Thomas S. Monson* (2010), 149–61; Thomas S. Monson, “Sa Pagsaklolo,” *Liahona*, Hulyo 2001, 57–60.
5. Chris Williams, sa Jessica Henrie, “Father Relies on Faith to Forgive Intoxicated Teen Driver,” *Deseret News*, Aug. 1, 2012, deseretnews.com/article/865559847/Let-It-Go-Chris-Williams-shares-his-story-of-tragedy-and-forgiveness.html; tingnan din sa Chris Williams, *Let It Go: A True Story of Tragedy and Forgiveness* (2012).
6. Tingnan sa “Emergency Response: Church Assists Worldwide,” *Church News*, Mar. 9, 2013, 9; Welfare Services Emergency Response, “2012 Year in Review,” 8.
7. *Mga Himno*, blg. 67.



Ni Elder Christoffel Golden Jr.
Ng Pitumpu

Ang Ama at ang Anak

Ang pinakamahalagang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng kapangyarihan nitong magligtas ay ang tamang pagkaunawa tungkol sa Ama at sa Anak.

Mahal kong mga kapatid, nagpapasalamat akong makapagsalita sa inyo ngayong hapon sa nagbibigay-inspirasyong pangkalahatang kumperensyang ito!

Sa pagtalakay sa isang paksang para sa akin ay napakasagrado, nais kong pasalamatan muna ang katapatan ng napakaraming Kristiyano sa buong kasaysayan, pati na ang aking mga ninunong Protestanteng French at Katolikong Irish. Dahil sa pananam-palataya at pagsamba nila sa Diyos,

marami sa kanila ang nagsakripisyo ng katungkulan, mga pag-aari, at maging ng kanilang buhay sa pagtatanggol sa kanilang Diyos at sa kanilang pananampalataya.¹

Bilang mga Banal sa mga Huling Araw at bilang mga Kristiyano, may matibay at malalim na pananampalataya rin tayo sa Diyos Amang Walang Hanggan at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Ang katapatan sa Diyos ay laging sagrado at personal sa atin at sa ating Lumikha.



Ang ating paghahangad sa buhay na walang hanggan ay walang iba kundi ang hangaring maunawaan kung sino ang Diyos at para makabalik tayo sa piling Niya. Nanalangin ang Tagapagligtas sa Kanyang Ama, “At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo.”²

Maging sa malinaw na pagpapahayag na ito ng ating Tagapagligtas, ang karaniwang pananaw ng halos buong sangkatauhan sa katangian ng Ama at ng Anak sa loob ng maraming siglo ay maliwanag na hindi naaayon sa mga turo ng mga banal na kasulatan.

Magalang naming ipinapahayag na ang pinakamahalagang alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo at ng kapangyarihan nitong magligtas ay ang tamang pagkaunawa tungkol sa Ama at sa Anak.³

Ang kahalagahan ng pinakamahalagang alituntuning ito ng ebanghelyo ni Jesucristo ay pinagtibay ng Unang Pangitain ni Propetang Joseph Smith noong 1820. Isinulat ng Propeta: “Nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamahal na Anak. Pakinggan Siya!*”⁴

Ang karanasang ito ng batang si Joseph, na sinundan ng maraming iba pang mga pangitain at paghahayag, ay naghahayag na talagang mayroong Diyos; ang Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay dalawang hiwalay at magkaibang nilalang; ang tao ay nilikha sa wangis ng Diyos; ang ating Ama sa Langit ay literal na Ama ni Jesucristo; patuloy na inihahayag ng Diyos ang Kanyang Sarili sa tao; ang Diyos ay laging nariyan at nagmamalasakit sa atin; at sinasagot Niya ang ating mga dalangin.

Bagama’t bihira ang gayong mga pagpapakita ng Ama at ng Anak sa banal na kasulatan, ang pambihirang katotohanan ng Unang Pangitain ay nagpapatunay na lubos itong nakaaayon sa iba pang nakatalang mga

pangyayari sa mga banal na kasulatan.


Halimbawa, sa Bagong Tipan, mababasa natin ang huling patotoo ni Esteban nang siya ay patayin bilang martir. Sabi niya, “Narito, nakikita kong bukas ang mga langit, at ang Anak ng tao na nakatindig sa kanan ng Dios.”⁵

Samantalang sa dakilang pangitain sa Pulo ng Patmos, nakita ni Apostol Juan ang “Panginoong Dios, ang Makapangyarihan sa lahat”⁶ gayundin ang Kordero ng Diyos, na “binili [tayo] . . . ng [Kanyang] dugo.”⁷

Sa Aklat ni Mormon, ang doktrina ng Ama at ng Anak ay isa ring maringal na patotoo tulad rin ng nakatala sa Banal na Biblia. Nakatala sa Aklat ni Mormon ang pagdalaw ng ating Tagapagligtas sa mga Nephita, kung saan ipinakikilala ng tinig ng Ama, sa harapan ng mga 2,500 Nephita, ang nagbangong si Cristo: “Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan—pakinggan ninyo siya.”⁸

Sa apat na Ebanghelyo, binanggit mismo ni Cristo ang Kanyang Ama sa Langit nang 160 beses, samantalang sa tatlong-araw na maikling ministeryo Niya sa mga Nephita, ayon sa nakatala sa Aklat ni Mormon, 122 beses Niya binanggit ang Kanyang Ama.

Halimbawa, sa Mateo, sinabi ni Jesus, “Hindi ang bawa’t nagsasabi sa akin, Panginoon, Panginoon, ay papa-sok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng *aking Ama* na nasa langit.”⁹



Sa Juan, nagpatotoo Siya, “Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng *Ama*.”¹⁰

At sa Lucas, ibinulalala Niya, “*Ama*, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu.”¹¹

Tuwing babangitin ni Jesucristo ang Kanyang Ama sa Langit, ginagawa Niya iyon nang may lubos na pagpipitagan at pagpapakumbaba.

Sa pagsasabi nito, sana’y walang magkamali sa pag-unawa. Si Jesucristo ang dakilang Jehova, ang Diyos ng Israel, ang ipinangakong Mesiyas, at dahil sa Kanyang walang hanggang Pagbabayad-sala, Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos ng sanlibutan. Ipinahayag ni Apostol Pablo tungkol sa Kanya, “Kung magkagayo’y darating ang wakas, pagka ibibigay na [ni Cristo] ang kaharian sa Dios, sa makatuwid baga’y sa Ama; pagka lilipulin na [ni Cristo] ang lahat ng paghahari, at lahat ng kapamahalaan at kapangyarihan.”¹²

Noong gabi bago ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, nag-alay Siya ng Panalangin ng Pamamagitan sa Kanyang Ama. Idinalangin Niya:

“Hindi lamang sila [tinutukoy ang Kanyang mga Apostol] ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita;

“Upang silang lahat ay maging *isa*; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako’y sa iyo, na sila nama’y *suma atin*: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako’y sinugo mo.

“At ang kaluwalhatian sa aki’y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila’y maging isa, na gaya naman natin na iisa.”¹³

Ang Ama at ang Anak ay malinaw na magkahiwalay na nilalang, ngunit Sila ay ganap na nagkakaisa at iisa sa kapangyarihan at layunin. Ang kanilang pagiging isa ay hindi lamang sa Kanila; bagkus, nais Nila na magkaisa ring ganito ang lahat, na tapat na sumusunod sa Kanilang mga utos.

Paano makikilala ng taong masigasig na naghahanap sa Diyos ang Ama at ang Anak? Nangako ang ating Tagapagligtas, “Datapuwa’t ang Mangaaliw,



sa makatuwid baga’y ang Espiritu Santo, . . . ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay.”¹⁴

Sa Aklat ni Mormon, ipinahayag ni Nephi, nang magsalita tungkol sa doktrina ni Cristo, na ang Espiritu Santo ay “sumasaksi sa Ama at sa Anak.”¹⁵

Totoo na ang kapangyarihan o impluwensya ng Espiritu Santo ay madarama ng sinumang tao paminsan-minsan, alinsunod sa kalooban ng Panginoon, anuman ang kanyang relihiyon. Ngunit ang buong sukat, o kaloob, ng Espiritu Santo ay dumarating lamang matapos matanggap ng isang tao, na may “bagbag na puso at nagsisising espiritu,”¹⁶ ang mga ordenansa ng binyag at ang kaloob na Espiritu Santo¹⁷ sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Ang mga ito at ang iba pang sagradong mga ordenansa ay maisasagawa lamang sa patnubay at kapangyarihan ng priesthood ng Diyos. Hinggil dito, itinuro sa atin:

“At ang nakatataas na pagkaserdoteng ito ang nangangasiwa ng ebanghelyo at humahawak ng susi ng mga hiwaga ng kaharian, maging ang susi ng kaalaman tungkol sa Diyos.

“Samakatwid, sa mga ordenansa nito, ang kapangyarihan ng kabanalan ay makikita.”¹⁸

Sa pagkaunawang ito, ang doktrina ng Ama at ng Anak ay ang doktrina ng walang-hanggang pamilya. Lahat ng tao ay nabuhay na noon pa man bilang espiritong anak na may mga magulang sa langit,¹⁹ kasama ni Cristo na siyang Panganay ng Ama sa mag-anak na ito sa langit.²⁰

Gayon din tayong lahat. Tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit.

Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na may pananaw ng isang propeta, “Walang bagay na higit na makakapagpamangha sa atin kapag sumakabilang-buhay tayo kundi ang malaman natin kung gaano natin kakilala ang ating Ama [sa Langit] at kung gaano tayo kapamilyar sa Kanyang mukha.”²¹

Nalaman ko na hindi posibleng ipabatid sa lengguwahe ng tao ang mga bagay na tanging ang Espiritu Santo at kapangyarihan ng Diyos lamang ang nagpapaalam. Taimtim kong pinatotohanan sa diwang ito ang katotohanan, pagiging malapit, at kabutihan ng ating Amang Walang Hanggan at ng Kanyang banal na Anak na si Jesucristo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Kenneth Scott Latourette, *A History of Christianity, Volume 1: Beginnings to 1500*, binagong edisyon (1975) at *A History of Christianity, Volume 2: Reformation to the Present*, binagong edisyon (1975); tingnan din sa Diarmaid MacCulloch, *The Reformation* (2003).
2. Juan 17:3.
3. Tingnan sa *Lectures on Faith* (1985), 38–44.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
5. Mga Gawa 7:56.
6. Apocalipsis 4:8.
7. Apocalipsis 5:9.
8. 3 Nephi 11:7.
9. Mateo 7:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
10. Juan 5:19; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Lucas 23:46; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. I Mga Taga Corinto 14:33. Para higit pang maunawaan ang tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang misyon, tingnan sa “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 2–3.
13. Juan 17:20–22; idinagdag ang pagbibigay-diin.
14. Juan 14:26.
15. 2 Nephi 31:18.
16. 3 Nephi 9:20; Moroni 6:2.
17. Tingnan sa Juan 3:5; 3 Nephi 11:31–38.
18. Doktrina at mga Tipan 84:19–20.
19. Tingnan sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
20. Tingnan sa Mga Taga Colosas 1:15; Doktrina at mga Tipan 93:21.
21. Ezra Taft Benson, “Jesus Christ—Gifts and Expectations,” sa *Speeches of the Year, 1974* (1975), 313; tingnan din sa “Jesus Christ—Gifts and Expectations,” *Tambuli*, Mayo 1977, 24.



Ni Elder Enrique R. Falabella
Ng Pitumpu

Ang Tahanan: Ang Paaralan ng Buhay

Ang mga aral ay natututuhan sa tahanan—ang lugar na maaaring maging langit dito sa lupa.

May mga magulang na ikinakatwiran na kaya sila nakagawagawa ng mga pagkakamali sa tahanan, ay dahil walang paaralan na nagtuturo kung paano maging mabuting magulang.

Ang totoo, may ganoong paaralan at baka nga pinakamahusay pa sa lahat ng paaralan. Ang tawag sa paaralan ito ay *tahanan*.

Noong iniisip ko ang mga nakaraang pangyayari sa buhay ko, naalala ko ang mga espesyal na sandaling naranasan naming mag-asawa. Habang ikinukuwento ko sa inyo ang mga alaalang ito, maaaring maalala rin ninyo ang inyong naging karanasan—malungkot man ito o masaya, natututo tayo mula rito.

1. Ang Templo ang Lugar

Pagkauwi ko mula sa misyon, nakilala ko ang isang magandang dalaga na may maitim na buhok na hanggang baywang ang haba. Maganda't malaki ang kulay brown niyang mga mata at nakakahawa ang kanyang mga ngiti. Nabighani niya ako sa unang pagkita ko pa lang sa kanya.

Mithiin ng aking asawa na makasal sa templo, bagama't noon, kailangang

maglakbay nang mahigit 4,000 milya (6,400 km) para makarating sa pinakamalapit na templo.

Masayang-malungkot ang kasal namin sa huwes, dahil ikinasal kami na may expiration date. Sinambit ng opisyal ang mga salitang “Inihahayag ko na kayo ay mag-asawa na,” ngunit kaagad sinundan ng, “hanggang paghiwalayin kayo ng kamatayan.”

Kaya pinagsikapan naming magipon ng pambili ng tiket kahit papunta lang sa Mesa Arizona Temple.

Sa templo, habang nakaluhod kami sa altar, isang lingkod na may awtoridad ang nagpahayag ng mga salitang inaasam ko, na nagsasabing kami ay mag-asawa na para sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan.

Isang kaibigan ang nagsama sa amin sa Sunday School. Habang nasa pulong tumayo siya at ipinakilala kami sa klase. Nang matapos na ang klase, nilapitan ako ng isang brother at kinamayan ako, sabay-abot sa akin ng 20-dollar bill. Maya-maya pa, isa pang brother ang lumapit sa akin, at laking gulat ko dahil inabutan din niya ako ng pera. Mabilis kong hinanap ang asawa ko na nasa katapat na silid, at sinabi, “Blanquy, kamayan mo silang lahat!”

Di-nagtagal nakaipon kami ng sapat na pera para makabalik sa Guatemala.

“Sa selestiyal na kaluwalhatian ay may tatlong kalangitan o antas;

“At upang matamo ang pinakamataas, ang isang tao ay kailangngang pumasok sa orden na ito ng pagkasaserdote.”¹

2. Sa Pagtatalo, Dalawang Tao ang Kailangan

Noon pa man ay isa na ito sa mga sawikain ng aking asawa, “Sa pagtatalo, dalawang tao ang kailangan, at hindi ako makakabilang diyang kahit kailan.”

Malinaw na inilarawan ng Pa-ninginon ang mga katangiang dapat gumabay sa pakikipag-ugnayan natin sa iba. Ang mga ito ay paghihikayat, mahabang pagtitiis, kahinahunan, kaamuan, at hindi pakunwaring pag-ibig.”²

Ang pisikal na pang-aabuso sa pamilya ay hindi na gaanong nangyayari sa ilang lipunan, at ikinatutuwa natin iyan. Gayunpaman, hindi pa lubusang naalis ang pananakit sa damdamin. Ang pinsalang dulot ng ganitong pananakit ay nananatili sa ating isipan, sumusugat sa ating pagkatao, nagtatanim ng galit sa ating puso, nagpapababa ng kumpiyansa sa ating sarili, at nagpapadama sa atin ng labis na takot.

Ang pakikibahagi sa seremonya ng kasal na pang-selestiyal ay hindi sapat. Dapat ding ipamuhay natin ang buhay na pang-selestiyal.

3. Ang Batang Umaawit ay Masayang Bata

Ito ang isa pang sawikain na mada-las banggitin ng aking asawa.

Naunawaan ng Tagapagligtas ang kahalagahan ng sagradong musika. Matapos Niyang ipagdiwang ang Paskua kasama ang Kanyang mga disipulo, sinabi sa banal na kasulatan, “At pagkaawit nila ng isang imno, ay nagsiparoon sila sa bundok ng mga Olivo.”³

At nang mangusap Siya sa pamamagitan ni Propetang Joseph, sinabi Niya, “Sapagkat ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin



sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo.”⁴

Nakaaantig na marinig ang isang musmos na tinuruan ng kanyang mga magulang na awitin ang “Ako ay Anak ng Diyos.”⁵

4. Kailangan Ko ang Yakap Mo

Ang mga salitang “Mahal kita,” “Maraming salamat,” at “Patawarin mo ako” ay parang gamot sa damdamin. Pinapasaya nito ang nalulungkot. Pinapanatag nito ang nababalisa, at ipinadarama nito ang pagmamahal ng ating puso. Tulad ng mga halaman na nalalanta kapag hindi nadidiligan, ang ating pagmamahal ay kumukupas at namamatay kapag hindi isinasatinig at ipinapakita.

Naaalala ko pa noong araw na nagpapadala tayo ng mga liham ng pag-ibig sa pamamagitan ng koreo o nag-iipon ng baryang pantawag sa telepono o nagdodrawing at nagsusulat ng mga tula ng pag-ibig sa ordinaryong papel.

Ngayon sa museum na lang yata nakikita ang mga ito!

Dahil sa makabagong teknolohiya marami tayong nagagawang kamangha-mangha. Napakadali nang magpadala ng mensahe ng pagmamahal at pasasalamat sa pamamagitan ng

pagtext! Laging ginagawa iyan ng kabataan. Iniisip ko kung gagawin pa rin ba natin ito at ang ibang nakasisiyang ginagawa natin kung may pamilya na tayo. Isa sa mga pinakabagong mensaheng natanggap ko sa aking asawa ay ganito ang sinasabi: “Yakap na parang langit, halik na sing-init ng araw, at gabing may liwanag ng buwan. Isang masayang araw, mahal kita.”

Para akong nasa langit kapag nakatanggap ako ng ganitong mensahe.

Ang ating Ama sa Langit ay perpektong halimbawa ng isang nagpapahayag ng pagmamahal. Nang ipakilala Niya ang Kanyang Anak, ginamit Niya ang mga salitang “Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.”⁶

5. Mahal ko ang Aklat ni Mormon at ang Aking Tagapagligtas na si Jesucristo

Naaantig ako nang lubos kapag nakikita kong binabasa ng aking asawa ang Aklat ni Mormon araw-araw. Kapag ginagawa niya ito, nadarama ko ang kanyang patotoo kahit tinitingnan ko lang ang tuwa sa kanyang mukha sa tuwing mababasa niya ang mga talatang nagpapatotoo sa misyon ng Tagapagligtas.

Puno ng karunungan ang mga salita ng ating Tagapagligtas: “Saliksikin

ninyo ang mga kasulatan, sapagka’t iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito’y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin.”⁷

Bunga nito, sinabi ko sa apo kong si Raquel, na bago pa lang natututong magbasa, “Ano kaya kung simulan mo nang basahin ang Aklat ni Mormon?”

Ang sagot niya “Pero, Lolo, mahirap po ‘yun. Ang kapal po n’yon.”

Pagkatapos ay pinabasa ko siya ng isang pahina. Kumuha ako ng stopwatch at inorasan siya. Sabi ko, “Tatlong minuto mo lang binasa, at ang Aklat ni Mormon sa wikang Espanyol ay may 642 pahina, kaya kailangan mo lang ng 1,926 na minuto.”

Lalo yata siyang natakot dito, kaya hinati-hati ko ang numerong iyon sa tig-60 minuto at sinabi sa kanya na kailangan lang niya ng halos 32 oras para basahin ito—wala pang isa’t kalahating araw!

Pagkatapos sabi niya sa akin, “Ang dali lang po n’yan, Lolo.”

Sa huli, mas marami pa rito ang ginugol na oras ni Raquel, ng kapatid niyang si Esteban, at iba pa naming mga apo dahil ito ang aklat na kailangng basahin nang may panalangin at pagninilay.

Sa paglipas ng panahon, habang natututuhan nating malugod sa mga banal na kasulatan, ibubulalas din natin tulad ng Mang-aawit: “Pagkatamis ng iyong mga salita sa aking lasa! O, matamis kay sa pulot sa aking bibig!”⁸

6. Hindi Sapat na Alam Lang Natin ang mga Banal na Kasulatan; Dapat Nating Ipamahay ang mga Ito

Naaalala ko noong pag-uwi ko mula sa misyon, at masigasig nang nasaliksik ang mga banal na kasulatan, inakala ko na alam ko na itong lahat. Magkasintahan pa lang kami ay magkasama na naming pinag-aaralan ni Blanquy ang mga banal na kasulatan. Ginamit ko ang mga naisulat ko at ang mga reperensyang naitala ko para maibahagi sa kanya ang kaalaman ko sa ebanghelyo. Noong ikasal na kami may napagtanto ako dahil sa natutuhan kong malaking aral mula sa kanya: Maaaring sinikap ko na *ituro* sa kanya

ang ebanghelyo, ngunit itinuro niya sa akin kung paano *ipamuhay* ito.

Nang tapusin ng Tagapagligtas ang Sermon sa Bundok, ibinigay Niya ang matalinong payong ito: “Kaya’t ang bawat dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato.”⁹

Ang mga nagsisipamuhay ng mga alituntunin na pang-selestiyal na nasa mga banal na kasulatan ay nagbibigay ng kapanatagan sa mga nagdurusa. Nagdudulot sila ng galak sa mga nalulungkot, gabay sa mga naliligaw, kapayapaan sa mga nababalisa, at tiyak na patnubay sa mga naghahanap ng katotohanan.

Bilang buod:

1. Ang templo ang lugar.
2. Sa pagtatalo, dalawang tao ang kailangan, at hindi ako makakabilang diyari kahit kailan.
3. Ang batang umaawit ay masayang bata.
4. Kailangan ko ang yakap mo.
5. Mahal ko ang Aklat ni Mormon at ang Aking Tagapagligtas na si Jesucristo.
6. Hindi sapat na alam lang natin ang mga banal na kasulatan; dapat nating ipamuhay ang mga ito.

Ang mga bagay na ito at ang iba pang mga aral ay natututuhan sa tahanan—ang lugar na maaaring maging langit dito sa lupa.¹⁰ Pinatotohanan ko na ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang plano ng ating Ama sa Langit ay tunay na gumagabay sa buhay na ito at nangangako ng buhay na walang hanggan, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 131:1–2.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:41.
3. Marcos 14:26.
4. Doktrina at mga Tipan 25:12.
5. “Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189.
6. Mateo 3:17; tingnan din sa Marcos 1:11; 3 Nephi 11:7.
7. Juan 5:39.
8. Mga Awit 119:103.
9. Mateo 7:24.
10. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan*: David O. McKay (2003), 172.



Ni Elder Erich W. Kopischke
Ng Pitumpu

Pagiging Katanggap-tanggap sa Panginoon

Ang hangaring matanggap at ang pagtanggap ng Panginoon ang aakay sa atin sa kaalaman na tayo ay pinili at pinagpapala Niya.

Noong bata pa ako, naaalala kong isinasama ako paminsan-minsan ni Itay para tumulong sa mga gawain. May maliit kaming halamanan na mga ilang kilometro ang layo sa aming tirahan, at palaging maraming gagawin para maihanda ang halamanan sa bawat panahon. Inaayos namin ang gazebo o kaya’y gumagawa o nagkukumpuni ng mga bakod. Naaalala ko na ang gawaing ito ay palaging sa panahong sobra ang ginaw, makapal ang snow, o umuulan. Pero gustung-gusto ko ito. Tinuruan ako ni Itay kung paano gawin ang mga bagay nang may tiyaga at maluwag sa kalooban.

Isang araw may pinahigpitan siyang turnilyo at nagsabing, “Tandaan mo, kapag sobrang higpit, mapuputol ito.” May pagmamalaking gusto kong ipakita sa kanya ang kaya kong gawin. Napasobra ang paghigpit ko sa turnilyo, at, siyempre, naputol ito. May sinabi siyang nakakatawa, at inulit na lang namin iyon. Kahit “nagkakamali”

ako, palagi kong nadarama ang kanyang pagmamahal at pagtitiwala sa akin. Mahigit 10 taon na mula nang pumanaw siya, ngunit parang naririnig ko pa rin ang kanyang tinig, nadarama ang kanyang pagmamahal, ang kanyang panghihikayat, at pagtanggap.

Ang madamang tanggap ka ng taong mahal mo ay pangunahing pangangailangan ng tao. Ang pagtanggap sa atin ng mabubuting tao ay nakahihikayat sa atin. Nakadaragdag ito sa pagpapahalaga sa sarili at pagtitiwala sa sarili. Ang mga hindi makadama ng pagtanggap mula sa taong dapat pagmulan nito ay kadalasang hinahanap ito sa ibang lugar. Maaaring hangarin nilang tanggapin sila ng mga taong walang pakialam sa kanilang kapakanan. Maaari silang makihalubilo sa mga di tunay na kaibigan at magagawa ng mga bagay na hindi tama sa hangaring may tumanggap sa kanila. Maaaring maisip nilang magsuot ng mamahaling kasuotan upang madamang tanggap sila. Para sa ilan, ang

pagsisikap na magkaroon ng mataas na katungkulan o posisyon ay paraan din para tanggapin sila. Maaaring sinusukat nila ang kanilang kahalagahan batay sa posisyon o katungkulang hawak nila.

Kahit sa Simbahan ay hindi tayo palaging nakakaligtas sa ganitong uri ng pag-iisip. Ang hangaring matanggap ng mga taong di-mabubuti o dahil sa maling dahilan ay naglalagay sa atin sa mapanganib na landas—na maaaring umakay sa atin palayo at humantong pa sa ating kapahamakan. Sa halip na madamang minamahal tayo at may tiwala tayo sa sarili natin, sa huli’y madarama nating iniwan tayo at mas lalo tayong nawalan ng tiwala sa sarili.

Pinayuhan ni Alma ang kanyang anak na si Helaman, “Tiyaking aasa ka sa Diyos at mabubuhay.”¹ Ang tala-gang nagbibigay ng lakas at tatanggap sa atin magpakailanman ay ang ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Kilala Nila tayo. Mahal Nila tayo. Hindi Nila tayo tinatanggap dahil sa ating titulo o posisyon. Hindi Nila tinitingnan ang katayuan natin sa buhay. Tumitingin Sila sa ating puso. Tanggap Nila tayo sa kung sino tayo at sa sinisikap nating marating. Ang hangaring matanggap at ang pagtanggap Nila ay palaging magbibigay-sigla at maghihikayat sa atin.

Ibabahagi ko ang simpleng paraan, na kung isasagawa, ay matutulungan ang bawat isa sa atin na maging katanggap-tanggap. Ang paraang ito ay ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith: “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, lahat sa kanila na nakababati na ang kanilang puso ay tapat, at bagbag, at ang kanilang mga kaluluwa ay nagsisisi, at handang tuparin ang kanilang mga tipan sa pamamagitan ng paghahain—oo, bawat paghahain na ako, ang Panginoon, ay ipag-uutos—sila ay tinatanggap ko.”²

Ang paraang ito ay binubuo ng tatlong simpleng hakbang:

1. Alamin kung ang ating puso ay tapat at bagbag,
2. Alamin kung ang ating espiritu ay nagsisisi, at



3. Maging handang tuparin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagsasakripisyo, gaya ng iniutos ng Panginoon.

Una, dapat nating alamin kung ang ating puso ay tapat at bagbag. Paano natin malalaman iyan? Simulan natin sa taimtim na pagsusuri sa sarili. Ang puso ang sentro ng ating damdamin. Kapag sinuri natin ang nilalaman ng ating puso, sinusuri natin ang ating sarili. Ang hindi nalalaman ng mga nakapaligid sa atin ay tiyak na alam natin. Alam natin ang mga motibo natin at hangarin. Kapag taimtim at tapat tayong nag-iisip-isip, hindi natin pinangangatwiranan o dinadaya ang ating sarili.

May paraan din para mahusgahan kung bagbag ang ating puso. Ang bagbag na puso ay malambot, tapat, at madaling tumanggap. Kapag naririnig kong sinasabi ng Tagapagligtas na, “Narito ako’y nakatayo sa pintuan at tumutuktok,”³ naririnig ko Siyang kumakatok sa puso ko. Kung bubuksan ko ang pintuang ito sa Kanya, mas madali akong makatutugon sa mga paanyaya ng Espiritu, at mas madali kong matatanggap ang kalooban ng Diyos.

Habang taimtim at mapanalangin nating pinagninilayan kung tapat at bagbag ang ating puso, tayo ay tuturuan ng Espiritu Santo. Matatanggap natin ang magiliw na pagpapatibay o pagwawasto, na nag-aanyaya sa ating kumilos.

Pangalawa, dapat nating alamin kung nagsisisi ang ating espiritu. Ang ibig sabihin ng salitang *contrite* sa Oxford dictionary ay “damdamin o pagpapakita ng pagsisisi kapag natanto ng isang tao na nakagawa siya ng pagkakamali.”⁴ Kung nagsisisi ang ating espiritu, inaamin natin ang ating mga kasalanan at pagkukulang. Madali tayong turuan “hinggil sa [lahat ng] bagay na nauukol sa kabutihan.”⁵ Nadarama natin ang kalumbayang mula sa Diyos at handang magsisi. Ang nagsisising espiritu ay handang bigyang-daan “ang panghihikayat ng Banal na Espiritu.”⁶

Ang nagsisising espiritu ay maki-kita sa kahandaan at determinasyon nating kumilos. Handa tayong magpakumbaba sa harapan ng Diyos, handang magsisi, handang matuto, at handang magbago. Tayo ay handang manalangin na, “Huwag mangyari ang aking kalooban, kundi ang iyo.”⁷

Ang pangatlong hakbang para maging katanggap-tanggap sa Panginoon ay ang desisyon na tuparin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagsasakripisyo, “oo, bawat paghahain na ako, ang Panginoon, ay ipag-uutos.”⁸ Kadalasan iniisip natin na ang salitang *sakripisyo* ay isang bagay na malaki o mahirap gawin. Maaaring totoo ito sa ilang sitwasyon, ngunit kadalasan patungkol ito sa araw-araw na pamumuhay bilang tunay na disipulo ni Cristo.



Ang isang paraan ng pagtupad sa ating mga tipan ay sa pamamagitan ng pagiging karapat-dapat sa pagtanggap ng sakramento bawat linggo. Inihahanda talaga natin ang ating sarili para sa sagradong ordenansa. Pinaninibago at pinagtitibay natin ang mga sagradong pangako natin sa Panginoon. Sa ganitong paraan dama natin ang Kanyang pagtanggap at natanggap ang Kanyang katiyakan na bawat pagsisikap natin ay kinikilala at ang ating mga kasalanan ay pinatatawad sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Sa ordenansang ito, nangangako ang Panginoon na kapag handa tayong taglayin ang pangalan ng Kanyang Anak at palagi Siyang aalalahanin at susundin ang Kanyang mga kautusan, makakasama natin sa tuwina ang Kanyang Espiritu. Ang palagiang patnubay ng Espiritu Santo ay pahiwatig ng pagtanggap sa atin ng Diyos.

Ang iba pang paraan ng pagtupad ng ating mga tipan ay kasingsimple ng pagtanggap ng tungkulin sa Simbahan at matapat na paglilingkod sa tungkuling iyon o pagsunod sa paanyaya ng ating propetang si Thomas S. Monson, na tulongan ang mga taong nanghihina sa espirituwal at kailangang

iligtas. Tinutupad natin ang ating mga tipan sa pamamagitan ng pagbibigay ng tahimik na paglilingkod sa ating kapitbahay o komunidad o sa paghahanap ng mga pangalan ng ating mga ninuno at paggawa ng gawain sa templo para sa kanila. Tinutupad natin ang ating mga tipan sa pagsisikap na maging mabuti, pagiging bukas, at pakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu sa ating araw-araw na buhay. Kung minsan ang pagtupad ng ating mga tipan ay nangangahulugan lamang ng pagiging matatag at matapat kapag dumaranas tayo ng mga pagsubok sa buhay.

Pagkatapos ipaliwanag ang paraan kung paano magiging katanggap-tanggap sa Kanya, gumamit ang Panginoon ng napakagandang paglalarawan para ipakita kung paano tayo nakikinabang bilang mga indibiduwal at pamilya sa hangarin natin na matanggap Niya. Sinabi Niya, “Sapagkat ako, ang Panginoon, ay pagbubungahin sila tulad sa isang mabungang punungkahoy na itanim sa mabuting lupa, sa tabi ng isang dalisay na sapa, na nagbubunga ng labis na mahahalong bunga.”⁹

Kapag tayo ay nakaayon sa Espiritu ng Panginoon at nadarama ang

Kanyang pagtanggap, pagpapalain tayo nang higit sa kaya nating maunawaan at magbubunga ng kabutihan. Mapapabilang tayo sa mga sasabihan Niya ng, “Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; nagtapat ka sa kaunting bagay, pamamahalaing kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon.”¹⁰

Ang hangaring matanggap at ang pagtanggap ng Panginoon ang aakay sa atin sa kaalaman na tayo ay pinili at pinagpapala Niya. Madaragdagan ang ating pagtitiwala na aakayin Niya tayo at gagabayan sa kabutihan. Ang Kanyang magiliw na awa ay makikita sa ating puso, sa ating buhay, at sa ating pamilya.

Buong puso ko kayong inaanyayahan na hangarin ang pagtanggap ng Panginoon at tamasahin ang Kanyang ipinangakong mga pagpapala. Sa pagsunod natin sa simpleng huwaran na ipinakita sa atin ng Panginoon, malalaman natin na tinanggap Niya tayo, anumang ating posisyon, katayuan sa buhay, o mga limitasyon sa mortal na buhay. Ang Kanyang mapagmahal na pagtanggap ang hihikayat sa atin, magpapalakas sa ating pananampalata, at tutulong sa atin sa pagharap sa lahat ng bagay sa buhay. Sa kabila ng kinakaharap nating mga hamon, tayo ay magtatagumpay, uunlad,¹¹ at makadarama ng kapayapaan.¹² Mapapabilang tayo sa mga taong sinabihan ng Panginoon na:

“Huwag matakot, maliliit na bata, sapagkat kayo ay akin, at aking nadaig ang daigdig, at kayo ay bahagi nila na ibinigay ng Ama sa akin;

“At wala sa kanila na ibinigay ng Ama sa akin ang mawawala.”¹³

Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alma 37:47.
2. Doktrina at mga Tipan 97:8.
3. Apocalipsis 3:20.
4. *Oxford Dictionaries Online*, “contribute,” oxforddictionaries.com.
5. Alma 21:23.
6. Mosias 3:19.
7. Lucas 22:42.
8. Doktrina at mga Tipan 97:8.
9. Doktrina at mga Tipan 97:9.
10. Mateo 25:21.
11. Tingnan sa Mosias 2:22.
12. Tingnan sa Mosias 2:41.
13. Doktrina at mga Tipan 50:41–42.



Ni Elder Bruce D. Porter
Ng Pitumpu

Magagandang Umaga

Hindi natin kailangang katakutan ang hinaharap, ni mawalan ng pag-asa at galak, dahil nasa panig natin ang Diyos.

Isang Huwebes ng gabi sa Jerusalem, nagpulong si Jesus at ang Kanyang mga disipulo sa silid sa itaas upang ipagdiwang ang Paskua. Hindi alam ng kalalakihang sumama sa Kanya na ang hapunang ito ay tatawagin bilang araw na Huling Hapunan. Kung alam lang nila ito at ang kahulugan nito, malamang ay napaiyak sila.

Gayunman, lubos na naunawaan ng kanilang Panginoon na magsisimula na ang mahigpit na pagsubok sa Getsemani at sa Golgota. Ang pinakamahirap na mga oras sa kasaysayan ng mundo ay nalalapit na; magkagayunman, sinabi sa kanila ni Jesus, “Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni’t laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan” (Juan 16:33).

Nabubuhay tayo ngayon sa panahon ng kaligaligan at kawalang-katiyakan, isang panahong ipinropesiya ng Panginoon kay Enoc na mababahiran ng “mga araw ng kasamaan at paghihiganti” (Moises 7:60) Maaaring nakaabang ang pasakit at pagdurusa, subalit tayo man ay may dahilan para lakasan ang ating loob at magalak. Tayo ay nabubuhay sa huling dispensasyon, kung kailan naipanumbalik na ng Diyos ang Kanyang Simbahan at kaharian sa lupa

bilang paghahanda sa pagbalik ng Kanyang Anak

Minsan ay binanggit ni Pangulong Boyd K. Packer ang kanyang mga apo at ang lumulubhang kaguluhan sa mundong kanilang tinitirhan. Sabi niya: “Masasaksihan nila ang maraming pangyayari sa kanilang buhay. Ang ilan ay hahamunin ang kanilang katapangan at patatagin ang kanilang pananampalataya. Ngunit kung hihingi sila ng tulong at patnubay sa panalangin, bibigyan sila ng kapangyarihan laban sa kasamaan.”

At idinagdag pa niya kalaunan: “Ang mga kabutihang-asal na mahalagang batayan ng sibilisasyon ay ubod nang bilis na naglalaho. Gayunman, hindi ako takot sa kinabukasan” (“Huwag Matakot,” *Liahona*, Mayo 2004, 77, 78).

Mga kapatid, hindi natin kailangang katakutan ang hinaharap, ni mawalan ng pag-asa at galak, dahil nasa panig natin ang Diyos. Kasama sa unang nitalang mga payo ni Jesus sa Kanyang bagong-tawag na mga disipulo sa Galilea ang tatlong-salitang babala na, “Huwag kang matakot” (Lucas 5:10). Inulit Niya ang payong iyon nang maraming beses sa Kanyang paglilingkod. Sa Kanyang mga Banal sa ating panahon, sinabi ng Tagapagligtas, “Magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo” (D at T 68:6).

Ang Panginoon ay tatayo sa tabi ng (o susuportahan ang) Kanyang Simbahan at mga tao at pananatilihin silang ligtas hanggang sa Kanyang pagparito. Magkakaroon ng kapayapaan sa Sion at sa kanyang mga stake, dahil ipinahayag Niya, “At nang ang pagtitipong sama-sama sa lupain ng Sion, at sa kanyang mga istaka, ay maaaring maging isang tanggulan, at isang kanlungan mula sa bagyo, at mula sa poot sa panahong ito ay ibubuhos nang walang halo sa buong lupa” (D at T 115:6).

Ang Simbahan ay moog ng kailigtasan para sa mga miyembro nito. Nakababalisa man ang kalagayan ng mundo paminsan-minsan, makatatagpo ng kanlungan ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw sa mga stake ng Sion. Iniutos ng Panginoon na ang batong tinibag mula sa bundok hindi ng mga kamay ay lalaganap hanggang sa mapuno nito ang buong mundo (tingnan sa Daniel 2:31–45; D at T 65:2). Walang kapangyarihan ang tao para pigilan ito, sapagkat ang Diyos ang mayakda ng gawaing ito at si Jesucristo ang pangulong bato sa panulok.



Nakita ni Nephi sa pangitain na sa mga huling araw, ang kapangyarihan ng Kordero ng Diyos ay bababa “sa mga pinagtipanang tao ng Panginoon” at “[m]asasandatahan sila ng kabutihan at kapangyarihan ng Diyos sa dakilang kaluwalhatian” (1 Nephi 14:144).

Bawat isa sa atin, at ang ating pamilya, ay maaaring sandatahan ng kapangyarihan ng Diyos bilang pananggol kung mananatili lang tayong tapat sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at pagagabay tayo sa Espiritu. Maaaring dumating ang mga pagsubok, at hindi natin maunawaan ang lahat ng nangyayari sa atin o sa ating paligid. Ngunit kung mapagkumbaba at tahimik tayong magtitiwala sa Panginoon, palalakasin at papatnubayan Niya tayo sa bawat hamon ng buhay. Kapag ang tanging naisin natin ay mapalugod ang Panginoon, mapapayapa ang ating kalooban.

Noong mga unang araw ng Panunumbalik, naharap sa matitinding pagsubok ang mga miyembro ng Simbahan. Sinabi ni Pangulong Brigham Young tungkol sa panahong iyon: “[Habang] napapalibutan ng mga mandurumog, at nagbabanta ang kamatayan at kapahamakan sa magkabilang panig, hindi ko ito napansin, bagkus ang aking kalooban ay maligaya tulad ng nararamdaman ko ngayon. Ang hinaharap ay maaaring waring madilim at malagim, ngunit wala pa akong nakikitang panahon sa Ebanghelyong ito na hindi ko alam na nagbunga ng magiging hindi kapakipakinabang sa layunin ng katotohanan at sa mga nagmamahal sa katwiran” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 398).

Ang missionary companion kong si Paul ay isang taong masayahin. Noong siya ay bata pang ama, dinapuan siya ng multiple sclerosis. Subalit sa kabila ng sumunod na paghihirap, patuloy siyang naglingkod sa iba nang may galak at katuwaaan. Minsa’y pumasok siya sa aking opisina na nakaupo sa una niyang wheelchair at sinabi, “Ang buhay ay nagsisimula sa wheelchair na de-motor!” Hindi ko malilimutan na, ilang taon bago siya namatay, hawak niya nang mataas ang Olympic



torch habang nakasakay sa kanyang wheelchair habang daan-daan ang nagbubunyi. Gaya ng apoy na laging naglalagablab, hindi lumamlam ang pananampalataya ni Paul sa mga pagsubok sa buhay.

Noong nag-aaral ako sa Brigham Young University, tumira ako sa isang bahay kasama ang ilang kabataan. Si Bruce na yata, na kasama ko sa kuwarto, ang may pinakamagandang pananaw sa buhay na nakilala ko. Kailanma’y hindi namin siya naringgan ng anumang negatibo tungkol sa sinumang tao o anumang sitwasyon, at imposibleng hindi kami sumaya kapag kasama namin siya. Ang kanyang galak ay nagmula sa matibay na pananalig niya sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo.

Isang malamig na umaga, isa pang kaibigan ko, si Tom, ang tumatawid sa kampus ng unibersidad. Alas-7:00 pa lang ng umaga iyon, at walang katawtawo at madilim sa kampus. Umuulan ng makapal na snow, na may kasamang malakas na hangin. “Ang sama naman ng panahon,” naisip ni Tom. Nang maglakad siya sa banda pa roon, sa madilim na daan at makapal na snow, narinig niyang may kumakanta.

Tulad ng inaasahan, lumabas sa gitna ng napakatinding snow ang masayahin naming kaibigang si Bruce. Nakaunat ang mga kamay sa langit, kumakanta siya ng isang bilang mula sa Broadway musical na *Oklahoma*: “Ah, kaygandang umaga! Ah, kaygandang panahon! Kaysarap sa pakiramdam, sa plano ko umaayon” (Richard Rodgers at Oscar

Hammerstein II, “Oh, What a Beautiful Mornin’” [1943]).

Simula noon, ang masayang tinig na iyon sa matinding unos ay naging simbolo sa akin ng tunay na kahulugan ng pananampalataya at pag-asa. Maging sa nagdidilim na mundo, tayong mga Banal sa mga Huling Araw ay maaaring kumanta nang may kagalakan, batid na ang mga kapangyarihan ng langit ay nasa Simbahan at mga tao ng Diyos. Nawa’y magalak tayo sa kaalaman na darating ang isang magandang umaga—ang pagsisimula ng milenyo, kapag bumaba ang Anak ng Diyos sa Silangan at nagharing muli sa daigdig.

Naiisip ko rin ang dalawa pang magagandang umaga sa kasaysayan ng mundo. Noong tagsibol ng 1820, sa umaga ng isang maganda at maaliwalas na araw sa Palmyra, New York, isang binatilyong nangganggalang Joseph Smith ang pumasok sa kaka-yuhan at lumuhod sa panalangin. Ang sagot sa panalanging iyon, ang pagpapakita ng Ama at ng Anak, ang nagpagsimula sa dispensasyon ng kaganapan ng mga panahon at ng Panunumbalik ng Simbahan ni Jesucristo sa lupa.

At may isa pang magandang umaga halos 2,000 taon na ang nakararaan sa labas lamang ng lungsod ng Jerusalem na naliligiran ng pader. Walang alinlangang sumikat ang araw na may kakai-bang ningning noong umagang iyon ng Pasko ng Pagkabuhay. Isang maliit na grupo ng kababaihan ang bumisita sa libingan sa halamahan, sa pag-asang mapahiran ng langis ang katawan ng kanilang Panginoon na namatay sa krus. Dalawang anghel ang sumalubong sa kanila at nagpahayag: “Bakit hinahanap ninyo ang buhay sa gitna ng mga patay? Wala siya rito, datapuwat nagbangon” (Lucas 24:5–6).

Pinatototohanan ko ang pagwawagi ni Jesucristo laban sa kasalanan at kamatayan. Pinatototohanan ko ang maawaing plano ng ating Amang Walang Hanggan at Kanyang walanghanggang pagmamahal. Pagbangon natin tuwing umaga, nawa’y tumingala tayo sa langit nang may pananampalataya at sabihin nating, “Ah, kaygandang umaga,” ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagtubos

Hangga't sumusunod tayo kay Cristo, hinahangad natin at nakikibahagi tayo sa Kanyang gawaing tumubos.

Noong panahong kolonyal, maraming kailangang manggagawa sa Amerika. Sa ika-18 at ika-19 na siglo, kinalap ang mga gustong manirahan at magtrabaho sa Amerika mula sa Great Britain, Germany, at iba pang mga bansa sa Europa, pero marami sa mga gustong pumunta ang walang sapat na pamasaha. Karaniwan na sa mga ito ang pumunta roon na nakakontra-tang magtrabaho nang ilang panahon nang walang suweldo bilang bayad sa ipinamasaha sa kanila. Ilan naman ang nagsipunta at nangako na ang mga kapamilya nila sa Amerika ang magbabayad ng ipinamasaha sa kanila pagdating nila roon, pero kung hindi ganoon ang mangyayari, obligado silang magtrabaho nang walang suweldo hanggang mabayaran ang nagastos sa kanila. Ang salitang ginamit sa mga dayuhang manggagawang ito ay mga “redemptioner” o “tagapagtubos.” Kailangan nilang bayaran ang ipinamasaha sa kanila—na para bang binibili nila ang kalayaan nila—sa pamamagitan ng pagtatrabaho.¹

Isa sa mga pinakamakahulugang titulo na naglalarawan kay Jesucristo ay Manunubos. Tulad ng nabanggit ko tungkol sa mga dayuhang “tagapagtubos,” ang ibig sabihin ng salitang *tubusin* ay bayaran ang obligasyon o

utang. Maaari ding ang ibig sabihin ng *tubusin* ay sagipin o palayain sa pamamagitan ng pagtubos. Kung may isang nagkasala at iwinasto niya ito o inihingi ng paumanhin, sinasabi nating naialalis niya ang sarili sa maling palagay sa kanya ng tao. Bawat isa sa mga kahulugang ito ay nagpapakita ng iba't ibang aspeto ng dakilang Pagtubos na isinagawa ni Jesucristo sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala, kabilang na ang paglalarawan dito ng diksyunaryo bilang, “pagliligtas

mula sa kasalanan at sa mga kaparusahan nito, sa pagsasakripisyo para sa nagkasala.”²

Ang Pagtubos ng Tagapagligtas ay may dalawang bahagi. Una, nagbayad-sala ito para sa mga paglabag ni Adan at ang ibinunga na Pagkahulog ng tao sa pagdaig sa matatawag na tuwirang ibinunga ng Pagkahulog—pisikal na kamatayan at espirituwal na kamatayan. Malinaw na nauunawaan ang pisikal na kamatayan; ang espirituwal na kamatayan ay ang paghiwalay ng tao mula sa Diyos. Sa mga salita ni Pablo, “Sapagka't kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin” (I Mga Taga Corinto 15:22). Ang pagtubos na ito mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan ay para sa lahat at walang kundisyon.³

Ang pangalawang aspeto ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay pagtubos mula sa matatawag nating hindi tuwirang bunga ng Pagkahulog—ang sarili nating mga kasalanan at hindi ang paglabag ni Adan. Dahil sa Pagkahulog isinilang tayo sa mundo kung saan ang kasalanan—ibig sabihin, ang pagsuway sa batas na itinatag sa langit—ay laganap. Ito ang sabi ng Panginoon tungkol sa atin:

“Maging kapag sila ay magsimula nang lumaki, ang kasalanan ay nabubuo sa kanilang mga puso, at kanilang



matitikman ang pait, upang kanilang matutuhang pahalagahan ang mabuti.

“At ibinigay sa kanila na malaman ang mabuti sa masama; anupa’t sila ay malayang makapipili sa kanilang sarili” (Moises 6:55–56).

Dahil tayo ang nananagot at tayo ang pumipili, ang pagtubos sa ating sariling kasalanan ay may kundisyon—dapat nating aminin at talikdan ang kasalanan at mamuhay nang mabuti, o sa madaling salita, dapat tayong magsisi (tingnan sa D at T 58:43).

“Dahil dito,” ang utos ng Panginoon, “ituro ito sa iyong mga anak, na ang lahat ng tao, sa lahat ng dako, ay kina-kailangang magsisi, o sila sa anumang paraan ay hindi makamamana ng kaharian ng Diyos, sapagkat walang maruming bagay ang makatatahan doon, o makatatahan sa kanyang kinaroroonan” (Moises 6:57).

Ang pagdurusang ng Tagapagligtas sa Getsemani at ang Kanyang paghihirap sa krus ay tumubos sa atin mula sa kasalanan nang tugunan nito ang hinihingi ng katarungan sa atin. Pinagkakalooban Niya ng awa at pinatatawad ang mga nagsisisi. Tinugunan din ng Pagbabayad-sala ang katarungang para sa atin nang tayo ay Kanyang pagalingin at ilitas sa anumang pagdurusang dinaranas natin. “Sapagkat masdan, kanyang titiisin ang sakit ng lahat ng tao, oo, ang sakit ng bawat nilalang, kapwa lalaki, babae, at mga bata, na kabilang sa mag-anak ni Adan” (2 Nephi 9:21; tingnan din sa Alma 7:11–12).⁴

Hangga’t sumusunod tayo kay Cristo, hinahangad natin at nakikibahagi tayo sa Kanyang gawaing tumubos. Ang pinakamalaking paglingkod na magagawa natin sa iba sa buhay na ito, simula sa sarili nating pamilya, ay ang ilapit sila kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi nang sa gayon ay maranasan nila ang Kanyang Pagtubos—kapayapaan at kagalakan ngayon, at kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa kabilang buhay. Ang gawain ng ating mga missionary ay napakagandang pagpapakita ng nakapanunubos na pagmamahal ng Tagapagligtas. Bilang Kanyang mga



sugo na binigyang-karapatan, hatid nila ang di-mapapantayang pagpapala na pananampalataya kay Jesucristo, binyag, at ang kaloob na Espiritu Santo, na nagbibigay-daan sa espirituwal na pagsilang na muli at pagtubos.

Maaari din tayong tumulong sa pagtubos ng Panginoon sa mga pumanaw na. “Ang matatapat na elder ng dispensasyong ito, kapag sila ay lumisan mula sa buhay na ito, ay ipinagpapatuloy ang kanilang mga gawain sa pangangaral ng ebanghelyo ng pagsisisi at pagtubos, sa pamamagitan ng sakripisyo ng Bugtong na Anak ng Diyos, sa mga yaong nasa kadiliman at nasa ilalim ng pagkaalipin sa kasalanan sa malawak na daigdig ng mga espiritu ng mga patay” (D at T 138:57). Dahil sa mga ginagawa nating ordenansa para sa kanila sa mga templo ng Diyos, kahit ang mga pumanaw na alipin ng kasalanan ay maaaring mailigtas.⁵

Bagama’t ang mahahalagang aspeto ng pagtubos ay may kinalaman sa pagsisisi at kapatawaran, mahalaga rin ang pagsasabuhay na aspeto nito. Naitala na si Jesus ay naglilibot na gumagawa ng mabuti (tingnan sa Mga Gawa 10:38), kabilang dito ang pagpapagaling sa mga maysakit at nanghihina, pagbibigay ng pagkain sa maraming taong nagugutom, at pagtuturo ng mas magaling na paraan. “Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kaniyang buhay na pangtubos sa

marami” (Mateo 20:28). Magagawa rin natin, sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo, na maglibot na gumagawa ng mabuti ayon sa paraan ng pagtubos ng ating Panginoon.

Ibig sabihin ng pagtubos na ito ay tulungan ang mga tao sa kanilang alalahanin. Ibig sabihin nito ay kaibiganin ang mahihirap at mahihina, ibsan ang paghihirap, itama ang mali, ipaglaban ang katotohanan, patatagin ang mga bagong henerasyon, at kamtin ang kapanatagan at kaligayahan sa tahanan. Karaniwan sa pagtubos na ginagawa natin sa mundo ay ang tulungan ang iba na umunlad at makamtan ang kanilang mga matwid na inaasam at ninanais.

Isang halimbawa sa nobela ni Victor Hugo na *Les Misérables*, bagama’t likhang-isip lang, ang naka-aantig at nagbibigay-inspirasyon sa akin. Sa simula ng kuwento, binigyan ni Bishop Bienvenu ng pagkain at matutuluyan sa magdamag si Jan Valjean, na kalalabas lang sa bilanguan matapos makulong nang 19 na taon dahil sa pagnanakaw ng tinapay para mapakain ang mga nagugutom na anak ng kanyang kapatid na babae. Dahil matigas na ang loob at puno ng hinanakit, ang iginanti ni Valjean sa kabutihan ni Bishop Bienvenu ay ang nakawin ang mga pilak na kagamitan nito. Nang hinuli ng nagsusutpetsang mga pulis, sinabi ni Valjean na regalo sa kanya ang pilak. Nang dalhin siya ng mga pulis sa bahay ng bishop, nagulat si Valjean dahil pinatotohanan ni Bishop Bienvenu ang inilahad niya at para mas kapani-paniwala, sinabi pa nito na, “Pero teka! ibinigay ko rin sa iyo ang mga kandelarya, na mga pilak din, at maibebenta mo ng dalawangdaang franc. Bakit hindi mo dinala ang mga ito kasama ng mga plato?” . . .

“Nilapitan siya ng bishop at sinabi, sa mahinang tinig:

“‘Huwag mong kalilimutan kahit kailan na nangako ka sa aking gagamitin ang pilak na ito para maging matapat na tao.’

“Dahil walang matandaan si Jean Valjean na ipinangako niya ito, nagulumihan siya. Mahinahong nagpatuloy ang bishop:



“Jean Valjean, kapatid ko: hindi ka na kabilang sa kasamaan, kundi sa kabutihan. Ang kaluluwa mo ang binibili ko para sa iyo. Kinuha ko ito mula sa kadiliman at sa kapahamakan, at ibinibigay ko ito sa Diyos!”

Totoo ngang nagbago si Jean Valjean, naging matapat at tumulong sa marami. Habambuhay niyang iningatan ang dalawang pilak na kandelarya para ipaalala sa kanya na natubos na ang kanyang kaluluwa para maglingkod sa Diyos.⁶

Ang ilang uri ng temporal na pagtubos ay mula sa sama-samang pagsisi-kap. Isa ito sa mga dahilan kung bakit nagtatag ng Simbahan ang Tagapaglig-tas. Dahil inorganisa tayo sa mga korum at auxiliary at sa mga stake, ward, at branch, hindi lang natin matuturuan at mahihikayat ang isa’t isa sa ebanghelyo, kundi maaari din nating hingan ng tulong ang iba para matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao. Ang mga taong kumikilos mag-isa o kasama sa maliliit na grupo ay hindi laging makapaglalaan ng tulong sa mga malakihang pangangailangan. Bilang mga tagasunod ni Jesucristo tayo ay pangkat ng mga Banal na inorganisa upang tumulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng ating kapwa Banal at ng maraming iba pa sa iba’t ibang panig ng mundo.

Dahil sa ating mga gawaing-pantao, na binanggit ni Elder Dallin H. Oaks, nitong nakaraang taon, 890,000 tao sa 36 na bansa ang may malinis na tubig, 70,000 tao sa 57 bansa ang nabigyan ng wheelchair, 75,000 tao sa 25 bansa ang napalinaw ang mga mata, at ang mga tao sa 52 bansa ay nakatanggap ng agarang tulong matapos ang mga kalamidad. Kasama ang iba pa, tumulong ang Simbahan sa pagbibigay ng bakuna sa halos 8 milyong bata at tinulungan ang mga taga Syria na nasa mga refugee camp sa Turkey, Lebanon, at Jordan sa mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Kasabay nito, tumanggap ang mga nangangailangang miyembro ng Simbahan ng milyun-milyong dolyar sa handog-ayuno at iba pang tulong pangkapanakan noong 2012. Salamat sa inyong pagiging bukas-palad.

Hindi kasama sa lahat ng ito ang kabaitan at tulong na ginagawa ng ilang tao—pagbibigay ng pagkain, damit, pera, malasakit, at napakarami pang uri ng ginhawa at habag—na maaari nating gawin upang maki-bahagi sa ginagawang pagtubos ni Cristo. Noong bata pa ako nasaksihan ko ang mismong ginawang pagtulong ng aking ina sa isang babaeng nangangailangan. Maraming taon na ang nakalilipas noong maliliit pa

kaming magkakapatid, sumailalim sa maselang operasyon ang aking ina na muntik niyang ikamatay at dahil dito naratay siya sa karamdaman nang halos isang taon. Sa panahong ito, tinulungan ng mga kamag-anak at miyembro ng ward si Inay at ang aming pamilya. Para mas makatulong pa, iminungkahi ng Relief Society president ng ward na si Sister Abraham na kuning kasambahay ng mga magulang ko ang isang babae sa ward na kailangang-kailangan ng trabaho. Sa pagsasalaysay nito, gagamitin ko ang mga pangalang Sara at Annie para sa babaeng ito at kanyang anak. Ito ang ikinuwento ng aking ina:

“Malinaw pa rin sa akin ito na parang kahapon lamang nangyari. Nakahiga ako noon sa kama nang dumating si Sister Abraham kasama si Sara. Nadismaya ako. Hayun at nakatayo ang pinaka-walang gaanong itsurang tao na nakita ko—napakapayat; madumi at magulo ang buhok; bilugan ang mga balikat; nakatungo at nakatitig sa sahig. Nakasuot siya ng luma at napakaluwag na damit-pambahay. Ayaw niyang tumingala at napakahinang magsalita kaya hindi ko siya marinig. Nagtatago sa likod niya ang maliit na batang babae na mga tatlong taong gulang. Ano ang gagawin ko sa nilalang na ito? Nang lisanin nila



ang silid, umiyak ako nang umiyak. Kailangan ko ng tulong, hindi dagdag na problema. Sinamahan muna siya ni Sister Abraham, at di-nagtagal nalinis na nila ang bahay at nakapaghanda ng masarap na pagkain. Sinabi sa akin ni Sister Abraham na subukan ko lang ito nang ilang araw, [sinasabing] talagang napakaraming hirap na dinanas ang babaeng ito at kailangan ng tulong.

“Kinabukasan nang dumating si Sara, pinalapit ko siya sa tabi ng kama ko para marinig ko siya. Itinanong niya kung ano ang ipapagawa ko. Sinabi ko sa kanya at ibinilin ito, ‘Pero ang pinakaimportante sa lahat ay ang mga anak ko; maglaan ka ng oras sa kanila, basahan mo sila ng mga kuwento—mas importante sila kaysa sa bahay.’ Masarap siyang magluto at malinis sa bahay, marunong maglaba, at mabait sa mga bata.

“Sa paglipas ng mga araw, nalaman ko ang kuwento ng buhay ni Sara. [Dahil may problema sa pandinig, nahirapan siyang mag-aral hanggang sa tuluyan nang huminto. Bata pa siya nang mapangasawa ang isang lasenggo. Ipinanganak si Annie na nagpasaya nang lubos kay Sara. Isang gabi ng taglamig umuwing lasing ang asawa niya, pinilit isakay sa kotse sina Sara at Annie na nakapantulog pa, at ibinaba sila sa gilid ng highway. Hindi na nila siya nakitang muli. Nakayapak at nanginginig sa ginaw, lumakad sina Sara at Annie nang maraming milya papunta sa bahay ng kanyang ina.] Pinatuloy sila ng kanyang ina sa kundisyong gagawin niya ang lahat ng gawaing-bahay at pagluluto, at aala-gaan ang mga kapatid niya na nasa high school.

“Dinala namin si Sara sa doktor na gumagamot ng tainga, at pinalagyan siya ng hearing aid. . . . Hinikayat namin siyang pumasok sa adult schooling, at nakatapos siya ng high school. Nag-aral siya sa gabi at nagtapos kalaunan sa kolehiyo at nagturo ng special education. Nakabili siya ng maliit na bahay. Ikinasal si Annie sa templo at nagkaroon ng dalawang anak. Kalauan ipinaopera ni Sara ang kanyang mga tainga at nakarinig na siyang mabuti. Ilang taon pa at nagretiro na siya at nagmisyon. . . . Walang sawang pinasalamat kami ni Sara pati na ang marami raw niyang natutuhan sa akin, lalo na nang sabihin ko na mas importante ang mga anak ko kaysa sa bahay. Sabi niya itinuro nito sa kanya na gawin din iyon kay Annie. . . . Si Sara ay katangi-tanging babae.”

Bilang disipulo ni Cristo, dapat nating gawin ang lahat ng magagawa natin para tubusin ang iba mula sa kanilang paghihirap at pasanin. Gayunman, ang pinakamalaking pagtubos na magagawa natin ay akayin sila kay Cristo. Kung hindi Niya tayo tinubos mula sa kamatayan at kasalanan, ang ebanghelyong nasa atin ay magbibigay lang ng katarungang batay sa batas ng tao. Maaaring magbigay ng tulong at pagkakasundo iyan sa ngayon, ngunit wala itong kapangyarihang humingi sa langit ng ganap na katarungan at walang hanggang awa. Ang tunay na pagtubos ay na kay Jesucristo at tanging nasa Kanya lamang. Buong kapakumbabaan at pasasalamat ko siyang kinikilala bilang aking Manunubos, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa *Merriam-Webster's Collegiate Dictionary*, ika-10-edisyon (1993), “redemptioneer.”
2. *Webster's New World College Dictionary*, ikatlong edisyon, (1988), “redeem.”
3. “Ang Anak ng Diyos ang nagbayad-sala sa kauna-unahang pagkakasala, kung saan ang mga kasalanan ng mga magulang ay hindi maaaring ipasagot sa mga ulo ng mga anak, sapagkat sila ay buo mula pa sa pagkakatatag ng daigdig” (Moises 6:54). Sa Pagtubos ni Cristo, nadaig ng lahat ang kamatayan at mabubuhay na mag-uli nang walang-kamatayan. Bukod pa riyon, nadaig ng lahat ang espirituwal na kamatayan dahil babalik tayong lahat sa kinaroroonan ng Diyos para hatulan. Sinabi ni Jesus, “At katulad ng pagtataas sa akin ng mga tao gayundin ang

mga tao ay ibabangon ng aking Ama, upang tumayo sa harapan ko, upang hatulan sa kanilang mga gawa” (3 Nephi 27:14). Ang mga nalinis sa kasalanan ay mananatili sa piling ng Diyos sa kaharian sa langit, ngunit ang mga hindi nagsipagsisi at hindi malinis ay hindi makapananahanang kasama ng banal na Diyos, at matapos ang Paghuhukom dapat silang lumisan at sa gayon ay daranas muli ng espirituwal na kamatayan. Tinutukoy ito kung minsan na pangalawang kamatayan o pagdanas ng espirituwal na kamatayan sa pangalawang pagkakataon. (Tingnan sa Helaman 14:15–18.)

4. Dahil sa ating sariling mga kasalanan kaya binabanggit ng mga banal na kasulatan ang ilang hindi matutubos: “Ang masasama ay mananatili na parang walang pagtubos na ginawa, maliban sa pagkakalag ng mga gapos ng kamatayan” (Alma 11:41). “Siya na hindi magkakaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi ay nakalantad sa buong batas na hinihingi ng katarungan; anupa't siya lamang na may pananampalataya tungo sa pagsisisi ang madadala sa dakila at walang hanggang plano ng pagtubos” (Alma 34:16). Kung tatanggihan ng tao ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, dapat niyang pagbayaran ang kanyang kasalanan upang bigyang-katarungan ang sarili. Sinabi ni Jesus, “Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisi; subalit kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko” (Doktrina at mga Tipan 19:16–17). Ang pagdurusa ng isang tao na hindi natubos dahil sa kasalanan ay itinuturing na impiyerno. Ibig sabihin nito ay pagpapasakop sa diyablo at inihahalintulad ng banal na kasulatan na pagkagapos sa tanikala o sa dagat-dagatang apoy at asupre. Nagsumamo si Lehi sa kanyang mga anak na piliin ang Pagtubos ni Cristo “at huwag piliin ang walang hanggang kamatayan, alinsunod sa kagustuhan ng laman at ng kasamaan na naroroon, na nagbibigay sa espiritu ng diyablo ng kapangyarihang bumihag, upang madala kayo sa impiyerno, at siya ang mamamahala sa inyo sa kanyang sariling kaharian” (2 Nephi 2:29). Gayunpaman, dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, may katapusan ang impiyerno, at yaong pinadanas nito ay “matutubos mula sa diyablo . . . sa huling pagkabuhay na mag-uli,” (Doktrina at mga Tipan 76:85) Tanging sa iilang “anak na lalaki ng kapahamakan . . . lamang may [walang hanggang] kapangyarihan ang pangalawang kamatayan; oo, katotohanan, sila lamang ang hindi matutubos sa takdang panahon ng Panginoon, pagkatapos ng mga pagdurusa ng kanyang poot” (Doktrina at mga Tipan 76:32, 37–38).
5. Buong galak na sinabi ni Propetang Joseph Smith, “Magsalita ang mga patay ng mga awit ng walang hanggang papuri sa Haring Immanuel na nag-orden, bago pa ang pagkakatag ng daigdig, na yaong makatutulong sa atin upang matubos sila mula sa kanilang bilangguan; sapagkat ang mga bilanggo ay makalalaya” (Doktrina at mga Tipan 128:22).
6. Tingnan sa Victor Hugo, *Les Misérables* (1992), 91–92.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

Dalangin ko na pagpalain at palakasin kayo ng Panginoon, mga kapatid. Nawa ang Kanyang ipinangakong kapayapaan ay mapasainyo ngayon at sa tuwina.

Mga kapatid, napakaganda ng ating kumperensya. Alam ko na sasang-ayon kayo sa akin na ang mga mensahe ay nagbigay-inspirasyon sa atin. Ang ating mga puso ay naantig, at ang ating mga patotoo tungkol sa banal na gawaing ito ay napalakas nang madama natin ang

Espiritu ng Panginoon. Sana ay maalala natin ang mga narinig natin nitong nakaraang dalawang araw. Hinihikayat ko kayo na pag-aralan pa ang mga mensahe kapag nailathala na ang mga ito sa parating na isyu ng mga magasing *Ensign* at *Liahona*.


Nagpapasalamat kami sa bawat

isa na nagsalita sa atin, gayon din sa mga nag-alay ng panalangin. Dagdag pa rito, nakasisiya at nakasisigla ang musika. Mahal natin ang ating napakahusay na Tabernacle Choir at pinasasalamatang ang lahat ng iba pang naglaan ng musika.

Magkakasama nating pinasasalamatang ang mga nasa presidency at general board ng Young Women, na ini-release kahapon. Kahanga-hanga ang kanilang paglilingkod at lubos ang kanilang katapatan.

Sinang-ayunan natin, sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay, ang kalalakihan at kababaihan na tinawag sa mga bagong katungkulan sa kumperensyang ito. Gusto naming malaman nilang lahat na umaasa kami na makapaglilingkod kaming kasama nila sa layunin ng Panginoon.

Tayo ay pandaigdigang Simbahan, mga kapatid. Ang mga miyembro natin ay nasa iba't ibang dako ng mundo. Hinihikayat ko kayo na maging mabubuting mamamayan ng bansa kung saan kayo nakatira at mabubuting kapitbahay sa inyong komunidad, tumutulong sa mga taong iba ang relihiyon gayundin sa mga miyembro natin. Nawa ay maging mapagparaya tayo, mabait at mapagmahal sa mga taong iba ang mga paniniwala at pamantayan sa atin. Dinala ng Tagapagligtas sa mundong





ito ang mensahe ng pagmamahal at kabutihan sa lahat ng kalalakhian at kababaihan. Nawa'y palagi nating sundan ang Kanyang halimbawa.

Dalangin ko na mahiwatigan natin ang mga pangangailangan ng mga nasa paligid natin. May ilan, lalo na sa mga kabataan, na nakakalungkot na lulong sa droga, imoralidad, pornograpiya, at iba pa. Nariyan ang mga nalulumbay, kabilang na ang mga biyuda at biyudo, na hangad ang pakikipagkaibigan at pagmamalasakit ng iba. Nawa ay palagi tayong maging handa sa pagtulong at pagmamalasakit sa kanila.

Nabubuhay tayo sa panahon sa kasaysayan ng mundo na puno ng mahihirap na hamon ngunit puno rin ng magagandang pagkakataon at dahilan para magalak. Siyempre, may mga pagkakataon na dumaranas tayo ng pagkabigo, kalungkutan, at maging ng mga trahedyang sa ating buhay. Gayunman, kung magtitiwala tayo sa Panginoon, tutulungan Niya tayo sa ating mga problema, anuman ang mga ito. Tiniyak ito ng Mang-aawit:

“Pagiyak ay magtatagal ng magdamag, nguni't kagalakan ay dumarating sa kinaumagahan.”¹

Mga kapatid, gusto kong malaman ninyo na labis akong nagpapasalamat sa ebanghelyo ni Jesucristo, na ipinangalitan sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Ito ang susi sa ating kaligayahan. Nawa'y maging mapagpakumbaba at madasalin tayo, nananampalataya na papatnubayan at pagpapalain ng ating Ama sa Langit ang ating buhay.

Sinasaksihan at pinapatunayan ko sa inyo na buhay ang Diyos, at naririnig Niya ang mga panalangin ng mga pusong mapagpakumbaba. Ang Kanyang Anak, ang ating Tagapagligtas at Manunubos, ay nangungusap sa bawat isa sa atin: “Narito ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinoman ay duminig ng aking tinig at magbukas ng pinto, ako'y papasok sa kaniya.”² Nawa'y manalig tayo sa mga salitang ito at samantalahin ang pangakong ito.

Sa pagtatapos ng kumperensyang ito, hinihiling ko na pagpalain ng langit ang bawat isa sa inyo. Nawa'y mapuno ng kapayapaan, pagkakasundo, paggalang at pagmamahalan ang inyong mga tahanan. Nawa'y mapuspos ang mga ito ng Espiritu ng Panginoon. Nawa'y palakasin at pangalagaan ninyo ang inyong mga patotoo sa ebanghelyo, nang sa gayon ay maging pananggalang ninyo ang mga ito sa pag-atake ni Satanas.

Hanggang sa muli nating pagkikita sa susunod na anim na buwan, dalangin ko na pagpalain at palakasin kayo ng Panginoon, mga kapatid. Nawa ang Kanyang ipinangakong kapayapaan ay mapasainyo ngayon at sa tuwina. Salamat sa inyong mga panalangin para sa akin at sa lahat ng mga General Authority. Lubos kaming nagpapasalamat sa inyo. Sa pangalan ng ating Tagapagligtas at Manunubos, na ating pinaglilingkuran, maging si Jesucristo, ang Panginoon, amen. ■

MGA TALA

1. Mga Awit 30:5.
2. Apocalipsis 3:20.



Ni Ann M. Dibb

Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Ang Inyong mga Banal na Lugar

Nasa mapa man o mga sandaling di-malilimutan ang [inyong mga banal na lugar], pare-parehong sagrado ang mga ito at may kamangha-manghang kapangyarihang magpalakas.



Ang ating 2013 Mutual theme ay mula sa ika-87 bahagi ng Doktrina at mga Tipan. Ang tagubiling ito ay matatagpuan sa tatlong magkakahiwalay na bahagi; malinaw na mahalaga ang payo. Ipinaliliwanag nito kung paano tayo makatatanggap ng proteksyon, lakas, at kapayapaan sa panahon ng kaguluhan. Ang inspiradong tagubilin ay “tumayo kayo sa mga banal na lugar, at huwag matinag.”¹

Nang pag-isipan kong mabuti ang temang ito, hindi ko mapigilang magtanong ng, “Ano ang ‘mga banal na lugar’ na tinutukoy ng Ama sa Langit?” Ipinayo ni Pangulong Ezra Taft Benson, “Kabilang sa mga banal na lugar ang ating mga templo, chapel, tahanan, at stake ng Sion, na, . . . ‘isang tanggulan, at isang kanlungan.’”² Bukod pa rito, naniniwala ako na bawat sa atin ay makakahanap ng marami pang lugar. Maaaring isipin muna natin ang salitang *lugar* bilang pisikal na kapaligiran o lugar sa mapa. Gayunman, ang isang *lugar* ay maaaring “isang malinaw na kundisyon, posisyon o pananaw.”³ Ibig sabihin maaari ding kabilang sa mga banal na lugar ang *di-malilimutang sandali*— mga sandali na nagpapatotoo sa atin ang Espiritu Santo, nadama natin ang pagmamahal ng Ama sa Langit, o kapag tumatanggap tayo ng sagot sa ating mga panalangin. Higit pa rito, naniniwala ako na kapag malakas ang inyong loob na manindigan sa tama, lalo na sa mga sitwasyon kung saan walang ibang gustong gumawa nito, lumilikha kayo ng banal na lugar.

Sa maikli ngunit maringal na buhay ni Joseph Smith, talagang siya ay “[tumayo] sa mga banal na lugar” at hindi natinag. Noong tinedyer pa siya, nabahala siya sa kaguluhan tungkol sa relihiyon sa kanyang komunidad at ginustong malaman kung alin sa lahat ng mga simbahan ang totoo. Ang mapunong lugar malapit sa bahay nila ay naging banal na lugar nang lumuhod siya sa gitna ng mga puno at nanalangin nang malakas sa unang pagkaka-taon. Sinagot ang kanyang panalangin, at ang tawag ngayon ng mga Banal sa mga Huling Araw sa lugar na ito ay Sagradong Kakahuyan.



Ang mga kabataang babae sa buong mundo ay tumatayo sa mga banal na lugar sa kalikasan sa Young Women camp. Isang lider ang nagkuwento sa akin ng karanasan ng isang dalagita. Di-gaanong aktibo noon ang dalagita ito, at duda siya na magkaroon siya ng espirituwal na karanasan sa kakayuhan. Pagkaraan ng unang araw, nagreport siya sa kanyang lider, “Ang saya-saya ko, pero puwede bang huwag na po nating pag-usapan ang Espiritu? Narito ako para magkamping, masiyahan sa kalikasan, makipagkaibigan, at magpakasaya!” Gayunman, sa testimony meeting bago matapos ang kamping, umiiyak na inamin ng batang ito na, “Ayoko pang umuwi. Paano ko patuloy na madarama ang nadarama ko ngayon, ang Espiritu ito, sa lahat ng oras?” May natuklasan siyang banal na lugar.

Ang isa pang banal na lugar sa buhay ni Joseph Smith ay ang sarili niyang kuwarto. Maaaring mahirap itong paniwalaan dahil, tulad ng marami sa inyo, kasama niya sa silid ang mga kapatid niya. Naging banal na lugar ito nang manalangin siya nang may malaking pananampalataya, pagpapakumbaba, at pangangailangan. Ipinaliwanag niya, “Matapos akong humiga sa aking higaan sa gabing yaon, ipinasiya sa aking sarili na manalangin at magsumamo sa Pinakamakapang-yarihang Diyos para sa kapatawaran ng lahat ng aking mga kasalanan at mga kalokohan.”⁴ Hindi madali ang tatlong taon na nagdaan simula nang magkaroon ng pangitain si Joseph sa Sagradong Kakahuyan. Tiniis ng labimpitong-taong-gulang na si Joseph

ang walang-humpay na pangungutya, panlilibak, at pananakot. Ngunit nang gabing iyon sa kuwarto niya, nagpakita ang anghel na si Moroni bilang sagot sa kanyang mga pagsamo. Nakatanggap si Joseph ng kaalaman at kapanatagan. Nang gabing iyon, ang kuwarto niya ay naging banal na lugar.

Habang pinanonood ang isang Mormon Message for Youth, nasaksihan ko ang isa pang kuwartong naging banal na lugar. Makikita sa video si Ingrid Delgado, isang dalagita taga-El Salvador, na nagbabahagi ng kanyang damdamin tungkol sa templo. Sabi niya, “Mabuti na may mapupuntahan tayong lugar para matakasan ang mga bagay ng mundo at matanggap ang mga sagradong ordenansa at tulongan ang mga hindi makatatanggap nito sa buhay na ito.” Habang nagsasalita siya, makikita sa video na binabasa ni Ingrid ang kanyang mga banal na kasulatan, napaliligiran ng mga Mormon Ad, quotation o sipi, aklat na Pansariling Pag-unlad, mga retrato ng kanyang pamilya at ng templo, at oo, ng kanyang paboritong stuffed toys.⁵ Siguro wala siyang kamalay-malay na nakalikha siya ng sarili niyang banal na lugar, na malayo sa mga bagay ng mundo. Iniisip ko kung ilang beses nabasa ni Ingrid ang kanyang mga banal na kasulatan, nadama ang Espiritu, at nakatanggap ng mga sagot sa kanyang mga panalangin sa kanyang banal na lugar.

Ang isa pang di-inaasahang banal na lugar sa buhay ni Joseph Smith ay ang Liberty Jail. Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland, “Wala nang mas mabigat na panahon sa buhay ni Joseph

kaysa sa malupit, ilegal, at di-makatarungang pagkapiit na ito.” Ipinaliwanag pa ni Elder Holland na ang Liberty Jail ay tinukoy bilang “templong piitan” dahil sa mga sagradong karanasan ni Propetang Joseph Smith doon.⁶

Ang ilan sa inyong mga dalagita ay maaaring dumaranas ng sarili ninyong Liberty Jail, isang lugar kung saan napahiya kayo, kung saan walang nagmahal sa inyo, kung saan kayo ay kinutya, tinakot, o marahil ay sinaktan pa. Sa inyo mga dalagita ay alay ko ang mga salita ni Elder Holland: “Ma-aari kayong magkaroon ng sagrado, naghahayag, nagtuturong mga karanasan sa Panginoon sa *pinakamiserable ninyong mga karanasan sa buhay* . . . , habang tinitii ang masasaklap na kawalang-katarungan, kapag nakaharap ninyo ang pinakamabigat na sitwasyon at oposisyon sa lahat.”⁷ Sa madaling salita, kagaya ni Propetang Joseph Smith, *kayo* ay makakalikha o makakatayo sa mga banal na lugar kahit sa pinakamahihirap na panahon na mararanasan ninyo.

Isang young adult, si Kirsten, ang nagbahagi sa akin ng mapait niyang karanasan. Ang panahon sa hayskul ang kanyang Liberty Jail. Mabuti na lang, ang silid na pinagpapraktisan ng banda ang nagbigay ng kapanatagan sa akin. Sabi niya: “Kapag pumasok ako sa kuwartong ito, para akong pumasok sa isang ligtas na lugar. Walang nanlalait o nanghihiya, o nanlalapastangan. Sa halip, nakarinig kami ng mga salita ng panghihikayat at pagmamahal. Nagpakita kami ng kabaitan. Masayang lugar iyon. Ang praktisan ng banda ay puspos ng Espiritu habang nagpapraktis at tumutugtog kami. Madalas ay ganito sa kuwartong ito dahil sa impluwensya ng nagtuturo ng banda. Isa siyang mabuting Kristiyano. Sa pagbabalik-tanaw, ang hayskul ay nagtuturo ng kagandahang-asal. Mahirap noon, pero natuto akong makisalamuha. Pasaalamatan ko magpakailanman ang aking kanlungan, ang aking banal na lugar, ang silid-praktisan ng banda.”⁸

Sa gabing ito, iniisip ba ninyo ang inyong mga banal na lugar? Hiniling ko sa daan-daang dalagita na sabihin sa akin ang kanilang mga banal na

lugar. Nasa mapa man ang mga lugar na ito o mga sandaling di-malilimutan, pare-parehong sagrado ang mga ito at may kamangha-manghang kapangyarihang magpalakas. Narito ang siyam sa kanilang magigiliw na sagot:

- Isa: “Nasa ospital ako, karga ang bagong silang na kapatid kong lalaki.”
- Dalawa: “Sa tuwing babasahin ko ang aking patriarchal blessing, dama kong kilala at mahal ako ng aking Ama sa Langit.”
- Tatlo: “Noong araw na mag-12 taong gulang ako, nilagyan ng dekorasyong hugis-puso ng mga kabataang babae sa ward ang pintuan ko.⁹ Nadama ko na mahal at tanggap nila ako, at napakasaya ko!”
- Apat: “Habang binabasa ko ang aking mga banal na kasulatan isang araw, ‘pumasok sa isip’ ko ang isang kataga. Nahanap ko na ang sagot sa aking mga dalangin.”
- Lima: “Pumunta ako sa isang party kung saan nag-iinum ang mga tao at may ginagawang hindi kanais-nais. Sinabi sa akin ng Espiritu na tumalikod at umuwi. Ginawa ko iyon, at oo, naapektuhan nito ang pakikihalubilo ko. Gayunman, ang sandaling iyon ang nagbigay sa akin ng tiwalang kailangan ko para malaman na kaya kong ipamahay ang ebanghelyo.”
- Anim: “Sa oras ng sakramento, iniisip ko ang Pagbabayad-sala. Nantanto ko na kailangan kong patawarin ang isang taong kinapopootan ko. Ang pasya kong magpatawad ay nakatulong para magkaroon ng bisa ang Pagbabayad-sala sa aking pang-araw-araw na buhay.”
- Pito: “Matapos dumalo sa mga New Beginning kasama ng inay ko, hinalikan niya ako sa pisngi at sinabihan na mahal niya ako. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na natatandaan kong ginawa niya ito.”
- Walo: “Sa pagtiyak ng Bishop ko, alam kong ang pangako sa banal na kasulatan ay totoo: ‘Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila pula, ay magiging mapu-puti na parang niebe.’¹⁰ Nakadama ako ng pag-asa at nalaman kong

masisimulan ko na ang mahabang proseso ng pagsisisi.”

- Panghuli: “Isang gabi, nag-ipon ako ng lakas ng loob na sabihin ang nadarama ko tungkol sa ebanghelyo at sa Aklat ni Mormon sa pinakamatalik kong kaibigan. Kalaunan, nagkaroon ako ng pribilehiyong dumalo sa kanyang binyag. Ngayon ay magkasama na kaming nagsisimba.”

Maaari ko bang ibahagi sa inyo ang isa sa aking mga sagradong lugar? Minsan ay nadama kong nagugulumihanan, nangangamba, at nag-iisang lang ako. Tahimik akong nanalangin: “Ama sa Langit, di ko po alam kung paano ito gawin. Tulungan po sana ninyo ako!” Di-nagtagal, isang tao ang di-inaasahang lumapit, inakbayan ako, at kinausap ako nang taos-puso at pinalakas ang loob ko. Sa sandaling iyon, nakadama ako ng kapayapaan. Nadama kong mahalaga ako. Lahat ay nabago. Naisip ko ang sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Tunay na napapansin tayo ng Diyos, at bina-bantayan niya tayo. Ngunit karaniwan ay sa pamamagitan ng ibang tao Niya ibinibigay ang ating mga pangangailangan.”¹¹ Para sa akin, sa sandaling iyon, ang lugar na iyon, ay naging banal.

Mahal na mga dalagita, napakarami pang mga banal na lugar na sana’y maibahagi natin sa isa’t isa. Pag-uwi ninyo sa gabing ito, hinihikayat ko kayong isulat sa inyong journal ang mga banal na lugar na iyon na kinikilala at naaalala ninyo. Malinaw sa akin na libu-libo sa *inyo* ang nakatayo

sa mga banal na lugar. Ang mga lugar na ito ay nagdudulot ng proteksyon, lakas, at kapayapaan sa magulong panahon. Ang inyong mga patotoo ay lalong lumalakas dahil naninindigan kayo sa katotohanan at kabutihan sa *maluwalhatian* mga paraan.

Kayong mararangal na kabataan ng Simbahan ang aking mga idolo. Mahal ko kayo. Dama ko ang matinding pagmamahal ng Ama sa Langit sa inyo, at nagpapatotoo ako sa inyo na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. Siya ay naghihintay, handang suportahan kayo kapag kayo ay “nakatayo . . . sa mga banal na lugar, at huwag matinag.” Mahal ko at sinasang-ayunan si Pangulong Thomas S. Monson, ang ating tunay at nakahihikayat na propeta. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 87:8; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:32; 101:22.
2. Ezra Taft Benson, “Prepare Yourself for the Great Day of the Lord,” *New Era*, Mayo 1982, 50; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 115:6.
3. Merriam-Webster Online, “place,” merriam-webster.com/dictionary/place.
4. Joseph Smith—Kasaysayan 1:29.
5. Tingnan sa “Practice, Celebration, Dedication: Temple Blessings in El Salvador,” lds.org/youth/video.
6. Jeffrey R. Holland, “Lessons from Liberty Jail,” *Ensign*, Set. 2009, 26, 28.
7. Jeffrey R. Holland, “Lessons from Liberty Jail,” 28.
8. Personal na pakikipag-usap sa awtor.
9. Tinutukoy kung minsan sa Estados Unidos na “atake sa puso.”
10. Isaias 1:18.
11. Spencer W. Kimball, “The Abundant Life,” *Ensign*, Hulyo 1978, 4; *Tambuli*, Hunyo 1979, 3.



San Salvador, El Salvador



Ni Mary N. Cook

Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Sa Isang Batang Babaeng Mailigtas Mo, Maraming Henerasyon ang Maililigtas Mo

Pagpapalain ng inyong mabuting buhay ang inyong mga ninuno, ang pamilya ninyo ngayon, at mga miyembro ng pamilya sa hinaharap.

Isang karangan para sa akin ang magsalita sa matatapat na kabataang babae ng Simbahan. Nakikita naming iginagalang ninyo ang inyong mga tipan sa pagsulong ninyo sa buhay, at alam naming pagpapalain ng inyong mabuting buhay ang inyong mga ninuno, ang pamilya ninyo ngayon, at mga miyembro ng pamilya sa hinaharap, dahil sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley, “Sa isang batang babaeng mailigtas mo, maraming henerasyon ang maililigtas mo.”¹

Ang paggawa ninyo ng tipan ay nagsimula noong mabinyagan kayo at matanggap ang kaloob na Espiritu Santo. Nagpapatuloy ito bawat linggo sa sakrament miting, isang banal na lugar kung saan sinasariwa ninyo ang

inyong tipan sa binyag. Panahon na para maghanda kayo sa paggawa ng mga tipan sa templo. Ang “mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbigay ng pagkakataon sa [atin] na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang [ating] mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.”²

Tumayo sa mga banal na lugar para sa inyong mga ninuno. “Bawat nilalang na isinilang sa mundong ito ay bunga ng mga henerasyon ng mga magulang. Likas sa atin ang hangaring makaugnay ang ating mga ninuno.”³ Habang nakikilahok kayo sa gawain sa family history at sa templo, nagiging malapit kayo sa inyong mga ninuno sa pamamagitan ng paglalaan ng

nakapagligtas na mga ordenansa para sa kanila.

Tumayo sa mga banal na lugar para sa sarili ninyo at sa inyong pamilya. Ang mabuti ninyong halimbawa ay pagmumulan ng malaking kagalakan, anuman ang katayuan ng inyong pamilya. Ang mabubuti ninyong desisyon ang magpapamarapat sa inyo na gawin at tuparin ang mga sagradong tipan na magbibigkis sa inyong pamilya sa kawalang-hanggan.

Tumayo sa mga banal na lugar para sa magiging pamilya ninyo sa hinaharap. Hangaring mabuklod sa inyong asawa sa pamamagitan ng banal na priesthood sa loob ng templo sa pagsisimula ninyong bumuo ng walang-hanggan pamilya. Bibiya-yaan ang inyong mga anak ng katoohan dahil sa inyong mabuting halimbawa at di-natitinag na patotoo na nagiging bahagi ng kanilang buhay at nagpapakita sa landas ng paggawa at pagtupad ng tipan.

Nakita ko ang mga walang-hanggan alituntuning ito sa International Art Competition for Youth kamakailan. Si Megan Warner Talor ay gumawa ng retrato sa digital na paraan, na makabagong paliwanag ng talinghaga ni Cristo tungkol sa sampung dalaga.⁴ Nakilala ko si Megan, at ipinaliwanag niya ang simbolismo ng ikasampung dalaga, na para sa kanya ay banal at may pananampalataya, na handang gawin at tuparin ang mga sagradong tipan sa templo. Gaya ng matatalinong dalaga, ang sarili niyang paghahanda ay ginawa habang nagdaragdag ng langis sa kanyang ilawan, sa paisa-isang patak ng mabuting pamumuhay. Napansin ko ang magandang tirintas ng kanyang buhok. Ipinaliwanag ni Megan na ang tirintas ay sagisag ng kaugnayan ng mabuting pamumuhay ng dalagang ito sa napakaraming henerasyon. Ang isang strand o bahagi nito ay sagisag ng paghabi sa kanyang pagmamahal at paggalang sa kanyang mga ninuno, ang pangalawa ay paghabi sa kanyang mabuting impluwensya sa kanyang pamilya ngayon, at ang pangatlong strand ay paghabi sa kanyang handang pamumuhay para maugnay sa susunod na mga henerasyon.



Queen Creek, Arizona, USA

May nakilala pa akong isang dalagita na ang maagang espirituwal na paghahanda ay humabi ng mabuting pamumuhay na maiuugnay sa maraming henerasyon.

Isang magandang hapon ng Setyembre, nasa templo kami ng asawa ko at naghihintay na makabahagi sa mga ordenansa sa templo. Si Chris, na kaibigan namin, ay pumasok sa silid. Nakakatuwang makita ang binatang ito, na kauwi lang mula sa mission sa Russia.

Nang magsisimula na ang sesyon, isang magandang dalaga ang umupo sa tabi ko. Siya ay masaya, nakangiti, at puno ng liwanag. Gusto ko siyang makilala, kaya pabulong akong nagpakilala. Bumulong siya, Kate daw ang pangalan niya, at sa kanyang apelyido ay naalala ko ang isang pamilyang nakatira noon sa Michigan, kung saan minsang tumira ang aming pamilya. Malaki na pala ang anak nilang si Kate, na ilang linggo pa lang nakakauwi mula sa kanyang mission sa Germany.

Habang nasa sesyon pilit na pumasok sa isipan ko na, "Ipakilala si Kate kay Chris." Hindi ko pinansin ang pahiwatig dahil naisip kong, "Kailan, saan, paano?" Habang paalis na kami, lumapit sa amin si Chris para magpaalam at sinamantala ko na ang pagkaka-taon. Hinila ko si Kate at binulungan,

"Mabubuting tao kayong dalawa kaya kailangan ninyong makilala ang isa't isa." Nilisan ko ang templo na nasisiyahan dahil sinunod ko ang pahiwatig.

Habang pauwi, napag-usapan namin ng asawa ko ang mga naging hamon noon sa pamilya ni Kate. Mula noon mas lalo ko pang nakilala si Kate, at nakatulong siya para maunawaan ko ang mga dahilan sa masayang mukha na napansin ko sa templo sa araw na iyon.

Sinisikap palagi ni Kate na tuparin ang kanyang tipan sa pamamagitan ng pagpunta sa mga banal na lugar. Pinalaki siya sa isang tahanan kung saan ang pagdaraos ng family home evening, sama-samang pananalangin, at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ang nagpabanal sa kanilang tahanan. Noong bata pa siya, nalaman niya ang tungkol sa templo, at ang awiting "Templo ay Ibig Makita" ang paborito nilang kantahin sa family home evening.⁵ Noong bata pa siya, namasdan niya ang kanyang mga magulang na nagpakita ng halimbawa sa paghahana ng banal na lugar kapag pumupunta sila sa templo tuwing Sabado ng gabi sa halip na manood ng sine o kumain sa labas.

Mahal na mahal niya ang kanyang ama, at ginamit nito ang kanyang awtoridad ng priesthood upang tulungan

siya sa paggawa ng kanyang unang tipan sa binyag. Ipinatong ng ama ang kanyang kamay sa ulo ni Kate at natanggap ni Kate ang Espiritu Santo. Sinabi ni Kate, "Sabik akong matanggap ang Espiritu Santo, at alam kong tutulongan ako nito na manatili sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan."

Patuloy na namuhay si Kate na puno ng pagpapala at ligaya. Noong 14 anyos na siya, nag-aral siya sa hayskul at gustung-gusto niya ang seminary, isa pang banal na lugar para malaman ang tungkol sa ebanghelyo. Isang araw nagsalita ang kanyang guro tungkol sa mga pagsubok at tiniyak na lahat tayo ay makararanas nito. Sinabi niya sa kanyang sarili, "Ayoko ng mga pagsubok; ayokong marinig ito."

Makaraan lamang ang ilang linggo nagising ang kanyang tatay sa Linggo ng Pagkabuhay na may matinding karamdaman. Sabi ni Kate: "Napakalusog ng tatay ko noon; tumatakbo siya sa marathon. Masyadong nag-alala ang nanay ko dahil sa sakit niya kaya dinala niya si Itay sa ospital. Sa loob ng 36 na oras nagkaroon siya ng matinding istrok na pumaralisa halos sa buong katawan niya. Kaya niyang kumurap, pero hindi niya maigalaw ang kanyang buong katawan. Naaalala ko nang makita ko siya at naisip kong, 'Naku, nangyayari na nga. Tama ang



seminary teacher ko. Sinusubukan ako.” Sa loob ng ilang araw, namatay ang tatay ni Kate.

Sinabi pa ni Kate: “Napakahirap. Hindi mo gustong mawala ang iniidolo mo. Alam kong maaari itong makatulong sa pag-unlad ko o maaari ring maging hadlang. Ayaw kong sirain nito ang buhay ko, dahil 14-anyos lang ako noon. Lalo kong sinikap na mapalapit sa Panginoon. Lalo kong binasa ang mga banal na kasulatan ko. Tiniyak sa akin ng Alma kabanata 40 na tunay ang pagkabuhay na muli at dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo ay makakasama kong muli ang aking ama. Lalo pa akong nagdasal. Dinalasan ko ang pagsusulat sa aking journal. Pinanatili kong masigla ang aking patotoo sa pamamagitan ng pagsulat nito. Nagsisimba at dumadalo ako sa Young Women bawat linggo. Pinalibutan ko ang sarili ko ng mabubuting kaibigan. Nanatili akong malapit sa mga nagmamalasakit na kamag-anak at lalo na sa nanay ko, na pinagkukunan ng lakas sa aming pamilya. Humingi ako ng basbas ng priesthood mula sa aking lolo at sa iba pang mga mayhawak ng priesthood.”

Ang di-nagbabagong mga pagpiling ito, tulad sa matatalinong dalaga, ang nagdagdag ng langis sa ilawan ni Kate. Nahikayat siya ng kanyang hangaring makapiling muli ang kanyang ama. Alam ni Kate na batid ng kanyang ama ang kanyang mga desisyon, at ayaw niyang biguin ito. Nais niyang

makapiling ito sa kawalang-hanggan, at naunawaan niya na ang pananatiling tapat sa kanyang tipan ang patuloy na mag-uugnay sa kanya sa buhay ng kanyang ama.

Gayunman, hindi natapos ang mga pagsubok. Noong si Kate ay 21 anyos at nagsusumite ng kanyang papeles sa misyon, natuklasang may kanser ang nanay niya. Kinailangang gumawa si Kate ng mahalagang desisyon sa kanyang buhay. Dapat ba siyang lumagi sa tahanan at suportahan ang kanyang ina o magpunta sa misyon? Binigyan ang kanyang ina ng basbas ng priesthood na may pangakong maliligtas niya ang sakit. Sa katiyakang dulot ng basbas, sumulong si Kate nang may pananampalataya at itinuloy ang kanyang planong magmisyon.

Sabi ni Kate: “Paghakbang iyon sa kadiliman, ngunit habang nasa misyon ako, dumating sa wakas ang liwanag at natanggap ko ang balita na natupad ang basbas sa aking ina. Tuwang-tuwa ako na hindi ko isinantabi ang paglilingkod sa Panginoon. Kapag dumaranas ng hirap, palagay ko madali ang hindi na kumilos at sumulong pa, pero kung uunahin mo ang Panginoon, ang hindi magagandang pangyayari ay magiging magagandang pagpapala. Makikita mo ang Kanyang kamay at masasaksihan ang mga himala.” Nakita ni Kate ang katuparan ng mga salita ni Pangulong Thomas S. Monson: “Ang pinakamahahalagang pagkakataon na

mapapasaatin ay matatagpuan sa oras ng matinding hirap.”⁶

Ganito ang pananampalataya ni Kate dahil nauunawaan niya ang plano ng kaligtasan. Alam niyang nabuhay tayo noon, na ang buhay sa mundo ay panahon ng pagsubok, at muli tayong mabubuhay. Nanalig siya na pagpapalain ang kanyang ina, ngunit mula sa karanasan ng kanyang ama, alam niya na sakaling mamatay ang kanyang ina, magiging maayos ang lahat. Sabi niya: “Hindi ko lang nakayanan ang pagkamatay ng aking ama; naging bahagi ito ng aking pagkatao at mabuti ang naidulot nito, at kung kinuha man ang aking ina, ganoon din ang mangyayari. Mas patatagitin nito ang aking patotoo.”⁷

Naghamanap si Kate ng banal na lugar nang gabing makita ko siya sa templo. Sa hangaring maihaba nang mahigpit ang walang-hanggan mga ugnayan na dumarating sa pamamagitan ng serbisyo sa templo, sinunod niya ang huwarang ipinakita ng kanyang mga magulang sa regular na pagpunta sa templo.

Walang gaanong nangyari nang gabing ipakilala ko si Kate kay Chris, ngunit sa paghamanap ng isa pang banal na lugar nang sumunod na Linggo, nakita ni Kate si Chris sa gitna ng daan-daang young single adult sa isang institute devotional. Marami pa silang nalaman tungkol sa isa’t isa. Makaraan ang ilang linggo, niyaya ni Chris si Kate na samahan siya sa panonood ng pangkalahatang kumperensya. Patuloy silang naghanap ng mga lugar na nag-aanyaya sa Espiritu sa buong pagliligawan nila at sa huli sila ay ibinuklod sa templo, ang banal na lugar kung saan sila ipinakilala sa isa’t isa. Kapwa nila ngayon ginagampanan ang sagradong responsibilidad ng pagiging magulang, na hinahabi ang kanilang patotoo sa plano ng kaligtasan sa buhay ng kanilang tatlong maliliit na anak na lalaki, at ipinakilala sa kanila ang landas sa paggawa ng tipan.

“Sa isang batang babaeng mailigtas mo, maraming henerasyon ang mailigtas mo.” Ang desisyon ni Kate noong 14-anyos siya na manatili sa landas,

ay patuloy na nagdagdag ng langis sa kanyang ilawan, at ang pagtayo sa banal na mga lugar ay *nagliligtas* at *magliligtas* ng maraming henerasyon. Ang pagsasaliksik sa kanyang mga ninuno at paglilingkod sa templo ay nag-ugnay sa kanyang puso sa kanila. Ang pakikilahok sa gawain sa family history at sa templo ay mag-uugnay rin sa inyong mga puso at magbibigay sa inyong mga ninuno ng pagkakataon sa buhay na walang-hanggan.

Ang pamumuhay ng ebanghelyo sa inyong tahanan ay magdaragdag din ng langis sa inyong ilawan at hahabi ng espirituwal na kalakasan sa inyong tahanan ngayon at magpapala sa inyong magiging pamilya sa maraming paraan. Dagdag pa rito, gaya ng sinabi ni Elder Robert D. Hales, “Kung ang halimbawang natanggap natin sa ating mga magulang ay hindi mabuti, responsibilidad nating itigil ito . . . at ituro ang mga tamang kaugalian sa susunod na mga henerasyon.”⁸

Magpasiya ngayon na gawin ang lahat para punuin ang inyong mga ilawan, upang ang malakas ninyong patotoo at halimbawa ay maihabi sa buhay ng maraming henerasyon—noon, ngayon, at sa hinaharap. Nagpapatotoo ako na ang mabuti ninyong pamumuhay ay hindi lamang magliligtas ng mga henerasyon, kundi ililigtas *din nito ang inyong* buhay na walang-hanggan, dahil ito lang ang paraan para makabalik sa ating Ama sa Langit at magkaroon ng tunay na kagalakan ngayon at sa buong kawalang-hanggan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Gordon B. Hinckley, “Pagiging Matatag at Di Natitinag,” *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Ene. 10, 2004, 20; tingnan din sa Gordon B. Hinckley, “Our Responsibility to Our Young Women,” *Ensign*, Set. 1988, 10.
2. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liahona*, Nob. 2010, 129.
3. Russell M. Nelson, “Mga Henerasyong Nabigkis ng Pagmamahal,” *Liahona*, Mayo 2010, 92.
4. Tingnan sa Mateo 25:1–13.
5. Tingnan sa “Templo’y Ibig Makita,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 99.
6. Thomas S. Monson, “Meeting Your Goliath,” *New Era*, Hunyo 2008, 7.
7. Personal na interbyu ng awtor, 2013.
8. Robert D. Hales, “How Will Our Children Remember Us?” *Ensign*, Nob. 1993, 10.



Ni Elaine S. Dalton

Young Women General President

Huwag Matinag!

Manindigan. Maging matatag. “Manindigan para sa katotohanan at kabutihan.” Manindigan bilang saksi. Maging halimbawa sa daigdig. Tumayo sa mga banal na lugar.

Ngayong gabi nakatayo ako sa banal na lugar sa pulpitong ito, kasama ang mga propeta, taga-kita, at tagapaghayag at mariringal na anak na babae ng Diyos. Napakasyang mabuhay sa mundo sa panahong ito at maging dalagita. Kayo ay mga piling anak na babae ng ating Ama sa Langit. Umaasa ako na madama ninyo ang inyong identidad at kung gaano kayo kamahal ng ating Ama sa Langit. Mahal Niya ang bawat isa sa inyo, at mahal ko rin kayo.

Sa mesa sa aking opisina, mayroon akong estatwang tanso ng dalagitang nagngangalang Kristina. Ang orihinal na estatwa ni Kristina na kasinglaki ng tao ay nakatayo sa Copenhagen, Denmark, na para bang nakatanaw sa

dagat patungong Sion. Ang desisyon niyang sumapi sa Simbahan at iwan ang kanyang tahanan ay hindi madali, at nakikita ninyo na ang mga hangin sa magkabilang direksyon ay malakas na humahampas sa kanya. Matatag siyang nakatayo, ginagawa ang bagay na mahirap ngunit alam niyang tama. Inilagay ng kanyang mga inapo ang estatwang ito sa daungang iyon bilang pagkilala kay Kristina, dahil ang ipinasiya niya sa araw na iyon ay walang hanggan ang halaga sa maraming henerasyon.

Para sa akin ang estatwang ito ni Kristina ay kumakatawan sa bawat isa sa inyo. Tulad ni Kristina, nahaharap din kayo sa maraming mahahalagang desisyon at gumagawa ng mga pagpili araw-araw, mahirap ang ilan dito, na siyang huhubog hindi lamang sa inyong bukas kundi sa tadhana ng maraming henerasyon. Kayo man ay nakararanas ng matinding oposisyon, kahirapan, pamimilit ng mga kaibigan, at masamang moralidad. Subalit nananatili kayong hindi natitinag at ipinamumuhay ang ebanghelyo sa harap ng nagngangalit na mga unos sa ating lipunan. Tulad ni Kristina, ginagabayan kayo ng Espiritu Santo. Gumagawa kayo ng mga tamang desisyon. Kayo ay matapat, at marangal.



Wala na akong maiisip pa na mas mahalagang payo mula sa mapagmahal na Ama sa Langit kaysa sa payo Niya sa inyo na “tumayo . . . sa mga banal na lugar at huwag matinag.”¹ Sinasabi Niyang: Manindigan. Maging matatag.² “Manindigan para sa katotohanan at kabutihan.”³ Manindigan bilang saksi.⁴ Maging halimbawa sa daigdig. Tumayo sa mga banal na lugar. Kaya’t ang mensahe ko sa bawat isa sa inyo ay simple lang: Huwag matinag.

Una, huwag matinag sa pagpili ng tama. Sa mga huling araw na ito, walang maliliit na desisyon. Ang mga pagpiling ginagawa ninyo ngayon ay napakahalaga. Ang pagpili, o kakayahang pumili, ay isa sa pinakadakilang

mga kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak. Bahagi ito ng plano ng kaligayahang pinili natin at ipinaglaban sa premortal na buhay. Mamuhay kayo sa paraang pakikilingan at maririnig ninyo ang Espiritu Santo, at tutulungan Niya kayong gumawa ng mga tamang desisyon. Sa katunayan, Siya ay magsasabi sa inyo ng “lahat ng bagay na dapat ninyong gawin.”⁵

Ilang linggo na ang nakalipas pumunta ako sa dati kong eskwelahan noong high school matapos ang maraming taon. Dumalo ako sa isang stake conference na ginanap sa auditorium ng eskwelahan. Habang ginagaygay ko ang mga pasilyo, nagbalik sa akin ang maraming alaala. Naalala ko ang mismong naramdaman ko noong

dalagita ako at nag-aaral na sa hayskul—kimi, walang gaanong tiwala sa sarili, mahiyain, at gustung-gustong makibagay. Pumasok ako sa auditorium. Nagbalik na naman sa isip ko ang maraming alaala. Pamilyar sa akin ang bawat detalye ng auditorium na iyon. Isa lang ang nagbago—ako.

Nang araw na iyon nagkaroon ako ng pagkakataong tumayo sa entablado tulad ng madalas kong ginagawa noong high school bilang student officer. Nakita ko pa ang ilan sa dati kong mga kaklase na naroon at nakaupo—nakadeyt ko pa noon ang ilan sa kanila! Pero ngayon, sa halip na mangasiwa sa pulong, nagkaroon ako ng pribilehiyo—sa high school auditorium na “tumayo bilang saksi”⁶ at magpatotoo sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Mga kabataang babae, tiyakin ninyo na sa pakikipag-ugnayan ninyo sa iba ay wala kayong ikahihiya 40 taon mula ngayon. Huwag ipagpalit ang pamantayan sa pamimilit ng kaibigan, pagtanggap ng iba, at popularidad. Ang impluwensya ninyo sa mga kabataang lalaki ay tutulong sa kanila na manatiling karapat-dapat sa kapangyarihan ng priesthood, mga tipan sa templo, at pagmimisyon. At malay ninyo? Apatnapung taon mula ngayon, baka isa sa kanila ang lumapit sa inyo, doon sa inyong high school auditorium, at pasalamat kayo dahil tinulungan ninyo silang manatiling marapat sa tungkulin nila sa priesthood na maglingkod nang marangal sa misyon. At malay ninyo? Baka makatanggap pa kayo ng liham mula sa isa sa mga asawa ng mga lalaking iyon para pasalamat kayo dahil sa impluwensya ninyo sa kanilang asawa at magiging pamilya noong nasa high school pa kayo. Mahalaga ang mga pagpili ninyo. Hindi lang kayo ang naaapektuhan ng mga pagpili ninyo ngayon, may epekto din ito sa iba. Walang-hanggan ang kahalagahan nito. Huwag matinag!

Pangalawa, huwag matinag sa hangarin at pangako ninyo na manatiling banal at dalisay ang puri. Pahalagahan ang dangal. Ang inyong kadalisayan ay isa sa mga



pinakamalaking mapagkukunan ninyo ng lakas. Nang pumarito kayo sa mundo, ibinigay sa inyo ang mahalagang kaloob na katawan. Ang inyong katawan ay kinokontrol ng inyong isipan at ito ay kaloob ng langit kung saan nagagamit ninyo ang kalayaan ninyong pumili. Ito ay kaloob na ipinagkait kay Satan, at dahil dito itinutuon niya ang halos lahat ng kanyang pag-atake sa inyong katawan. Gusto niyang walaing-halaga ninyo, gamitin sa mali, at abusuhin ninyo ang inyong katawan. Ang kahalayan, pornograpiya, imoralidad, mga tato at pagbutas ng iba't ibang bahagi ng katawan, pagkalulong sa droga, at lahat ng uri ng pagkalulong ay mga pagtatangkang kontrolin ang mahalagang kaloob na ito—ang inyong katawan—at gawing mahirap para sa inyo na malayang makapili. Nagtanong si Pablo, “Hindi baga ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?”⁷

Ang inyong katawan ay templo. Bakit? Dahil ito ay may kapasidad na mapanahanan hindi lamang ng inyong walang kamatayang espiritu kundi ng mga walang kamatayang espiritu ng iba na paparito sa mundo bilang bahagi ng inyong walang hanggang pamilya. Itinuro ni Elder Dallin H. Oaks, “Ang kapangyarihan ninyong lumikha ng buhay ay [isang] dakilang kapangyarihan.”⁸ Dakila ang papel na inyong ginagampanan. Binigyan kayo ng Diyos ng sagradong tungkulin! Naghahanda kayo sa pagiging mga ina ng susunod na mga henerasyon. Panatilihing dalisay at karapat-dapat ang inyong sarili at pangalagaan yaong “pinakamahal at pinakamahalaga sa ibabaw ng lahat”—ang inyong puri at dangal.⁹ Bilang Kanyang mga piling anak, ang matalinong payo Niya sa bawat isa sa inyo ay “lumakad . . . sa landas ng kabanalan.”¹⁰

Kalinisang-puri ang mahalagang susi sa templo. *Kaya pangatlo, huwag matinag sa pagiging karapat-dapat na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan.* Pananatilihin kayo ng tipan na ginawa ninyo sa binyag sa landas ng kabanalan at kaligayahan kapag pinapanibago ninyo ito bawat



linggo sa pakikibahagi sa sakramento. Sa pagtupad ninyo sa mga tipan sa binyag, maiiba ang kaanyuan ninyo, maiiba ang pananamit ninyo, at maiiba ang kilos ninyo sa mundo. Sa pagtupad sa tipan na ito ay magagabayan kayo ng Espiritu Santo. Manatili sa mga banal na lugar, at ni huwag lumapit sa mga kapaligiran o musika, media, o mga samahan na maaaring maging sanhi ng paglayo sa inyo ng Espiritu Santo.¹¹ Sa pagtupad ninyo sa inyong mga tipan, kayo ay magiging marapat at handang pumasok sa mga banal na templo ng Panginoon.

Panghuli, huwag matinag sa pagpapahalaga ninyo sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Ang Pagbabayad-sala ay para sa inyo at sa akin. Ito ay nagbibigay-kakayahan at nakatutubos na kapangyarihan. Kung pakiramdam ninyo ay hindi kayo karapat-dapat tumayo sa mga banal na lugar, huwag nang tiisin pa ang pasaning ito. Sa mortalidad, lahat tayo ay magkakamali. Dapat ninyong malaman na mahal na mahal kayo ng Tagapagligtas kaya ginawa Niyang posible na magbago kayo at magsisi kung nakagawa kayo ng pagkakamali. Ayaw ni Satan na isipin ninyo na maaari kayong magbago.¹² Susubukan niyang kumbinsihin kayo na wala nang pag-asa. Kasinungalingan iyan.

Makababalik kayo. Makapagsisisi kayo. Maaari kayong maging dalisay at banal dahil sa walang hanggang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Ngayon magtatapos ako sa isa sa mga pinakamagandang kuwento ng pag-ibig na naisalaysay. Siguro ay itatanong ninyo, “Ano ang kinalaman ng kuwento ng pag-ibig sa pagtayo sa mga banal na lugar?” May kinalaman ito sa pagtayo sa mga banal na lugar. Ito ang kuwento ng dalagang nagngalang Rebeca.¹³

Sa simula ng kuwento, inutusan ni Abraham ang kanyang lingkod na maghanap ng karapat-dapat na dalagang mapapangasawa ng kanyang anak na si Isaac. Siya ay kailangang karapat-dapat sa kasal na pangwalang-hanggan—banal at dalisay at marapat. Kaya inutusan niya ang kanyang lingkod sa malayo at mapanganib na paglalakbay patungo sa tinatawag na Haran. Maliwanag ang dahilan ng pagpunta niya roon—kailangan ng mga banal na lalaki ng mga banal na babae na makakatuwang nila. Nang papalapit na ang lingkod sa lungsod ng Nahor, huminto siya sa balon para painumin ang kanyang mga kamelyo at ipinagdasal na ituro sa kanya ang karapat-dapat na dalaga at na matutukoy niya ang babae kapag pinainom siya nito at ang kanyang 10 kamelyo.



Brasília, Brazil

Nakasakay na ako sa kamelyo, at alam na alam ko—*malakas* uminom ng tubig ang mga kamelyo!

Sa Genesis nabasa natin na hindi lamang umigib si Rebeca sa balon, kundi siya ay “dalidali,”¹⁴ o nagmamadali, para matapos ang gawaing ito. Pagkatapos ay nilagyan ng lingkod ng mga pulseras at alahas ang mga kamay ni Rebeca at itinanong kung may matutuluyan siya sa bahay ng kanyang ama. Natitiyak kong nakatulong ang alahas! Sabi sa banal na kasulatan, “At tumakbo ang dalaga at isinaysay sa sangbahayan ng kaniyang ina ang ayon sa mga salitang ito.”¹⁵ Siguro mabilis tumakbo si Rebeca!

Sinabi ng lingkod sa pamilya ni Rebeca ang dahilan ng mahaba niyang paglalakbay, at pumayag si Rebeca na mapangasawa si Isaac. Nais ng lingkod na umalis na kinabukasan kasama si Rebeca, ngunit nakiusap ang pamilya nito na mamalagi muna si Rebeca sa kanila ng 10 araw pa. Pagkatapos ay itinanong nila si Rebeca kung ano ang gusto niyang gawin, at simple lang ang sagot niya, “Sasama ako.”¹⁶ Pamilyar ba ang sagot na iyan sa isinagot ng libu-libo sa inyo na determinadong

nagsabi, “Hahayo ako; gagawin ko”¹⁷ nang ipaalam ng ating propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, na may pagkakataon na ngayong magmisyon ang mga kabataang lalaki at babae sa mas batang edad?

Ngayon, ito ang aral at katapusan ng kuwento ng pag-ibig na ito: Si Rebeca ay handa at karapat-dapat na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan at maging asawa ni Isaac sa ilalim ng tipan. Hindi niya kailangang maghintay at ihanda ang kanyang sarili. Bago niya iniwan ang kanyang pamilya, binasbasan siya, at naantig ako sa mga salita sa basbas, dahil ipinangako sa kanya na siya ay magiging “ina ng yutayuta [milyun-milyon].”¹⁸ Ngunit ang pinakamagandang bahagi ng kuwento ng pag-ibig na ito ay nang unang magkita sina Rebeca at Isaac. Hindi ito sinabi sa Biblia, pero palagay ko umibig sila sa isa’t isa sa unang pagkikita! Sapagkat “ang karangalan ay nagma-mahal sa karangalan; [at] ang liwanag ay kumukunyapit sa liwanag.”¹⁹ Nang lumabas si Isaac para salubungin ang pangkat, si Rebeca ay “bumaba sa [kanyang] kamelyo.”²⁰ At sabi rito, “At

kaniya namang sininta [siya].”²¹ Dito ako napabuntung-hininga!

Para kina Rebeca at Kristina, ang pagtayo sa mga banal na lugar ay hindi madali. Ang hindi pagkatinag ay hindi madali. Malakas ang ihip ng hangin, mabigat ang tubig na iniigib sa balon, at ang pag-alis sa kanilang mga tahanan at buhay na nakamulatan nila ay hindi madali. Ngunit tama ang kanilang mga pinili. Ginabayan sila ng Espiritu Santo. Sila ay mabubuti, at inihanda nila ang kanilang sarili na gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan. Nagmula ang Tagapagligtas sa angkang ni Rebeca. Alam ba niya noon na mangyayari ito? Hindi! Mahalaga ba ang mga pagpili ninyo ngayon? Oo!

Mga kabataan, ang mga henerasyon ay nakadepende sa ginagawa ninyong pagpili, sa inyong kadalisan, at marapat na pamumuhay. Huwag matinag. Dakilang tadhana ang naghihintay sa inyo. Ito ang pagkakataon ninyo! Naniniwala ako na ang isang banal na dalagita, na ginagabayan ng Espiritu, ay mababago ang mundo!

Pinatotohanan ko na ang Tagapagligtas ay buhay! Gagabayan Niya kayo. Tutulungan Niya kayo. At sa mahihirap na sandali, “ang kanyang mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo.”²² Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doctrine and Covenants 87:8.
2. Tingnan sa Mosias 5:15.
3. Motto ng Young Women, sa *Pansariling Pag-unlad ng Young Women* (buklet, 2009), 2.
4. Tingnan sa Mosias 18:9.
5. 2 Nephi 32:5.
6. Tingnan sa Mosias 18:9.
7. I Mga Taga Corinto 3:16.
8. Dallin H. Oaks, “The Great Plan of Happiness,” *Ensign*, Nob. 1993, 74.
9. Moroni 9:9.
10. Doktrina at mga Tipan 25:2.
11. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:9; I Mga Taga Tesalonica 5:22; II Kay Timoteo 2:22; Doktrina at mga Tipan 9:13.
12. Tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (buklet, 2011), 28–29.
13. Tingnan sa Genesis 24.
14. Genesis 24:20.
15. Genesis 24:28.
16. Genesis 24:58.
17. Tingnan sa 1 Nephi 3:7.
18. Genesis 24:60.
19. Doktrina at mga Tipan 88:40.
20. Genesis 24:64.
21. Genesis 24:67.
22. Doktrina at mga Tipan 84:88.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Inyong Maligayang Paglalakbay Pauwi

Habang masaya ninyong ginagamit ang mapang ibinigay sa inyo ng mapagmahal na Ama sa Langit para sa inyong paglalakbay, aakayin kayo nito sa mga banal na lugar at maaabot ninyo ang inyong banal na potensiyal.

Karangalan nating makapiling sa gabing ito si Pangulong Thomas S. Monson, na minamahal nating propeta. President, palagi namin kayong ipinagdarasal.

Mahal na mga kapatid, salamat sa musika at sa binigkas na salita. Nagbibigay-sigla ito at akma sa Pasko ng Pagkabuhay, ang sagradong panahon na ipinagdiriwang natin sa linggong ito.

Masaya akong makasama kayong mga minamahal naming kabataang babae, at kasama ang inyong mga ina at mabubuti ninyong lider. Masisigla ang inyong mga espiritu at nakakahawa ang inyong mga ngiti. Tunay ngang iniisip kayo ng Panginoon at buong pagmamahal na minamasdan kayo mula sa langit.

Lumaki ako sa Zwickau, ang dating East Germany. Noong ako ay mga 11 taong gulang, sumailalim sa masusing pagsisiyasat ang aking ama dahil sa pulitika, at nadama ng mga magulang ko na ang tanging ligtas na gawin ng

aming pamilya ay ang tumakas papuntang West Germany. Napagkasunduan na ang pinakaligtas na plano ay umalis nang hindi magkakasabay at dumaan sa iba't ibang ruta papuntang West, at iwan ang lahat ng aming ari-arian.

Dahil mas nasa peligro ang aking ama, pinili niya ang pinakamabilis na daan, ang Berlin. Nagpunta pahilaga

ang mga kuya ko, at magkahiwalay silang nakarating sa kanluran. Ang kapatid kong babae—na kasingedad noon ng karamihan sa inyo na narito—kasama si Helga Fassmann, na guro niya sa Young Women, at ilang iba pa ay sumakay sa tren na mabilis na dumaraan sa teritoryo ng West Germany. Binayaran nila ang isang porter para buksan para sa kanila ang isa sa mga pintuan, at nang makatawid ang tren sa hangganan ng West Germany, lumundag sila sa tumatakbong tren para makatakas. Humanga ako sa katapangan ng kapatid ko.

Ako ang pinakabunsong anak, at nagpasiya ang aking ina na baybayin namin ang kabundukang naghihiwalay sa dalawang bansa. Naaalala ko na nagbaon siya ng pagkain na parang magha-hiking at magpipiknik kami sa kabundukan.

Sumakay kami ng tren hanggang sa pinakamalayong mararating namin at pagkatapos ay naglakad nang maraming oras, palapit nang palapit sa hangganan ng West Germany. Mahigpit ang mga bantay sa mga hangganan, pero may mapa kami at alam namin kung anong oras at kung saan ligtas na tumawid. Dama ko ang pagkabalisa ng aking ina. Minamanmanan niyang mabuti ang paligid para makita kung may sumusunod sa amin. Sa bawat hakbang, tila pahina nang pahina ang kanyang mga binti at tuhod. Tinulungan ko siyang dalhin ang kanyang mabigat na bag na puno ng pagkain, mahahalong dokumento, at mga larawan ng pamilya nang akyatin namin ang huling



Sobral, Brazil



mataas na burol. Tiyak na inisip niya na nakalagpas na kami sa hangganan. Nang madama niyang ligtas na nga kami, umupo kami at sinimulan naming kainin ang aming baon. Sa unang pagkakataon sa araw na iyon, alam ko, mas nakahinga siya nang maluwig.

Noon lang namin napansin ang karatula ng hangganan. Napakalayo pa namin! Nagpipiknik kami sa maling panig ng hangganan. Nasa East Germany pa rin kami!

Puwedeng may lumitaw na mga bantay ng hangganan anumang sandali!

Tarantang ibinalot ni Inay ang pagkain namin, at dali-dali kaming umakyat sa gilid ng burol sa abot-kaya naming bilis. Sa pagkakataong ito hindi na namin inisip huminto hangga't hindi kami nakakasiguro na narating na namin ang kabilang panig ng hangganan.

Kahit iba't ibang ruta at nakaranas ng iba't ibang hirap sa paglalakbay ang bawat miyembro ng aming pamilya, lahat kami ay ligtas pa ring nakarating sa bandang huli. Nagkasama-samang muli ang aming pamilya. Napakasayang araw niyon!

Mga Kuwento ng Paglalakbay

Ang ikinuwento ko sa inyo ay isang karanasan na para sa akin ay napakahalagang paglalakbay. Maaari na akong magbalik-tanaw ngayon at

tukuyin ang maraming “paglalakbay” sa buhay na aking naranasan. Hindi lamang kabilang dito ang pagtawid sa mga kabundukan o mga hangganang pulitikal; ilan dito ay tungkol sa pagharap sa mga pagsubok o pag-unlad sa espirituwal. Ngunit mga paglalakbay pa rin ito. Naniniwala ako na bawat buhay ay binubuo ng kani-kanyang “mga kuwento ng paglalakbay.”

Tiyak kong alam ninyo na bawat tradisyon ng isang kultura ay mayaman sa mga kuwento ng paglalakbay. Halimbawa, maaaring pamilyar kayo sa paglalakbay ni Dorothy at ng kanyang asong si Toto, sa *The Wizard of Oz*. Tinangay sina Dorothy at Toto ng buhawi at napunta sa Lupaing Oz. Doon, nakakita si Dorothy ng kakai-bang daang gawa sa dilaw na ladrilyo na siyang tanda ng simula ng paglalakbay pabalik sa kanyang tahanan.

Nariyan din ang Ebenezer Scrooge ni Charles Dickens, na ang paglalakbay ay hindi naganap sa iba't ibang lugar kundi sa iba't ibang panahon. Ito ay paglalakbay sa sarili niyang kaloo-ban at tinulungan siya nitong maunawaan kung bakit siya nagkaganoon at ano ang mangyayari sa kanya kung patuloy siyang magiging makasarili at walang utang-na-loob.¹

Isa sa mga klasikong nobela ng panitikang Intsik ay ang *Journey to the*

West. Isinulat noong ika-16 na siglo, maganda nitong inilahad ang kuwento ng paglalakbay ng isang monghe na, sa tulong ng mababait na tauhan sa kuwento, ay naglakbay tungo sa espirituwal na kaliwanagan.

At siyempre nariyan si Bilbo Baggins, ang maliit at may mababang-loob na hobbit na ang pinakagusto lamang ay mamalagi sa bahay at humigop ng sabaw. Ngunit matapos may kumatok sa kanyang pintuan, ninais niyang marating ang mga lugar na hindi pa niya napuntahan kasama ang isang pantas at pangkat ng mga duwende, para isagawa ang mapanganib ngunit napakahalagang misyon.²

Isang Kuwentong Para sa Lahat

Gusto ba natin ang mga kuwentong ito ng paglalakbay dahil nakikita natin ang ating sarili sa mga manlalakbay? Ang kanilang mga tagumpay at kabiguan ay tumutulong sa ating makakita ng sarili nating pamamaraan sa buhay. Ang video kanina ay kuwento rin ng magandang paglalakbay. Siguro ipina-paalala rin sa atin ng mga kuwentong ito ang tungkol sa isang paglalakbay na dapat ay pamilyar sa ating lahat— isang kuwento ng paglalakbay kung saan bawat isa sa atin ay may mahalagang papel na ginagampanan.

Nagsimula ang kuwentong ito napakaraming taon na ang lumipas, hindi pa man umiikot ang mundo sa orbit nito, hindi pa man naaabot ng init ng araw ang malamig na kalawakan, hindi pa man pinananahanan ng malalaki at maliliit na nilalang ang ating planeta. Sa simula ng kuwentong ito, nabuhay kayo sa malayo at magandang lugar.

Hindi natin alam ang maraming detalye sa premortal na buhay na iyon, ngunit may ilan tayong alam. Inihayag sa atin ng ating Ama sa Langit kung sino Siya, sino tayo, at sino ang maaari nating kahinatnan.

Sa unang kalagayang iyon, alam ninyo nang walang alinlangan na may Diyos dahil nakita at narinig ninyo Siya. Kilala ninyo si Jesucristo, na siyang magiging Kordero ng Diyos. Nanampalataya kayo sa Kanya. At alam ninyo na ang inyong tadhana ay

hindi ang mamalagi sa seguridad ng inyong premortal na tahanan. Kahit mahal na mahal ninyo ang walang hanggang daigdig na iyon, alam ninyong kailangan ninyong simulan ang isang paglalakbay. Aalis kayo sa piling ng inyong Ama, daraan sa lambong ng pagkalimot, tatanggap ng mortal na katawan, at matututo at makakaranas ng mga bagay na nawa'y tutulong sa inyong umunlad at mas maging katulad ng inyong Ama sa Langit at makabalik sa Kanyang piling.

Sa sagradong lugar na iyon na napapalibutan ng mga taong kilala at mahal ninyo, ang malaking tanong na maaaring nasasaisip ninyo ay “Ligtas kaya akong makabalik sa aking tahanan sa langit?”

Napakaraming bagay ang hindi ninyo mapipigilan. Magiging mahirap ang buhay sa mundo, puno ng mga hindi inaasahang karanasan sa daan: sakit, kasawian, aksidente, pagtatalu-talo.

Dahil wala kayong alaala ng buhay ninyo noon—dahil hindi ninyo naaalala na minsan ay kasama ninyong nabuhay ang inyong Ama sa Langit—makikilala pa rin ba ninyo ang Kanyang tinig sa gitna ng lahat ng ingay at kaguluhan ng buhay sa mundo?

Ang lakbayin ay tila mahaba at walang katiyakan—punung-puno ng panganib.

Hindi ito magiging madali, ngunit alam ninyong sulit na pagsikapan ito.

Kaya't, hayan at nariyan na kayo sa simula ng inyong paglalakbay, umaasam at taglay ang di-masambit na pananabik at pag-asa—at, sa wari ko, may bahagya ring takot at pag-aalala.

Sa huli, alam ninyong makatarungan ang Diyos—na kabutihan Niya ang magtatagumpay. Nakibahagi kayo sa malaking kapulungan sa langit at alam ninyo na maglalaan ang inyong Taga-pagligtas at Manunubos, si Jesucristo, ng daan para kayo malinis mula sa kasalanan at mailigtas sa pisikal na kamatayan. Nanalig kayo, na sa huli, magagalak at itataas ninyo ang inyong tinig kasama ng koro ng langit sa pagpuri sa Kanyang banal na pangalan.

Kaya, huminga kayo nang malalim . . .



Copenhagen, Denmark

At humakbang nang malaki . . .

At narito na kayo!

Sinimulan ng bawat isa sa inyo ang maligayang paglalakbay pabalik sa inyong tahanan sa langit!

Ang Inyong Mapa

Ngayong narito na kayo sa mundo, makabubuting kumustahin ninyo ang lagay ng inyong paglalakbay. Nasa tamang daan ba kayo? Nahuhubog ba sa inyo ang pagkataong nilayon na kahinatnan ninyo at nais ninyong maging? Gumagawa ba kayo ng mga pagpiling tutulong sa inyo na makabalik sa inyong Ama sa Langit?

Hindi Niya kayo ipinadala sa paglalakbay na ito para gumagala-galang mag-isa. Nais niyang lumapit kayo sa Kanya. Maliban sa mapagmahal na mga magulang at matatapat na lider ng Simbahan, ibinigay Niya sa inyo ang mapang naglalarawan ng kalupaan at tumutukoy sa mga panganib; ipinapakita sa inyo ng mapa kung saan matatagpuan ang kapayapaan at kaligayahan at tutulong sa inyo na iplano ang inyong paglalakbay pauwi.

Ngayon, saan ninyo makikita ang mapang ito?

- Sa mga banal na kasulatan.
- Sa mga salita ng mga propeta at apostol.
- At sa pamamagitan ng personal na paghahayag mula sa Espiritu Santo.

Ang mapang ito ay ang ebanghelyo ni Jesucristo, ang mabuting balita, at

ang landas na masayang tinatahak ng isang disipulo ni Cristo. Ito ang mga kautusan at halimbawang ibinigay sa atin ng ating Tagapamagitan at Guro, na nakakaalam ng daan dahil Siya *ang* daan.³

Mangyari pa, ang pagkakaroon ng mapa ay walang kabuluhan sa inyo kung hindi ninyo ito pag-aaralan—maliban kung gagamitin ninyo ito sa paglalakbay sa buhay. Inaanyayahan ko kayong gawing prioridad ang pag-aaral at pagsasagawa ng salita ng Diyos. Buksan ang inyong puso sa Espiritu Santo upang magabayan Niya kayo sa inyong paglalakbay sa buhay.

Ang mapa ninyo ay puno ng mga mensahe ng panghihikayat at tagubilin mula sa inyong Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo. Ngayon gusto kong ibahagi sa inyo ang tatlo sa mga mensaheng iyon na tutulong sa inyo na tagumpay na makauwi.

Ang unang mensahe: “Huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo”⁴

Hindi kayo nag-iisa sa paglalakbay na ito. Kilala kayo ng inyong Ama sa Langit. Kahit walang sinumang nakikinig sa inyo, pinakikinggan Niya kayo. Kapag nagalak kayo sa kabutihan, kasama ninyo Siyang nagalak. Kapag kayo ay puno ng pagsubok, nagdadalamhati Siyang kasama ninyo.

Ang pagmamalasakit sa inyo ng Ama sa Langit ay hindi ibinabatay sa inyong yaman o ganda o kalusugan o talino. Ang pagtingin Niya sa inyo

ay hindi gaya ng pagtingin sa inyo ng mundo; nakikita Niya kung sino talaga kayo. Tinitingnan Niya ang inyong puso.⁵ At mahal Niya kayo⁶ dahil kayo ay Kanyang anak.

Mahal kong mga kapatid, hanapin Ninyo Siya, at inyo Siyang masusumpungan.⁷

Ipinapangako ko, hindi kayo nag-iisa.

Ngayon, sandali ninyong tingnan ang mga taong nasa paligid ninyo. Maaaring ilan sa kanila ay mga lider, kaibigan, o miyembro ng inyong pamilya. Ang ilan ay maaaring hindi pa ninyo kilala. Gayunpaman, bawat taong nakikita ninyo sa paligid—sa pulong na ito o sa iba pa mang lugar o sa anupamang panahon—ay magiting sa premortal na daigdig. Ang mapagpakumbaba at kung titingnan ay pangkaraniwan lang na taong katabi ninyo ay maaaring isa sa mga pinakamagiting na nilalang na minahal at hinangaan ninyo sa kalipunan ng mga espiritu. Maaaring kayo mismo ay tulad din nilang karapat-dapat tularan!

May isang bagay na nakatitiyak kayo: bawat taong nakikita ninyo—anuman ang lahi, relihiyon, paniniwala sa pulitika, pangangatawan, o kaanyuan—ay pamilya ninyo. Ang dalagitang tinitingnan ninyo ngayon at kayo ay may iisang Ama sa Langit,

at nilisan niya ang Kanyang mapagmahal na presensya tulad ninyo, sabik na magtungo sa mundong ito at mabuhay nang sa gayon ay makabalik siya balang-araw sa piling ng Ama.

Gayunman, maaaring madama niyang nag-iisa siya, tulad din ninyo kung minsan. Maaaring malimutan pa niya paminsan-minsan ang layunin ng kanyang paglalakbay. Mangyaring ipaalala sa kanya, sa pamamagitan ng inyong mga salita at gawa na hindi siya nag-iisa. Narito tayo para tulongan ang isa't isa.

Maaaring mahirap ang buhay, at nagpapatigas ito ng mga puso sa puntong di na maaantig ang ilang tao bunga nito. Maaaring ang ilan ay puspos ng galit. May ibang pinagtatawanan at kinukutya ang mga naniniwala sa mapagmahal na Diyos. Ngunit alalahanin ito: bagama't hindi nila naaalala, sila man ay umasam noon na makabalik sa kanilang Ama sa Langit.

Hindi ninyo responsibilidad na hikayating magbalik-loob ang sinuman. Iyan ay gawain ng Espiritu Santo. Ang gawain ninyo ay ibahagi ang inyong mga paniniwala at huwag matakot. Kaibiganin ang lahat, ngunit huwag ikompromiso ang inyong mga pamantayan. Manatiling tapat sa inyong mga prinsipyo at pananampalataya. Ipagmalaki ang sarili, dahil kayo ay

anak ng Diyos, at Siya ay nasa panig ninyo!

Ang pangalawang mensahe: “Kayo’y mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo.”⁸

Naitanong na ba ninyo kung anong wika ang sinalita nating lahat noong kapiling pa natin ang Diyos? Malakas ang kutob ko na Aleman iyon, bagama't palagay ko ay wala naman talagang nakaalam. Ngunit alam ko na sa ating premortal na buhay natutuhan natin mismo, mula sa Ama ng ating mga espiritu, ang wika na para sa lahat—ang wika na may kapangyarihang daigin ang mga emosyonal, pisikal at espirituwal na hadlang.

Ang wikang iyan ay ang dalisay na pag-ibig ni Jesucristo.

Ito ang pinakamakapangyarihang wika sa mundo.

Ang pag-ibig ni Cristo ay hindi pakunwaring pag-ibig. Hindi ito pag-ibig na inihahayag sa greeting card. Hindi ito ang uri ng pag-ibig na ipinagmalaki sa popular na mga awitin at pelikula.

Ang pag-ibig na ito ay tunay na nagpapabago ng pagkatao. Dinarang nito ang galit at pinapawi ang inggit. Pinaghihilom nito ang poot at pinapawi ang matinding hinanakit. Maaari itong gumawa ng mga himala.

Natanggap natin ang ating “mga unang aralin”⁹ sa wikang ito ng pag-ibig bilang mga espiritu sa piling ng Diyos, at dito sa mundo may mga pagkakataon tayong gawin ito at maging matatas dito. Malalaman ninyo kung natutuhan ninyo ang wikang ito ng pag-ibig sa pagsuri kung anong mga bagay ang gumaganyak sa mga iniisip at ikinikilos ninyo.

Kapag ang mga pangunahing iniisip ninyo ay nakatuon sa mga bagay na makatutulong sa inyo, maaaring makasarili at mababaw ang nakagaganyak sa inyo. Hindi iyan ang wikang gusto ninyong matutuhan.

Ngunit kapag ang pangunahing iniisip at inaasal ninyo ay nakatuon sa paglilingkod sa Diyos at sa inyong kapwa—kapag tunay ninyong hinahangad na pagpalain at pasiglahin ang nasa paligid ninyo—ang kapangyarihan ng dalisay na pag-ibig ni Cristo ay



Sydney, Australia



aantig sa puso at buhay ninyo. Iyan ang wikang gusto ninyong matutuhan.

Kapag mahusay na kayo sa wikang ito at ginamit ito sa inyong mga pakikipag-ugnayan sa iba, may madarama sila sa inyo na pupukaw sa matagal nang saloobing saliksikin ang tamang daan pabalik sa kanilang tahanan sa langit. Tatal, ang wika ng pag-ibig ay ang kanila ring katutubong wika.

Ang malalim at matinding impluwensyang ito ay ang wikang tumitimo sa kaibuturan ng kaluluwa. Ito ay wika ng pag-unawa, wika ng paglilingkod, wika ng kasiglahan at galak at aliw.

Matutong gamitin ang wika ng pag-ibig ni Cristo.

At ang pangatlong mensahe: “Magalak.”¹⁰

Kung minsan naiinip tayo sa kasalukuyan nating paglalakbay, ‘di ba? Kung ikaw ay 12 anyos, maaaring iniisip mo na sana ay 14 anyos ka na. Kapag 14 ka na, iniisip mo na sana ay 18 ka na. At kapag 18 ka na, iniisip mo na sana ay 12 anyos ka na ulit at makapagsisimulang muli.

Laging may mga bagay na inireklamo—mga bagay na tila hindi mailagay sa tama. Maaaring ubusin

ninyo ang inyong panahon sa kalungkutan, pag-iisa, sa pag-iisip na hindi kayo maunawaan, o inaayawan kayo. Ngunit hindi iyan ang paglalakbay na inaasam ninyo, at hindi iyan ang paglalakbay na nais ng Ama sa Langit na tahakin ninyo. Tandaan, kayo ay tunay na anak na babae ng Diyos!

Habang isinasaisip ito, inaanyayahan ko kayong lumakad nang may tiwala at galak. Oo, baku-bako, palikuli at may mga sagabal sa daan. Ngunit huwag ninyo itong pansinin. Hanapin ang kaligayahang inihanda sa inyo ng Ama sa Langit sa bawat hakbang ng inyong paglalakbay. Ang kaligayahan ang destinasyon, ngunit ito rin ang landas. “Kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating,” ang pangako Niya.¹¹ Iyan ang dahilan kung bakit iniutos Niya sa atin na “magalak.”

Habang masaya ninyong ginagamit ang mapang ibinigay sa inyo ng mapagmahal na Ama sa Langit para sa inyong paglalakbay, aakayin kayo nito sa mga banal na lugar at maaabot ninyo ang inyong banal na potensiyal. Uunlad kayo bilang anak ng Diyos na siyang inasam ninyong kahihinatnan.

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kabataang babae ng Simbahan, mga kaibigan kong kabataan, bilang Apostol ng Panginoon binababasan ko kayo na matagpuan ninyo ang daang pauwi at maging inspirasyon kayo sa lahat ng kasama ninyong naglalakbay. Ipinapangako at idinadalingin ko rin na sa pagtupad at pamuhay ninyo nang tapat sa mga tipan, sa mga alituntunin, at sa mga pinahalagahan ng ebanghelyo ni Jesucristo, sa katapusan ng inyong paglalakbay ay naroroon ang Ama sa Langit. Kayo ay Kanyang yayakapin, at malalaman ninyo sa wakas na ligtas kayong naka-uw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Charles Dickens, *A Christmas Carol*.
2. Tingnan sa J. R. R. Tolkien, *The Hobbit*.
3. Tingnan sa Juan 14:6.
4. Doktrina at mga Tipan 68:6; tingnan din sa Isaias 41:10; Juan 14:18.
5. Tingnan sa I Samuel 16:7.
6. Tingnan sa I Ni Pedro 5:6-7.
7. Tingnan sa Jeremias 29:13.
8. Juan 15:12; tingnan din sa Juan 13:34; Moroni 7:45-48.
9. Doktrina at mga Tipan 138:56.
10. Doktrina at mga Tipan 78:18; tingnan din sa Juan 16:33; 3 Nephi 1:13.
11. Doktrina at mga Tipan 59:23.

Gawing Bahagi ng Ating Buhay ang Kumperensya

Isiping gamitin ang ilan sa mga aktibidad at tanong na ito bilang panimula sa talakayan ng pamilya o personal na pagbubulay.

Ang mga numero ng pahina na nakalistang kasama ng ideya ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

Para sa mga Bata

- Si Pangulong Thomas S. Monson ay nagsalita tungkol sa kahalagahan ng pagsunod at kung paano laging may dulot na bunga ang pagsuway o hindi pagsunod (pahina 89). Isipin ang sandali nang sinunod mo ang mga patakaran ng pamilya. Ang sandali naman na sinunod mo



ang mga patakaran ng Diyos? Ano ang nadama mo nang sumunod ka?

- Ikinuwento ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ang tungkol sa isang batang babae na nagtanim ng kamatis mula sa isang munting binhi (pahina 18). Basahin o ikuwento itong muli kasama ang pamilya at pag-usapan ang itinuturo nito tungkol sa pagiging katulad ng Ama sa Langit. Maaari ninyong mithiing gawin ang isang bagay para lalong mapalapit sa Ama sa Langit.
- Nagsalita si Elder Enrique R. Falabella ng Pitumpu tungkol sa bagay na nagpapatatag sa mga pamilya (pahina 102). Itinuro niya na ang ilan sa mahahalagang salitang dapat gamitin sa inyong pamilya ay ang “Mahal kita,” “Maraming salamat,” at “Patawarin mo ako.” Iminungkahi ni Sister Rosemary M. Wixom, Primary general president, na sabihing, “Gusto ko ang lahat ng tungkol sa iyo” (pahina 81). Tingnan kung ano ang mangyayari kapag ginamit mo ang mga salitang ito sa iyong pamilya. Ito ba ay nakapagpapaligaya sa kanila? Ano ang pakiramdam ninyo?

Para sa mga Kabataan

- Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson ang apat na alituntunin

sa paghahanda para sa gawaing misyonero—hindi lamang bilang full-time missionary kundi bilang miyembro din ng Simbahan (pahina 66). Maaari mong pag-aralan ang kanyang mensahe na iniisip ang tanong na ito: Ano ang maaari kong gawin para maging mas maibuting missionary ngayon?

- Itinuro ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol na OK lang ang magkaroon ng mga alinlangan at tanong, at itinuro din niya na: “Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman. . . . Maging tapat kayo sa pananampalatayang taglay na ninyo” (pahina 93). Isiping isulat sa iyong journal ang iyong pinaniniwalaan, patotoo, at ilang espirituwal na karanasan. Isulat din ang iyong mga tanong at ingatan ang mga ito upang kapag binabasa mo ang mga banal na kasulatan at ang isyung ito, maaari mong hanapin ang mga sagot.
- Maraming tagapagsalita ang nagbanggit tungkol sa pagsunod at mga pagpapalang dulot nito. Halimbawa, itinuro ni Pangulong Monson, “Ang kaalaman sa katoohan at ang mga sagot sa ating malalaking katanungan ay dumaring sa atin kapag sinusunod



natin ang mga kautusan ng Diyos” (pahina 89). Isiping saliksikin ang isyung ito upang i-highlight o isulat ang maraming pagpapalang hatid ng pagsunod. Ang pagtukoy sa mga pagpapalang ito ay magbibigay sa iyo ng inspirasyon na patuloy na mamuhay nang matwid.

- Itinuro ng ilang tagapagsalita na maaari kang maglingkod anumang oras, hindi lamang kapag may mga proyektong serbisyo o paglilingkod. “Maglingkod araw-araw,” ang turo ni Brother David L. Beck, Young Men general president. “Nasa buong paligid ninyo ang mga pagkakataon.” Sa mensahe ni Brother Beck, mababasa mo ang ilang halimbawa ng mga kabataan na naglilingkod sa isa’t isa (pahina 55).

Para sa Matatanda

- Marami sa mga tagapagsalita ang nagpatotoo kay Jesucristo. Ano ang matututuhan mo tungkol sa Kanyang banal na pagkatao, misyon, at paglilingkod mula sa mga mensahe sa mga pahina 22, 70, 96, 99, at 109?
- Ang paksa ng mga kabataan sa Mayo ay tungkol sa mga propeta at paghahayag. Kung mga kabataan ang tinuturuan mo sa simbahan o may mga anak kang tinedyer, maaari mong talakayin sa kanila ang



- kurikulum at ang tanong na ito: Bakit mahalagang makinig at sumunod sa mga buhay na propeta? Isiping pag-aralan ang isyung ito upang matukoy ang mga propesiya at babala na, kung pakikinggan, ay tutulungan tayong manatiling mata-tag sa magulong panahon.
- Ilang tagapagsalita ang nagtuon ng pansin sa pagpapatatag ng pamilya. Halimbawa, itinuro ni

Elder Richard G. Scott ng Korum ng Labindalawang Apostol na, “Kagapag [ang Tagapagligtas] ang sentro ng inyong tahanan, may kapayapaan at katahimikan” (pahina 29). Maghanap ng mga paraan para ang Tagapagligtas ang maging sentro ng inyong tahanan habang pinag-aaralan ninyo ang mensahe ni Elder Scott at ang mga mensahe sa pahina 6, 81, 83, at 102. ■



PAGTUTURO MULA SA MGA BANAL NA KASULATAN

Isiping pag-aralan ang mga banal na kasulatang ito, na sinipi o binanggit nang ilang ulit sa pangkalahatang kumperensya:

I Samuel 16:7*
Mateo 7:24; 28:19
Juan 13:34–35; 14:6; 16:33
Mosias 3:19*; 18:8–9
Helaman 5:12*
3 Nephi 11:7

Moroni 9:9
Doktrina at mga Tipan 42:22;
59:23; 64:34; 84:88; 87:8; 115:6
Joseph Smith—Kasaysayan 1:17)*
* Mga seminary scripture-mastery verse

Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

TAGAPAGSALITA	KUWENTO
Elder Neil L. Andersen	(77) Sinunod ng mga mag-asawa sa Mozambique ang Tagapagligtas sa halip na sundin ang kanilang mga tradisyon.
Elder M. Russell Ballard	(18) Muling napasigla ng isang apong babae na pitong taong gulang ang nalantang kamatis.
David L. Beck	(55) Kinaibigan ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang isang dalagitang dumaranas ng malupit at walang-awang pang-aapi. Tumulong ang isang deacon sa Bangalore, India, sa pagpapaaktibo sa lahat ng mga kabataang lalaki sa kanyang branch.
Elder Tad R. Callister	Nalaman ng (52) labimpitong taong gulang na si George F. Richards ang tungkol sa kapangyarihan ng priesthood sa pagbibigay ng basbas sa kanyang ina.
Elder D. Todd Christofferson	(109) Tinulungan ng ina ni D. Todd Christofferson ang isang dalagitang nangangailangan na maabot ang kanyang potensiyal.
Mary N. Cook	(118) Hinarap ng isang dalagita ang pagkamatay ng kanyang ama at pakikibaka ng kanyang ina sa kanser sa pamamagitan ng pagpapakita ng pananampalataya.
Elder Quentin L. Cook	(32) Nakadama ng kapayaan ang isang babaing Hindu sa open house ng Suva Fiji Temple.
Bishop Dean M. Davies	(9) Pinagtibay ng Loma Prieta, California, USA, na lindol noong 1989 sa puso't isipan ni Dean M. Davies na mahalagang isalig ang ating buhay sa matatag na pundasyon.
Ann M. Dibb	(115) Nadama ng isang di-gaanong aktibong dalagita ang Espiritu sa Young Women camp.
Pangulong Henry B. Eyring	(62) Isang batang ulila ang naging kauna-unahang miyembro ng Simbahan sa isang lungsod na may 130,000 katao. Habang naglilingkod sa New Mexico, USA, at sa New England, USA, nakita ni Henry B. Eyring ang kamay ng Diyos sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.
Elder Enrique R. Falabella	(102) Ang mga miyembro ng Simbahan sa Arizona, USA, ay nagbigay ng pera kay Enrique R. Falabella at sa kanyang asawa para makabalik sila sa Guatemala pagkatapos ng kanilang kasal sa templo.
Elder Jeffrey R. Holland	(93) Sinabihan ni Jeffrey R. Holland ang isang 14-anyos na batang lalaki na hindi siya kailanman dapat humingi ng paumanhin sa "paniniwala lamang."
Pangulong Thomas S. Monson	(66) Isang lalaki sa Canada ang nag-usisa at sumapi sa Simbahan pagkatapos magbigay ng malakas na patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith ang dalawang full-time missionary. Sa pagpapadama ng pagmamahal sa kanyang mga sulat linggu-linggo, nadala ng isang full-time missionary ang kanyang ama sa Simbahan. (89) Natutong sumunod ang walong taong gulang na si Thomas S. Monson pagkatapos masunog ang isang bukirin. Itinabi ng isang matapat na miyembro ng Simbahan sa Hungary ang kanyang ikapu sa loob ng maraming taon hanggang sa maaari na niya itong ibigay sa kanyang mga home teacher.
Elder Richard G. Scott	(29) Nais tularan ng isang full-time missionary ang pamilya ng kanyang mission president kapag may sarili na siyang pamilya.
Pangulong Dieter F. Uchtdorf	(70) Nagsimulang umawit ng mga himno ang mga West African Saint nang mawalan ng ilaw sa kanilang meetinghouse. Tinulungan ng ebanghelyo ang isang dalagita na labanan ang kadilimang hatid ng pang-aabuso sa kanyang paglaki. (125) Tumakas si Dieter F. Uchtdorf at ang mga miyembro ng kanyang pamilya mula sa East Germany.

Mga Turo para sa Ating Panahon

Ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay ilalaan sa “Mga Turo para sa Ating Panahon.” Bawat aralin ay maihahanda mula sa isa o mahigit pang mensaheng ibinigay sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya (tingnan sa chart sa ibaba). Ang mga stake at district president ay maaaring pumili ng mensaheng dapat gamitin, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president. Dapat bigyang-diin ng mga lider na mahalagang magkapareho ang mga mensaheng pag-aaralan ng mga kapatid sa Melchizedek Priesthood at Relief Society sa magkakaparehong Linggo.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan at dalhin sa klase ang isyu ng magasin sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya.

Mga Mungkahi sa Paghahanda ng Aralin mula sa mga Mensahe

Ipanalanging mapasainyo ang Banal na Espiritu sa pag-aaral at pagtuturo ninyo ng (mga) mensahe. Maaari kayong matuksong

gumamit ng iba pang mga materyal sa paghahanda ng aralin, ngunit mga mensahe sa kumperensya ang inapubahang kurikulum. Ang tungkulin ninyo ay tulungan ang iba na matutuhan at ipamuhay ang ebanghelyo ayon sa turo sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya ng Simbahan.

Repasuhin ang (mga) mensahe, na hinahanap ang mga alituntunin at doktrinang tutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng klase. Humana din ng mga kuwento, reperensya sa mga banal na kasulatan, at pahayag mula sa (mga) mensahe na makakatulong sa inyo na maituro ang mga katotohanang ito.

Gumawa ng outline kung paano ituturo ang mga alituntunin at doktrina. Isiping isama ang mga tanong na nakakatulong sa mga miyembro ng klase:

- Hanapin ang mga alituntunin at doktrina sa (mga) mensahe.
- Pag-isipan ang kahulugan ng mga ito.
- Ibahagi ang nauunawaan, mga ideya, karanasan, at patotoo.
- Iangkop ang mga alituntunin at doktrinang ito sa kanilang buhay. ■

MGA BUWAN NA ITINUTURO ANG MGA ARALIN

Abril 2013–
Oktubre 2013

MGA MATERYAL SA ARALIN PARA SA IKAAPAT NG LINGGO

Mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013*

Oktubre 2013–
Abril 2014

Mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2013*


* Para sa mga aralin sa Abril at Oktubre, maaaring piliin ang (mga) mensahe mula sa nakaraang kumperensya o sa pinakahuling kumperensya. Ang mga mensahe ay makukuha sa maraming wika sa conference.lds.org.

Mga General Auxiliary Presidency

RELIEF SOCIETY



Carole M. Stephens
Unang Tagapayo



Linda K. Burton
Pangulo



Linda S. Reeves
Pangalawang Tagapayo

YOUNG WOMEN



Carol F. McConkie
Unang Tagapayo



Bonnie L. Oscarson
Pangulo




Neill F. Marriott
Pangalawang Tagapayo


PRIMARY



Jean A. Stevens
Unang Tagapayo



Rosemary M. Wixom
Pangulo



Cheryl A. Esplin
Pangalawang Tagapayo

YOUNG MEN



Larry M. Gibson
Unang Tagapayo



David L. Beck
Pangulo

SUNDAY SCHOOL



David M. McConkie
Unang Tagapayo



Russell T. Osguthorpe
Pangulo



Matthew O. Richardson
Pangalawang Tagapayo

Kabilang sa Ika-183 Pangkalahatang Kumperensya ang Pagsang-ayon sa Bagong Young Women General Presidency

“Ang ating mga puso ay naantig,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagtatapos ng sesyon ng ika-183 Taunang Pangkalahatang Kumperensya noong Abril 7, 2013, “at ang ating mga patotoo ay nalakas tungkol sa banal na gawaing ito nang madama natin ang Espiritu ng Panginoon. Sana ay maalala natin ang mga narinig natin nitong nakaraang dalawang araw.”

Mahigit 100,000 katao ang dumalo sa limang sesyon ng pangkalahatang kumperensya sa Conference Center sa Salt Lake City, Utah, USA, noong Abril 6 at 7. Milyun-milyon ang nanood o nakinig sa pamamagitan ng TV, satellite, radyo, at Internet. Kabilang ang mga live broadcast at online video, audio, at teksto ng kumperensya sa LDS.org, na-access ng mga miyembro ang kumperensya sa 95 wika.

Sinimulan ni Pangulong Monson ang taunang kumperensya sa pagbabalita ng mga templong itatayo sa Cedar City, Utah, USA, at Rio de Janeiro, Brazil—umabot sa 29 ang kabuuang bilang ng mga templo na ibinalita o kasalukuyang itinatayo. Sa kasalukuyan, 141 templo na ang ginagamit.

Ilang pagbabago ang ginawa sa pamunuan ng Simbahan noong sesyon sa Sabado ng hapon. Lahat ng miyembro ng Young Women general presidency ay ini-release, at si Elder Walter F. González ay ini-release bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu. Limampu’t isang Area Seventy ang ini-release rin.

Si Elder Ulisses Soares ng Unang Korum ng Pitumpu ay sinang-ayunan

bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu.

Ang sinang-ayunan bilang bagong Young Women general presidency ay sina Bonnie Lee Green Oscarson, pangulo; Carol Foley McConkie, unang tagapayo; at Neill Foote Marriott, pangalawang tagapayo.

Tatlong bagong miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu ang sinang-ayunan din: Elder Edward Dube ng Zimbabwe; Elder S. Gifford Nielsen ng Sugar Land, Texas, USA; at Elder Arnulfo Valenzuela ng Queretaro, Mexico. Limang bagong miyembro ng Pangalawang Korum ng Pitumpu ang sinang-ayunan din.

Si Elaine S. Dalton, dating Young Women general president, ay naglingkod sa Young Women general presidency, bilang tagapayo o bilang pangulo, sa loob ng 11 taon bago



siya ini-release noong Abril.

Tingnan ang kumpletong listahan ng mga sinang-ayunan at ini-release sa pahina 26.

Hanapin ang mga talambuhay ng mga bagong tawag na lider simula sa pahina 139. ■

MAKATUTULONG KAYO

Kapwa hinikayat nina Pangulong Thomas S. Monson at Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol ang mga miyembro na mag-ambag sa General Missionary Fund. Hanggang nitong Abril 4, 2013, 65,634 na full-time missionary ang naglilingkod, may mahigit 20,000 pa ang nakatanggap ng tawag na magmisyon.

Sa pambungad na sesyon ng pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Pangulong Monson, “Upang mapanatili ang malaking puwersang ito ng missionary, at

dahil karamihan sa ating mga missionary ay mula sa mga pamilyang katamtaman ang kinikita, inaanyayahan namin kayo, kung kaya ninyo, na buong pusong magbigay sa General Missionary Fund ng Simbahan.”

Ang mga miyembro ay maaaring magbigay gamit ang tithing donation slip at ilagay ang halaga na nais nilang ibigay sa ilalim ng General Missionary Fund. Ang mga miyembro ay maaaring magbigay online sa pamamagitan ng ldsphilanthropies.org.

Kailangan ng Simbahan ang Maturidad at Kasanayan ng mga Senior Couple

Kasabay ng pagdami ng bilang ng mga batang missionary dahil sa pagbaba ng edad na maaari nang magmisyon, kailangang-kailangan din ang mga senior couple sa mga mission sa iba't ibang panig ng mundo. Sa pagkalikha kamakailan ng 58 bagong mission, marami pang senior couple ang kakailanganin para makapaglaan ng kasanayan sa pamumuno at iba pang tulong na napakahalaga sa isang matagumpay na misyon.

Noong kumperensya ng Abril 2013, nagsalita si Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa mabilis na pagdami ng bilang ng mga missionary at ipinahayag ang kanyang pagmamahal sa mga yaong handang maglingkod sa Panginoon sa misyon (tingnan sa mga pahina 4, 66). Hinikayat ni Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawang Apostol lalo na ang mga senior couple na maglingkod. “Mga senior couple, planuhin ang araw na maaari na kayong magmisyon. Pasasalamatan namin nang lubos ang inyong

paglilingkod,” sabi niya (tingnan sa pahina 45).

Sa pagbubukas ng pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 2012, sinabi ni Pangulong Monson: “Patuloy pa rin tayong nangangailangan ng marami pang senior couple. Kung ipinahihintulot ng inyong kalagayan, kapag maaari na kayong magretiro, at kung ipinahihintulot ng inyong kalusugan, hinihikayat ko [kayo na] ihanda ang inyong sarili na maglingkod sa full-time na misyon. Ang mag-asawa ay kapwa magkakaroon ng malaking kaligayahan habang magkasama nilang pinaglilingkuran ang mga anak ng ating Ama” (“Pagbati sa Kumperensya,” *Ensign* o *Liahona*, Nob. 2012, 5).

Sa loob ng maraming taon, hinihikayat ng mga lider ng Simbahan ang mga senior couple na maglingkod. Sinabi ni Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Ang mga mission sa iba't ibang lugar ay nangangailangan ng mas marami pang mga senior couple. Dahil sa

kanilang maturidad at kasanayan, sila ay ilan sa pinakamahuhusay nating missionary. Ang kanilang espesyal na mga kasanayan . . . ay nagbibigay-kakayahan sa kanila na sanayin ang mga lokal na lider nang mas epektibo, mapalakas at mapaaktibong muli ang mga miyembro, at madala ang mga di-miyembro kay Cristo” (“Missionary Couples—Trading Something Good for Something Better,” *Ensign*, Hunyo 1988, 9, 11).

Ang mga marapat na mag-asawa na nais maglingkod bilang mga missionary ay hinihikayat na ipaalam sa kanilang bishop o branch president ang kanilang hangaring maglingkod. Ang haba ng paglilingkod ay tumatagal ng 6 na buwan o higit pa pero hindi lumalampas ng 23 buwan.

Ang may mga tanong tungkol sa senior mission ay maaaring tumawag sa 1-800-453-3860, ext. 2-6741 (o 1-801-240-6741), o mag-email sa SeniorMissionaryServices@ldschurch.org para masagot ang mga tanong. ■

Ang maturidad at kasanayan ng mga senior couple ay nagbibigay-kakayahan sa kanila na sanayin ang mga lokal na lider at mapalakas ang mga miyembro, at madala rin ang mga di-miyembro kay Cristo.



Nakatulong ang Bagong mga Online Tool sa Pag-iingat at Pagbabahagi ng mga Larawan at Alaala ng Pamilya



Mapapansin ng mga bumibisita sa FamilySearch.org ang ilang malaking pagbabago mula Abril 2013. Ang magaganda, matitingkad na kulay, kaaya-ayang mga larawan, at maraming bagong feature ay nagbibigay ng iba't ibang kasanayan maliban pa sa pagsasaliksik. Bagama't ang site ay malaking tulong para sa mga genealogist at nagsasaliksik, ang mga bagong feature ay hihikayat ng mas maraming visitor.

Ang mga bagong feature ay hindi lamang tutulong sa pagsasaliksik ng family history kundi mahihikayat din nito ang maraming bata at matatanda na nagsisimula pa lamang sa kanilang family history. Ang mga visitor ay maaari na ngayong magtulungan sa paggawa ng kanilang family tree online at sa pag-iingat at pagbabahagi ng mga larawan at kuwento ng pamilya—nang walang bayad.

Nabibigyang-buhay ang mga ninuno sa mga larawan at kuwento ng pamilya. Ang mga totoong tao na madalas ay kumakatawan lang sa mga petsa ay makapagtuturo sa atin ng mga alituntuning gaya ng kahalagahan ng kasipagan sa pagtatrabaho, paano harapin ang mga hamon ng buhay, at kung paano nakakaapekto ang mga pinili o pasiya natin sa ating buhay.

Ang mas madaling pagrekorde at pag-iingat ng mga family history ay tumutulong sa atin na makakonekta sa ating nakalipas at makalikha ng pamana para sa hinaharap.

Mga Bagong Feature sa FamilySearch.org

FamilySearch Family Tree. Sa kauna-unahang pagkakataon sa FamilySearch.org, makapagsisimula na ang bawat isa na magtulungan sa

paggawa ng family tree online, na nagsisimula sa pagdagdag ng impormasyon tungkol sa kanilang sarili at pagkatapos ay pinalalawak ito hanggang sa nakaraang mga henerasyon.

Mahahalagang feature ng Family Tree:

- Hanapin ito sa FamilySearch.org sa ilalim ng “Family Tree” tab.
- Ang family tree ay naglalaman na ng mahigit 900 milyong pangalan ng indibiduwal na iniambag ng mga patron.
- Wala itong bayad.
- Dahil dito napagtutulungan ng mga tao ang paggawa, pamamahala, at pagbabahagi ng family history online.
- Maaaring matuklasan ng mga user ang nasaliksik na ng iba tungkol sa kanilang family history.
- Ang mga user ay maaaring maglagay ng mga retrato at kuwento at link sources.
- Maaaring mapanatili ng mga user ang kanilang pinagtulangang family tree para sa mga darating na henerasyon.
- Ang “grab and pull” feature ay nagtutulot sa mga user na itaas at ibaba ang kanilang family tree nang mas mabilis.
- Ang mga patron ay magkakaroon ng access sa bilyun-bilyong libreng rekord sa FamilySearch.org upang makatulong na mapunan ang nawawalang mga branch ng kanilang Family Tree.

Mga Retrato. Maaaring maingatan ng mga user ang paboritong mga retrato ng kanilang mga ninuno, ilagay ang mga ito sa kanilang profile sa FamilySearch Family Tree, at ibahagi ang mga ito sa pamamagitan

ng social media. Mahigit 200,000 retrato ang nailagay, naingatan, at naibahagi na.

Mga Kuwento. Ang mga user ay maaaring magsulat ng mga paboritong kuwento tungkol sa isang ninuno sa FamilySearch Family Tree. Dahil sa feature na ito ang mga pamilya ay makapagtitipon, makapagbabahagi, at makapag-iingat habang-buhay ng mga kuwento ng kanilang pamilya.

Interactive Fan Chart. Noong 2012 sinubukan ng FamilySearch ang isang feature na makikita ng mga indibiduwal ang kanilang sarili at kanilang ninuno sa isang makulay na fan chart. Ang feature na ito ay pinaganda pa at makukuha sa FamilySearch.org.

Family Tree Wizard. Makatutulong sa mga hindi pa nakagagawa ng kanilang family tree ang tool na ito. Sa madaling saguting tanong, ang tool ay magtatanong tungkol sa inyong buhay at yumaong mga ninuno, pagkatapos ilalagay ang mga importasyong iyon sa family tree para makapagsimula kayo.

Live Help. Ang pagiging interesado sa family history ay lalo pang nag-iibayo sa iba't ibang panig ng mundo. Ang FamilySearch ay naglunsad ng global online community na naglalaan ng libreng produkto na makatutulong at personal na tulong sa pagsasaliksik sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono at web chat 24 na oras kada araw—na nasa 10 wika na.

Mga Wika. Lahat ng bagong feature at serbisyo ay makukuha sa 10 wika. Makukuha ang isang koleksyon ng mga video kung paano gawin ang family history at iba pang mga online resources para sa lahat ng feature. Magklik lang sa Help button para sa karagdagang mga detalye. ■



© IRI

Nagpapabago ng Pusong ang Family History

Ni R. Scott Lloyd

Mga Balita sa Simbahan

Maraming family history center sa hinaharap ay magiging sa tahanan na, ang ibinadya ni Elder Bradley D. Foster ng Pitumpu sa isang mensahe na ibinigay noong Marso 23 kaugnay ng RootsTech 2013 Family History and Technology Conference sa Salt Lake City, Utah, USA.

Sinabi ni Elder Foster, Assistant Executive Director ng Family History Departments, na kalaunan ay magkakaroon ng siyam na bilyong tao sa mundo at na ang Panginoon ay naghanda ng teknolohiya na “sama-samang magpapabigkis at magkokonekta sa lahat ng pamilyang iyon.”

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng paggawa ng family history, pag-alam sa mga kuwento ng ating mga ninuno—hindi lamang basta genealogy, na naghahanap ng mga pangalan at petsa. Ang

puntod saanmang sementeryo sa mundo ay naglalaman ng pangalan, petsa ng kapanganakan, gatlang, at pagkatapos ay petsa ng kamatayan, sabi niya. “Ang maliit na gatlang na iyon sa pagitan ng petsa ng kapanganakan at kamatayan ay tila maliit at hindi mahalaga, ngunit ang buong kasaysayan natin ay narito,” ang sabi niya. “Kaya nga bagama’t madalas tayong magtuon sa pagtuklas sa mga petsang iyon, ang pagmamahal natin sa ating mga ninuno—ang pagbaling ng ating mga puso sa ating mga ama—ay nagmumula sa pagtuklas sa gatlang na iyon.”

Pinagkakaisa tayo ng Family history kapag nagbabahagi tayo ng mga kuwento at nagtutulungan, paliwanag niya. “Samakatwid, nababago ng genealogy ang ating mga tsart; nababago ng family history ang ating mga puso.” ■

Pumanaw na si Elder Eldred G. Smith sa Edad na 106

Ni Sarah Jane Weaver

Mga Balita sa Simbahan

Si Elder Eldred G. Smith, na naglingkod bilang Patriarch sa Simbahan mula 1947 hanggang 1979, ay pumanaw na noong Abril 4, 2013, sa kanyang tahanan. Siya ay 106 na taong gulang.

Pinaniniwalaang siya ang pinakamatandang lalaki sa Utah, si Elder Smith ay nabuhay nang mas matagal kaysa sa sinumang dating General Authority.

Dinalaw ni Pangulong Thomas S. Monson si Elder Smith sa kaarawan nito noong Enero 9, 2013. “Si Eldred Smith ay mabuti kong kaibigan,” sabi ni Pangulong Monson. “Maraming milya ang nilakbay namin nang magkasama. Mahal ko at iginagalang ang taong ito.”

Si Eldred G. Smith ay tinawag bilang Patriarch sa Simbahan noong Abril 10, 1947, ng noo’y Pangulo ng Simbahan na si George Albert Smith at siya ang huling taong humawak ng tungkuling iyon. Siya ay binigyan ng emeritus status noong 1979. Ang katungkulan ay nagsimula noong 1833 sa pagtawag kay Joseph Smith Sr., ama ni Propetang Joseph Smith. Si Elder Smith ay apo-sa-talampakan ni Hyrum na kapatid ng Propeta.

Sa kanyang panunungkulan bilang Patriarch ng Simbahan, naglakbay si Elder Smith sa maraming lugar sa mundo at nagbigay



Pangulong Thomas S. Monson, kanan, na nakikipag-usap kay Elder Eldred G. Smith, na naglingkod bilang Patriarch sa Simbahan mula 1947 hanggang 1979, sa kanyang ika-106 na kaarawan, Enero 9, 2013. Pumanaw si Elder Smith noong Abril 4 sa kanyang tahanan.

ng maraming patriarchal blessing sa mga lugar na walang patriarch. Noong 1966 nagbiyahe siya kasama ang noon ay si Elder Monson patungo sa Australia at Samoa para magbigay ng mga patriarchal blessing sa mga miyembro doon. Iyon ang kauna-unahang pagkakataon na isang nangungulong patriarch ang bumisita sa Samoa. Ngayon halos lahat ng stake ay may patriarch na naninirahan sa lugar na sakop ng stake.

Sina Pangulong Monson at Elder M. Russell Ballard ng Korum ng Labindalawang Apostol ay kapwa nagsalita sa libing ni Elder Smith. Binasa ni Pangulong Monson ang isang liham ng pakikiramay sa pamilya mula sa Unang Panguluhan, at idinagdag pa, “Pansamantala ay nawalan ako ng mabuting kaibigan.”

Si Elder Ballard, na apo-sa-talampakan din ni Hyrum Smith, ay nangusap tungkol sa mga

nagawa ni Elder Smith sa pagpapanatili ng kasaysayan ng kanilang pamilya. “Iginagalang namin siya bilang Patriarch ng Simbahan at patriarch ng aming mga kaanak,” sabi niya. Sinabi pa niya na alam niya na para kay Elder Smith ang pinakamalaki niyang tagumpay ay ang kanyang pamilya.

Pinakasalan ni Eldred Smith si Jeanne Audrey Ness noong 1932; sila ay may limang anak. Noong mamatay si Jeanne noong 1977, pinakasalan niya si Hortense Child; na noon ay naglilingkod bilang tagapayo sa Young Women general presidency. Siya ay namatay noong Mayo 2012.

Naiwan ni Elder Smith ang dalawang anak na lalaki at dalawang anak na babae (isang anak na babae ang pumanaw na), 22 apo (dalawang iba pa ang pumanaw), 63 apo-satuhod, at 22 apo-sa-talampakan. ■

Si Gerry Avant ang nag-ambag sa artikulong ito.



Elder Ulisses Soares

Ng Panguluhan ng Pitumpu

Si Elder Ulisses Soares, na nagsimulang maglingkod sa Panguluhan ng Pitumpu noong Enero 2013, ay personal na nasaksihan ang mabilis na paglago ng Simbahan sa ilang bahagi ng mundo.

Si Elder Soares ay ipinanganak sa São Paulo, Brazil, noong Oktubre 1958. Ang kanyang mga magulang, sina Aparecido at Mercedes Soares, ay sumapi sa Simbahan noong siya ay limang taong gulang. Sila ay dumalo ng mga miting sa isang silid sa itaas ng isang panaderya. Naaalala ni Elder Soares ang nadama niyang kasabikan noong siya ay walong-taong-gulang nang maorganisa ang unang stake sa South America sa São Paulo noong 1966. Mabilis na lumago ang Simbahan sa Brazil mula 50 stake noong 1990 ay naging mahigit 200 stake noong 2000.

Si Elder Soares, na nagtapos ng bachelor's degree sa accounting at economics mula sa Pontificia Catholic University at MBA mula sa National Institute of Postgraduate Study, ay nagtatrabaho sa isang multinational tire company nang siya ay bigyan ng katungkulan sa Simbahan. Napasok sa trabaho sa Finance Department, siya kalaunan ay naging director for temporal affairs sa area office ng Simbahan sa São Paulo, sinusuportahan ang Area Presidency sa loob ng 10 taon. Siya rin ay naglingkod bilang unang pangulo ng São Paulo Brazil Cotia Stake.

Naglingkod siya bilang pangulo ng Portugal Porto Mission mula 2000 hanggang 2003 at tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu noong Abril 2005. Siya ay naglingkod sa Brazil at Africa Southeast Area Presidency.

“Ang mga karanasang ito ay nagpaunawa sa akin na ang Simbahan ay maaaring itatag saanman naroon ang ating matatapat na tao,” sabi niya, “at naunawaan ko ang dapat kong matutuhan para mas mahusay na makapaglingkod.”

Si Elder Soares at ang kanyang asawa na si Rosana Fernandes Morgado ay ikinasal noong Oktubre 1982 sa São Paulo Brazil Temple. Mayroon silang tatlong anak.

Si Elder Soares ay nagmisyon nang full-time sa Brazil Rio de Janeiro Mission. Siya rin ay naglingkod bilang elders quorum president, counselor sa bishopric, high counselor, stake executive secretary, at regional welfare agent. ■



Elder Edward Dube

Ng Pitumpu

Ibinahagi kay Elder Edward Dube ang ebanghelyo noong 1981 ng kanyang employer kung saan siya nagtatrabaho. Binigyan siya ng lalaki ng kopya ng Aklat ni Mormon. Binasa lamang niya ito noong 1983 at siya ay naantig ng patotoo ni Joseph Smith tungkol sa pagdalaw ni Moroni kaya't sumang-ayon siya sa paanyaya na dumalo sa fast and testimony meeting sa meetinghouse sa Kwekwe, Zimbabwe.

Naasiwa siya sa una, nadama na para siyang tagapaglingkod sa halos lahat ng naroroon.

“Ngunit nang magpatotoo sila tungkol sa Aklat ni Mormon, nadama ko ang kaugnayan ko sa mga taong ito,” paggunita niya, “at nagawa kong ibahagi ang nadarama ko tungkol sa Aklat ni Mormon.”

Tinuruan siya ng mga missionary, nabinyagan, at sa huli ay naglingkod sa Zimbabwe Harare Mission.

Sa panahong iyon, tinuruan niya ang pamilya ni Naume Keresiya Salazani, na noon ay 16 na taong gulang. Patuloy ang komunikasyon nila matapos ang kanyang misyon at ikinasal sa Kwekwe noong Disyembre 9, 1989. Noong Mayo 1992 sila ay ibinuklod sa Johannesburg South Africa Temple. Sila ay may tatlong anak na babae at isang anak na lalaki.

Isinilang noong Mayo 1962 sa nayon ng Chirumanzu, Zimbabwe, sa mga magulang na sina Clement at Rosemary Dube, nagtapos si Elder Dube ng pagkaguro mula sa Zimbabwe D. E. College noong 1992 at nagtatrabaho sa Church Educational System, nagtatag ng mga seminary and institute of religion sa Zimbabwe, Zambia, at Malawi. Mapalad siyang makita ang maraming estudyante na nabigyan niya ng mga sertipiko ng pagtatapos na nakapaglingkod sa mga katungkulan sa Simbahan sa mga bansang iyon habang lumalago ang Simbahan.

Siya ay naglingkod bilang elders quorum president, branch president, district president, stake president, counselor sa mission presidency, at, mula 2009 hanggang 2012, pangulo ng Zimbabwe Harare Mission. Bago siya tinawag sa Unang Korum ng Pitumpu, siya ay naglilingkod bilang Area Seventy. ■



Elder S. Gifford Nielsen

Ng Pitumpu

Hilig ni Elder Stanley Gifford Nielsen ang athletics, ngunit hindi isport ang pinakamahalaga sa kanyang buhay. Naniniwala siya na mahalagang ibalanse ang buhay at ang ebanghelyo ang saligan ng kaligayahan ngayon at sa kawalang-hanggan.

Isinilang noong Oktubre 1954 sa mga magulang na sina Harry at Lois Nielsen, tumira siya sa Provo, Utah, USA, hanggang magtapos sa kolehiyo. Itinuro sa kanya ng kanyang mga magulang ang buhay na nakasentro sa ebanghelyo.

Matapos dumanas ng matinding pinsala na tumapos sa kanyang football career sa kolehiyo, sinabi ni Elder Nielsen na ang pinakamahahalagang bagay sa buhay ay hindi maaalis ng isang kapinsalaan.

Matapos ang matagunpay na pagpapagaling, naglaro siya bilang quarterback sa National Football League, ngunit ang kanyang career ay natapos makalipas ang tatlong taon. Siya ay kinutya ng publiko. Iyon ay panahon ng pagninilay-nilay sa sarili at pag-alam sa kung ano ang tunay niyang pinaniniwalaan. “Nalaman ko na hindi ka kailanman iiwanan ng Tagapagligtas, anuman ang mangyari,” sabi ni Elder Nielsen, na ngayon ay nakatira sa Sugar Land, Texas.

Kung mayroon mang banal na kasulatan na sinisikap niyang sundin sa kanyang buhay, iyon ay ang Mateo 5:14–16: “Kayo ang ilaw ng sanglibutan. . . . Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao; upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit.”

“Inilalahad ng Panginoon ang Kanyang mga kamay sa inyo,” sabi ni Elder Nielsen. “Minamahal ninyo Siya sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa ebanghelyo.”

Sa kolehiyo niya nakilala si Wendy Olson. Sila ay ikinasal sa Provo Utah Temple noong Abril 23, 1975. Siya ay nagtapos ng degree sa communications sa Brigham Young University. Siya ay quarterback para sa Houston Oilers at sports director para sa KHOU television bago siya tinawag na maglingkod nang full-time para sa Simbahan.

Biniyayaan ng anim na anak, si Elder Nielsen ay naglingkod bilang seminary teacher, Young Men president, elders quorum president, bishop, at stake president. Siya ay naglilingkod bilang Area Seventy nang tawagin siya sa Unang Korum ng Pitumpu. ■



Elder Arnulfo Valenzuela

Ng Pitumpu

Si Elder Arnulfo Valenzuela ay lumaki sa mga lugar na sakop ng Mormon sa Chihuahua, Mexico, at nagtapos sa Academia Juárez na pag-aari ng Simbahan. Ang kanyang kabataan ay puno ng mahahalagang pagkakataon na maturuan ng matatapat na kalalakihan at kababaihan na tapat sa ebanghelyo at sa paglilingkod sa Panginoon.

Ang mga aral na natutuhan sa kilalang lokasyon na iyon ng Simbahan sa Latin America ay tutulong sa kanya sa panunungkulan niya bilang miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu.

“Napakapalad ko sa tungkuling ito na maglingkod sa Panginoon nang full-time,” sabi niya.

Isinilang noong Mayo 1959 sa mga magulang na sina Gilberto at Rosa Valenzuela, ang batang si Arnulfo ay nahikayat maglingkod sa Simbahan sa murang edad. Sa edad na 19 tinanggap niya ang tawag na magmisyon sa Mexico Veracruz Mission. Sa magandang rehiyon ng Mexico nantanto niya ang kasiyahan na dulot ng araw-araw na pagbabahagi ng ebanghelyo at ang kagalakan sa pag-anyaya sa iba na lumapit kay Cristo.

Di-nagtagal matapos ang kanyang misyon, binisita niya ang isang pamilya na nabinyagan niya na lumipat sa Mexico City. Ang kapitbahay ng pamilya, si Pilar Porras, ay matapat na miyembro ng Simbahan. Sina Arnulfo at Pilar ay naging magkaibigan at kalaunan ay naging magkasintahan. Sila ay ikinasal sa Mesa Arizona Temple noong Abril 6, 1982, nang panahong iyon ay wala pang templo sa kanilang sariling bayan.

Pinalaki nila ang kanilang tatlong anak, patuloy na naglingkod sa Simbahan habang nakikita nila ang Mexico na nagiging isang bansa na may maraming templo. “Hindi namin akalain na magkakaroon ng 12 templo sa Mexico, at may isa pa na kasalukuyang itinatayo,” sabi niya.

Noong nanunungkulan siya bilang bishop, counselor kapwa sa stake at mission presidency, at Area Seventy, nasaksihan ni Elder Valenzuela ang kahanga-hangang katapatan ng napakaraming miyembro sa Mexico na handang ibigay ang lahat ng mayroon sila sa layunin ng Panginoon.

Nagtapos sa University of Accounting and Administration Studies sa Mexico City, si Elder Valenzuela ay nagtrabaho sa iba’t ibang posisyon sa pamamahala para sa mga international corporation. ■



Elder Timothy J. Dyches

Ng Pitumpu

Isa sa mga paboritong papel sa buhay ni Elder Timothy John Dyches ay “maging saksi” at magpatotoo sa iba, at tulungan silang mapalapit kay Cristo. Siya man ay naglilingkod bilang missionary, nakikihalubilo sa sariling pamilya, o nagtatrabaho, masaya niyang tinatanggap ang tungkulin at responsibilidad na iyan at sinisikap na tulungan ang iba na gayon din ang gawin.

Isinilang noong Enero 1951 sa Murray, Utah, USA, sa mga magulang na sina Milo Fredrick at Mary Katherine Dyches, siya ay pangalawa sa pitong anak. Noong siya ay deacon, ang kanyang pamilya ay lumipat sa Elko, Nevada, kung saan ginugol niya ang kanyang oras sa pagtatrabaho sa botika ng kanyang ama pagkagaling sa eskwela. Habang nagtutulungan silang mag-ama, itinuro sa kanya ng kanyang ama ang kahalagahan ng kasipagan sa pagtatrabaho—na isang bagay na nakatulong sa kanya bilang missionary sa Germany South Mission mula 1970 hanggang 1972.

“Iyon ay mahirap na misyon, pero para sa akin iyon ang pinakamaganda,” sabi niya. “Natutuhan ko ang kahalagahan ng kasipagan at pagsunod at hindi pagsuko.”

Matapos ang kanyang misyon ang gawi niyang iyon sa pagtatrabaho ay ginamit din niya sa kanyang pag-aaral, propesyon, at mga tungkulin sa Simbahan. Nakilala ni Elder Dyches ang kanyang mapapangasawa, si Jill Dudley, habang nag-aaral sa Brigham Young University. Sila ay ikinasal noong Abril 26, 1974, sa Manti Utah Temple. Sila ay may tatlong anak.

Si Elder Dyches ay nagtapos ng bachelor’s degree mula sa Brigham Young University sa university studies at nagtapos ng medical degree mula sa Washington University Medical School. Siya ay nagtrabaho bilang isang surgeon sa tainga, ilong at lalamunan sa Reno, Nevada.

Noong tawagin siya sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, si Elder Dyches ay naglilingkod sa Young Men organization bilang deacons quorum adviser. Naglingkod siya sa marami pang katungkulan, kabilang dito ang Area Seventy, pangulo ng Oregon Portland Mission, stake president, counselor sa stake presidency, high councilor, temple ordinance worker, Sunday School president, at ward clerk. ■



Elder Randy D. Funk

Ng Pitumpu

Pinamumuhay ni Elder Randy Dennis Funk ng Pangalawang Korum ng Pitumpu ang napakahalagang alituntuning ito: “Magtiwala sa Panginoon at sa Kanyang kabutihan.”

Noong siya ay nasa ikatlong taon sa law school, ang kanyang asawa ay buntis sa pangalawa nilang anak at siya ay associate editor ng law review nang dumating ang tawag na maglingkod bilang elders quorum president. “Sa mahirap na panahong ito tinanggap ko ang tungkulin at nagdasal sa Ama sa Langit na palakasin ako,” sabi niya. “Kailangan ko ng tulong para magampanan ko ang aking tungkulin, matapos ang aking pag-aaral, makapagtrabaho, at mapangalagaan ang aking asawa at maliliit na anak. Ang mga pagpapalang natanggap namin ay higit pa sa dapat naming matanggap. Ang karanasang iyon ay nagbigay sa akin ng malaking pananampalataya sa kabutihan ng Panginoon at sa Kanyang mga pagpapala sa mga yaong masigasig at nagsisikap na mapaglingkuran Siya.”

Isinilang noong Agosto 1952 sa mga magulang na sina C. Dennis at Rebecca Funk, siya ay lumaki sa Manti, Utah; Madison, Wisconsin; at Smithfield, Utah, USA. Nakita niya ang tapat na paglilingkod ng kanyang ama sa Simbahan at naturuan siya ng kahalagahan ng pagtupad sa mga tungkulin ng priesthood.

Matapos magmision sa Indonesia, pinakasalan niya si Andrea Clyde noong Mayo 29, 1976, sa Logan Utah Temple. Mayroon silang anim na anak. Si Elder Funk ay nagtapos ng degree sa history mula sa Utah State University at juris doctorate mula sa University of Utah. Siya ay kasosyo sa isang malaking law firm sa Denver, Colorado, bago ang kanyang full-time na paglilingkod sa Simbahan, na nagsimula sa tungkulin niya bilang pangulo ng India Bangalore Mission noong 2010.

“Nang magpunta kami sa India, nanalig kami sa mga salita ng Tagapagligtas: ‘At muli, sinasabi ko sa iyo, na sinuman ang iyong isusugo sa aking pangalan, sa pamamagitan ng tinig ng iyong mga kapatid, ang Labindalawa, na nararapat na itinagubilin at inatasan mo, ay magkakaroon ng kapangyarihang buksan ang pintuan ng aking kaha-rian sa alinmang bansa kung saan mo sila isugo’ (D at T 112:21).” Si Elder Funk ay naglingkod bilang elders quorum president, Young Men president, bishop, stake president, at Area Seventy. ■



Elder Kevin S. Hamilton

Ng Pitumpu

Nilarawan ni Elder Kevin Scott Hamilton ang kanyang sarili bilang “bunga ng pagbabalik-loob at pagsagip.”

Ang kanyang pagsilang noong Marso 1955 sa Wenatchee, Washington, USA, ay dahilan para magtanong ang kanyang ina, si Kay, tungkol sa kahulugan ng buhay. Kinausap niya ang kanyang kaibigang LDS, si Richard Pratt, na nagpakilala sa kanya sa mga missionary.

Ipinaliwanag ng kanyang asawa, si Norman Russell Hamilton, na miyembro na siya ng Simbahan, bagama’t hindi gaanong aktibo mula noong tinedyer siya. Siya ay muling naging aktibo sa Simbahan nang sumapi rito ang kanyang asawa.

“Ang aking mga magulang ay kahanga-hangang miyembro na nagpatatag ng pananampalataya na mayroon kami ngayon,” sabi ni Elder Hamilton.

Ngunit nagpatotoo siya na ang kanyang misyon sa France at Switzerland ang talagang nagpabago ng kanyang buhay. “Nagkaroon ako ng matinding hangarin na hindi kailanman nawala,” sabi niya.

Pinakasalan niya si Claudia Keysor, noong Hulyo 27, 1978, sa Los Angeles Temple. Habang pinalalaki ang kaniyang anim na anak sa California, ang tahanan nila ay parang visitors’ center.

“Sabi nila maaari kang tahimik na magsermon sa iyong tahanan, at naglagay kami ng mumunting quotes o sipi sa palibot ng bahay,” sabi ni Sister Hamilton. Pagpasok sa loob ng bahay makikita roon ang salansan ng mga kopya ng Aklat ni Mormon, mga buklet na *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, at iba pang literatura ng Simbahan na regular na nilalagyang muli kapag dinala ito ng mga bisita.

Ang determinasyon ni Elder Hamilton na maglingkod ay nagbigay sa kanya ng mga pagkakataong maglingkod bilang bishop, stake president, at pangulo ng Belgium Brussels Netherlands Mission mula 2003 hanggang 2006. Bago siya tinawag sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, siya ay director ng Southern California Public Affairs Council ng Simbahan, na binubuo ng 64 na stake sa Greater Los Angeles Metropolitan Area.

Sa natapos na bachelor’s degree mula sa Brigham Young University at master’s degree mula sa University of Washington, kapwa sa business, halos lahat ng trabaho niya ay sa telecommunications industry, kung saan nanungkulan siya nang maraming beses bilang chief executive officer. ■



Elder Adrián Ochoa

Ng Pitumpu

Habang naglilingkod bilang Area Seventy sa Mexico, ginugol ni Elder Adrián Ochoa ang ilang araw sa lungsod ng Chihuahua sa pakikipagpulong sa stake president at iba pa, pagkatapos ay sumakay ng eroplano pauwi. Ngunit nang nakaupo na siya sa eroplano, nakatanggap siya ng malakas na espirituwal na pahiwatig na hindi pa tapos ang kanyang gawain sa Chihuahua.

Ang flight crew ay naghahanda na sa paglipad ng eroplano. “Pero,” sabi ni Elder Ochoa, “alam ko na kailangan kong bumaba sa eroplanong iyon.” Kaya’t bumaba siya. Magkakasunod na interbyu na nagbunga ng mahalagang impormasyon ang lumutas sa isang mahirap na isyu at nagtulot sa espirituwal na pag-unlad ng isang pamilya.

Ngunit hindi pa tapos ang gawain ni Elder Ochoa sa Chihuahua. Inakay rin siya ng Espiritu sa simpleng tahanan ng isang pinsan na maraming taon na niyang hindi naki-kita. Natagpuan niya ang kanyang pinsan—na hindi na aktibo sa Simbahan—at ang kanyang pamilya na naghihi-kahos. “Alam ko na ang Simbahan at si Cristo ang solusyon sa kanilang problema. Pinakiusapan ko ang aking pinsan na bumalik sa simbahan,” sabi niya.

Bumalik sa pagiging aktibo ang kanyang pinsan, at naibalik ang magandang samahan ng pamilya. Nasagip ng Panginoon ang ilang buhay sa Chihuahua dahil sa isang taong nakinig sa mga pahiwatig ng Espiritu.

Lahat ng tao ay makatatanggap ng gayong mga pahiwatig na nagpapabago ng buhay, patotoo ni Elder Ochoa, na nanungkulan sa iba’t ibang tungkulin sa Simbahan habang nagtatrabaho sa advertising field. Siya ang nangulo sa Honduras San Pedro Sula Mission mula 2004 hanggang 2007 at, mula 2009 hanggang matawag siya sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, naglingkod bilang pangalawang tagapayo sa Young Men general presidency.

Isinilang noong Marso 1954 sa San Francisco, California, USA, sa mga magulang na sina Eduardo at Consuelo Ochoa, lumaki siya kapwa sa California at Mexico. Noong kabataan niya, siya ay tinawag na maglingkod sa isang espesyal na public affairs mission sa Mexico. Siya at ang kanyang asawang si Nancy Villareal ay ibinuklod sa Mexico City Temple. Mayroon silang limang anak. ■



Elder Terence M. Vinson

Ng Pitumpu

Hindi pa kailanman narinig ni Elder Terence M. Vinson, bagong tawag sa Pangalawang Korum ng Pitumpu, ang katagang *Mormon* hanggang sa makilala niya si Kay Anne Carden noong unang mga taon ng 1970s sa Sydney, Australia. Ang dalawa ay nag-usap tungkol sa relihiyon at sa huli ay nagkaroon ng kasunduan. Tuwing Linggo, pareho nilang dinadaluhan ang simbahan noon ni Terence at ang isang maliit na branch ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ang isa ay nagpupulong sa isang malaki at magandang gusali, ang isa naman ay sa isang maliit at inupahang lugar na nahanap ng iilang Banal sa mga Huling Araw.

Ngunit pagkaraan ng ilang linggo “napakalaki ng kaibhan,” at nagsimulang turuan si Terence ng mga missionary. Marami siyang tanong. Pagkatapos, habang dumadalo sa stake conference, malinaw niyang nadama ang isang mensahe na para bang narinig niya ito. “Kailangan kong sumapi sa Simbahan para umunlad. Lahat ng tanong ko ay masasagot,” sabi niya.

Siya ay nabinyagan nang sumunod na linggo.

Si Terence Michael Vinson ay isinilang sa Sydney, Australia, noong Marso 1951 sa mga magulang na sina John Laurence at May Therese A. Vinson. Ang kanyang ama, na isang bumbero, ay nagsakripisyo upang mapag-aral ang kanyang pitong anak.

Si Elder Vinson ay nagtapos ng bachelor’s degree sa mathematics at statistics mula sa Sydney University at diploma sa pagtuturo mula sa Sydney Teachers College. Siya rin ay tumanggap ng financial planning diploma mula sa Deakin University at master’s degree sa applied finance mula sa Macquarie University. Siya ay mahusay na math teacher, lecturer, at financial adviser at namahala sa isang financial planning at investment firm.

Pinakasalan niya si Kay Anne, ang babaing nagbahagi sa kanya ng ebanghelyo, noong Mayo 2, 1974, sa Sydney, at ang mag-asawa ay ibinuklod noong Agosto 23, 1975, sa Hamilton New Zealand Temple; sila ay may anim na anak. Wala pang tatlong taon matapos ang kanyang binyag, si Elder Vinson ay tinawag bilang bishop. Siya ay naglingkod sa ilang stake presidency at bilang regional representative at Area Seventy. ■



Bonnie L. Oscarson

Young Women General President

Habang naglilingkod bilang matron ng Stockholm Sweden Temple mula 2009 hanggang 2012, nakita ni Bonnie Lee Green Oscarson ang sakripisyo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula Sweden, Norway, at Latvia upang makasamba sa bahay ng Panginoon.

Gayunpaman, hindi niya naisip noon na ang mga aral na natutuhan niya mula sa “mapagkumbaba, at lubos na tapat” na mga miyembrong ito ay tutulong sa kanya bilang Young Women general president ng Simbahan.

“Yamang maraming kabataang babae ngayon ang pinipiling magmisyon at dumalo sa templo sa murang edad, umaasa ako na ang karanasan ko sa pagtatrabaho sa templo ay tutulong sa akin na maunawaan kung paano sila tutulongang maghanda,” sabi niya.

Si Bonnie Lee Green ay isinilang noong Oktubre 1950 sa Salt Lake City sa mga magulang na sina Theo James at Jean S. Green. Nang magpasya ang kanyang mga magulang na maranasan ng kanilang mga anak ang Simbahan sa labas ng Utah, ang siyam-na-taong-gulang na si Bonnie at kanyang pamilya ay lumipat sa Oklahoma, USA. Ang pamilya ay nanatili rin sa Colorado at Tennessee bago lumipat sa Missouri, kung saan nakilala ni Bonnie si Paul Kent Oscarson sa Far West, Missouri, ang lugar na pagtatayuan ng templo—isang mahalagang lugar dahil pareho silang may mga ninuno na nakatira sa Far West area.

Matapos mag-aral sa Brigham Young University, ang magkasintahan ay ikinasal noong Disyembre 19, 1969, sa Salt Lake Temple; nagkaroon sila ng pitong anak.

Si Sister Oscarson ay 25 taong gulang lamang nang ang kanyang asawa—na naglilingkod nang full-time sa Swedish Mission mula 1965 hanggang 1968—ay tinawag na mangulo sa Sweden Göteborg Mission.

Nang ang mga Oscarson ay bumalik sa Estados Unidos, tumira sila sa Missouri, New Jersey, Massachusetts, at Texas, kung saan nagtrabaho si Brother Oscarson bilang department store regional vice president. Tulad ng kanyang mga magulang, nasisiyahan si Sister Oscarson na manirahan sa mga lugar na kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan.

Si Sister Oscarson ay naglilingkod nang tatlong beses bilang Young Women president, bilang early-morning seminary teacher sa loob ng siyam na taon, at Gospel Doctrine teacher. ■



Carol F. McConkie

Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Mula sa kanyang pagkabata, si Carol Foley McConkie ay may “hangarin nang makapasok sa templo.” Ang hangaring iyon ay pumatnubay sa ikinikilos niya sa buong buhay niya.

Isinilang noong Abril 1952 sa Spokane, Washington, USA, sa mga magulang na sina Williams at Joanne W. Foley, musmos pa lang si Sister McConkie nang kumatok ang mga missionary sa kanilang bahay sa Wilmington, Delaware, at ipinakilala ang ebanghelyo sa kanyang pamilya. Kaagad tinanggap ng kanyang mga magulang ang mga turo sa kabila ng oposisyon at mga pagbabagong gagawin nila sa kanilang pamumuhay.

Bumiyahe sila ng kanyang mga magulang noong bata pa siya para mabuklod sa Manti Utah Temple sakay ng tren.

“Napakagandang karanasan iyon,” sabi niya. “Naaalala ko na nakasuot ako ng puting damit at ang kahalagahan nito sa aking pamilya. Napakasayang karanasan iyon, at kahit napakabata ko pa, naaalala ko ang nadama ko, ang paligid na puro puti, at kagandahan ng araw na iyon. Ang karanasang iyon ay nagbigay sa akin ng unang hangarin na panatilihin tuwina sa buhay ko ang templo.”

Ang templo ay naging pag-asa na tanglaw sa panahon ng pagsubok at noong magkaroon na siya ng sariling pamilya.

Nakilala niya ang kanyang asawa, si Oscar Walter McConkie III, habang nag-aaral sila sa Arizona State University. Nagtapos si Sister McConkie ng bachelor’s degree sa English education. Ikinasal sila noong Disyembre 22, 1973, sa Mesa Arizona Temple at nagkaroon ng pitong anak.

Nang tawagin siya bilang unang tagapayo sa Young Women general presidency, si Sister McConkie ay naglingkod sa Young Women general board. Ang paglilingkod niya sa Simbahan ay halos ginugol niya sa mga tungkuling may kaugnayan sa pagtuturo at bilang ward Young Women president at counselor sa mga Relief Society at Primary presidency ng ward. Naglingkod siya kasama ang kanyang asawa na nangulo sa California San Jose Mission mula 2005 hanggang 2008. ■



Neill F. Marriott

Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Bago pa man siya sumapi sa Simbahan, natutuhan na ni Neill Foote Marriott noong bata siya na may Diyos at mahal siya ng Diyos.

“Sinunod ng aking ama ang huwaran ng Ama sa Langit,” sabi ng bagong pangalawang tagapayo sa Young Women general presidency. “Ang kanyang pagmamahal at pagtanggap sa iba ay walang hanggan. Dahil sa pagmamahal at tiwala ko sa aking ama madali na lang magtiwala at mahal in ang Ama sa Langit.”

Isinilang sa mga magulang na sina George at Antonia Foote noong Oktubre 1947 sa Alexandria, Louisiana, USA, siya lamang ang nag-iisang kapatid na babae ng anim na nakababatang kapatid na lalaki. Pagkaraang makapagtapos sa Southern Methodist University sa Dallas, Texas, na may degree sa English literature at secondary education, lumipat siya sa Cambridge, Massachusetts, kung saan siya nagtrabaho bilang secretary sa Harvard University. Doon niya nakilala si David Cannon Marriott, na nagsabi sa kanya, “May mga kaibigan ako na gusto kong makilala mo.” Di-nagtagal isinama niya ang mga missionary upang turuan siya at ang kanyang mga kasamahan sa bahay.

Habang nakikinig siya sa mga missionary, sinabi niya, “ang mga lesson ay nagpuno sa mga bagay na hindi ko nauunawaan sa ebanghelyo.” Matapos ang kanyang binyag noong Mayo 1970, nanatili silang magkaibigan ni David; makalipas ang isang taon naging magkasintahan sila at ikinasal noong Hunyo 1971 sa Salt Lake Temple.

Sa pakikipagtulungan sa kanyang asawa, namalagi sa bahay si Sister Marriott kasama ang kanilang 11 anak habang si David ay nagnenegosyo. Sila ay nakapaglingkod sa maraming katungkulan sa Simbahan. Naglingkod siya kasama ng kanyang asawa nang mangulo ito sa São Paulo Interlagos Mission mula 2002 hanggang 2005, at naglingkod bilang ordinance worker sa Salt Lake Temple, stake at ward Relief Society president, at ward Young Women president, Gospel Doctrine teacher, at food storage specialist.

Sa kanyang bagong tungkulin, umaasa si Sister Marriott na maibahagi niya ang patotoo na natanggap niya noong siya ay dalagita pa. Gusto niyang malaman ng mga kabataang babae na “lubos at maluwalhati ang pagmamahal sa kanila ng kanilang Ama sa Langit.” ■



© BRADY FAIRBANKS. HINDI MAARING KOPYAHIN

“Bagaman Ako’y Naging Bulag, Ngayo’y Nakakakita Ako,” ni Brady Fairbanks

“At sa pagdaraan [ni Jesus], ay nakita niya ang isang lalaking bulag mula sa kaniyang kapanganakan. . . .

“Nang masabi [ni Jesus] ang ganito, siya’y lumura sa lupa, at pinapagputik ang lura, at pinahiran ang mga mata niya ng putik,

*“At sinabi sa kaniya, Humayo ka, maghugas ka sa tangke ng Siloe. . . . Siya nga’y humayo,
at naghugas, at nagbalik na nakakakita. . . .*

*“Sumagot nga siya [at sinabing], . . . Isang bagay ang nalalaman ko, na,
bagaman ako’y naging bulag, ngayo’y nakakakita ako” (Juan 9:1, 6–7, 25).*



“Nabubuhay tayo sa panahon sa kasaysayan ng mundo na puno ng mahihirap na hamon ngunit puno rin ng magagandang pagkakataon at dahilan para magalak,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa huling sesyon ng Ika-183 Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Siyempre, may mga pagkakataon na dumaranas tayo ng pagkabigo, kalungkutan, at maging ng mga trahedya sa ating buhay. Gayunpaman, kung magtitiwala tayo sa Panginoon, tutulungan Niya tayo sa ating mga problema, anuman ang mga ito.”

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW